

ISSN: 2243-7703

International Journal of Research Studies in

Education



2026 Volume 15 Number 18



ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

International Journal of Research Studies in Education

Volume 15, Issue Number 18

2026

<http://consortiacademia.org/ijrse/>



Abstracted & Indexed by: CrossRef, Google Scholar, Index Copernicus, NewJour, OALster, OCLC, Open Archives Initiatives, Open J-Gate, Open Journal System, PKP Open Archives Harvester, Ulrichs Database, and WorldCat

Editor-in-Chief

Dr. Porfiria Ferrer, Philippines

Editorial Board Members

Dr. Sheilla Trajera, University of St. La Salle, Philippines

Dr. Teodorico Micua Jr., Colegio de Sta. Teresa de Avila, Philippines

Dr. Fides del Castillo, De La Salle University (NPRE President)

Prof. Cristina Macascas, Philippine Normal University (NPRE Vice- President)

Dr. Muthmainnah, Universitas Al Asyariah, Indonesia (NPRE International and Linkages Coordinator)

Mr. Brent Roi Gutierrez, Batangas State University (NPRE International and Linkages Coordinator)

Dr. Lita A. Bacalla, Cebu Normal University (NPRE National Coordinator – Public Sector)

Dr. Noelah Mae D. Borbon, First Asia Institute of Technology and Humanities (NPRE National Coordinator – Private Sector)

Dr. Irene M. Ycoy, Spring Lake Middle School, North Carolina, USA (NPRE Luzon Coordinator)

Eng. Jennette J. Lozano (NPRE, NCR Coordinator)

Mr. Jonathan James Canete, De La Salle University/ Ateneo de Manila University (NPRE NCR Coordinator)

Dr. Rizalina Truya, Visayas State University (NPRE Visayas Coordinator)

Dr. Radji A. Macatabon, University of Southern Mindanao (NPRE Mindanao Coordinator)

Dr. Norma Menez, Lyceum of the Philippines University (NPRE Board of Adviser)

Dr. Felisa Marbella, Sorsogon State University (NPRE Board of Adviser)

Dr. Cris Zita, First Asia Institute of Technology and Humanities (NPRE Board of Adviser)

Mr. Jefferson Marcelo, University of Makati (NPRE Luzon Coordinator)

Mr. Clarence Darro del Castillo, President, Lumina Foundation

For a complete list of editorial board reviewers, please refer to <http://consortiacademia.org/editor/>

International Journal of Research Studies in Education

2026 Volume 15, Issue Number 18

- Project (R.E.A.D.): Pagpapaunlad ng kasanayang pag-unawa sa tekstong Filipino ng mga mag-aaral
De Mesa, Alvin R.; Silvano, Lislie P.
- Teacher stress and coping: Literature review with implications for Ilocos Sur Division
Javines, Rachel Kaye
- Implementing FPIC in MIMAROPA Region: An assessment of factors influencing NCIP AO No. 3 (Series of 2012)
Samong, Joemer
- Pauna at panapos na pagsusulit: Sipat-suri sa pagbabago ng antas ng pagkatuto sa Filipino
De Mesa, Alvin R.; Nablo, Denver A.
- Pagtataya sa bisa ng pre-test at post-test sa pagganap sa asignaturang kasaysayan
De Mesa, Alvin R.; Margallo, Sairon A.
- Pagsusuri sa pagbabago ng antas ng pag-unawa sa mga tekstong pampanitikan sa panahon ng propaganda at himagsikan bago at matapos ang interbensiyong pampagtuturo
De Mesa, Alvin R.; Garrido, Regine F.
- Pagsusuri sa antas ng kaalaman ng mga mag-aaral sa baitang 7 sa mga karunungang-bayan
De Mesa, Alvin R.; Mato, Criselda A.
- Bisa ng interaktibong estratehiya sa pagpapataas ng kakayahang kognitibo ng mga mag-aaral sa asignaturang mabisang komunikasyon
De Mesa, Alvin R.; Cacalda, Jersey B.
- Hamon ng mga guro sa pagpapatupad ng Strengthened Senior High School Curriculum
De Mesa, Alvin R.; Urgil, Nelson C.
- A comparative study on the impact of English and Filipino language as medium of instruction on the academic performance of Grade 12 students in Introduction to the Philosophy of the Human Person
De Mesa, Alvin R.; Fernandez, Lazarina C.

- The impact of English enhancement class on grammatical awareness: A mixed-methods study of senior high school students
Martinez, Jonniefel M.; Punzalan, Kristel Marie G.; Espinosa, Ken Paul M.; de Jesus, Ramadan DC.
- Implementation of the Special Science Elementary School program: A literature review on leadership, curriculum, and sustainability
Guerrero, Alona
- Mula Ingles patungong Filipino: Pagsusuri sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng kasaysayan at lipunang Pilipino
De Mesa, Alvin R.; Suñer, Justine May L.
- Pag-aaral sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga detalye at tekstong biswal sa El Filibusterismo
De Mesa, Alvin R.; Malate, Jhona Aimee B.
- Exploring challenges in numeracy skills of kindergarten learners in Ifugao
Tayaban, Alma D.; Cadiente, Ma. Theresa C.; Bolintao, Jeng Jeng M.; Vadil, Carlo F.
- Panitikan sa kontemporaneong panahon: Sipat-suri sa mga naisulat na siday sa Tanauan National High School
Formanes, Daril C.
- Remedial reading programs for improving reading comprehension and fluency: A critical narrative literature review
Obejas, Regine
- Exploring the effectiveness of read aloud sessions in developing the listening skills of Grade 3 learners
Abad, Jenifer B.
- Pagsusuri sa motibasyonal na intensidad at hangaring matutuhan ang wikang Ingles: Isang pananaw Gardnerian
Navarrete, Joderic C.
- Sta. Cruzan sa probinsiya ng Leyte: Pagsiyasat sa kahalagahan nito bilang kaugalian ng mga Pilipino
De Mesa, Alvin Rom

International Journal of Research Studies in Education

Volume 15, Issue Number 18

2026

International Journal of Research Studies in Education (IJRSE) is sponsored by **Consortia Academia**; a non-profit organization which aims to provide an avenue for novice and experts scholars and researchers to publish and share their work to the academe through an open access environment. Starting 2019, in line of expanding its mission and vision, Consortia Academia partnered with **Network of Professional Researchers and Educators** (NPRE), which is a non-stock, non-profit organization committed to the professional growth of professional researchers and educators in the ASEAN region.

The scope of IJRSE is deliberately broad in terms of both topics covered and disciplinary perspective. IJRSE is an open access international peer reviewed multidisciplinary journal that publishes quality studies related to education. IJRSE is interdisciplinary in approach, and includes but not limited to reports of qualitative case studies, quantitative experiments and surveys, mixed method studies, action researches, meta-analyses, and discussions of conceptual and methodological issues. Topics of interests include but not limited to studies that furthers our understanding of learning in pre-primary, primary, high school, college, university, adult education and to contribute to the improvement of educational processes and outcomes. Furthermore, IJRSE seeks to promote cross-national and international comparative educational research by publishing findings relevant to the scholarly community, as well as to practitioners and others interested in education. Lastly, IJRSE would like to thank all the authors and reviewers who worked hand in hand throughout the entire process of this issue.

Executive Editor

ijr.edu@gmail.com

For inquiries and submissions please email the editor (ijr.edu@gmail.com).

Abstracted & Indexed by:

CrossRef, Google Scholar, Scilit, Index Copernicus, Microsoft Academic Search, NewJour, OAIster, OCLC, Open Archives Initiatives, Open J-Gate, Open Journal System, PKP Open Archives Harvester, Ulrichs Database, and WorldCat

IJRSE website:

<https://consortiacademia.org/ijrse/>

Review guidelines:

<https://consortiacademia.org/review/>

Author submission guidelines:

<https://consortiacademia.org/author/>

Project (R.E.A.D.): Pagpapaunlad ng kasanayang pag-unawa sa tekstong Filipino ng mga mag-aaral

De Mesa, Alvin R. ✉

Leyte Normal University, Philippines (ar_demesa@ymail.com)

Silvano, Lislie P.

Dulag National High School, Philippines (silvano.lisliep@gmail.com)



ISSN: 2243-7703

Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

Received: 7 July 2026

Available Online: 23 July 2026

Revised: 19 July 2026

DOI: 10.5861/ijrse.2026.26336

Accepted: 21 July 2026

Abstract

This study aimed to determine the effectiveness of the Project Reading Engagement through Advanced Digitalization (Project R.E.A.D.) in improving the Filipino reading comprehension skills of forty-six (46) Grade 11 students. The study employed a pre-experimental research design, specifically the one-group pretest-posttest design, and analyzed the data using a paired-samples t-test. The findings revealed that the students' reading comprehension in the pretest obtained a Mean Percentage Score (MPS) of 39%, described as Average Mastery, while the posttest recorded an MPS of 85.91%, described as Closely Approximating Mastery. The results further indicated a statistically significant difference between the pretest and posttest scores following the implementation of Project R.E.A.D., $t(45) = 19.858, p < .001$. Moreover, Cohen's $d = 2.928$ demonstrated a very large effect size, indicating that the intervention had a substantial impact on improving the students' Filipino reading comprehension. Therefore, Project R.E.A.D. proved to be an effective intervention for enhancing students' reading comprehension skills in Filipino. The researchers recommend the continued integration of digital learning resources, interactive activities, and other innovative instructional strategies to further strengthen literacy development and learning outcomes.

Keywords: Project R.E.A.D. (Reading Engagement through Advanced Digitalization), Filipino reading comprehension, digital intervention, reading comprehension

Project (R.E.A.D.): Pagpapaunlad ng kasanayang pag-unawa sa tekstong Filipino ng mga mag-aaral

1. Abstrak

Ang layunin ng pag-aaral na ito ay matukoy ang pagiging epektibo ng Project Reading Engagement through Advanced Digitalization (Project R.E.A.D.) sa pagpapaunlad ng kasanayang pag-unawa sa tekstong Filipino ng apatnapu't anim (46) na mag-aaral sa Grade 11. Gumamit ang pag-aaral ng pre-eksperimental na disenyo, partikular ang one-group pretest-posttest design, at sinuri ang mga datos gamit ang paired t-test na pamamaraan. Natuklasan sa resulta ng pag-aaral na ang antas ng pag-unawa sa tekstong Filipino ng mga mag-aaral sa pre-test ay may Mean Percentage Score (MPS) na 39% na may deskripsiyong Katamtamang Antas ng Kahusayan, samantalang ang post-test ay nagtala ng 85.91% MPS na may deskripsiyong Malapit sa Lubos na Kahusayan. Lumabas din na may makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng pre-test at post-test ng mga mag-aaral matapos ang implementasyon ng Project R.E.A.D., $t(45) = 19.858, p < .001$. Higit pa rito, ang Cohen's $d = 2.928$ ay nagpakita ng napakalaking epekto ng interbensiyon sa pagpapaunlad ng pag-unawa sa tekstong Filipino. Samakatuwid, ang Project R.E.A.D. ay isang mabisa at epektibong interbensiyon sa pagpapahusay ng kasanayang pag-unawa sa tekstong Filipino ng mga mag-aaral. Inirerekomenda ng mga mananaliksik ang patuloy na paggamit ng digital na kagamitan, interaktibong gawain, at iba pang makabagong estratehiya bilang suporta sa pagpapalakas ng literacy at pagkatuto.

Mga Susing-Salita: Project R.E.A.D. (Reading Engagement through Advanced Digitalization), pag-unawa sa tekstong Filipino, digital na interbensiyon; reading comprehension

2. Introduksiyon

Sa Pilipinas, laganap ang suliranin sa kakayahang pang-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa iba't ibang paaralan. Ang pagbabasa ay mahalagang kasanayan na tumutulong sa pag-unlad ng pag-unawa, komunikasyon, at pagkatuto sa iba't ibang larangan. Kapag hindi aktibong nakikilahok ang mga mag-aaral sa pagbabasa, humihina ang kanilang kakayahan sa iba pang kasanayan tulad ng pakikinig, pagsasalita, at pagsulat (Ronconi et al., 2022). Ayon sa World Bank noong 2022, hindi bababa sa 90% ang *learning poverty* ng Pilipinas siyam (9) sa sampung (10) mga batang Pilipino na may edad sampu (10) ang nahihirapan basahin at unawain ang simpleng teksto. Batay naman sa mga resulta ng saliksik nina Abaigar, B. R., Balderian, A. L., at Galit, G. C. (2024) tungkol sa kakayahan sa pag-unawa ng pagbasa ng 190 mag-aaral sa ika-6 na baitang gamit ang Philippine Informal Reading Inventory (Phil-IRI), natuklasan na ang antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga kalahok, na nakakuha ng weighted mean na 49.78, ay nasa lebel ng frustration.

Dagdag pa sa pananaliksik nina Aclinen, Z.M., at Olesio, M. (2023) na pinamagatang Antas ng Kasanayan sa Pag-unawa sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Grade 8, natuklasan na mababa ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbasa at pag-unawa, lalo na dahil sa epekto ng nakaraang pandemya ganun din sa isang paaralan ng Solano High School sa Nueva Vizcaya, 98.7% ng mga mag-aaral ay nasa antas ng pagkabigo sa pagbasa, habang sa Aloran Trade High School ay mababa rin ang antas ng pag-unawa lalo na sa paghinuha at paggawa ng ebalwasyon (Misanes at Pascual, 2023; Cabural et al., 2023).

Bilang tugon sa patuloy na hamon sa *literacy* at pag-unawa sa binabasa ng mga mag-aaral, nagpapatupad ang Department of Education (DepEd) ng mga programang naglalayong mapaunlad ang kasanayan sa pagbasa at pag-unawa sa tekstong Filipino. Isa sa mga ito ang *Catch-Up Fridays*, isang *learning mechanism* na nagbibigay ng nakalaang oras sa mga gawaing nagpapalakas ng kasanayan sa pagbasa, pag-unawa, kritikal na pag-iisip, at pagsusuri. Kaugnay nito, ipinatutupad din ng DepEd ang *Academic Recovery and Accessible Learning (ARAL) Program*, alinsunod sa Republic Act No. 12028, upang matugunan ang *learning gaps* at mapalakas ang mga

fundamental na kasanayan ng mga mag-aaral, lalo na sa pagbasa noong School Year 2025–2026, prayoridad ng ARAL Program ang ARAL-Reading, na nakatuon sa pagtulong sa mga *low emerging, high emerging, at frustrated readers*.

May mga umiiral din na mga estratehiya tulad ng Super Six Comprehension Strategy (Victoriano-Valdez, 2022), metacognitive reading strategies (Kung at Abdul Aziz, 2020), at paggamit ng graphic organizers (Estacio et al., 2023) sa pagpapabuti ng kasanayan sa pag-unawa ng binasa, ngunit ang mga ito ay nakatuon lamang sa tiyak na antas ng baitang at hindi gumamit ng digital na kagamitan na ginamitan din ng mga nakakapukaw na laro para mapabuti ang kasanayang pang-unawa. Bagama't may mga umiiral na estratehiya tulad ng Super Six Comprehension Strategy, metacognitive reading strategies, at graphic organizers, kakaunti pa lamang ang mga pag-aaral na nagsusuri sa pagiging epektibo ng *digital* na interbensiyon na pinagsasama ang teknolohiya, *gamification*, at *reading comprehension* para sa mga mag-aaral sa Senior High School. Dahil dito, nananatiling may kakulangan sa mga pag-aaral na tumutugon sa pangangailangan ng antas na ito.

Ang nabanggit na mga pag-aaral ay nakatuon sa kasanayan sa pagbasa at pag-unawa sa binasang teksto ngunit hindi para sa Senior High School at iba ang mga interbensiyong ginamit upang matugunan ang suliranin. Ito ay magiging batayan ng mananaliksik na makita ang pangangailangan na magawa ang pag-aaral na ito upang matukoy ang epekto ng interbensiyon sa pagpapaunlad ng kasanayang pag-unawa sa tekstong Filipino ng mga mag-aaral. Mahalaga ang pag-aaral na ito sapagkat inaasahang makapagbibigay ito ng empirikal na ebidensya hinggil sa pagiging epektibo ng Project R.E.A.D. bilang interbensiyong maaaring gamitin ng mga guro upang mapaunlad ang kasanayan sa pag-unawa sa tekstong Filipino. Napakahalaga na matutukan ang isyung ito, sapagkat ang mga kasanayang pang-akademiko na may kinalaman sa pag-unawa sa mga binasa ay may malaking papel sa pag-unlad ng mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral. Higit pa rito, isang mahalagang aspeto ng pag-aaral na ito ay ang pagbibigay ng sapat na atensyon at interbensiyon sa nasabing problema upang mapabuti ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbasa at pag-unawa sa binasang teksto.

Dagdag pa, ang pag-aaral na ito ay naiiba sa mga naunang pag-aaral sapagkat sinusuri nito ang pagiging epektibo ng Project Reading Engagement through Advanced Digitalization (Project R.E.A.D.), isang *digital* at *gamified reading intervention* na partikular na idinisenyo para sa *Senior High School learners* sa asignaturang Filipino. Hindi lamang nito sinusukat ang pagbabago sa *reading comprehension* kundi tinataya rin ang laki ng epekto at ang mga praktikal na implikasyon nito sa pagtuturo at pagkatuto.

Paglalahad ng Suliranin - Ang pag-aaral na ito ay nilayon na matukoy ang pagiging epektibo ng Project R.E.A.D. partikular ang mga sumusunod na katanungan: 1. Ano ang antas ng pre-test ng eksperimental na grupo bago isinagawa ang interbensiyong Project R.E.A.D.? 2. Ano ang antas ng post-test ng eksperimental na grupo pagkatapos isinagawa ang interbensiyong R.E.A.D.? 3. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba ang resulta ng pretest at post-test ng eksperimental na grupo? 4. Ano ang epekto sa pagpapaunlad ng kasanayang pag-unawa sa tekstong Filipino ng mga mag-aaral gamit ang R.E.A.D.? at, 5. Ano ang mga implikasyon ng Project R.E.A.D. sa pag-unawa sa tekstong Filipino ng mga mag-aaral?

Saligang Teoretikal - Ang pag-aaral na ito ay nakabatay sa Constructivist Learning Theory ni Jean Piaget (1952), Social Constructivism Theory ni Lev Vygotsky (1978), at Cognitive Theory of Multimedia Learning ni Richard Mayer (2009). Ang mga teoryang ito ang nagsisilbing pundasyon sa pagbuo at pagpapatupad ng Project Reading Engagement through Advanced Digitalization (R.E.A.D.) bilang interbensiyon upang mapaunlad ang kasanayan sa pag-unawa sa tekstong Filipino ng mga mag-aaral. Ayon sa Constructivist Learning Theory ni Piaget (1952), ang pagkatuto ay isang aktibong proseso kung saan ang mga mag-aaral ay bumubuo ng sariling kaalaman batay sa kanilang karanasan at pakikipag-ugnayan sa mga gawain sa pagkatuto. Sa pag-aaral na ito, ang Project R.E.A.D. ay nagbibigay ng mga digital na gawain at interaktibong aktibidad na naghihiikayat sa mga mag-aaral na aktibong suriin, unawain, at bigyang-kahulugan ang mga tekstong Filipino. Sa pamamagitan nito, inaasahang mapapalawak ang kanilang pag-unawa at mapauunlad ang kanilang kakayahang magbasa.

Sinusuportahan din ito ng Social Constructivism Theory ni Vygotsky (1978), na nagsasaad na higit na

nahuhubog ang pagkatuto sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa iba at paggamit ng angkop na gabay o *scaffolding*. Sa pamamagitan ng Project R.E.A.D., ang guro ay nagsisilbing tagapagpadaloy ng pagkatuto habang ang mga digital na gawain, feedback, at gabay ay tumutulong sa mga mag-aaral upang makamit ang mas mataas na antas ng pag-unawa sa binasang teksto. Higit pa rito, ang pag-aaral ay nakaangkla rin sa Cognitive Theory of Multimedia Learning ni Mayer (2009), na nagsasaad na mas epektibo ang pagkatuto kapag pinagsasama ang mga salita, larawan, tunog, at iba pang elementong biswal sa paghahatid ng impormasyon. Ipinapalagay ng teoryang ito na mas napapadali ang pagproseso ng impormasyon at pagbuo ng kahulugan kapag ang mga mag-aaral ay gumagamit ng multimedia kaysa sa tekstong nakalimbag lamang. Dahil gumagamit ang Project R.E.A.D. ng mga digital na kagamitan, interaktibong presentasyon, at mga gawaing may elemento ng gamification, inaasahang tataas ang interes, motibasyon, at pag-unawa ng mga mag-aaral sa tekstong Filipino.

Sa kabuuan, ipinapakita ng mga teoryang ito na ang paggamit ng makabagong teknolohiya, aktibong pagkatuto, at angkop na paggabay ay may mahalagang papel sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pag-unawa sa pagbasa. Ang mga ito ang nagsilbing batayan sa pagbuo, pagpapatupad, at pagtataya ng pagiging epektibo ng Project Reading Engagement through Advanced Digitalization (R.E.A.D.) bilang interbensiyon sa pagpapahusay ng pag-unawa sa tekstong Filipino ng mga mag-aaral.

3. Metodolohiya

Nakatuon sa bahaging ito ang disenyo ng pag-aaral, lugar ng pananaliksik, respondente ng pananaliksik, instrumento ng pananaliksik, paraan ng pananaliksik, at ang istatikal na tritment.

Disenyo ng Pag-aaral - Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng pre-eksperimental na disenyo, partikular ang *one-group pretest-posttest design*. Sa disenyong ito, isang pangkat lamang ng mga kalahok ang isinailalim sa paunang pagsusulit (*pretest*) upang matukoy ang kanilang panimulang antas ng pagganap. Pagkatapos nito, isinagawa ang interbensiyon, at sinundan ng panghuling pagsusulit (*posttest*) upang masukat kung nagkaroon ng pagbabago sa kanilang pagganap matapos ang interbensiyon. Ang ganitong disenyo ay itinuturing na pre-eksperimental sapagkat sinusukat nito ang epekto ng isang interbensiyon sa iisang pangkat nang walang kontrol na pangkat (*control group*) at walang random na pagtatalaga ng mga kalahok (Creswell & Creswell, 2018). Ayon kay Creswell (2018), ang *one-group pretest-posttest design* ay angkop gamitin sa mga paunang pag-aaral na naglalayong matukoy ang posibleng epekto ng isang interbensiyon bago ito isailalim sa mas mahigpit na eksperimental na pananaliksik.

Lokal ng Pag-aaral - Ang sakop ng pag-aaral na ito ay ang mga mag-aaral na nagmula sa isang paaralan sa Leyte. Batay sa resulta ng *literacy test* na isinagawa ng paaralan karamihan sa mga mag-aaral ay nahihirapan sa pag-unawa sa binabasang teksto sa Filipino. Layunin ng mananaliksik na matugunan sa pamamagitan ng interbensiyon, Project Reading Engagement through Advanced Digitalization (R.E.A.D.) upang mapaunlad qng kasanayang pag-unawa sa tekstong Filipino ng mga mag-aaral.

Respondente ng Pag-aaral - Ang mga respondente ng pag-aaral ay binubuo ng mga mag-aaral sa Senior High School Grade 11 na kumuha ng *elective subject na Filipino 1* kung saan mayroong kabuuang populasyon na 46. Ang mga kalahok ay pinili gamit ang *purposive sampling*, kung saan isinama lamang ang mga mag-aaral na nakitaan ng mababang antas ng pag-unawa sa tekstong Filipino na batay sa resulta ng isinagawang *pretest*. Ang mga napiling respondente ang nagsilbing eksperimental na grupo na sumailalim sa interbensiyong *Project Reading Engagement through Advanced Digitalization (R.E.A.D.)*. Lahat ng kalahok ay sumailalim sa parehong proseso ng *pretest*, interbensiyon, at *posttest* upang masukat ang pagbabago sa kanilang kasanayang pag-unawa sa tekstong Filipino. Bago isinagawa ang pag-aaral, humingi ng pahintulot ang mananaliksik sa punong-guro ng paaralan, sa mga mag-aaral, at sa mga magulang. Tiniyak din na boluntaryo ang kanilang paglahok at pinanatiling kumpidensiyal ang lahat ng impormasyong nakalap sa buong proseso ng pananaliksik.

Instrumento ng Pananaliksik - Ang instrumentong ginamit sa pag-aaral ay talatanungan. Ginamit sa pag-aaral na ito ang talatanungan na halaw mula sa mga nilalaman ng mga aralin at pagtatayang nagmula sa mga

kagamitang pampagtuturo mula sa *Department of Education*. Ito ay isang pagsusulit na mayroong limampung katanungan na sumukat sa kakayahang ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa mga tekstong kanilang binasa. Ito ay sinuri at dumaan sa proseso, *content validation* upang maiangkop sa mga mag-aaral at sa pag-aaral. Ang pagsusulit ay binubuo ng mga katanungang napapalooban ng mga teksto. Kailangan nila ng mapanuring isipan at kailangang maintindihan at maunawaan ang tekstong binasa upang maibigay ang tamang sagot sa katanungang ibinigay. Gamit ang *range of mean percentage*, makikita ang pagpapalawak ng kaalaman ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa binasang teksto gamit ang interbensyon. Ito ay batay sa *DepEd Mastery Level using Mean Percentage Score (2012)* upang pagbatayan sa mga puntos na nakuha mula sa *pre-test* hanggang *post-test*. Upang masukat ang tumpak na sukat ng lebel ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbabasa, ginamit ang rubrik na nasa ibaba:

Talahanayan 1

Saklaw ng Bahagdan ng Mean

Saklaw ng Bahagdan ng Mean	Katumbas na Deskripsiyon	Interpretasyon
96-100	Lubos na Kahusayan (<i>Mastered</i>)	Kung ang mga mag-aaral ay ganap nilang naunawaan ang teksto, malinaw na naipaliwanag ang mga ideya, at nakabuo ng masusing pagsusuri at interpretasyon.
86-95	Malapit sa Lubos na Kahusayan (<i>Closely Approximating Mastery</i>)	Kung ang mga mag-aaral ay naunawaan ang karamihan sa nilalaman ng teksto at naipaliwanag ang mga pangunahing ideya, ngunit may ilang bahagi pang nangangailangan ng paglilinaw.
66-85	Papunta sa Antas ng Kahusayan (<i>Moving Towards Mastery</i>)	Kung ang mga mag-aaral ay naiintindihan nila ang pangunahing diwa at ilang detalye ng teksto ngunit kinakailangan pa ng dagdag na pagpapalalim.
35-65	Katamtamang Antas ng Kahusayan (<i>Average Mastery</i>)	Kung ang mga mag-aaral ay katamtaman ang kakayahang maunawaan ang buong nilalaman at kailangan pa ring gabayan upang lubos na mahinuha ang kahulugan ng teksto.
15-34	Mababang Antas ng Kahusayan (<i>Low Mastery</i>)	Kung ang mga mag-aaral ay nahihirapan silang maunawaan ang pangunahing ideya at mga detalye ng teksto.
5-14	Napakababang Antas ng Kahusayan (<i>Very Low Mastery</i>)	Kung ang mga mag-aaral ay hindi naipapakita ang kahit simpleng pag-unawa sa binasa at nangangailangan ng matinding gabay.
0-4	Walang Naipakitang Antas ng Kahusayan (<i>Absolutely No Mastery</i>)	Kung ang mga mag-aaral ay hindi nauunawaan ang anumang bahagi ng teksto at nangangailangan ng muling pagtuturo mula sa pinakapayak na antas.

DepEd Mastery Level using Mean Percentage Score (2012)

Etikal na Konsiderasyon - Ang pananaliksik ay isinagawa nang may paggalang sa etika ng pananaliksik. Bago simulan ang pag-aaral, humingi ang mga mananaliksik ng pahintulot mula sa mga respondente sa pamamagitan ng isang pormal na liham na nagpapaliwanag ng layunin, proseso, at kahalagahan ng pananaliksik. Tiniyak din na nauunawaan ng mga respondente ang kanilang karapatang tumanggi o umalis sa pag-aaral anumang oras nang walang anumang parusa o negatibong epekto. Ang kanilang mga sagot ay itinuring na kumpidensyal at ginamit lamang para sa layunin ng pananaliksik. Upang mapanatili ang pagiging pribado ng kanilang impormasyon, ginamit ang mga pseudonym o alyas sa pagsusuri at pag-uulat ng mga datos. Sa lahat ng yugto ng pananaliksik, isinagawa ang wastong pangangalaga sa kanilang karapatan at dignidad bilang mga respondente.

Paraan ng paglikom ng Datos - Ang mga mananaliksik ay gumawa ng isang liham na nagpapahayag ng etikal na konsiderasyon at naglalaman ng layunin ng pag-aaral, mga pamamaraang isinagawa, at mga kalahok sa pananaliksik. Ang liham na ito ay isusumite sa mga kinauukulang awtoridad ng paaralan upang humingi ng pahintulot sa pagsasagawa ng pag-aaral. Matapos maaprubahan ang kahilingan, nakipag-ugnayan ang mananaliksik sa punongguro ng Senior High School, mga tagapayo ng klase, at mga guro sa asignaturang Filipino upang matukoy ang seksyong kalahok sa pag-aaral. Ang piniling seksyon ay yaong nagtala ng pinakamababang porsiyento ng mga mag-aaral na nakapasa sa paunang pagsusulit (*pre-test*), na siyang magsisilbing eksperimental na grupo.

Bago isinagawa ang interbensiyon, nagsagawa muna ang mga mananaliksik ng oryentasyon upang ipaliwanag sa mga kalahok ang layunin, kahalagahan, at mga hakbang ng pananaliksik. Pagkatapos nito ay isinagawa ang paunang pagsusulit (*pre-test*) gamit ang isang balidong *instrument* na sumailalim sa *content validation* ng tatlong eksperto upang masukat ang paunang antas ng pag-unawa sa tekstong Filipino ng mga mag-aaral. Batay sa resulta ng *pre-test*, ipatutupad ang interbensiyong Project R.E.A.D. sa pagpapaunlad ng pag-unawa sa tekstong Filipino

ng mga mag-aaral.

Pagkatapos ng implementasyon ng interbensiyon, isinagawa ang panghuling pagsusulit (*post-test*) gamit ang kaparehong instrumento ng *pre-test* na may kaunting pagbabago sa pagkakasunod-sunod ng mga tanong maging ang mga pagpipilian upang mabawasan ang epektong pagkatanda ng mga kalahok sa mga naunang tanong. Layunin nitong sukatin kung nagkaroon ng makabuluhang pagbabago sa antas ng pag-unawa sa tekstong Filipino matapos ang implementasyon ng Project R.E.A.D. Ang mga datos na nakalap mula sa *pre-test* at *post-test* ang naging batayan sa pagsusuri ng bisa ng interbensiyon sa pagpapahusay ng pag-unawa sa tekstong Filipino ng mga mag-aaral sa Senior High School.

Pag-aanalisa ng Datos - Sa pananaliksik na ito, ang mga datos na nakalap mula sa *pre-test* at *post-test* ay sinuri at binigyang-kahulugan gamit ang angkop na estadistikal na pamamaraan. Layunin nitong matukoy kung nagkaroon ng makabuluhang pagbabago sa antas ng pag-unawa sa tekstong Filipino ng mga mag-aaral matapos ang implementasyon ng **Project R.E.A.D.** Ang resulta ng pagsusuri ang naging batayan sa pagtukoy sa pagiging epektibo ng interbensiyon at sa nabuong mga kongklusyon at rekomendasyon ng pag-aaral.

Ang *paired sample t-test* ay ginamit upang matukoy kung may makabuluhang pagkakaiba sa mga resulta ng *pre-test* at *post-test* ng mga mag-aaral matapos ang implementasyon ng Project R.E.A.D. Ang estadistikal na paraang ito ay angkop sa paghahambing ng dalawang magkaugnay na pangkat ng iskor mula sa iisang grupo ng mga kalahok bago at pagkatapos ng interbensiyon. Ang antas ng kabuluhan (*level of significance*) ay 0.05 upang matukoy kung ang anumang pagbabago sa mga marka ay estadistikal na makabuluhan. Ayon kina Field (2018), ang *paired-samples t-test* ay ginagamit upang suriin kung ang pagkakaiba sa dalawang magkapires na sukat ay sapat na malaki upang hindi maipaliwanag ng pagkakataon lamang. Dahil dito, naging angkop ang estadistikal na pagsusuring ito sa pagtukoy ng bisa ng isinagawang interbensiyon sa pag-unlad ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral.

Bukod dito, inilahad ang mga resulta ng pagsusuri sa pamamagitan ng mga talahanayan upang maging malinaw ang presentasyon at interpretasyon ng mga datos. Ang mga natuklasan ay magsisilbing batayan sa pagtataya ng bisa ng Project R.E.A.D. sa pagpapahusay ng pag-unawa sa tekstong Filipino ng mga mag-aaral at sa pagbuo ng mga kongklusyon at rekomendasyon ng pag-aaral.

Istatistikal Triticment - Sa pagsusuri ng nalikom na datos, ginamit ang mga sumusunod na istatistika: **Mean**. Ginamit ito upang malaman ang pangunahing impormasyon tungkol sa perormans ng pangkat bago at matapos ang interbensiyong ginawa. Ito rin ang ginamit upang ilarawan ang resulta ng *pre-test* at *post-test*. **Standard Deviation**. Sinukat nito ang pagkakaiba-iba ng mga puntos ng mag-aaral mula sa mean upang matukoy kung gaano kalawak ang pagkalat ng kanilang mga resulta sa *pre-test* at *post-test*. **Paired T-test**. Ginamit ito upang suriin ang istatistikal na pagkakaiba sa pagitan ng dalawang grupo o kondisyon (Field, 2018). Kung ang mean ng eksperimental na grupo sa *pre-test* ay mas mataas o mas mababa sa nakuhang marka sa *post-test*. **Cohen's d**. Ginamit ito upang sukatin ang laki ng epekto ng interbensiyon sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng Cohen's d, maisasakatuparan ang paggamit ng interbensiyong digital tungo sa pagpapahusay ng kanilang pag-unawa sa binasang teksto (Cohen, 1988).

Thematic Analysis - Bilang karagdagan sa kwantitatibong pagsusuri, sinuri ang kwalitatibong datos mula sa malalim na panayam upang magbigay ng masusing pag-unawa sa epekto ng interbensiyon. Ang tematikong pagsusuri ng mga *transcript* ng panayam ay nagbigay-liwanag sa mga pananaw ng mga mag-aaral tungkol sa interbensiyong Project R.E.A.D, na nagbukas ng mga pananaw tungkol sa pagiging epektibo nito, mga nakikitang benepisyo, at mga suhestiyon.

4. Resulta at Pagtalakay

Nakatuon sa bahaging ito ang pagsusuri at pagtalakay sa mga datos. Ang talahanayan ang ginamit ng mga mananaliksik sa bawat presentasyon ng mga ito. Sa pagtalakay sa mga sagot ay ibinatay sa pagkakaayos ng bawat

katanungan at ang interpretasyon ng mga datos ay makikita sa ibaba ng talahanayan.

4.1 *Antas ng pre-test ng eksperimental na grupo bago isinagawa ang interbensiyong Project R.E.A.D.*

Talahanayan 2

Resulta ng Pre-Test

Pre-Test		
Iskor	Kadalasan	Bahagdan
5	3	6.52%
6	1	2.17%
10	7	15.22%
13	2	4.35%
16	11	23.91%
21	7	15.22%
26	3	6.52%
27	3	6.52%
28	4	8.70%
32	1	2.17%
36	4	8.70%
Kabuuan	46	100%
Mean Percentage Score		39%
Deskripsyon		Katamtamang Antas ng Kahusayan (Average Mastery)
Standard Deviation		9.53

Makikita sa Talahanayan 2 ang resulta ng isinagawang pre-test. Sa pre-test, karamihan sa mga mag-aaral ay nakakuha ng mababang iskor. Halimbawa, ang pinakamaraming bilang ng mag-aaral ay nakakuha ng iskor na 16 ay may 23.91%, kasunod ang iskor na 10 at 21 na may parehong 15.22%, sumunod naman ang 28 at 36 na may 8.70%, ang sumunod na may parehong bahagdan na 6.52% ay iskor na 5, 26, at 27, at panghuli na may pinakamababang bahagdan na 2.17% na may iskor na 6 at 36. Ipinapakita nito na bago pa maisagawa ang interbensyon, ang pangkalahatang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral sa paksa ay nasa katamtamang lebel. Bilang karagdagan, nakakuha rin ng standard deviation na 9.53 mula sa isinagawang pre-test kung saan ang karamihan sa mga iskor ng mga mag-aaral ay nasa pagitan ng 9.75 at 28.81. Mayroon ding mga iskor na mas mababa sa 9.75 at mas mataas sa 28.81, subalit mas kakaunti ang mga ito. Ipinahihiwatig nito na may katamtamang pagkakaiba-iba sa mga naging marka ng mga mag-aaral sa pre-test, bagama't karamihan ay nakapaloob sa nasabing saklaw.

Ang resulta ng pag-aaral ay sinusuportahan ng pananaliksik nina Caparos et al. (2024), may katamtamang antas ng kasanayan sa pagbasa at pag-unawa ang mga mag-aaral sa sekondarya. Bagama't nauunawaan nila ang pangunahing ideya at detalye, nahihirapan sila sa mas malalim na pagsusuri. Dagdag pa sa pananaliksik ni Cruz (2024), lumabas sa pretest na 62.50% ng mag-aaral ay nasa napakababang antas ng pagbasa, samantalang 8.33% lamang ang nasa mataas na antas, kaya't kinakailangan ang interbensiyon. Ganito rin ang natuklasan ni Alghonaim (2020), kung saan parehong nasa katamtamang antas ng pag-unawa ang kontrol at eksperimental na grupo, at may hindi pagkakapare-pareho sa kanilang mga sagot, na nagpapahiwatig ng kakulangan sa lalim ng pag-unawa.

4.2 *Antas ng post-test ng eksperimental na grupo pagkatapos isinagawa ang interbensiyong R.E.A.D.*

Makikita sa Talahanayan 5 ang resulta ng post-test. Ito ang isinagawang pagsusulit matapos na isagawa ang interbensyon. Magkakatulad lamang ang eksaminasyon na ginamit at ginawa; mayroong kakaunting pagbabago pagdating sa pagkakasunod-sunod ng mga aytem at maging sa mga pagpipilian. Makikita sa resulta na ang antas ng kasanayang pag-unawa sa tekstong binasa ng mga mag-aaral ay mayroong kabuuang mean na 85.91% na may deskriptibong katumbas na malapit sa lubos na kahusayan. Ito ay nangangahulugang ang mga mag-aaral ay nakauunawa sa karamihan ng nilalaman ng teksto o sa mga pangunahing ideya. Nagkaroon ng pagbabago sa kanilang iskor nang matapos ang interbensyon. Batay sa datos, makikita na nadagdagan pa lalo ang kanilang nakuhang marka. Bilang karagdagan, makikita rin dito na ang pinakamataas na markang nakuha ay 48 na may kadalasan na 7 at bahagdan na 15.22%. Nangangahulugan na sa kabuuang bilang ng populasyon na 46, pito ang nakakuha ng pinakamataas na iskor. Samantala, ang pinakamababang iskor naman na nakuha ay 25 kasunod ng

35, na may parehong kadalasan na 2 at bahagdan na 4.35%. Nangangahulugan na ang 42 mag-aaral ay nakakuha ng mataas at pasadong marka, at apat naman ang nakakuha ng iskor na hindi nakapasa.

Talahanayan 3

Resulta ng Post-Test

Post-Test		
Iskor	Kadalasan	Bahagdan
25	2	4.35%
35	2	4.35%
39	9	19.57%
42	9	19.57%
46	8	17.39%
47	9	19.57%
48	7	15.22%
Kabuuan	46	100%
Mean Percentage Score		85.91%
Deskripsyon		Malapit sa Lubos na Kahusayan (Closely Approximating Mastery)
Standard Deviation		6.48

Katulad ng natuklasan sa pag-aaral nina Lampropoulos at Sidiropoulos (2024), ang paggamit ng *gamification* sa *digital* na pagkatuto ay nakapagpataas ng motibasyon, pakikilahok, at pagganap ng mga mag-aaral kumpara sa tradisyunal at karaniwang online na pamamaraan. Dagdag pa sa pag-aaral nina Zhang et al. (2020) sa China, napatunayang makabuluhan ang pag-unlad sa kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral matapos ang digital na interbensiyon na kinabibilangan ng multimedia na teksto at personalisadong puna.

4.3 Makabuluhang pagkakaiba ng resulta ng pre-test at post-test ng eksperimental na grupo.

Isinagawa ang *paired samples t-test* upang malaman kung may makabuluhang pagkakaiba sa iskor ng mga mag-aaral sa *pre-test* at *post-test*. Binubuo ng 46 na kalahok at ang *degrees of freedom (df)* ay 45. Ang mean difference na 23.67 ay nagpapakita na ang karaniwang pagtaas ng iskor ng mga mag-aaral mula *pre-test* patungo sa *post-test* ay 23.67 puntos, na nangangahulugang mas mataas ang kanilang naging pagganap pagkatapos ng Project R.E.A.D na interbensyon. Ang nabuong *t-value* na 19.858 ay nagpapakita ng napakalaking pagkakaiba sa pagitan ng dalawang pagsusulit. Samantala, ang *p-value* na mas mababa sa .001 ($p < .001$) ay mas mababa kaysa sa itinakdang antas ng kahalagahan na 0.05, kaya tinatanggi ang *null hypothesis*. Ipinahihiwatig nito na may makabuluhang pagkakaiba sa mga iskor ng *pre-test* at *post-test*. Dagdag pa rito, ang *Cohen's d* na 2.928 ay nagpapakita ng napakalaking (*very large*) *effect size*. Nangangahulugan ito na ang interbensyon o programang isinagawa ay may napakalakas na epekto sa pagpapataas ng pag-unawa ng mga mag-aaral. Ayon sa pamantayan ni Cohen (1988), ang *effect size* na 0.20 ay maliit, 0.50 ay katamtaman, at 0.80 pataas ay malaki. Dahil ang nakuha sa pag-aaral ay 2.928, malinaw na ang epekto ng interbensyon ay higit na mataas kaysa sa itinuturing na malaking epekto.

Sa kabuuan, pinatutunayan ng resulta na ang isinagawang interbensyon ay epektibo sa pagpapataas ng antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ang mga estadistikal na resulta ng pag-aaral ay sinusuportahan ng mga natuklasan sa mga meta-analisis na nagpapakitang ang mga *digital reading intervention* ay may positibong epekto sa pagtaas ng *reading comprehension* ng mga mag-aaral. Ipinakita nina Denton et al. (2022) na ang mga interbensiyong nakatuon sa kasanayan sa pagbasa at pag-unawa ay nagdudulot ng makabuluhang pag-unlad sa *reading comprehension* ng mga mag-aaral. Dagdag pa rito, natuklasan nina Silverman et al. (2024) na ang paggamit ng educational technology sa pagtuturo ng literasi ay may positibong epekto sa pag-unawa sa binasang teksto kumpara sa mga tradisyunal na pamamaraan.

4.4 Epekto sa pagpapaunlad ng kasanayang pag-unawa sa tekstong Filipino ng mga mag-aaral gamit ang R.E.A.D.

Ang Project Reading Engagement through Advanced Digitalization (R.E.A.D.) ay nagkaroon ng napakalaking epekto sa pagpapaunlad ng kasanayang pag-unawa sa tekstong Filipino ng mga mag-aaral. Ito ay pinatutunayan

ng Cohen's $d = 2.928$, na higit na mataas kaysa sa pamantayang 0.80 para sa malaking epekto. Ipinahihiwatig nito na ang pagtaas ng pagganap ng mga mag-aaral pagkatapos ng implementasyon ng Project R.E.A.D. ay hindi lamang makabuluhan sa estadistika kundi may napakalakas ding praktikal na epekto. Ayon sa pamantayan ni Cohen (1988), ang *effect size* na 0.20 ay maliit, 0.50 ay katamtaman, at 0.80 pataas ay malaki. Dahil ang nakuha sa pag-aaral ay 2.928, malinaw na ang epekto ng interbensyon ay higit na mataas kaysa sa itinuturing na malaking epekto. Sinusuportahan din ito ng DepEd MATATAG Agenda, na binibigyang-diin ang pagpapalakas ng *foundational skills*, lalo na ang *reading literacy*, sa pamamagitan ng mga makabagong estratehiya at paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo. Kaugnay nito, binigyang-diin din ng UNESCO (2023) at ng World Bank (2022) na ang paggamit ng angkop na interbensyon sa pagbabasa at *digital learning resources* ay nakatutulong upang mapabuti ang pag-unawa sa binabasa at mabawasan ang *learning poverty* sa mga mag-aaral.

4.5 Implikasyon ng Project R.E.A.D. sa pag-unawa sa tekstong Filipino ng mga mag-aaral.

Talahanayan 5

Implikasyon ng Project R.E.A.D. sa Pag-unawa sa tekstong Filipino

Pangunahing Tema	Pahayag
Napauunlad ang Kasanayan sa Pag-unawa sa Tekstong Filipino	"Mas naiintindihan ko na ang mga tekstong Filipino dahil sa mga gawain sa Project R.E.A.D." – R1 "Mas mabilis kong nauunawaan ang binabasa kaysa dati." – R5 "Mas madali ko nang natutukoy ang pangunahing ideya at mahahalagang detalye ng teksto." – R12
Nagpapataas ng Aktibong Pakikilahok sa Klase	"Mas aktibo akong nakikilahok sa gawain." – R4 "Madalas akong sumagot sa mga tanong ng guro." – R6 "Nakikipagtulungan ako sa aking mga kaklase sa mga gawain sa pagbabasa." – R14
Napauunlad ang Kritikal na Pag-iisip at Pagsusuri	"Mas natututuhan kong suriin ang mensahe ng teksto." – R7 "Hindi lang ako basta nagbabasa, iniisip ko rin ang kahulugan ng binabasa." – R10 "Mas madali kong naiuugnay ang binabasa sa totoong buhay." – R16
Nakatutulong ang Digital na Kagamitan sa Pagkatuto	"Mas malinaw ang aralin dahil gumagamit kami ng mga digital na materyales." – R13 "Mas madaling matuto kapag may interactive na gawain." – R17 "Ang paggamit ng teknolohiya ay nakatulong upang mas maintindihan ko ang teksto." – R18
Epektibo ang Project R.E.A.D.	"Malaki ang naitulong ng Project R.E.A.D. sa aking pag-unawa sa mga tekstong Filipino dahil mas madali ko nang nasusundan ang mga aralin." – R19 "Para sa akin, epektibo ang Project R.E.A.D. dahil mas mataas na ang aking mga marka sa mga pagsusulit sa pagbasa." – R20 "Mas naging madali ang pag-aaral ng Filipino dahil sa iba't ibang digital na gawain at babasahing ibinigay sa amin." – R21 "Naniniwala akong dapat ipagpatuloy ang Project R.E.A.D. dahil malaking tulong ito sa mga mag-aaral na nahihirapang umunawa sa binabasa." – R22
Makabagong Babasahin ay Iminumungkahi	"Mas magiging maganda pa ang Project R.E.A.D. kung madaragdagan pa ang mga makabagong babasahin na babagay sa aming interes." – R27 "Sana po ay magkaroon pa ng iba't ibang digital na kuwento at artikulo upang mas marami kaming mabasa at mapag-aralan." – R28 "Iminumungkahi ko na magdagdag pa ng mga napapanahong babasahin at mga tekstong may kaugnayan sa aming pang-araw-araw na buhay." – R30
Digital na Kagamitan ay Iminungkahi	"Mas magiging epektibo ang Project R.E.A.D. kung madaragdagan pa ang mga digital na kagamitan tulad ng tablets, computers, at projector." – R31 "Iminumungkahi ko na magkaroon ng mas maayos na internet connection upang hindi naaantala ang mga digital na gawain." – R32 "Mas magiging madali ang pag-aaral kung magkakaroon ng sapat na digital devices ang bawat mag-aaral." – R33 "Makabubuti kung gagamit pa ng iba't ibang educational applications at online platforms upang maging mas interaktibo ang mga gawain." – R34

Naglalaman ang talahanayan ng mga datos tungkol sa mga karanasan at pananaw ng mga respondente hinggil sa paggamit ng Project Reading Engagement through Advanced Digitalization (R.E.A.D.) sa paglinang ng kanilang pag-unawa sa tekstong Filipino. Mula sa pagsusuri ng mga pahayag ng mga respondente, nakabuo ang mananaliksik ng pitong pangunahing tema. Ang mga temang ito ay ang sumusunod: (1) Napauunlad ang Kasanayan

sa Pag-unawa sa Tekstong Filipino; (2) Nagpapataas ng Aktibong Pakikilahok sa Klase; (3) Napaunlad ang Kritikal na Pag-iisip at Pagsusuri; (4) Nakatutulong ang Digital na Kagamitan sa Pagkatuto; (5) Epektibo ang Project R.E.A.D.; (6) Makabagong Babasahin ay Iminumungkahi; at (7) Digital na Kagamitan ay Iminumungkahi.

Napaunlad ang kasanayan sa pag-unawa sa tekstong Filipino. Ito ang isa sa mga pangunahing temang nabuo mula sa mga pahayag ng mga kalahok. Ipinakita ng mga kalahok na nakatulong ang Project R.E.A.D. sa pagpapahusay ng kanilang pag-unawa sa mga tekstong Filipino. Ayon sa kanila, naging mas madali ang pag-unawa sa kanilang binabasa, mas mabilis nilang natutukoy ang pangunahing ideya, at mas naaalala nila ang mahahalagang detalye ng teksto. Ipinakikita ng mga pahayag na ang mga gawaing nakapaloob sa Project R.E.A.D. ay naging epektibong paraan upang mapalawak ang kanilang kakayahan sa pag-unawa sa binasang teksto.

Nagpapataas ng aktibong pakikilahok sa klase. Ito ang ikatlong temang nabuo mula sa mga pahayag ng mga kalahok. Ipinahayag nila na naging mas aktibo sila sa iba't ibang gawain sa klase matapos gamitin ang Project R.E.A.D. Mas madalas silang sumagot sa mga tanong ng guro, makibahagi sa mga talakayan, at makipagtulungan sa kanilang mga kaklase sa mga gawaing may kaugnayan sa pagbasa. Ipinakikita ng mga pahayag na ang mga interaktibong gawain ng Project R.E.A.D. ay nakapagbigay ng motibasyon sa mga mag-aaral upang maging mas aktibong kalahok sa proseso ng pagkatuto.

Napaunlad ang kritikal na pag-iisip at pagsusuri. Ito ang ikaapat na temang nabuo mula sa mga tugon ng mga kalahok. Ipinahayag nila na natutuhan nilang suriin ang mensahe ng tekstong kanilang binabasa at hindi lamang umasa sa mababaw na pag-unawa. Mas naging madali rin para sa kanila ang pagsagot sa mga tanong na nangangailangan ng masusing pag-iisip at pagsusuri. Ipinakikita ng mga pahayag na nakatulong ang Project R.E.A.D. sa paglinang ng kanilang kakayahang mag-isip nang mas malalim at maging mapanuri sa mga tekstong kanilang binabasa.

Nakatutulong ang digital na kagamitan sa pagkatuto. Ito ang ikalimang temang nabuo mula sa mga pahayag ng mga kalahok. Ipinahayag nila na naging mas malinaw at mas kawili-wili ang kanilang pag-aaral dahil sa paggamit ng mga digital na kagamitan at interaktibong materyales. Ayon sa kanila, mas madali nilang nauunawaan ang mga aralin at mas nagiging interesado silang makilahok sa mga gawain. Ipinakikita ng mga pahayag na ang paggamit ng teknolohiya ay naging mahalagang bahagi sa pagpapahusay ng kanilang karanasan sa pagkatuto.

Epektibo ang Project R.E.A.D. Ito ang ikaanim na temang nabuo mula sa mga tugon ng mga kalahok. Ipinahayag nila na naging malaking tulong ang Project R.E.A.D. sa kanilang pagkatuto, lalo na sa pag-unawa sa mga tekstong Filipino. Ayon sa kanila, naging mas mataas ang kanilang marka sa mga pagsusulit sa pagbasa at mas mabilis nilang nauunawaan ang mga aralin dahil sa iba't ibang digital na gawain na isinagawa. Ipinakikita ng mga pahayag na naging epektibong interbensiyon ang Project R.E.A.D. sa pagpapahusay ng kanilang kasanayan sa pagbasa.

Makabagong babasahin ay iminumungkahi. Ito ang ikapitong temang nabuo mula sa mga mungkahi ng mga kalahok. Ipinahayag nila ang kahalagahan ng pagdaragdag ng mas marami at mas iba-ibang makabagong babasahin, tulad ng mga digital na kuwento, artikulo, at iba pang tekstong may kaugnayan sa kanilang pang-araw-araw na buhay. Ayon sa kanila, ang mga babasahing ito ay makatutulong upang higit pang mapataas ang kanilang interes sa pagbabasa at mapanatili ang kanilang motibasyon sa pagkatuto.

Digital na kagamitan ay iminumungkahi. Ito ang ikawalong temang nabuo mula sa mga mungkahi ng mga kalahok. Ipinahayag nila ang pangangailangan ng mas maraming digital na kagamitan tulad ng mga tablet, kompyuter, projector, at mas maayos na koneksiyon sa internet upang higit pang mapahusay ang pagpapatupad ng Project R.E.A.D. Iminungkahi rin nila ang paggamit ng iba't ibang educational applications at online platforms upang maging mas interaktibo at kawili-wili ang mga gawain sa klase. Ipinakikita ng mga mungkahing ito na mahalaga para sa mga mag-aaral ang patuloy na pagpapalawak ng mga kagamitang teknolohikal upang higit pang mapabuti ang kanilang pagkatuto.

Ang mga resulta ng pag-aaral na ito ay ang paggamit ng teknolohiya at iba pang interaktibong estratehiya ay nakatutulong sa pagpapabuti ng karanasan sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Pinatunayan nina Ernasari et al. (2024) na ang paggamit ng mga larong pang-edukasyon ay nagdudulot ng mas mataas na antas ng partisipasyon at kasiyahan sa silid-aralan. Kaugnay nito, binigyang-diin nina Fadila et al. (2022) na ang sentro ng pagbasa ay nagsisilbing mahalagang kasangkapan sa pagpapalawak ng karanasan sa pagbasa, na nakatutulong upang higit na maunawaan at maramdaman ng mga mag-aaral ang kanilang binabasa. Dagdag pa rito, ipinaliwanag ni Gao (2023) na ang mataas na interes at motibasyon sa pagkatuto ay nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na mailapat ang kanilang pag-unawa sa binasa sa mga sitwasyong nararanasan nila sa pang-araw-araw at sa kanilang pakikipag-ugnayan sa kapwa. Dahil dito, maliwanag na ang pagkakaroon ng sapat na kagamitan at teknolohiya ay may mahalagang papel sa pagpapataas ng interes, aktibong pakikilahok, at pag-unawa ng mga mag-aaral sa proseso ng pagkatuto.

5. Kongklusyon

Sa pagsaalang-alang sa mga datos ng isinagawang pag-aaral, ang mga mananaliksik ay nakabuo ng mga sumusunod na konklusyon: Unang layunin ng pag-aaral, natuklasan na bago maisagawa ang Project Reading Engagement through Advanced Digitalization (Project R.E.A.D.), ang mga mag-aaral ay may katamtamang antas ng kahusayan (*Average Mastery*) sa pag-unawa sa tekstong Filipino. Ang kanilang *Mean Percentage Score (MPS)* na 39% sa *pre-test* ay nagpapakita na bagama't mayroon silang batayang kaalaman sa pag-unawa sa binabasang teksto, kinakailangan pa nilang malinang ang mas mataas na antas ng pag-unawa, tulad ng pagsusuri, pagbibigay-kahulugan, at pag-uugnay ng mga ideya. Batay naman sa ikalawang layunin, napatunayan na nagkaroon ng malaking pag-unlad sa kasanayan ng mga mag-aaral matapos ang implementasyon ng Project R.E.A.D. Tumaas ang kanilang *Mean Percentage Score* mula 39% tungo sa 85.91%, na may deskripsiyong Malapit sa Lubos na Kahusayan (*Closely Approximating Mastery*). Ipinakikita nito na naging mabisa ang paggamit ng mga *digital* na kagamitan, interaktibong gawain, at makabagong estratehiya sa pagtuturo upang mapahusay ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa tekstong Filipino.

Based on the interviews, it was found that the NCIP MIMAROPA generally follows the procedures provided in Administrative Order No. 3, Series of 2012, in implementing the Free, Prior, and Informed Consent (FPIC) procedure. The participants reported that they regularly carried out field studies, community consultations, validated project documents, and monitored the compliance with the Memorandum of Agreement (MOA) after a Certification Precondition (CP) was issued. Personnel also mentioned the use of technical documents such as Certificates of Ancestral Domain Title (CADT), Ancestral Domain Sustainable Development and Protection Plans (ADSDPPs), maps, and geospatial data to assess projects affecting ancestral domains.

Although the prescribed procedures were largely adhered to, participants acknowledged challenges in implementation. There were cases of project proponents commencing activities before the required Certification Precondition had been obtained, and other cases where uncertainty was expressed as to whether formal audits would be carried out post FPIC implementation. Monitoring was reportedly done by Joint Monitoring Teams (JMTs), periodic field visits, and reports from Indigenous leaders, but these activities varied across implementation sites.

Analysis of the interview data identified one major facilitating factor and six barriers influencing FPIC implementation. The key enabling factor was the personnel's good understanding of the agency's mandate and the FPIC Guidelines. The participants were already familiar with the requirements of Administrative Order No. 3, Series of 2012, and committed to protecting the rights of Indigenous Peoples through transparent consultation and community engagement.

Table 1*Emergent Themes and Findings Influencing the Implementation of FPIC*

Category	Theme	Summary of Finding
Facilitating Factor	Personnel Understanding of the FPIC Guidelines	Participants demonstrated familiarity with the NCIP mandate and the procedures prescribed under Administrative Order No. 3, Series of 2012. This knowledge supported the implementation of consultations, validation activities, and community engagement.
Barrier	Insufficient Human Resources	Participants identified vacant technical positions and limited staffing as factors contributing to increased workloads and delays in field investigations, consultations, and the processing of Certification Precondition applications.
Barrier	Community Concerns and Misunderstandings	Participants reported that concerns regarding the potential effects of proposed projects on ancestral domains and livelihoods sometimes resulted in misunderstandings during community assemblies and delayed decision-making.
Barrier	Perceptions of NCIP Partiality	Participants reported that some Indigenous communities perceived NCIP as favoring project proponents, which affected confidence and trust in the FPIC process.
Barrier	Language Barriers	Participants identified difficulties in communicating technical concepts in local languages, although community elders sometimes assisted as interpreters.
Barrier	Political and Institutional Pressures	Participants reported that pressures associated with priority government projects could affect the consistent enforcement of FPIC requirements.
Barrier	Poor Internal Communication	Participants identified weaknesses in communication and document tracking among Regional Offices, Provincial Offices, and Community Service Centers as factors affecting implementation efficiency.

The key enabling factor was the personnel's good understanding of the agency's mandate and the FPIC Guidelines. The participants were already familiar with the requirements of the Administrative Order No. 3, Series of 2012, and committed to protecting the rights of the Indigenous People through transparent consultation and community engagement.

The analysis also identified six barriers. Firstly, the agency did not have enough human resources to carry out field investigations, consultations, and process Certification Precondition applications in a timely manner. Delays in the delivery of services and increased workload were due to unfilled technical positions such as Provincial Officers, Legal Officers, Engineers, and Community Service Center Heads. Second, participants shared that indigenous communities often raised concerns on the possible impacts of proposed projects to their ancestral domains and livelihoods. These concerns sometimes resulted in misunderstandings at community assemblies and delayed the decision-making process. Third, some respondents argued that Indigenous communities have misinterpreted the facilitative role of NCIP and perceived the agency as partial to project proponents, which eroded confidence in the FPIC process. Fourth, language barriers between NCIP staff and Indigenous communities hampered communication, although community elders were available to serve as interpreters. Some technical concepts were not well translated into local languages, making it difficult for community members to fully understand the implications of the project. Fifth, respondents cited political and institutional pressures, particularly on government-funded projects, that sometimes compromised compliance with FPIC requirements. Lastly, poor internal communication between Regional Offices, Provincial Offices, and Community Service Centers affected information sharing and document tracking, thus affecting the efficiency of FPIC implementation.

The study results indicated that the FPIC process required by Administrative Order No. 3, Series of 2012, is a systematic way of keeping the rights of Indigenous Peoples in MIMAROPA Region. The study results show that NCIP MIMAROPA has provided an institutional foundation for implementing FPIC, as evidenced by its

personnel's awareness of the processes and their readiness to facilitate the involvement of Indigenous Peoples. However, the actual implementation of the policy depends on the organizational capacity, operational constraints, and external factors in applying FPIC principles.

While the FPIC guidelines are clear in terms of the procedure for consultation, validation, and decision-making, the study results show that the effectiveness of the policy is highly dependent on the capability of the institution tasked to implement it. The capacity constraints of NCIP offices in terms of human resources, technical support, and operational resources may affect the timely ability of NCIP offices to conduct field validation, consultation, monitoring, and compliance assessments. This highlights the significance of considering administrative capacity as a critical factor in implementing policy requirements. But a good policy framework is not enough without the requisite institutional support and resources.

The results further indicate that FPIC should be perceived as more than a procedural obligation. It is a participatory process that requires trust, good communication, and meaningful engagement between the NCIP and Indigenous communities. The different understandings of FPIC, language, and community perceptions suggest the need for culturally appropriate communication strategies that are sensitive to indigenous knowledge systems and community contexts in their implementation. Good communication strategies promote transparency, avoid misinterpretations, and allow the stakeholders to make better choices. The results also show that external pressures such as the implementation of priority government projects can affect the consistency of the enforcement of FPIC. However, despite the best efforts of the NCIP staff to adhere to the guidelines, institutional constraints and external pressures can compromise their capacity to exercise full oversight and decision-making power. These realities require better coordination mechanisms, clearer institutional mandates, and better monitoring systems to prevent putting the FPIC method at risk.

The conceptual outline of the study indicates the importance of institutional capacity, communication mechanisms, and monitoring practices in shaping the application of FPIC. The findings indicate that the successful implementation of FPIC is a function of the balance between the need for regulatory compliance, organizational readiness, and actual participation of indigenous communities. Addressing these issues will help make FPIC implementation in the MIMAROPA Region more responsive and sustainable and help better protect the rights of the Indigenous Peoples.

4. Conclusions and Recommendations

The study concluded that the NCIP MIMAROPA generally follows the FPIC rules and guidelines under NCIP Administrative Order No. 3, Series of 2012. However, deviations from the prescribed process may occur, particularly in implementing government-priority projects, due to the need for authorization from higher management. The findings also revealed that organizational and institutional limitations, including inadequate staffing, capacity-building needs, weaknesses in monitoring and communication systems, and the need to improve existing procedures, affect the effective implementation of FPIC in the region.

To address these concerns, the study recommends strengthening the NCIP MIMAROPA's capacity-building and continuous learning programs, filling vacant plantilla positions, reviewing and restructuring the organization to align with its workload and responsibilities, and revisiting the FPIC process to determine whether appropriate provisions or modified guidelines may be established for government-initiated projects while still protecting the rights and interests of Indigenous Peoples.

The results also have implications for education in practice. The findings emphasize the need to enhance practitioners' and teachers' knowledge of Indigenous Peoples' rights, FPIC principles, cultural sensitivity, and culturally responsive communication. Professional development and training may provide educators and practitioners with the knowledge and skills to interact with Indigenous peoples in a respectful and effective way.

The findings highlight for students the need to understand FPIC not just as an administrative requirement, but

as a participatory process associated with human rights, cultural identity, community decision-making and sustainable development. Educational activities such as case studies, community-based learning, fieldwork, and discussions on Indigenous Peoples' rights can help students better understand the practical challenges involved in implementing FPIC.

The findings indicate the need for schools and educational institutions to incorporate Indigenous Peoples' rights, the principles of FPIC, cultural sensitivity and community participation in their relevant academic programs and institutional actions. Schools may also collaborate with NCIP offices and Indigenous communities to support seminars, research activities, community-based learning and culturally responsive educational initiatives. These efforts can help future professionals communicate effectively with Indigenous communities, respect their rights, and contribute to more inclusive and participatory development processes.

AI Use Disclosure. I used OpenAI and Grammarly for language editing, language translations, and assistance in idea organization. All outputs were reviewed, verified, and edited by the author/s, including fact-checking sources and validating the research analysis and results. No confidential or personally identifiable data were entered into AI tools. The author takes full responsibility for the content.

5. References

- Campbell, J. (2012). Engaging with free, prior and informed consent. Business for Social Responsibility (BSR). https://www.bsr.org/reports/BSR_Engaging_With_FPIC.pdf
- Collins, N., et al. (2016). Lessons from implementing free, prior and informed consent (FPIC) in the Philippines: A case study for teaching purposes—Facilitator's guide. Centre for Social Responsibility in Mining, The University of Queensland. <https://www.csr.uq.edu.au/media/docs/1406/csr-fpicphilippinesfinalversion.pdf>
- Deutsche Gesellschaft für Internationale Zusammenarbeit (GIZ) GmbH. (2013). Assessing the implementation of free and prior informed consent (FPIC) in the Philippines: Volume I—Main report. Deutsche Gesellschaft für Internationale Zusammenarbeit (GIZ) GmbH. <https://www.giz.de/en/downloads/giz2013-en-assessing-free-and-prior-informed-consent-fpic-philipinen.pdf>
- Khan, A. R., & Khandaker, S. (2016). A critical insight into policy implementation and implementation performance. *Public Policy and Administration*, 15(4), 538–548. <https://doi.org/10.13165/VPA-16-15-4-02>
- National Commission on Indigenous Peoples. (2012). NCIP Administrative Order No. 3, Series of 2012: The revised guidelines on free and prior informed consent (FPIC) and related processes of 2012. <https://ncip.gov.ph/wp-content/uploads/2020/09/ncip-ao-no-3-s-2012-fpic.pdf>
- Republic Act No. 8371. (1997). The Indigenous Peoples' Rights Act of 1997. Official Gazette of the Republic of the Philippines. <https://www.officialgazette.gov.ph/1997/10/29/republic-act-no-8371/>

Pauna at panapos na pagsusulit: Sipat-suri sa pagbabago ng antas ng pagkatuto sa Filipino

De Mesa, Alvin R. 

Leyte Normal University, Philippines (ar_demesa@ymail.com)

Nablo, Denver A.

Samar National School, Philippines (nablodenver@gmail.com)



ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

Received: 14 July 2026
Available Online: 27 July 2026

Revised: 22 July 2026
DOI: 10.5861/ijrse.2026.26321

Accepted: 26 July 2026

Abstract

Education plays a vital role in shaping learners' success, making effective teaching and assessment essential in improving student outcomes. This study examined the impact of an instructional intervention in teaching Filipino by comparing students' pretest and posttest performance. A quantitative descriptive-comparative research design was employed, involving 56 Grade 9 students. Data were analyzed using descriptive statistics and a paired samples t-test. Results showed an increase in the mean score from 18.4 (pretest) to 25.0 (posttest), indicating improved learning. A statistically significant difference was found between the two test scores ($t(55) = -7.95, p < .001$), suggesting that the improvement was not due to chance. The large effect size (Cohen's $d = -1.06$) further confirmed the strong impact of the instructional intervention. The findings support the effectiveness of innovative and learner-centered teaching strategies in enhancing academic performance. The study highlights the importance of integrating formative assessment, data-driven instruction, and evidence-based practices to promote meaningful learning. Moreover, this research contributes to the field of education by providing empirical evidence on the value of pretest-posttest assessment in evaluating instructional effectiveness, particularly in Filipino language teaching. It offers practical insights for educators and policymakers in designing responsive and effective instructional interventions that improve student learning outcomes.

Keywords: assessment, learning improvement, pretest, posttest, instructional effectiveness, instructional intervention

Pauna at panapos na pagsusulit: Sipat-suri sa pagbabago ng antas ng pagkatuto sa Filipino

1. Abstrak

Ang edukasyon ang isa sa pinakapangunahing susi sa pagbabago at tagumpay ng isang tao, marapat lamang na ito'y pahalagahan at bigyan ng pinakamataas na pagtutok lalong-lalo na sa lubusang pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang pagsusulit ay isa sa mga paraan para masukat ang kaalamang natamo sa isang klase. Nananatiling ito ang nagsisilbing malakas na sanligan bilang repleksiyon ng pagtuturo at pagkatuto sa mga paaralan. Layunin ng pag-aaral na ito na suriin ang epekto ng isinagawang interbensyon sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng paghahambing ng kanilang pauna (pretest) at panapos (posttest) na pagsusulit. Ginamit sa pananaliksik ang disenyong kuantitatibo, partikular ang descriptive comparative design, upang masukat ang pagbabago sa akademikong pagganap ng mga kalahok. Isinailalim sa deskriptibong estadistika at paired samples t-test ang mga nakalap na datos. Ipinakita ng resulta na tumaas ang mean score ng mga mag-aaral mula 18.4 sa pretest tungo sa 25.0 sa posttest, na nagpapahiwatig ng pag-unlad sa kanilang pagkatuto. Higit pa rito, natukoy na may makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng pretest at posttest scores ($t(55) = -7.95, p < .001$), na nagpapatunay na ang pagbabago ay hindi dulot ng pagkakataon lamang. Ang nakuha ring malaking effect size (Cohen's $d = -1.06$) ay nagpapakita ng malakas na epekto ng isinagawang pagtuturo o interbensiyon sa pagganap ng mga mag-aaral. Sa kabuuan, pinatutunayan ng pag-aaral na ang ginamit na estratehiya sa pagtuturo ay epektibo sa pagpapataas ng antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa Filipino. Iminumungkahi ang patuloy na paggamit at pagpapalawak ng mga makabagong pamamaraang panturo upang higit pang mapabuti ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral.

Mga susing salita: sipat-suri, antas ng pagkatuto, paunang pagsusulit, at panapos na pagsusulit

1. Introduksiyon

Sa patuloy na pagbabago ng sistema ng edukasyon sa Pilipinas, nananatiling mahalaga ang pagtataya bilang mahalagang bahagi ng proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Ayon kina Black at Wiliam (1998), ang epektibong pagtataya ay may malaking ambag sa pagpapabuti ng pagkatuto ng mga mag-aaral sapagkat ito ay nagsisilbing batayan sa pag-unawa sa kanilang kasalukuyang antas ng kaalaman at kasanayan. Sa konteksto ng asignaturang Filipino, ang paggamit ng pauna at panapos na pagsusulit ay isang makabuluhang paraan upang masukat ang pagbabago sa antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa loob ng isang tiyak na panahon. Kaugnay nito, umaayon ang pananaliksik na ito sa mga layunin ng Sustainable Development Goals (SDGs), partikular sa SDG 4: Quality Education, na naglalayong matiyak ang inklusibo at de-kalidad na edukasyon para sa lahat at itaguyod ang panghabambuhay na pagkatuto. Ang paggamit ng sistematikong pagtataya tulad ng pre-test at post-test ay nakatutulong upang masukat ang aktuwal na pag-unlad ng mga mag-aaral at makapagbigay ng datos na magagamit sa pagpapahusay ng kalidad ng edukasyon (UNESCO, 2017).

Bilang isang guro sa asignaturang Filipino, personal na nasaksihan ng mga mananaliksik ang iba't ibang hamon sa pagkatuto ng mga mag-aaral, partikular sa larangan ng pag-unawa at paggamit ng wikang Filipino. May mga pagkakataon na hindi agad natutukoy kung gaano kalaki ang naging pag-unlad ng mga mag-aaral matapos ang isang yugto ng pagtuturo. Dahil dito, nagiging mahalaga ang sistematikong pagsusuri gamit ang pauna at panapos na pagsusulit upang masukat ang tunay na pagbabago sa kanilang antas ng pagkatuto. Higit pa rito, binibigyang-diin ng binagong Curriculum ng Kagawaran ng Edukasyon ang kahalagahan ng outcomes-based education kung saan mahalaga ang malinaw na pagtataya ng natamong kasanayan ng mga mag-aaral (CHED, 2012; DepEd, 2016). Gayunpaman, may kakulangan pa rin sa mga lokal na pag-aaral na nakatuon sa aktuwal na pagsusuri ng pagbabago ng pagkatuto sa Filipino gamit ang pre-test at post-test, lalo na sa konteksto ng mga pampublikong paaralan sa Samar.


Ipinapakita sa mga naunang literatura na ang pagtataya ay hindi lamang sukatan ng kaalaman kundi isang mahalagang kasangkapan sa pagpapabuti ng pagtuturo. Ayon kina Guskey (2003), ang paggamit ng formative at summative assessment ay nagbibigay ng malinaw na direksyon sa guro kung paano pa mapauunlad ang kanilang estratehiya sa pagtuturo. Samantala, binigyang-diin nina Popham (2011) at Brookhart (2013) na ang maayos na pagtataya ay nakatutulong sa paglinang ng mas malalim na pag-unawa ng mga mag-aaral sa aralin. Dagdag pa rito, ipinakita nina Hattie (2009) at Marzano (2006) na ang regular na pagtataya at feedback ay may mataas na epekto sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral.

Sa konteksto naman ng paggamit ng pre-test at post-test, ipinakita nina Cooksey at Jonsson (2022) na ang ganitong pamamaraan ay epektibong paraan upang masukat ang learning gains ng mga mag-aaral. Ayon kina Fraenkel at Wallen (2009), ang paghahambing ng resulta bago at pagkatapos ng interbensyon ay nagbibigay ng kongkretong ebidensya ng pagbabago sa pagkatuto. Gayundin, binanggit nina Nitko at Brookhart (2014) na ang ganitong uri ng pagtataya ay mahalaga sa pagtukoy kung epektibo ang ginamit na estratehiya sa pagtuturo. Sa larangan ng pagtuturo ng wika, ipinakita nina Richards at Renandya (2002) na ang pagtataya sa kasanayan sa wika, kabilang ang pagbasa at pag-unawa, ay mahalaga upang masukat ang kakayahan ng mga mag-aaral sa aktuwal na paggamit ng wika. Dagdag pa rito, ayon kina Brown (2004) at O'Malley at Pierce (1996), ang sistematikong pagtataya ay nakatutulong sa pagbibigay ng makabuluhang impormasyon hinggil sa progreso ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng wika.

Layunin ng Pag-aaral - Layunin ng pag-aaral na ito na tasahin ang pagbabago sa antas ng pagkatuto sa asignaturang Filipino ng mga mag-aaral sa Baitang 9 gamit ang pauna (pre-test) at panapos (post-test) na pagsusulit. Partikular, hinahangad nitong sagutin ang mga sumusunod na katanungan: 1. Ano ang antas ng pagkatuto sa Filipino ng mga mag-aaral batay sa resulta ng pauna at panapos na pagsusulit (Pretest at Posttest)? 2. May makabuluhang pagkakaiba ba sa resulta ng pauna at panapos na pagsusulit ng mga mag-aaral? 3. Gaano kalaki ang naging pagbabago (improvement) sa antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral mula pauna hanggang panapos na pagsusulit? 4. Ano ang maaaring ipahiwatig ng resulta ng pauna at panapos na pagsusulit hinggil sa pagiging epektibo ng pagtuturo sa asignaturang Filipino?

Balangkas ng Pag-aaral - Ang pag-aaral na ito ay nakabatay sa pinagsanib na teoretikal at konseptwal na balangkas na nagsilbing blue print ng mananaliksik sa pagsasagawa ng pananaliksik. Ang teoretikal at balangkas ng pag-aaral ay nagsilbing gabay sa mananaliksik upang maging matagumpay ang pagsasagawa ng pag-aaral, dito kinuha ang mga konsepto, proseso ang ang nagsilbi ring hulwaran para magkaroon ng katanggap-tanggap na katangian ang papel na ito. Nakaugat ito sa Teorya ng Konstruktibismo nina Piaget at Vygotsky na nagsasabing ang pagkatuto ay aktibong proseso ng pagbuo ng kaalaman batay sa karanasan, kaya ang mga pagsusulit ay nagsisilbing kasangkapan upang masukat ang pag-unlad ng pag-unawa ng mag-aaral. Kaugnay nito, ginagamit din ang Assessment for Learning nina Black at Wiliam (1998) na nagbibigay-diin sa kahalagahan ng pagtataya bilang bahagi ng patuloy na pagkatuto, hindi lamang bilang panukat kundi bilang gabay sa pagpapabuti ng pagtuturo. Dagdag pa rito, nakaangkla rin ito sa Outcome-Based Education (OBE) na nakatuon sa malinaw na kinalabasan ng pagkatuto, kung saan mahalaga ang pagsusukat ng pagbabago sa kaalaman ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pauna at panapos na pagsusulit.

Sa konseptwal na balangkas, ipinapakita ang ugnayan ng mga baryabol ng pag-aaral. Ang independent variable ay ang paggamit ng pauna at panapos na pagsusulit bilang paraan ng pagtataya, habang ang dependent variable ay ang antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa Filipino. Ang proseso ng pagtuturo ang nagsisilbing intervening variable na nakaaapekto sa resulta ng pagkatuto. Sa pamamagitan ng paghahambing ng resulta ng pre-test at post-test, nasusuri ang pagbabago sa kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral. Ipinalagay na may makabuluhang pagtaas sa marka mula pauna tungo sa panapos na pagsusulit, ito ay indikasyon ng epektibong pagtuturo at pagkatuto. Ang prosesong ito ay maingat na isinagawa ng mga mananaliksik para masunod ang inaasahang bunga nito. Ito ang nagsisilbing mapa ng pag-aaral na dapat dumaan sa maingat na pagpapatupad.



2. Metodolohiya

Ang kabanatang ito ay naglalahad ng disenyo ng pananaliksik, mga kalahok at lokal ng pag-aaral, instrumento, pamamaraan sa pangangalap ng datos, at ang mga estadistikang gagamitin upang suriin at bigyang-kahulugan ang mga makakalap na impormasyon. Ang mga paraang ito ay isinasaalang-alang upang matiyak ang pagiging sistematiko, obhetibo, at mapagkakatiwalaan ng resulta ng pag-aaral.

Disenyo ng Pag-aaral - Ginamit sa pag-aaral na ito ang descriptive-comparative research design na may pre-test at post-test approach. Layunin nitong ihambing ang antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ng interbensiyong panturo. Ang disenyo ay angkop upang masukat ang pagbabago o pag-unlad batay sa pagkakaiba ng mga marka sa dalawang pagsusulit. Ayon kina Creswell (2009) at Fraenkel at Wallen (2009), ang ganitong disenyo ay epektibo sa pagsusuri ng pagbabago sa mga variable sa loob ng isang tiyak na panahon. Dagdag pa rito, binanggit nina Campbell at Stanley (1963) na ang pre-test at post-test design ay mahalaga sa pagtukoy ng epekto ng isang interbensiyon sa mga kalahok.

Mga Kalahok at Lokal ng Pag-aaral - Ang mga kalahok sa pag-aaral ay binubuo ng mga mag-aaral sa Baitang 9 ng Samar National School. Sila ay pinili gamit ang purposive sampling upang matiyak na ang mga respondente ay kabilang sa mga mag-aaral na sasailalim sa parehong proseso ng pagtuturo at pagtataya. Ang napiling mga kalahok ay umabot sa limampung-anim (56) na mga mag-aaral na pare-pareho ang baitang sa nabanggit na paaralan. Isinagawa ang pag-aaral sa loob ng paaralan bilang natural na kapaligiran ng pagkatuto. Ayon kina Etikan, Musa, at Alkassim (2016), ang purposive sampling ay angkop gamitin kapag ang mananaliksik ay pumipili ng mga kalahok na may tiyak na katangian na mahalaga sa pag-aaral. Sinusuportahan din ito nina Palinkas et al. (2015) na nagsabing ang ganitong uri ng sampling ay epektibo sa mga pag-aaral na nangangailangan ng partikular na grupo ng respondente.

Instrumento ng Pag-aaral - Ginamit ng mga mananaliksik ang dalawang uri ng pagsusulit: (1) Paunang Pagsusulit (Pre-test) at (2) Panapos na Pagsusulit (Post-test). Ang mga ito ay binuo batay sa Most Essential Learning Competencies (MELCs) sa Filipino. Ang nabuong pagsusulit ay may kabuuang apatnapong (40) aytem at nasa maramihang pagpipiliang uri ng pagsusulit. Sinuri at pinagtibay ang instrumento sa pamamagitan ng content validation mula sa mga guro sa Filipino upang matiyak ang bisa at pagiging angkop nito. Ayon kina Nitko at Brookhart (2014), mahalaga ang validity ng instrumento upang matiyak na nasusukat nito ang tamang kasanayan.

Etikal na Konsiderasyon - Sa pagsasagawa ng pananaliksik, isinaalang-alang ang mga pamantayang etikal upang maprotektahan ang kapakanan ng mga kalahok. Humingi ng pahintulot ang mananaliksik sa pamunuan ng paaralan bago isagawa ang pag-aaral. Ang mga kalahok ay binigyan ng sapat na impormasyon hinggil sa layunin ng pananaliksik at ang kanilang pakikilahok ay boluntaryo. Tiniyak din ang pagiging kumpidensyal ng kanilang mga sagot at hindi ginamit ang kanilang mga pangalan sa pag-uulat ng resulta. Ayon kina Resnik (2018) at Orb et al. (2001), mahalaga ang pagsunod sa etikal na pamantayan upang mapanatili ang integridad ng pananaliksik.

Pamamaraan sa Pangangalap ng Datos - Ang pananaliksik na ito ay dumaan sa proseso ng pangangalap ng mga datos batay sa napiling disenyo ng pananaliksik ayon sa mga sumusunod na hakbang: 1. Humingi ng pahintulot sa pamunuan ng paaralan upang maisagawa ang pag-aaral, 2. Ipamahagi ang paunang pagsusulit sa mga kalahok bago ang pagtuturo ng aralin, 3. Isinagawa ang pagtuturo batay sa itinakdang aralin at estratehiya, 4. Matapos ang pagtuturo, ibinigay ang panapos na pagsusulit sa parehong grupo ng mga mag-aaral, at panghuli, 5.

Kinolekta at inayos ang mga sagot upang ihanda sa pagsusuri. Ang prosesong ito ay alinsunod sa mungkahi nina O'Malley at Pierce (1996) na sistematikong pagtataya sa pagkatuto.

Pag-aanalisa at Paglalapat ng Estadistika - Upang masuri ang datos, ginamit ang sumusunod na estadistikang pamamaraan: Mean ($\bar{x}$) upang matukoy ang karaniwang marka ng mga mag-aaral sa pre-test at post-test: $\bar{x} = \Sigma x / n$. Standard Deviation (SD) upang masukat ang pagkalat ng datos: $SD = \sqrt{(\Sigma(x - \bar{x})^2 / n)}$. Paired t-test upang malaman kung may makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng pre-test at post-test scores: $t = (\bar{x}_1 - \bar{x}_2) / (SD / \sqrt{n})$. Ginamit ang antas ng kahalagahan na 0.05 upang matukoy kung ang pagkakaiba ay estadistikang makabuluhan. Kung ang computed t-value ay mas mataas kaysa sa critical value, tatanggihan ang null hypothesis at ipinahiwatig na may makabuluhang pagbabago sa antas ng pagkatuto. Ayon kina Field (2013) at Gravetter at Wallnau (2014), ang paggamit ng paired t-test ay angkop sa paghahambing ng dalawang magkaugnay na grupo ng datos. Sa pamamagitan ng mga paraang ito, inasahang mabigyang-linaw ang epekto ng pagtuturo sa pagkatuto ng mga mag-aaral at makapagbibigay ng konkretong batayan para sa pagpapabuti ng mga estratehiya sa pagtuturo ng Filipino.

3. Resulta at Pagtatalakay

Matapos makapangalap ng mga datos ang mga mananaliksik, dumaan ang mga ito sa mabusising proseso ng pag-aanalisa at mga kaakibat na estadistikal na pagpapahalaga upang mas maging katanggap-tanggap at kapanipaniwala ang resulta ng pananaliksik. Narito ang mga resulta batay sa mga layunin ng pag-aaral:

3.1 Antas ng pagkatuto sa Filipino ng mga mag-aaral batay sa resulta ng pauna at panapos na pagsusulit (Pretest at Posttest).

Talahanayan 1

Iskor ng Pauna at Panapos na Pagsusulit

Respondente	Paunang Pagsusulit (40)	Panapos na Pagsusulit (40)
R1	18	19
R2	21	23
R3	22	31
R4	25	37
R5	13	16
R6	22	39
R7	14	14
R8	9	19
R9	12	14
R10	19	17
R11	13	12
R12	21	22
R13	23	25
R14	31	40
R15	20	29
R16	11	18
R17	13	29
R18	21	17
R19	16	33
R20	25	38
R21	20	22
R22	17	23
R23	22	30
R24	12	16
R25	9	16
R26	17	19
R27	9	15
R28	13	30
R29	13	30
R30	21	27
R31	13	25
R32	18	13

R33	27	35
R34	12	16
R35	14	38
R36	15	22
R37	16	30
R38	22	35
R39	23	31
R40	19	16
R41	26	30
R42	18	30
R43	28	31
R44	16	24
R45	19	29
R46	7	9
R47	20	32
R48	25	32
R49	24	37
R50	18	22
R51	18	19
R52	17	22
R53	29	31
R54	30	32
R55	16	18
R56	21	20

Ang talahanayan na ito ay nagpapakita ng mga nakuhang puntos ng mga mag-aaral sa pauna at panapos na pagsusulit. Ang pagsusulit ay isinagawa sa klase nang may sapat na oras, at ang kabuuang bilang ng aytem ng pagsusulit ay apatnapu (40). May limampo't anim (56) na mga mag-aaral ang sumagot sa pagsusulit at winastuhan ito ng guro gamit ang elektronikong pagwawasto sa paggamit ng evaluation tool na *Evalbee*.

Table 2
Deskriptinong Paglalarawan sa Kinalabasan ng Pre-test at Post-test

	N	Mean	Median	SD	SE
Pre-test	56	18.4	18.0	5.65	0.755
Post-test	56	25.0	24.5	8.06	1.076

Batay sa deskriptibong estadistika, ang mean score ng mga mag-aaral ay tumaas mula 18.4 sa pretest patungong 25.0 sa posttest. Gayundin, ang median ay umangat mula 18.0 tungong 24.5, na nagpapakita ng pangkalahatang pagbuti sa pagganap ng mga mag-aaral. Gayunpaman, ang mas mataas na standard deviation sa posttest (SD = 8.06) ay nagpapahiwatig ng mas malaking pagkakaiba-iba sa kanilang mga marka.

3.2 Makabuluhang pagkakaiba ba sa resulta ng pauna at panapos na pagsusulit ng mga mag-aaral.

Table 3
Paghahambing ng Makabuluhang Pagkakaiba ng Pre-test at Post-test

Aggravating the Harassment of Aggravating the FV test at 1.00 test										
	Statistic	df	p	Mean Difference	SE Difference	95% Confidence Interval		Cohen's d	95% Confidence Interval	
						Lower	Upper	Effect Size	Lower	Upper
Students' t	-7.95	55.0	<.001	6.54	0.822	-8.18	-4.89	-1.06	-1.39	-0.731

Note: $H_a: \mu \text{ Measure 1} - \text{Measure 2} \neq 0$

Ipinakita ng resulta ng paired samples *t-test* na may makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng *pretest* at *posttest scores* ng mga mag-aaral ($t(55) = -7.95$, $p < .001$). Ang posttest scores ay mas mataas kumpara sa pretest, na nagpapahiwatig ng positibong epekto ng pagtuturo. Dagdag pa rito, ang *effect size* na Cohen's $d = -1.06$ ay nagpapakita ng malaking antas ng pagbabago sa pagganap ng mga mag-aaral.

3.3 *Pagbabago (improvement) sa antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral mula pauna hanggang sa panapos na pagsusulit?*

Malaki ang naging pagbabago sa antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral mula pauna hanggang sa panapos na pagsusulit. Ipinakita sa deskriptibong estadistika na ang makabuluhang pagtaas sa mean score mula 18.4 tungo sa 25.0, pati na rin ang pag-angat ng median. Ang hindi gaanong pagsasapawan ng 95% confidence intervals ay nagpapahiwatig na ang improvement ay hindi lamang dulot ng pagkakataon kundi bunga ng epektibong interbensyon o proseso ng pagtuturo.

3.4 *Mga ipinapahiwatig ng resulta ng pauna at panapos na pagsusulit hinggil sa pagiging epektibo ng pagtuturo sa asignaturang Filipino.*

Ang resulta ng pauna (pretest) at panapos (posttest) na pagsusulit ay nagpapahiwatig na ang pagtuturo sa asignaturang Filipino ay naging epektibo sa pagpapataas ng antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Batay sa deskriptibong datos, nagkaroon ng malinaw na pagtaas sa mean score mula 18.4 tungo sa 25.0, gayundin sa median mula 18.0 patungong 24.5. Ipinapakita nito na ang karamihan sa mga mag-aaral ay nagpakita ng pag-unlad, hindi lamang iilang indibidwal. Ang ganitong pagtaas ay indikasyon na may positibong pagbabago sa kanilang kaalaman at kasanayan sa Filipino matapos ang isinagawang pagtuturo o interbensyon. Higit pa rito, ang resulta ng *paired samples t-test* ($t(55) = -7.95, p < .001$) ay nagpapatunay na ang pagkakaiba ng pretest at posttest ay statistically significant. Ibig sabihin, ang pagtaas ng marka ay hindi dulot ng pagkakataon lamang kundi bunga ng sistematikong epekto ng pagtuturo. Ang malaking *effect size* (Cohen's $d = -1.06$) ay lalo pang nagpapatibay na ang naging epekto ng pagtuturo ay hindi lamang maliit kundi malaki at makabuluhan sa praktikal na aspeto. Dagdag pa rito, ipinakita sa grap ang malinaw na pag-angat ng *mean* at ang limitadong pagsasapawan ng 95% *confidence interval*, na nagpapahiwatig na ang pagbabago sa pagkatuto ay konsistent at mapagkakatiwalaan.

4. Kongklusyon

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, malinaw na nagkaroon ng makabuluhang pagtaas sa antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral mula pauna hanggang panapos na pagsusulit, na pinatunayan ng pag-angat ng kanilang mean scores at ng resulta ng *paired samples t-test* na may estadistikang kahalagahan. Ipinapakita nito na ang pagkatuto ng mga mag-aaral ay hindi dulot ng pagkakataon lamang kundi bunga ng isang sistematikong proseso ng pagtuturo. Ang malaking *effect size* ay lalo pang nagpapatibay na ang ginamit na interbensyon ay may malakas at positibong epekto sa akademikong pagganap. Ayon kay John W. Creswell (2014), ang pagkakaroon ng makabuluhang resulta sa mga ganitong disenyo ng pananaliksik ay indikasyon ng tunay na epekto ng interbensyon sa mga kalahok. Gayundin, binibigyang-diin ni Jacob Cohen (1988) na ang malaking *effect size* ay nagpapakita ng praktikal na kabuluhan ng isang pag-aaral. Sa konteksto ng pagtuturo ng Filipino, ang resulta ay nagpapahiwatig na ang paggamit ng angkop at makabagong estratehiya ay epektibong nakapagpapataas ng antas ng pag-unawa at kasanayan ng mga mag-aaral, na sinusuportahan ng teorya nina Richard E. Mayer (2009) hinggil sa mas epektibong pagkatuto sa pamamagitan ng kombinasyon ng iba't ibang anyo ng presentasyon ng impormasyon.

Batay sa mga resulta, natuklasan at kongklusyon ng pag-aaral, inererekomenda ng pag-aaral na ito ang mga sumusunod na hakbangin:

- Ipagpatuloy at higit pang paigtingin ng mga guro sa Filipino ang paggamit ng makabagong estratehiya sa pagtuturo
- Bigyang-pansin ang pagkakaiba-iba ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagbibigay ng angkop na interbensyon para sa mga nangangailangan ng karagdagang suporta.
- Inirerekomenda rin sa mga administrador ng paaralan ang pagsasagawa ng mga pagsasanay at seminar na magpapalawak sa kaalaman ng mga guro hinggil sa epektibong pamamaraan ng pagtuturo.

- Iminumungkahi ang pagsasagawa ng katulad na pag-aaral gamit ang mas malaking bilang ng respondente at pagsasaalang-alang sa iba pang salik na maaaring makaapekto sa pagkatuto.

Deklarasyon sa Paggamit ng AI - Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng AI tools para mapadali ang pagsasagawa ng pananaliksik. Maingat na ikinonsidera ng mananaliksik ang mga importanteng detalye na kinakailangan ng tamang tritment at paghawak. Ginamit ng mananaliksik ang sumusunod na mga *AI Tools: ChatGpt (Free Version) at NotebookLM (Premium Version)* para isaayos ang paglalahad ng mga kaisipan sa gawa ng mananaliksik, lalong lalo na pagdating sa teknikalidad ng papel, sa gramatika at paraan ng paglalahad, ginamit din ng mananaliksik ang Jamovi Statistical Tool para sa tritment ng mga datos, sa pagkuha ng descriptives at paired t-test results, sa huli ginamit din ng mananaliksik ang *EvalBee* bilang evaluation tool sa pagkuha sa mga scores ng mga mag-aaral sa isinagawang pauna at panapos na pagsusulit. Lubos na may pananagutan ang mananaliksik sa anomang detalye o impormasyon ang nakapaloob sa pag-aaral na ito. Tanging kalidad at kontribusyon sa pandaigdigang karunungan lamang ang hangad ng mananaliksik kung kayat kinakailanganng masiguro ang mataas na pagtalima sa integridad ng mga impormasyon at ang katumpakan ng mga ito na maaaring matamo sa isa sa pinakamadaling paraan, ang paggamit ng AI.

Pahayag ng Ambag ng mga May-akda - Ang pananaliksik na ito ay matagumpay na isinagawa sa pamamagitan ng kolaborasyong pagganap ng mga sangkot na mananaliksik, narito ang mga tiyak na kontribusyon ng bawat mananaliksik: **Dr. Alvin R. De Mesa** – *Conceptualization, Funding, Methodology, Project Administration, Review and Editing*. **Denver A. Nablo** – *Writing Original Draft, Methodology, Formal Analysis, Data Treatment, Data Collection, Funding (Equal, Publication Process*.

5. Sanggunian

- Anderson, L. W., & Krathwohl, D. R. (2001). *A taxonomy for learning, teaching, and assessing: A revision of Bloom's taxonomy of educational objectives*. Longman.
- Biggs, J., & Tang, C. (2011). *Teaching for quality learning at university* (4th ed.). Open University Press.
- Black, P., & Wiliam, D. (1998). Assessment and classroom learning. *Assessment in Education: Principles, Policy & Practice*, 5(1), 7–74. <https://doi.org/10.1080/0969595980050102>
- Brookhart, S. M. (2013). *How to create and use rubrics for formative assessment and grading*. ASCD.
- Brown, H. D. (2004). *Language assessment: Principles and classroom practices*. Pearson Education.
- Campbell, D. T., & Stanley, J. C. (1963). *Experimental and quasi-experimental designs for research*. Houghton Mifflin.
- CHED. (2012). *Policy-standard to enhance quality assurance through outcomes-based education*. Commission on Higher Education.
- Cooksey, K. L., & Jonsson, P. (2022). Using pre-/post-quizzes intentionally in curriculum development and evaluation.
- Creswell, J. W. (2009). *Research design: Qualitative, quantitative, and mixed methods approaches* (3rd ed.). SAGE Publications.
- Creswell, J. W. (2014). *Research design: Qualitative, quantitative, and mixed methods approaches* (4th ed.). SAGE Publications.
- Darling-Hammond, L., & Bransford, J. (Eds.). (2005). *Preparing teachers for a changing world: What teachers should learn and be able to do*. Jossey-Bass.
- Department of Education. (2016). *K to 12 curriculum guide*. Department of Education, Philippines.
- Etikan, I., Musa, S. A., & Alkassim, R. S. (2016). Comparison of convenience sampling and purposive sampling. *American Journal of Theoretical and Applied Statistics*, 5(1), 1–4. <https://doi.org/10.11648/j.ajtas.20160501.11>
- Field, A. (2013). *Discovering statistics using IBM SPSS statistics* (4th ed.). SAGE Publications.
- Fraenkel, J. R., Wallen, N. E., & Hyun, H. H. (2009). *How to design and evaluate research in education* (8th ed.). McGraw-Hill.
- Guskey, T. R. (2003). How classroom assessments improve learning. *Educational Leadership*, 60(5), 6–11.
- Hattie, J., & Timperley, H. (2007). The power of feedback. *Review of Educational Research*, 77(1), 81–112. <https://doi.org/10.3102/003465430298487>
- Linn, R. L., & Miller, M. D. (2005). *Measurement and assessment in teaching* (9th ed.). Pearson Education.
- Marzano, R. J. (2006). *Classroom assessment and grading that work*. ASCD.

- McMillan, J. H. (2018). *Classroom assessment: Principles and practice for effective standards-based instruction* (7th ed.). Pearson.
- Nitko, A. J., & Brookhart, S. M. (2014). *Educational assessment of students* (6th ed.). Pearson.
- O'Malley, J. M., & Pierce, L. V. (1996). *Authentic assessment for English language learners: Practical approaches for teachers*. Addison-Wesley.
- Orb, A., Eisenhauer, L., & Wynaden, D. (2001). Ethics in qualitative research. *Journal of Nursing Scholarship*, 33(1), 93–96.
- Palinkas, L. A., Horwitz, S. M., Green, C. A., Wisdom, J. P., Duan, N., & Hoagwood, K. (2015). Purposeful sampling for qualitative data collection and analysis. *Administration and Policy in Mental Health and Mental Health Services Research*, 42(5), 533–544. <https://doi.org/10.1007/s10488-013-0528-y>
- Popham, W. J. (2011). *Classroom assessment: What teachers need to know* (6th ed.). Pearson.
- Resnik, D. B. (2018). *The ethics of research with human subjects: Protecting people, advancing science, promoting trust*. Springer.
- Richards, J. C., & Renandya, W. A. (Eds.). (2002). *Methodology in language teaching: An anthology of current practice*. Cambridge University Press.
- Shepard, L. A. (2000). The role of assessment in a learning culture. *Educational Researcher*, 29(7), 4–14. <https://doi.org/10.3102/0013189X029007004>
- Slavin, R. E. (2018). *Educational psychology: Theory and practice* (12th ed.). Pearson.
- Tomlinson, C. A. (2014). *The differentiated classroom: Responding to the needs of all learners* (2nd ed.). ASCD.
- UNESCO. (2017). *Education for sustainable development goals: Learning objectives*. UNESCO.

Pagtataya sa bisa ng pre-test at post-test sa pagganap sa asignaturang kasaysayan

De Mesa, Alvin R. ✉

Leyte Normal University, Philippines (ar_demesa@ymail.com)

Margallo, Sairon A.

Saint Paul School of Professional Studies, Philippines (sairon.margallo@spsps.edu.ph)



ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

Received: 14 July 2026
Available Online: 27 July 2026

Revised: 20 July 2026
DOI: 10.5861/ijrse.2026.26344

Accepted: 26 July 2026

Abstract

The objective of this study was to determine whether students' academic achievement can be enhanced through the systematic use of pre-tests and post-tests. This involved 45 Grade 11 History students of Saint Paul School of Professional Studies, Leyte to assess their performance before and after instruction, analyze the difference between pre-test and post-test scores, and recommend pedagogical strategies to enhance teaching and learning. In line with SDG 4 (Quality of Education) and SDG 10 (Reduced Inequalities), This study shows how it can address learning gaps by targeting students' intervention needs and encourage educational opportunities. The 45 student-respondents were used in a one group pre-test post-test quasi-experimental design. Data were collected using questionnaires adapted from the Grade 11 History learning competencies and analyzed using descriptive statistics and a paired samples t-test to determine statistical change between the two assessments. Results showed that the average score of the group increased from 32.29 (pre-test) to 41.73 (post-test), a mean gain of 9.44 points. This increase was statistically significant as confirmed by the paired samples t-test indicating that the intervention had a positive effect on students' overall performance. The study recommends the expansion of diagnostic and remedial materials, the integration of collaborative and active teaching methods, and the provision of meaningful feedback through formative assessment based on these findings. These strategies are designed to enhance students understanding in History and Maintain the improvement in academic performance in the long run.

Keywords: pretest, posttest, formative assessment, learning gains, senior high school history

Pagtataya sa bisa ng pre-test at post-test sa pagganap sa asignaturang kasaysayan

1. Abstrak

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa upang suriin kung may positibong epekto ang sistematikong paggamit ng pretest at posttest sa pagpapabuti ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral; saklaw nito ang 45 mag-aaral ng Baitang 11 na kumukuha ng asignaturang Kasaysayan sa Saint Paul School of Professional Studies, Palo, Leyte, at partikular na tinukoy ang antas ng kanilang pagganap bago at pagkatapos ng pagtuturo, sinuri ang pagkakaiba ng mga marka sa pagitan ng pretest at posttest, at nagmungkahi ng mga estratehiyang pedagogikal na maaaring magpahasay sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Kaugnay ng pandaigdigang mga layunin, tinutugunan ng pag-aaral na ito ang SDG 4 Quality Education at SDG 10 Reduced Inequalities sa pamamagitan ng pagpapakita ng kahalagahan ng regular at sistematikong pagtataya—gaya ng pretest at posttest—bilang mekanismo upang matukoy ang mga learning gaps, itugma ang interbensiyon sa pangangailangan ng mag-aaral, at palawakin ang pantay na oportunidad sa edukasyon. Gumamit ang mananaliksik ng onegroup pretest–posttest quasiexperimental design kung saan lumahok ang 45 mag-aaral; ang mga instrumento ay mga questionnaire na inangkop mula sa learning competencies ng Baitang 11 sa Kasaysayan, at sinuri ang mga datos gamit ang descriptive statistics at pairedsamples ttest upang matukoy ang estadistikal na pagbabago sa pagitan ng dalawang pagsusulit. Ipinakita ng mga resulta na tumaas ang pangkatang average mula sa 32.29 sa pretest tungo sa 41.73 sa posttest, na nagbunga ng mean gain na 9.44 puntos, at ang pairedsamples ttest ay nagpakita ng makabuluhang pagtaas ($t(44) = 18.95, p < .001$), na nagpapahiwatig ng positibong epekto ng isinagawang interbensiyon sa pangkalahatang pagganap. Bilang implikasyon, inirerekomenda ng pag-aaral ang pagpapatuloy at pagpapalawak ng diagnostic at remedial na materyales, ang integrasyon ng collaborative at aktibong pamamaraan sa pagtuturo, at ang regular na pagbibigay ng makabuluhang feedback bilang bahagi ng formative assessment upang mapalalim ang pagunawa ng mga mag-aaral at mapanatili ang pagangat ng kanilang pagganap sa asignaturang Kasaysayan.

Mga susing-salita: pretest, posttest, pormatibong pagtatasa; mga natamo sa pagkatuto; kasaysayan sa senior high

2. Introduksiyon

Isa sa pundasyon ng epektibong pagtuturo at pagkatuto ang pagtataya, dahil dito nasusukat kung gaano na ba kalalim ang pagkaunawa at kasanayan ng mga estudyante sa isang partikular na aralin. Isa sa madalas na hamon ng mga guro ay ang paghahanap ng malinaw at maaasahang paraan upang matiyak kung talagang nakakatulong ang mga estratehiyang ginagamit nila sa klase para umangat ang performance ng mga mag-aaral. Partikular na mahalaga ito sa asignaturang Kasaysayan — hindi lang dahil kailangang tandaan ng mga estudyante ang mga petsa, pangalan, at pangyayari, kundi dahil kailangan din nilang makita ang kaugnayan ng mga nangyari noon sa lipunan ngayon. Kaya naman kailangan ng isang paraan na makakapagsukat kapwa ng dating alam ng mga mag-aaral bago pa man simulan ang aralin, pati na rin ng anumang pagbabagong naganap pagkatapos ng pagtuturo. Karaniwan nang ginagamit sa ganitong sitwasyon ang tinatawag na pre-test at post-test design, na tumitingin kung may nagbago sa kaalaman o kasanayan ng mga kalahok bago at pagkatapos sila sailalim sa isang interbensiyon (Alessandri et al., 2017; Stratton, 2019).

Ang partikular na tinutugunan ng pag-aaral na ito ay ang pangangailangang alamin kung gaano nga ba kabisa ang pre-test at post-test bilang paraan upang mapahasay ang performance ng mga estudyante sa Baitang 11, Kasaysayan. Sa simula, ang pre-test ang gagamitin bilang panimulang panukat ng kaalaman ng mga mag-aaral, samantalang ang post-test naman ang magpapakita kung may naganap ba talagang pagbabago o pag-unlad matapos ang pagtuturo. Sinasabi ng Cornell Statistical Consulting Unit na ang pretest-posttest design ay ginagamit upang ihambing ang resulta bago at pagkatapos ng isang treatment, kaya't napakalaking tulong nito kapag gustong suriin kung nagbago nga ang antas ng performance ng mga kalahok. Dahil dito, magkakaroon ang guro ng aktwal na

datos kung ang mga aktibidad, diskusyon, estratehiya, at materyales na ginamit sa klase ay talagang nagdulot ng pagtaas sa antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral.

Malaki ang kahalagahan ng pag-aaral na ito dahil makapagbibigay ito ng gabay sa mga guro kung paano nila dapat gamitin ang resulta ng pagsusulit para mapaunlad ang kanilang pagtuturo. Ayon kina Black at Wiliam (1998), malaki ang naitutulong ng pagtataya sa loob ng silid-aralan sa pagpapahusay ng pagkatuto — lalo na kapag ang resulta nito ay ginagamit talaga bilang batayan ng feedback at bilang gabay para maiangkop ang pagtuturo sa pangangailangan ng bawat mag-aaral. Napatunayan din sa kanilang pananaliksik na ang formative assessment kasama ang madalas na feedback ay may malaking ambag sa pag-angat ng academic performance. Kung titingnan sa ganitong pananaw, hindi lang basta pagsusulit ang pre-test at post-test — instrumento ito para matukoy ang lakas at kahinaan ng mga mag-aaral, at maging batayan din sa pagpapalano ng mas epektibong paraan ng pagtuturo.

May malaking papel din ang pag-aaral na ito para sa mga mag-aaral mismo. Sa pamamagitan ng pre-test, malalaman nila kung saan sila nagsimula sa kanilang kaalaman; samantala, sa post-test naman, makikita nila mismo kung gaano na sila umunlad. Ayon kay Hattie (2009), mas nagiging malinaw at mas epektibo ang proseso ng pagkatuto kapag pareho itong nakikita ng guro at ng mag-aaral bilang ebidensya ng pag-unlad, dahil dito ay magagamit ito bilang batayan sa susunod na hakbang sa pagtuturo at pag-aaral. Dagdag pa rito, ang resulta ng pre-test at post-test ay maaaring maging gabay upang matukoy kung aling parte ng aralin sa Kasaysayan ang tunay na naintindihan ng mga estudyante, at aling parte naman ang kailangan pang bigyan ng dagdag na paliwanag, eheksisyo, o interbensiyon.

Ayon naman kina Pan at Sana (2021), isa sa mga estratehiyang lubos na makakatulong sa mga guro upang mas makatulong sa pagpapahusay ng pagkatuto ng mga mag-aaral ay ang tamang paggamit ng pretest at posttest. Lumabas sa kanilang pag-aaral na mas mataas ang antas ng pagkatuto at talagang namang naalala ng mga mag-aaral ang mga aralin kapag ito ay dumaan sa proseso ng pretesting at posttesting, kumpara sa mga hindi nabigyan ng ganitong pagsusulit. Ipinahihiwatig ng kanilang natuklasan sa kanilang pag-aaral na ang pagsusulit ay hindi lamang paraan para sukatin ang kanilang kaalaman kundi ito rin ay pamamaraan upang makatulong at maging matatag ang pagkatuto. Ipinunto nina Boström at Palm (2023) na mahalagang batayan ng impormasyon ang formative assessment, partikular ang ginagamit na pretest at posttest kapag sinusubaybayan ang pag-unlad ng mga mag-aaral. Kahit pa nag-iiba ang resulta depende sa kung paano ito ipinatutupad, natuklasan sa kanilang pag-aaral na hindi maaalis sa epektibong pagtuturo ang regular na pagsusuri bilang paraan upang matukoy ang antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral at maibase rito ang pagsasaayos ng mga estratehiyang gagamitin ng guro.

Sa isa namang pag-aaral patungkol sa meta-analysis na isinagawa ni Karaman (2021), lumabas na mayroong positibong naging epekto ang formative assessment sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Sinuri niya ang tatlung dalawang (32) pag-aaral na gumamit ng experimental at quasi-experimental na disenyo, at base sa resulta, katamtaman hanggang mataas ang naging epekto ng formative assessment sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Napatunayan na ang pagsukat ng kaalaman gamit ang formative assessment na maihahalintulad sa pretest at posttest ay nakatutulong sa pag-angat ng antas ng akademiko ng mag-aaral.

Batay sa mga naunang pag-aaral at literatura, malawakan nang ginagamit ang pre-test at post-test sa mga pananaliksik na naglalayong suriin ang epekto ng pagtuturo o interbensiyon sa pagkatuto. Ayon kina Alessandri, Zuffianò, at Perinelli (2017), ang pretest-posttest design ay nagbibigay-daan para masukat ang antas ng pagbabago sa performance ng mga kalahok sa dalawang magkaibang punto ng panahon bago at pagkatapos ng interbensiyon. Idinagdag naman ni Stratton (2019) na ito ay isang uri ng quasi-experimental design na madalas gamitin para malaman kung ang isang programa, training, o paraan ng pagtuturo ay talagang nagresulta sa pagtaas ng kaalaman o kakayahan ng mga kalahok. Sa larangan ng edukasyon, malaking tulong ang ganitong pamamaraan sa pagsukat ng epektibidad ng pagtuturo sa pamamagitan ng paghahambing ng marka bago at pagkatapos ng aralin.

Ginawa naman nina Ramos et al. (2016) ang kanilang pag-aaral sa Rizal Technological University, kung saan kanilang inihambing ang mga marka ng mga freshman sa pretest at posttest sa asignaturang Philippine History. Ayon sa kanilang natuklasan, tumaas ang performance ng mga mag-aaral sa posttest matapos isama ang film

viewing bilang isa sa mga estratehiya sa pagtuturo ng Kasaysayan. Higit pa rito, may makabuluhang pagkakaiba ang napansin sa pagitan ng mga marka bago at pagkatapos ng interbensyon — isang patunay na epektibo talaga ang pretest-posttest bilang paraan upang masukat ang pagkatuto at kakayahan ng mga mag-aaral sa larangan ng Kasaysayan.

Sa asignaturang Kasaysayan partikular, mahalagang masukat ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sapagkat ang asignatura mismo ay hindi lang basta pagmemorya — kailangan ng pagsusuri, pag-uugnay ng mga pangyayari, at pagbuo ng historikal na pananaw. Maaaring magkaroon ng mahinang performance ang ilang estudyante kung kulang ang kanilang dating kaalaman, kung hindi sila interesado sa paksa, o kung hindi bagay ang estratehiyang ginamit sa kanila. Dito papasok ang halaga ng pre-test — para matukoy ng guro ang panimulang lebel ng kaalaman ng mga estudyante — at ng post-test, para makita kung talagang naging epektibo ang estratehiyang ginamit. Ayon sa Education Perfect, ang pre-test ay tumutulong para matukoy ang baseline knowledge ng mga estudyante, samantalang ang post-test naman ay tumutulong para masukat ang learning gains at progreso pagkatapos ng pagtuturo.

Paglalahad ng Suliranin - layunin ng pananaliksik na pinamagatang "Isang Kwantitatibong Pagtataya sa Bisa ng Pre-Test at Post-Test sa Pagpapahusay ng Pagganap ng mga Mag-aaral sa Baitang 11 sa Asignaturang Kasaysayan" na alamin kung gaano nga kabisa ang pre-test at post-test bilang paraan para mapahusay ang academic performance ng mga estudyante. Partikular, susubukang sagutin ng pag-aaral na ito ang mga sumusunod na tanong: 1. Ano ang antas ng performance ng mga mag-aaral sa Kasaysayan batay sa resulta ng pre-test? 2. Ano ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral batay sa post-test? 3. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng resulta ng pre-test at post-test? 4. Gaano kabisa ang paggamit ng pre-test at post-test sa pagpapahusay ng pagkatuto ng mga mag-aaral? At, 5. Anong mga implikasyon sa pagtuturo ang maaaring mabuo batay sa resulta ng pag-aaral?

Mahalaga ang mga tanong na ito hindi lang para makita ang literal na pagbabago sa marka, kundi pati ang kahulugan nito para sa pagpapabuti ng estratehiya sa pagtuturo.

Batay sa mga naunang pag-aaral, inaasahan sa pananaliksik na ito na magkakaroon ng pagtaas ang marka ng mga mag-aaral mula sa pre-test papunta sa post-test, matapos ang pagtuturo. Nakaugat ang palagay na ito sa ideyang kapag maayos na naplano at malinaw ang pagtuturo, at kung naaayon ito sa pangangailangan ng mga mag-aaral, mas malaki ang tsansang tumaas ang kanilang academic performance. Ipinakita rin nina Black at Wiliam (1998) na malaking tulong ang wastong paggamit ng pagtataya at feedback sa pagpapataas ng kalidad ng pagkatuto. Katugma rin nito ang paniniwala ni Hattie (2009) na mahalaga ang malinaw na ebidensya ng pagkatuto para malaman ng guro kung may naidulot nga bang epekto ang pagtuturo. Kaya naman, ang pangunahing hypothesis ng pag-aaral na ito ay: may makabuluhang pagkakaiba sa resulta ng pre-test at post-test ng mga mag-aaral sa Baitang 11, Kasaysayan. Inaasahan din na mas mataas ang magiging resulta sa post-test kumpara sa pre-test, bilang patunay ng positibong epekto ng pagtuturo at bilang patunay din na epektibong kasangkapan sa pagtataya ang pre-test at post-test.

Sa kabuuan, mahalaga ang pag-aaral na ito sapagkat nagbibigay ito ng empirikal at kuwantitatibong batayan para masukat ang pag-unlad ng mga mag-aaral sa Kasaysayan. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa resulta ng pre-test at post-test, matutukoy kung naging epektibo nga ang proseso ng pagtuturo, at kung anong dagdag na hakbang pa ang dapat gawin para higit na mapaunlad ang pagkatuto. Maaaring maging gabay ang mga resulta ng pananaliksik na ito sa mga guro sa pagpapalano ng aralin, pagbibigay ng angkop na feedback, at paglikha ng mga estratehiyang mas tumutugon sa tunay na pangangailangan ng mga mag-aaral. Sa huli, ang ganitong uri ng pagtataya ay hindi lang tungkol sa pagbibigay ng marka — mas malalim ang layunin nito, at iyon ay ang patuloy na pagpapabuti ng pagkatuto at pagganap ng bawat mag-aaral.

3. Metodolohiya

Disenyo ng Pag-aaral – Quantitative research design naman ang gagamitin dito dahil ang mga marka o

numerical scores mula sa pre-test at post-test ang magiging pangunahing datos. Ang mga markang ito mismo ang magsisilbing sukatan kung talagang tumaas ang performance ng mga mag-aaral pagkatapos ng aralin. Maaari itong ilarawan sa ganitong paraan:

$$O_1 - X - O_2$$

Kung saan:

O_1 – Pre-test o panimulang pagsusulit

X – Pagtuturo o interbensiyong panturo sa Kasaysayan

O_2 – Post-test o pangwakas na pagsusulit.

Sa disenyong ito, unang sinukat ang kaalaman ng mga estudyante sa pamamagitan ng pre-test bago pa man sila turuan. Kasunod nito ang aktuwal na pagtuturo ng napiling paksa sa kasaysayan. Pagkatapos ng aralin, ibinigay naman ang post-test para makita kung may nangyaring pagbabago o pag-angat sa kanilang performance. Ang one-group pre-test and post-test design na ito ay madalas na gamitin kapag gusto ng mananaliksik na sukatin ang dependent variable bago at pagkatapos ng isang treatment (Washington State University Pressbooks, n.d.).

Ang independent variable dito ay ang paggamit mismo ng pre-test at post-test bilang parte ng pagtuturo at pagtataya sa kasaysayan, samantalang ang dependent variable ay ang academic performance ng mga estudyante batay sa kanilang nakuha sa dalawang pagsusulit. Isang grupo lang naman ang ginamit, kaya hindi na kailangan pang counterbalancing — likas namang una ang pre-test bago ang pagtuturo, at susundan ito ng post-test. Gayunpaman, para maiwasan ang bias, gumamit ng magkakatulad na pamantayan pagdating sa pagbibigay ng pagsusulit — parehong oras, parehong panuto, at parehong paraan ng pagmamarka

Mga Kalahok ng Pag-aaral - Apatnapu't limang (45) mag-aaral sa Baitang 11 Senior High School ng Saint Paul School of Professional Studies sa Palo, Leyte ang nakibahagi sa pag-aaral na ito. Ang mga ito ay pinili batay sa kanilang klase o pangkat na sumailalim sa buong proseso — pre-test, pagtuturo, hanggang post-test. Yamang isang aktuwal at umiiral nang grupo ng mga estudyante ang ginamit — hindi random assignment — angkop lang na tawaging quasi-experimental research design ang disenyo ng pananaliksik na ito, mas partikular, ang one-group pre-test and post-test design.

Instrumento ng Pananaliksik - Ang ginamit na instrumento sa pag-aaral ay ang pre-test at post-test questionnaire na nakabase sa mga learning competencies ng Kasaysayan para sa Baitang 11. Layunin ng pre-test na sukatin ang baseline o dating kaalaman ng mga estudyante bago sila turuan, samantalang ang post-test naman ay para malaman kung may pag-unlad ba talaga matapos ang aralin. Bago pa man gamitin ang questionnaire sa aktuwal na pangangalap ng datos, ipinakita muna ito sa guro ng Kasaysayan o sa sinumang may kaalaman sa asignatura para suriin kung angkop, malinaw, at makatwiran ang bawat tanong. Kailangan itong gawin para matiyak na sinusukat ng instrumento ang tamang nilalaman at hindi ito nakalilito sa mga estudyante. Kung mayroon mang kailangang ayusin o baguhin, inayos ito bago pa man ito gamitin. Inirekomenda rin na gumamit ng standardized o malinaw na assessment tool para maging maayos ang paghahambing sa pagitan ng pre-test at post-test (Pre-Test/Post-Test Evaluation: A Guide for Educators, 2014).

Pamamaraan ng Pangangalap ng Datos - Isinagawa ang pananaliksik sa Saint Paul School of Professional Studies sa Palo, Leyte, sa piling mga estudyanteng Grade 11 SHS. Bago pa man simulan ang aktuwal na pangangalap ng datos, kumuha muna ng pahintulot ang mananaliksik mula sa kinauukulang taga-paaralan. Ipinaalam din sa mga kalahok kung ano ang layunin ng pag-aaral, ang gagampanan nilang bahagi, at ang katiyakang mananatiling kumpidensyal ang kanilang mga sagot at marka. Una, ibinigay ang pre-test sa buong 45 estudyante bago pa man simulan ang pagtuturo. Ito ay para malaman ang panimulang antas ng kanilang performance. Sinagot ito sa nakatakdang oras at gamit ang parehong panuto para siguraduhing pareho ang kondisyon ng lahat ng kalahok. Hindi ginamit ang pre-test para husgahan ang kakayahan ng sinuman; layunin lang

nito ay malaman ang kanilang dating alam bago pa man ituro ang aralin.

Pangalawa, matapos ang pre-test, isinasagawa naman ang aktuwal na pagtuturo. Kasama rito ang talakayan ng napiling paksa, pagbibigay ng paliwanag, paggamit ng iba't ibang estratehiya, at mga gawaing makatutulong para lalong maintindihan ng mga estudyante ang aralin. Kailangang maging malinaw at sistematiko ang buong proseso para masiguro na may sapat na pagkakataon ang bawat isa na matuto. Pangatlo, pagkatapos ng pagtuturo, ibinigay naman ang post-test sa parehong 45 mag-aaral. Layunin nito na malaman kung may naitalang pagtaas sa kanilang performance matapos silang turuan. Ginawang magkatulad ang antas ng hirap, saklaw, at uri ng tanong ng pre-test at post-test para maging makatarungan ang paghahambing ng resulta. Angkop ang pamamaraang ito dahil sinusukat nito ang parehong grupo bago at pagkatapos ng interbensiyon (Cornell Statistical Consulting Unit, n.d.).

Pang-apat, itinala ang marka ng bawat isa sa parehong pagsusulit. Inilagay ang lahat ng datos sa isang matrix o talahanayan para madaling makita ang pagkakaiba ng resulta bago at pagkatapos ng pagtuturo. Kinalkula rin ang mean score, percentage, mean difference, at iba pang kailangang estadistika para makita ang antas ng performance ng mga estudyante. Panglima, sinuri kung may makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng dalawang resulta. Dahil isa lamang ang grupo na kumuha ng pareho, ginamit ang paired samples t-test basta't sakop naman ng datos ang mga kondisyon na kailangan para sa parametric test.

Paraan ng Pagsusuri ng Datos - Sinuri ang mga datos gamit ang descriptive at inferential statistics. Una, ginamit ang frequency, percentage, at mean para ilarawan ang antas ng performance ng mga estudyante sa pareho. Sa ganitong paraan, makikita kung gaano kataas o kababa ang kabuuang marka bago at pagkatapos ng pagtuturo. Pangalawa, binilang ang mean difference ng dalawang resulta para malaman kung tumaas o bumaba ang marka. Ang diperensiyang ito ang naging batayan kung nagkaroon nga ba ng pag-unlad sa academic performance. Pangatlo, ginamit ang paired samples t-test para malaman kung makabuluhan nga sa estadistikal na paraan ang pagkakaiba ng dalawang resulta. Angkop ito dahil sinusukat ang parehong grupo bago at pagkatapos talakayin ang aralin. Sa mga ganitong pag-aaral, karaniwan namang tinitingnan ang pagbabago sa score ng parehong kalahok para matukoy kung may epekto talaga ang interbensiyon (Capili & Anastasi, 2024; Washington State University Pressbooks, n.d.).

Ginamit ang sumusunod na interpretasyon sa antas ng pagganap ng mga mag-aaral, na iniayon sa grading system o pamantayang ginagamit ng paaralan.

Talahanayan 1

Talatumbaan ng pagtukoy sa performance ng mga mag-aaral

Bahagdan	Pagpapakahulugan
90-100	Napakahusay
85-89	Mahusay
80-84	Katamtamang Husay
75-79	Nakapasa
74 pababa	Nangangailangan ng Pagpapaunlad

Etikal na Pagsasaalang-alang - Sinunod ng buong pag-aaral ang etikal na pamamaraan sa pangangalap ng datos. Bago pa man magsimula ang aktuwal na pre-test at post-test, kumuha muna ng pahintulot mula sa paaralan at sa mga magulang ng mag-aaral. Ipinaalam din sa mga kalahok na para lamang sa layunin ng pananaliksik ang kanilang partisipasyon, at mananatiling kumpidensyal ang kanilang sagot at marka. Hindi babanggitin ang kanilang pangalan sa ulat; sa halip, gumamit ng code o numero para protektahan ang kanilang pagkakakilanlan. Tinitiyak din ng mananaliksik na hindi gagamitin ang resulta para mapahiya o maparusahan ang sinumang estudyante. Sa halip, gagamitin ito bilang batayan kung paano pa mapapaganda ang pagtuturo at pagkatuto sa asignaturang Kasaysayan. Sa ganitong paraan, magiging makabuluhan ang pag-aaral na ito hindi lamang para sa mananaliksik, kundi maging sa guro, mag-aaral, at institusyong pang-edukasyon.

4. Resulta at Pagtalakay

Ang bahaging ito ay nag-uulat at tumatalakay sa mga natuklasan mula sa pre-test at post-test ng 45 mag-aaral sa Baitang 11 sa asignaturang Kasaysayan.

4.1 *Antas ng performance ng mga mag-aaral sa Kasaysayan batay sa resulta ng pre-test.*

Talahanayan 2

Ang resulta ng Pre-test at Post-test bago at pagkatapos talakayin ang mga aralin na naging batayan sa pagtukoy ng performance ng mga mag-aaral.

Statistic	Pre-test	Post-test	Difference (Post – Pre)
N	45	45	45
Mean	32.29	41.73	9.44
Σ (scores)	1453	1878	425
SD (difference)	—	—	3.34
Paired t	—	—	$t(44) = 18.95, p < 0.001$

Base sa nakalap na datos, umakyat ang average na marka mula 32.29 sa pre-test tungong 41.73 sa post-test, kaya't nagresulta ito sa mean gain na 9.44 puntos. Higit pa rito, ipinakita ng resulta ng paired-samples t-test na may napakalaking estadistikal na pagkakaiba sa pagitan ng dalawang pagsusulit ($t(44) \approx 18.95, p < 0.001$) patunay na hindi lamang basta pagkakataon o tsansa ang naging dahilan ng pag-angat ng marka ng mga mag-aaral mula pre-test hanggang post-test.

Talahanayan 3

Distribusyon ng Pre-test (kategorya ayon sa raw score)

Range (raw)	Bilang ng Estudyante	Bahagdan	Interpretasyon (batay sa grading rubric)
90–100	0	0%	Napakahusay
85–89	0	0%	Mahusay
80–84	0	0%	Katamtamang Husay
75–79	0	0%	Nakapasa
≤74	45	100%	Nangangailangan ng Pagpapaunlad

Kapansin-pansin na ang lahat ng marka sa pre-test (na sumasaklaw mula 24 hanggang 40) ay napabilang sa mababang bahagi ng scale na ginamit sa pag-aaral. Sa madaling salita, ipinapakita ng kabuuang pre-test profile na mababa ang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral bago pa man isagawa ang interbensiyon. Pinapatunayan ng resultang ito ang halaga ng pagsasagawa ng paunang pagtataya upang matukoy ang mga kahinaan ng grupo at makabuo ng angkop na interbensiyon, isang konsepto ring sinusuportahan ng literatura na nagpapahayag na ang pre-test ay tumutulong sa pagtukoy ng baseline knowledge ng mga mag-aaral (Education Perfect; Cornell Statistical Consulting Unit). Naaayon din ito sa naunang obserbasyon nina Black at Wiliam (1998) at Hattie (2009), na parehong nagbigay-diin na mahalaga ang pagtataya sa simula ng aralin tungo sa pagbuo ng epektibong feedback at estratehiya sa pagtuturo.

Hindi dapat ituring na simpleng senyales ng kakulangan sa kaalaman patungkol sa paksa ang mababang marka sa pre-test. Ayon ito sa naunang natuklasan nina Ramos et al. (2016) at Pan & Sana (2021). Sa halip, dapat itong tingnan ng mga guro bilang isang pagkakataon upang makapagsagawa ng isang target na interbensiyon gaya ng paggamit ng iba't ibang pamamaraan ng pagtuturo katulad ng gawaing may kolaborasyon, pagbibigay ng mga babasahin, at pagkakaroon ng interaktibong pagtatalakay upang magdulot ng makabuluhang pag-unlad sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

4.2 *Antas ng performance ng mga mag-aaral batay sa post-test*

Makikita sa mga resulta na may malinaw na pagbabago matapos isagawa ang interbensiyon. Sa post-test, halos kalahati ng mga mag-aaral (48.9%) ang nakakuha ng markang 45 pataas, at ang natitirang bahagi naman ay karamihan ay nahulog sa saklaw na 35–44. Malinaw na patunay ito na umunlad ang pang-unawa ng mga mag-aaral sa asignaturang Kasaysayan — resulta na maaaring iugnay sa mga estratehiyang gamit sa pagtuturo at sa interbensiyong isinagawa. Kaugnay ito ng natuklasan nina Karaman (2021) sa kanyang meta-analysis, gayundin

ng pag-aaral nina Boström at Palm (2023), kung saan pareho nilang ipinakita na positibo ang epekto ng formative assessment at iba't ibang estratehiya sa pagtuturo sa pagpapabuti ng academic achievement ng mga mag-aaral.

Talahanayan 4

Distribusyon ng Post-test (kategorya ayon sa raw score)

Range (raw)	Bilang ng Estudyante	Bahagdan	Interpretasyon (approx.)
≥45	22	48.90%	Mas mataas na pag-unawa / Katamtaman hanggang mataas na pagganap
35–44	20	44.40%	Katamtamang pag-unawa
<35	3	6.70%	Nangangailangan pa ng pagpapaunlad

Sinusuportahan ng pagtaas na ito sa post-test ang naunang natuklasan nina Alessandri et al. (2017) at Stratton (2019), kung saan pinatunayan nilang ang pagsasagawa ng pretest-posttest ay instrumento upang masukat ang lawak ng pagbabagong naganap at mapatunayan ang bisa ng interbensiyong ginamit sa pagtuturo. Dagdag pa rito, makikita rin sa resulta na ang pinagsamang kolaborasyon, pagbibigay ng mga babasahin, at pagkakarunon ng interaktibong pagtatalakay ay may kakayahang magbunga ng malaking pagbabago sa antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral (Pan & Sana, 2021; Ramos et al., 2016).

4.3 Makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng resulta ng pre-test at post-test

Talahanayan 5

Paired-samples t-test sa makabuluhang resulta ng pre-test at post-test

Measure	Value
Mean difference (Post – Pre)	9.44
SD of differences	3.34
n	45
t (df = 44)	18.95
p-value	p < 0.001
Konklusyon	May makabuluhang pagtaas sa post-test

Sa pamamagitan ng resultang nakalap mula sa paired t-test, mapapansin na may malaking agwat sa pagitan ng iskor ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ng interbensiyon, na sinusuportahan ng p-value na $p < 0.001$. Ito ay nagpapahiwatig na epektibo ang mga hakbang at estratehiyang isinagawa sa panahon ng pagtuturo, sapagkat kapansin-pansin ang paglago ng antas ng academic performance sa buong grupo ng mga kalahok. Kaya naman, mapagtitiyab natin na wasto ang pangunahing hypothesis ng pag-aaral, sapagkat umiral ang makabuluhang pagkakaiba sa mga marka bago at pagkatapos maisakatuparan ang interbensiyon, resultang kaayon din ng mga natuklasan nina Alessandri et al. (2017) at Stratton (2019).

Ang lakas ng epektong ipinakita sa pag-aaral na ito ay kasabay ng mga resultang natagpuan din nina Karaman (2021) at Ramos et al. (2016), kung saan pareho nilang iniulat ang positibong bunga ng maayos na pagkakabuo ng interbensiyon at ang paggamit ng pre/post testing sa pagpapataas ng marka ng mga mag-aaral. Bukod dito, ipinamamalas din ng nakalap na resulta ang praktikal na kahalagahan ng formative assessment kasabay ng patuloy na feedback sa proseso ng pagkatuto (Black & Wiliam, 1998; Hattie, 2009).

4.4 Kabisaan ng paggamit ng pre-test at post-test sa pagpapahusay ng pagkatuto ng mga mag-aaral.

Talahanayan 6

Ebalwasyon sa kabisaan ng pre-test at post-test sa pagkatuto ng mga mag-aaral

Aspekto	Ebidensya mula sa Datos	Interpretasyon ng Bisa
Pagkilala sa baseline	Pre-test mean = 32.29	Epektibo sa pagtukoy ng panimulang lebel
Pagsukat ng learning gains	Mean gain = 9.44; $t(44)=18.95$, $p<0.001$	Malinaw na sensitibo at epektibo sa pagsukat ng pagbabago
Gabay sa pagtuturo	Pag-angat pagkatapos ng targeted interventions	Nagbibigay ng actionable feedback para sa guro
Kabuuang bisa	Statistical at praktikal na pagtaas	Mataas ang bisa kapag sinamahan ng angkop na interbensiyon

Ipinapahiwatig ng mga natipong datos na epektibong instrumento ang pre-test at post-test sa pagsukat at

pagpapahusay ng pagkatuto ng mga mag-aaral — ang pre-test ay nagsilbing gabay sa pagtukoy ng kanilang mga pangangailangan bago simulan ang interbensiyon, samantalang ang post-test naman ang nagpatunay sa aktuwal na learning gains na naganap. Kaugnay nito ang mga naunang argumentong inilahad ng Cornell Statistical Consulting Unit gayundin ng iba't ibang Pre-Test/Post-Test guides, na kapwa nagpapahayag na kapaki-pakinabang ang ganitong uri ng disenyo sa larangan ng edukasyon, lalo na kung maayos itong naipatutupad. Mas lalo pang tumitindi ang bisa nito kapag isinasabay sa pagsusulit ang mga naka-target na pedagogical strategies (Black & Wiliam, 1998; Hattie, 2009).

Ipinakikita ng resulta na may praktikal na bisa ang pre/post testing bilang bahagi ng formative assessment cycle, kung saan pinagtitiyap ito ng meta-analytic evidence na inilahad ni Karaman (2021), gayundin ng mga empirical findings nina Ramos et al. (2016) at Boström & Palm (2023). Subalit kung babalikan ang mga nakasaad sa literatura, ang antas ng bisang ito ay hindi basta-basta natatamo; nakadepende pa rin ito sa kalidad ng interbensiyong isinagawa at sa paraan ng paggamit ng feedback sa proseso ng pagtuturo.

4.5 Implikasyon sa pagtuturo na nabuo batay sa resulta ng pag-aaral

Talahanayan 7

Implikasyon at rekomendasyon para sa pagtuturo

Natuklasan	Implicasyon para sa pagtuturo	Rekomendasyon
Mababa ang pre-test mean	Kailangan ng diagnostic at remedial na materyales	Gumamit ng reading materials na naka-target sa gaps Ipagpatuloy at i-refine ang mga
Makabuluhang pagtaas sa post-test	Interbensiyon ay epektibo	collaborative activities at formative assessments
Malaking mean gain at maliit na SD ng differences	Interbensiyon consistent ang epekto sa karamihan	I-scale ang mga epektibong estratehiya sa ibang klase/tema
Formative assessment mahalaga	Feedback loop dapat regular	Magplano ng regular formative checks at agad na feedback

Batay sa nakalap na datos, maituturing na epektibo ang iba't ibang uri ng estratehiya sa pagtuturo upang matugunan ng guro ang mga kailangan ng mga mag-aaral sa proseso ng pagkatuto. Sapagkat, pawang nag-ambag ang mga ito sa pag-angat ng marka ng mga mag-aaral. Kung tutuusin, may ilang implikasyong pang-pedagohikal na maaaring hugutin dito: una, ang paggamit ng pre-test upang matukoy ang partikular na pangangailangan at maitakda ang naaangkop na remedial content; pangalawa, ang pagsasanib ng collaborative at aktibong mga gawain upang lalong mapalakas ang pag-unawa ng mga mag-aaral; at pangatlo, ang regular na pagsasagawa ng formative assessment upang makapagbigay ng agarang feedback at maiangkop ang paraan ng pagtuturo ayon sa pangangailangan (Black & Wiliam, 1998; Hattie, 2009; Pan & Sana, 2021).

Kaugnay nito, muling pinatunayan ni Ramos et al. (2016) sa kanilang pag-aaral na epektibong nagdudulot ng pagbabago ang mga aktibidad tulad ng film viewing, na kung saan naitala nila ang malinaw na pag-angat sa pagganap akademiko ng mga mag-aaral pagkaraan nito. Dagdag pa rito, sinang-ayunan din ito ng meta-analisis ni Karaman (2021), kung saan ipinahayag niyang malawakang positibo ang naitatalang bunga ng formative assessment sa akademikong tagumpay ng mga mag-aaral sa iba't ibang antas ng edukasyon. Higit sa lahat, hindi rin dapat kalimutan ang paalala ng Cornell guidance pati na rin ng iba't ibang Pre-Test/Post-Test guides, na kung saan idiniin nilang mahalagang bigyang-pansin ng mga mananaliksik ang tamang disenyo at wastong interpretasyon sa paggamit ng pre/post tests, upang tuluyang maging makabuluhan ang mga ito sa aktuwal na proseso ng pagtuturo.

5. Kongklusyon

Ayon sa mga nakalapat na impormasyon, naipapakita na may malaking pagbabagong naganap sa pagganap-akademiko ng mga mag-aaral pagkatapos ginawa ang pretest, nagkaroon ng interbensiyon, at nagkaroon ng

posttest. Tumaas ang average na marka mula 32.29 patungong 41.73, o katumbas ng 9.44 puntos na mean gain. Kinumpirma rin ito ng paired-samples t-test, kung saan lumabas na makabuluhan ang pagkakaiba ng dalawang resulta ($t(44) = 18.95, p < 0.001$) — senyales na hindi ito basta nangyari lamang nang di-sinasadya kundi bunga talaga ng interbensiyong isinagawa. Ipinapakita nito na hindi puwedeng laktawan ang pre-test at post-test kung gusto talagang gumana nang tama ang isang formative assessment cycle — lalo na kung kasabay itong ginagamitan ng mga estratehiyang naka-target tulad ng collaborative activities, reading materials, at interaktibong talakayan. Sa ganitong paraan, mas nasusuri pa nang mabuti kung nagsimula nga ba ang mga mag-aaral, gaano karami ang kanilang natutunan sa huli, at isinasaalang-alang ang pamamaraan ng pagtuturo upang mapaganda ang resulta ng pagkatuto. Pero hindi rin ibig sabihin nito na palaging epektibo ang gagawin — depende pa rin ito sa kalidad ng interbensiyon na gagamitin at kung paano talaga isasabuhay ang feedback na nakukuha. Kaya naman, mas makabubuting ipagpatuloy at palawakin pa ang mga estratehiyang napatunayan nang nakakatulong, para masiguro na hindi lang pansamantala ang naging resulta kundi may pagpapatuloy at pagpapalalim pa ito sa mahabang panahon.

Mga rekomendasyon para sa naganap na pag-aaral ay ang mga sumusunod:

- Gumawa ng isang diagnostic at remedial na materyales na nakatukoy sa learning gaps batay sa isinagawang pre-test. Maghanda rin ng reading materials o maikling review notes.
- Ipagpatuloy ang mga gawain tulad ng collaborative activity, kaulad ng group tasks, discussion, film viewing o kahit case studies na nagpakita ng positibong epekto sa post-test.
- Isaalang-alang ang pagkakaroon ng formative assessment or self-check quizzes para magkaroon agad ng feedback upang matukoy ang progreso ng proseso ng pagkatuto.
- Bigyan ng professional development ang mga guro tungkol sa pagbuo ng valid na pretest at posttest, pag-interpret ng resulta, at paggamit ng data-driven instructions.
- Makakabuti na magkaroon ng interbensyon sa mga mag-aaral katulad ng enrichment clusters o remedial groups para mas matugunan pa ang magkakaibang pangangailangan ng mga mag-aaral.
- Magpatupad ng monitoring plan o evaluation plan kahit na anecdotal record lamang para masukat ang epekto ng interbensyon na ginagamit kung dapat ba i-adjust ang estratehiya ayon sa datos.
- Isama ang mga magulang o tagapangalaga sa proseso ng pagkatuto ng mga mag-aaral upang magsilbing maikling gabay sa bahay upang masuportahan kahit na sa labas ng silid-aralan.

AI Use Disclosure. We used Quillbot and Claude Sonnet 5 June 30, 2026, for the purpose of language editing, idea generation and synthesizing ideas. All outputs were reviewed, verified, and edited by the authors, including fact-checking sources, validating results, redrawing figures. No confidential or personally identifiable data were entered into AI tools. The authors take full responsibility for the content.

Author Contribution Statement. De Mesa Alvin: Writing - Original Draft. Preparation, creation and presentation of the published work, specifically writing the initial draft.

6. Sanggunian

- Alessandri, G., Zuffianò, A., & Perinelli, E. (2017). Evaluating intervention programs with a pretest-posttest design: A structural equation modeling approach. *Frontiers in Psychology*, 8, Article 223. <https://doi.org/10.3389/fpsyg.2017.00223>
- Black, P., & Wiliam, D. (1998a). Assessment and classroom learning. *Assessment in Education: Principles, Policy & Practice*, 5(1), 7–74. <https://doi.org/10.1080/0969595980050102>
- Black, P., & Wiliam, D. (1998b). Inside the black box: Raising standards through classroom assessment. *Phi Delta Kappan*, 80(2), 139–148.

- Boström, E., & Palm, T. (2023). The effect of a formative assessment practice on student achievement in mathematics. *Frontiers in Education*, 8, Article 1101192. <https://doi.org/10.3389/feduc.2023.1101192>
- Capili, B., & Anastasi, J. K. (2024). An introduction to the quasi-experimental design: Nonrandomized design. *American Journal of Nursing*, 124(11), 50–52. <https://doi.org/10.1097/01.NAJ.0001081740.74815.20>
- Cook, T. D., & Campbell, D. T. (1979). *Quasi-experimentation: Design and analysis issues for field settings*. Houghton Mifflin.
- Cornell Statistical Consulting Unit. (n.d.). Data analysis of pre-post study designs. Cornell University. <https://cscu.cornell.edu/wp-content/uploads/prepost.pdf>
- Education Perfect. (n.d.). Guide to pre and post-tests: Effectively measure students' understanding. <https://www.educationperfect.com/article/guide-to-pre-and-post-tests/>
- Hattie, J. (2009). *Visible learning: A synthesis of over 800 meta-analyses relating to achievement*. Routledge.
- Karaman, P. (2021). The effect of formative assessment practices on student learning: A meta-analysis study. *International Journal of Assessment Tools in Education*, 8(4), 801–817. <https://doi.org/10.21449/ijate.870300>
- Open TextBC. (n.d.). Quasi-experimental research. In *Research methods in psychology*. <https://opentextbc.ca/researchmethods/chapter/quasi-experimental-research/>
- Pan, S. C., & Sana, F. (2021). Pretesting versus posttesting: Comparing the pedagogical benefits of errorful generation and retrieval practice. *Journal of Experimental Psychology: Applied*, 27(2), 237–257. <https://doi.org/10.1037/xap0000345>
- Pre-Test/Post-Test Evaluation: A Guide for Educators. (2014). Choosing the right assessment method: Pre-test/post-test evaluation. <https://studylib.net/doc/8246783/choosing-the-right-assessment-method--pre-test-post>
- Ramos, O. H., Umali, V. D., & Delos Santos, A. R. (2016). Difference of pretest and posttest in Philippine history of CAS freshmen students. *International Journal of Engineering Research & Technology*, 5(4).
- Stratton, S. J. (2019). Quasi-experimental design: Pre-test and post-test studies in prehospital and disaster research. *Prehospital and Disaster Medicine*, 34(6), 573–574. <https://doi.org/10.1017/S1049023X19005053>
- Washington State University Pressbooks. (n.d.). One-group designs. In *Research methods in psychology*. <https://wsu.pressbooks.pub/carriecuttler/chapter/8-1-one-group-designs/>

Pagsusuri sa pagbabago ng antas ng pag-unawa sa mga tekstong pampanitikan sa panahon ng propaganda at himagsikan bago at matapos ang interbensiyong pampagtuturo

De Mesa, Alvin R. ✉

Leyte Normal University, Philippines (ar_demesa@ymail.com)

Garrido, Regine F.

Leyte Normal University, Philippines (reginegarrido09@gmail.com)



ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

Received: 7 July 2026
Available Online: 27 July 2026

Revised: 21 July 2026
DOI: 10.5861/ijrse.2026.26345

Accepted: 26 July 2026

Abstract

This study analyzed the change in students' comprehension of literary works from the Propaganda and Revolution Period in usage of instructional materials. This study aligned in Constructivist Learning Theory and Sustainable Development Goal 4 (Quality Education), it addressed the reading crisis through scaffolding and contextualization to bridge gaps in understanding of deep language in historical context. The research used a quantitative approach, specifically a Pre-Experimental (One-Group Pretest-Posttest) design. Through purposive sampling, 50 Grade 8 students from a high school in Tacloban City were selected as participants of the study. A validated teacher-made test served as the research instrument, and data were analyzed using the mean, Standard Deviation (SD), and a paired samples t-test and was interpret using MPS. The pre-test results show an initial mean score of 19.96 ($SD = 3.65$; $MPS = 66.53\%$). After utilization of a three-week intervention, post-test scores rose to 24.10 ($SD = 2.76$; $MPS = 80.33\%$). Although both results fell within the "Moving Towards Mastery" performance level, the students demonstrated clear academic progress after the intervention. The paired samples t-test proved a statistically significant difference between the scores before and after the intervention. Because the computed p-value of 0.049 is less than the established significance level ($\alpha = 0.05$), the null hypothesis was rejected. In conclusion, the instructional intervention is highly effective in elevating students' comprehension levels regarding historical literary works.

Keywords: instructional intervention, level of comprehension, propaganda and revolutionary period, scaffolding, pre-experimental design

Pagsusuri sa pagbabago ng antas ng pag-unawa sa mga tekstong pampanitikan sa panahon ng propaganda at himagsikan bago at matapos ang interbensiyong pampagtuturo

1. Abstrak

Nilayon ng pag-aaral na ito na suriin ang pagbabago sa antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga akdang pampanitikan sa Panahon ng Propaganda at Himagsikan matapos ang interbensiyong pampagtuturo. Naugnay ito sa *Constructivist Learning Theory* at *Sustainable Development Goal 4 (Quality Education)*, nilayon nitong tugunan ang krisis sa pagbasa sa pamamagitan ng *scaffolding* at kontekstwalisasyon upang maitulay ang puwang sa malalim na wika at historikal na konteksto ng mga akda. Ginamit sa pananaliksik ang kuwantitatibong pamamaraan, ang disenyo ng *Pre-Experimental (One-Group Pretest-Posttest)*. Sa pamamagitan ng *Purposive Sampling*, pinili ang 50 mag-aaral sa Baitang 8 mula sa isang mataas na paaralan sa Lungsod ng Tacloban bilang mga kalahok. Isang balidadong pagsusulit na gawang-guro ang nagsilbing instrumento, at sinuri ang datos gamit ang *mean*, *Standard Deviation (SD)*, at *paired samples t-test*. Ipinakita sa resulta ng *pre-test* ang paunang *mean score* na 19.96 ($SD = 3.65$; $MPS = 66.53\%$). Matapos ang tatlong linggong interbensiyon, umakyat ang marka sa *post-test* patungong 24.10 ($SD = 2.76$; $MPS = 80.33\%$). Bagaman kapwa nasa antas na *Moving Towards Mastery*, nagpakita ng malinaw na pag-unlad ang mga mag-aaral. Napatunayan sa *paired samples t-test* na may makabuluhang pagkakaiba ang mga marka bago at matapos ang interbensiyon dahil ang *p-value* na 0.049 ay mas mababa sa itinakdang *significance level* na $\alpha = 0.05$, kung kaya't itinakuwil ang *null hypothesis*. Sa konklusyon, epektibo ang interbensiyon sa pagpapataas ng antas ng pag-unawa sa mga historikal na akda.

Mga susing- salita: interbensiyong pampagtuturo, antas ng pag-unawa, panahon ng propaganda at himagsikan, scaffolding, pre-experimental

2. Introduksiyon

Sa patuloy na modernisasyon ng kurikulum at pag-usbong ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo, nananatiling malaking hamon para sa mga guro kung paano mapapanatili at mapapataas ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga tekstong pampanitikan, partikular na ang mga akdang historikal. Ang panitikan sa Panahon ng Propaganda at Himagsikan ay hindi lamang simpleng salamin ng nakaraan, at ito rin ay kinatawan ng nasyonalismo at nagsisilbing mitsa ng kritikal na pag-iisip. Subalit sa tradisyonal na talakayan, madalas na nahihirapan ang mga mag-aaral na intindihin ang malalim na konteksto at tunay na paksa ng mga akda. Dahil ito sa agwat ng panahon at sa kalaliman ng wikang ginamit sa pagsulat ng teksto. Upang matugunan ang suliraning ito, kinakailangang magpatupad ng mga makabagong interbensiyong pampagtuturo na nakatuon sa estratehikong paggabay at pagpapadali ng proseso ng pagkatuto.

Ayon kay Almario (2021), ang mga klasiko at historikal na teksto sa Pilipinas ay nangangailangan ng higit sa masusing pagbasa kundi ng kontekstwalisasyon upang makita ng mga mag-aaral ang ugnayan ng nakaraan sa kasalukuyan. Sa kontekstong ito, binigyang-diin nina Mendoza at Cruz (2022) na ang kawalan ng interes ng mga kabataan sa kasaysayan ay nag-uugat sa hindi angkop na pamamaraan ng pagtalakay sa mga akda, na nagiging sanhi ng mababang komprehensiyon. Para matugunan ang suliraning ito, kinakailangang magpatupad ng mga makabagong interbensiyong pampagtuturo na nakatuon sa estratehikong paggabay at pagpapadali ng proseso ng pagkatuto.

Kaya naman sa pag-aaral na ito ay nakaangkop sa layunin ng Sustainable Development Goal 4 (SDG 4) ng United Nations: Quality Education. Layunin ng SDG 4 na tiyakin ang inklusibo, pantay, at de-kalidad na edukasyon, gayundin ang pagtataguyod ng mga oportunidad sa habambuhay na pagkatuto para sa lahat. Sa ilalim ng target 4.6 ng SDG, binibigyang-diin ang pagtiyak na ang lahat ng kabataan ay makapagtamo ng literasiya at numerasiya,

hindi lamang sa pang-ibabaw na antas kundi sa kritikal na komprehensiyon. Bukod dito, ang pagsusuri sa mga akda ng Propaganda at Himagsikan ay nag-aambag sa Target 4.7, na naglalayong itaguyod ang kultura ng kapayapaan, pandaigdigang pagkamamamayan, at pagpapahalaga sa pagkakaiba-iba ng kultura at kontribusyon ng panitikan sa napapanatiling pag-unlad. Ayon kay Ramirez (2023), ang de-kalidad na edukasyon (SDG 4) ay hindi lamang nasusukat sa abilidad na bumasa ng mga salita, kundi sa kakayahang maganalisa at magpapahalaga sa pambansang identidad na nakapaloob sa mga historikal na teksto.

Sa Constructivist Learning Theory nina Piaget at Vygotsky, ang pagkatuto ay isang aktibong proseso kung saan ang mga mag-aaral ay bumubuo ng sariling kaalaman mula sa kanilang karanasan at pakikipag-ugnayan sa kapaligiran. Binigyang-diin ni Vygotsky na napakahalaga ng gabay ng guro upang higit na malinang ang potensyal ng isang mag-aaral. Sa konteksto ng pananaliksik na ito, ang interbensiyong pampagtuturo ay magsisilbing scaffolding o estratehikong tulay upang maiugnay ng mga mag-aaral ang kasalukuyan nilang kakayahan sa mas mataas na antas ng komprehensiyong kinakailangan sa pagsusuri. Ang ganitong pag-unlad ay nauugnay din sa talasuring pangkaisipan ni Benjamin Bloom (Bloom's Taxonomy), na nag-uuri sa antas ng pag-unawa mula sa payak na pag-alala ng mga detalye patungo sa mas mataas at kritikal na paganalisa. Sinundan ito ng pag-aaral nina Anderson at Krathwohl (2001) na nagrepaso sa taxonomy ni Bloom, kung saan ipinaliwanag na ang Metacognitive Knowledge o ang kamalayan sa sariling proseso ng pag-iisip ay higit na nalinang kapag ang mag-aaral ay ginagabayan ng mga estratehikong kagamitang pampagtuturo.

Sa Pilipinas, malaki ang gampanin ng mga interbensiyonal na materyal at estratehiya sa asignaturang Filipino upang mapataas ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Sa pag-aaral ni Santos (2020), napatunayan na ang paglihis sa mga tradisyonal na pamamaraan at ang paglalapat ng mga makabagong estratehiya ay nagdudulot ng positibong epekto sa karanasan at pagkatuto ng mga bata. Sa kabila nito, marami pa ring mag-aaral ang nagpapakita ng mababang antas ng literasiya kapag sumusuri na ng mga klasikong akda. Ang ganitong mga kagamitang pampagtuturo ay dapat magsilbing katuwang upang mapahusay ang akademikong pagganap, subalit mahalagang matiyak na hindi nito mapapalitan ang mismong kritikal na pag-iisip at sariling pagsusuri ng mga mag-aaral sa loob ng silid-aralan. Sa kabila nito, marami pa ring mag-aaral ang nagpapakita ng mababang antas ng literasiya kapag sumusuri na ng mga klasikong akda. Tulad ng binanggit sa ulat ng Program for International Student Assessment (PISA, 2022), ang Pilipinas ay nananatiling isa sa mga bansa na may pinakamababang marka sa pagbasa, na nagpapatunay na ang kritikal na pag-unawa sa mga teksto ay isang pambansang krisis sa edukasyon na nangangailangan ng agarang interbensyon.

Ang pangangailangan sa mga interbensiyong pampagtuturo ay higit na sinusuportahan ng mga konsepto ng interaktibong pagbasa at ng mga estratehikong komprehensiyon. Sa mga lokal na literatura ukol sa pagbasa nang may pag-unawa, napatunayan na ang paggamit ng mga nakadisenyong materyal bilang interbensiyon ay nagpapakita ng makabuluhang pagtaas ng *mean score* mula *pre-test* patungong *post-test*. Ipinapakita nitong may mataas na kabisaan ang mga nakaplanong kagamitan sa pagpapataas ng komprehensiyon. Dagdag pa rito, ang sistematikong paglalapat ng mga pamamaraang pampagtuturo ay nag-aangat sa antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral mula sa katamtamang antas patungo sa lubos na kahusayan. Ang mga katunayang ito, kasama ang pag-aaral nina Aclinen at mga kasamahan (2023), ay nagpapatunay na ang paggamit ng pretest at post-test ay isang mabisang paraan upang matukoy ang tunay na bahagdan ng pag-unlad ng mga mag-aaral sa mga tekstong pampanitikan.

Sa pag-aaral ni Garcia (2022), napatunayan na ang pamamaraang "Scaffolded Reading Experience" (SRE) ay nagdulot ng malaking pagbabago sa performans ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa mga tula at sanaysay ng Propaganda. Ipinapakita nitong may mataas na kabisaan ang mga nakaplanong kagamitan sa pagpapataas ng komprehensiyon. Dagdag pa rito, ang sistematikong paglalapat ng mga pamamaraang pampagtuturo ay nag-aangat sa antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral mula sa katamtamang antas patungo sa lubos na kahusayan. Ayon naman kina Villanueva at Tolentino (2023), ang interbensiyong nakatutok sa pagsasanay bago magbasa, habang nagbabasa, at pagkatapos magbasa ay nagbibigay sa mga mag-aaral ng direksyon upang mas madaling malonok ang malalalim na talinghaga.

Sa kasalukuyan, maraming pananaliksik sa bansa ay nakatuon lamang sa pangkalahatang pagbasa o kaya ay sa malawakang integrasyon ng teknolohiya sa silid-aralan. Kakaunti pa ang mga pag-aaral na tiyakang sumusuri sa epekto ng isang nakadisenyong interbensiyong pampagtuturo sa pag-unawa ng mga historikal na akda mula sa Panahon ng Propaganda at Himagsikan. Dahil dito, nilalayon ng pag-aaral na ito na punan ang nasabing puwang sa literatura sa pamamagitan ng pagtatasa sa pagbabago ng antas ng komprehensiyon ng mga mag-aaral bago at matapos ang interbensiyon.

Layunin ng Pag-aaral - ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang pagbabago sa antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga akdang pampanitikan sa Panahon ng Propaganda at Himagsikan matapos lapatan ng interbensiyong pampagtuturo. Partikular, nilalayon nitong sagutin ang mga sumusunod na katanungan: 1. Ano ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga akdang pampanitikan sa Panahon ng Propaganda at Himagsikan bago ang interbensiyong pampagtuturo batay sa resulta ng pre-test? 2. Ano ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga akdang pampanitikan sa Panahon ng Propaganda at Himagsikan matapos ang interbensiyong pampagtuturo batay sa resulta ng post-test? 3. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga akdang pampanitikan sa Panahon ng Propaganda at Himagsikan bago at matapos ang interbensiyong pampagtuturo? 4. Batay sa resulta ng pag-aaral, anong mga rekomendasyon o implikasyong pampagtuturo ang maaaring mabuo upang higit pang mapahusay ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga katulad na akdang pampanitikan?

Research Hypothesis (H_0) - Walang makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga akdang pampanitikan sa Panahon ng Propaganda at Himagsikan bago at matapos ang interbensiyong pampagtuturo

Balangkas Teoretikal - ang pag-aaral na ito ay nakabatay sa Constructivist Learning Theory ni Jean Piaget at Lev Vygotsky. Sa teoryang ito, ang pagkatuto ay isang proseso kung saan ang mga mag-aaral ay aktibong bumubuo ng sariling kaalaman batay sa kanilang karanasan, paggamit ng mga kagamitan, at interaksyon sa akademikong kapaligiran. Sa pananaw ni Piaget, natututo ang mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagbuo ng sariling pag-unawa habang nakikipag-ugnayan sa mga bagong impormasyon. Sa kabilang banda, ayon kay Vygotsky ang gabay o scaffolding na ibinibigay sa panahon ng interbensiyon ay nagbibigay-daan upang maitulay ang kasalukuyang limitasyon ng mag-aaral tungo sa mas malalim na pag-unawa. Ang balangkas na ito ang magsisilbing gabay sa pag-unawa kung paano nahuhubog at nagbabago ang antas ng komprehensiyon ng mga mag-aaral sa mga piling akda matapos lapatan ng interbensiyong pampagtuturo.

3. Metodolohiya

Sa bahaging ito, inilalahad ang nilalaman ng Metodolohiya sa pag-aaral. Makikita rito ang disenyo ng pananaliksik, mga kalahok sa pag-aaral, instrumentong ginamit, konsiderasyong etikal, pangangalap ng datos, pagsusuri ng mga datos upang masuri ang mga datos na nakalap sa pananaliksik.

Disenyo ng Pag-aaral - sa pananaliksik na ito upang maging siyentipiko ang pagtasa sa paksa, ginamit sa pag-aaral na ito ang kuwantitatibong pamamaraan, partikular ang disenyong *Pre-Experimental* na sumusunod sa estratehiyang *One-Group Pre-test - Post-test Design*. Angkop ang ganitong lapit dahil nakatuon ang pananaliksik sa pagsukat at paghahambing sa antas ng pag-unawa ng iisang grupo ng mag-aaral bago at matapos silang dumaan sa binuong interbensiyon sa pagtuturo ng mga panitikan sa Panahon ng Propaganda at Himagsikan. Sa ganitong paraan, direktang mapatutunayan kung naging mabisa ang ibinigay na scaffolding gabay sa pagpapataas ng kanilang komprehensiyon.

Mga kalahok sa pag-aaral - isinagawa ang pananaliksik na ito sa isang mataas na paaralan ng lungsod ng Tacloban. Ang mga naging respondent sa pag-aaral na ito ay binubuo ng 50 na mag-aaral sa Baitang 8. Ginamit ang Purposive Sampling sa pagpili ng klase batay sa natamong iskor sa Pre-test, kung saan tinutukan ang pangkat na nakitaan ng higit na pangangailangan o kahirapan sa pagsusuri at pag-unawa sa mga klasikong tekstong Pilipino.

Instrumentong Ginamit. Ang pagsusulit na gawang-guro (*teacher-made test*) ang nagsilbing pangunahing instrumento sa pangangalap ng datos. Ginamit ito bilang pre-test at post-test ng mga kalahok. Ang pagsusulit ay binubuo ng 30 aytem na nasa anyong maramihang pagpipilian at nakabatay sa mga akdang pampanitikan mula sa Panahon ng Propaganda at Himagsikan. Ang bawat tanong ay binalangkas batay sa Talahanayan ng Espesipikasyon (*Table of Specifications* o TOS) at sa Taksonomiya ni Benjamin Bloom (*Bloom's Taxonomy*) upang matiyak na nasusukat nito ang iba't ibang antas ng pag-iisip, mula sa simpleng pag-alala ng mga detalye hanggang sa kritikal na pagsusuri ng teksto. Bago ito ipasagot sa mga kalahok, ang instrumento ay sinuri at binalida ng dalawang eksperto sa wika at pananaliksik upang matiyak ang kaangkupan, kalinawan, at balidad ng mga aytem. Sa pagbibigay-kahulugan sa antas ng kaalaman ng mga mag-aaral, ginamit ang Mean Percentage Score. Ang iskor na 96% hanggang 100% ay binigyang-kahulugang Mastered, samantalang ang 86% hanggang 95% ay Close to Mastery. Ang iskor na 66% hanggang 85% ay inilarawan bilang Moving Towards Mastery, habang ang 35% hanggang 65% ay Average. Ang iskor na 16% hanggang 34% ay binigyang-kahulugang Low, ang 5% hanggang 15% ay Very Low, at ang 0% hanggang 4% ay No Mastery.

Konsiderasyong Etikal – isinasalang-alang ng mananaliksik ang mga etikal na pamantayan sa buong proseso ng pag-aaral upang maprotektahan ang 50 mag-aaral. Pormal na humingi ng pahintulot ang mga mananaliksik sa punong-guro at nagpamahagi ng informed consent form sa mga mag-aaral bago ang pagsasagawa ng pre-test at post-test. Upang matiyak ang lubos na pribado at kumpidensyalidad, hindi itinala ang mga tunay na pangalan ng mga kalahok; sa halip, gumamit ang mananaliksik ng Student Number (1 hanggang 50) sa pag-aanalisa ng mga iskor. Bukod dito, naging boluntaryo ang paglahok ng mga mag-aaral kung saan malaya silang umatras anumang oras nang walang epekto sa kanilang marka. Tininyak din na ang tatlong linggong interbensiyon ay walang pagkiling at eksklusibong idinisenyo bilang scaffolding upang makatulong sa pagpapataas ng antas ng komprehensiyon ng buong klase.

Pangangalap ng Datos – sa bahaging ito ay humingi muna ang mga mananaliksik ng permiso sa punong-guro para sa pagsasakatuparan ng layunin. Nagbigay naman ng consent form para sa mga piling mag-aaral na partisipant sa pananaliksik. Pagkatapos ay ibinigay ang pre-test. Layunin nitong makita ang simulaing kakayahan at natural na unawa ng mga bata sa mga aralin bago pa man simulan ang bagong estratehiya. Sa pagpapatupad ng interbensiyon sa loob ng tatlong linggo, itinuro ng mananaliksik ang mga piling akda gamit ang inihandang makabagong pamamaraan. Nagsilbi itong tulay o scaffolding para mas madaling maunawaan ng mga mag-aaral ang kontekstong kasaysayan at malalalim na pahayag sa teksto. Nang matapos ang nakalaang panahon ng pagtuturo, muling pinasagutan sa mga mag-aaral ang parehong pagsusulit (post-test) upang doon masukat at makita ang naging bahagdan ng kanilang pag-unlad.

Ang pagsusuri ng mga datos—para sa lohikal na pagsagot sa mga tiyak na layunin —ay sumailalim sa estadistikal na kagamitan. Mean (X) at Standard Deviation (SD) ay ginamit para sa Suliranin 1 at 2. Ipinakita nito ang pangkalahatang average ng klase bago at matapos ang ginawang interbensiyon, gayundin kung gaano kalapit o kalawak ang agwat ng mga iskor ng mga mag-aaral sa isa't isa. Ginamit din ang MPS para bigyan ng kahulugan ang natamong iskor. Paired Samples t-test, ginamit naman ito upang sagutin ang Suliranin 3. Ito ang angkop na pagsusuring imperensiyal para mapatunayan kung ang naging pagbabago o pagtaas ng marka mula pre-test hanggang post-test ay may malaking kabuluhan (statistically significant) o nagkataon lamang, gamit ang antas ng kahalagahan (significance level) $\alpha = 0.05$.

4. Resulta at Pagtalakay

Inilahad sa kabanatang ito ang pagsusuri, interpretasyon, at pagtalakay sa mga nakalap na datos mula sa pre-test at post-test ng 50 mag-aaral sa Baitang 8 sa isang mataas na paaralan sa Lungsod ng Tacloban. Ang mga datos ay inihanay upang lohikal na sagutin ang mga tiyak na suliranin ng pagaaral ukol sa epekto ng interbensiyong pampagtuturo sa pagbabago ng antas ng pag-unawa sa mga tekstong pampanitikan sa Panahon ng Propaganda at Himagsikan

4.1 *Antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga akdang pampanitikan sa Panahon ng Propaganda at Himagsikan bago ang interbensiyong pampagtuturo batay sa resulta ng pre-test*

Talahanayan 1

Antas ng Pag-unawa ng mga Mag-aaral sa Pre-test

Baryabol	n	M	MPS (%)	SD	Antas ng Pagganap
Pre-test	50	19.96	66.53	3.65	Moving towards mastery

Ipinakikita sa Talahanayan 1 ang antas ng pagganap ng 50 mag-aaral batay sa isinagawang pretest. Batay sa resulta, nakapagtala ang mga mag-aaral ng mean score na 19.96 ($SD = 3.65$) at Mean Percentage Score (MPS) na 66.53%. Ang MPS na ito ay may katumbas na antas ng pagganap na Moving Towards Mastery. Ipinahihiwatig ng resulta na bago isagawa ang interbensiyong pampagtuturo, ang mga mag-aaral ay may katamtamang antas ng pagkatuto sa mga konseptong saklaw ng pagsusulit. Ipinakikita rin ng standard deviation na 3.65 na hindi gaanong nagkakalayo ang mga iskor ng mga mag-aaral, na nangangahulugang may relatibong pagkakapare-pareho sa kanilang antas ng pagganap. Sa kabuuan, ipinahihwatig ng mga natuklasan na bagama't mayroon nang paunang kaalaman ang mga mag-aaral sa paksang pinag-aralan, kinakailangan pa rin ang angkop na interbensiyong pampagtuturo upang higit pang mapaunlad ang kanilang antas ng pag-unawa at pagkatuto.

Ang katamtamang antas na ito ay nagpapatunay sa pananaw nina Mendoza at Cruz (2022) na ang hindi angkop na pamamaraan ng pagtalakay ay nagiging sanhi ng mababang komprehensiyon ng mga kabataan sa kasaysayan dahil sa agwat ng panahon at kalaliman ng wika. Sumasalamain din ito sa ulat ng PISA (2022) na naglalarawan sa mababang marka sa pagbasa bilang isang pambansang krisis sa edukasyon.

4.2 *Antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga akdang pampanitikan sa Panahon ng Propaganda at Himagsikan matapos ang interbensiyong pampagtuturo batay sa resulta ng post-test*

Talahanayan 2

Antas ng Pag-unawa ng mga Mag-aaral sa Posttest

Baryabol	n	M	MPS (%)	SD	Antas ng Pagganap
Post-test	50	24.10	80.53	2.76	Moving towards mastery

Ipinakikita sa Talahanayan 2 ang antas ng pagganap ng 50 mag-aaral batay sa isinagawang posttest. Batay sa resulta, nakapagtala ang mga mag-aaral ng mean score na 24.10 ($SD = 2.76$) at Mean Percentage Score (MPS) na 80.53%. Ang MPS na ito ay may katumbas na antas ng pagganap na Moving Towards Mastery. Ipinahihiwatig ng mga resulta na ang mga mag-aaral ay nasa antas na Moving Towards Mastery sa mga konseptong saklaw ng pagsusulit. Ipinakikita rin ng standard deviation na 2.76 na hindi gaanong nagkakalayo ang mga iskor ng mga mag-aaral, na nagpapahiwatig ng relatibong pagkakapare-pareho sa kanilang antas ng pagganap. Sa kabuuan, ipinahihwatig ng mga natuklasan na ang mga mag-aaral ay may katamtamang antas ng pagkatuto sa mga paksang tinasa batay sa isinagawang post-test.

Ang pag-unlad na ito ay nagpapatunay sa ulat ni Santos (2020) na ang paglalapat ng mga makabagong estratehiya ay nagdudulot ng positibong epekto sa pagkatuto ng mga bata. Ayon din kay Garcia (2022), ang pamamaraang *Scaffolded Reading Experience* (SRE) ay nagdudulot ng malaking pagbabago sa pag-unawa sa mga akdang Propaganda dahil nagbibigay ito ng direksyon upang mas madaling malonok ang malalalim na talinghaga (Villanueva & Tolentino, 2023) gamit ang kontekstwalisasyon (Almario, 2021).

4.3 *Makabuluhang pagkakaiba ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga akdang pampanitikan sa Panahon ng Propaganda at Himagsikan bago at matapos ang interbensiyong pampagtuturo*

Ipinakikita sa Talahanayan 3 ng datos na nagtala ng mean difference na 4.14 ang dalawang pagsusulit. Ibig sabihin, tumaas ang average na 4.14 na puntos ng iskor ng mga mag-aaral matapos ang interbensyon. Ang nakuha namang t-value ay 2.01 na may degrees of freedom (df) na 49. Dahil ang *p-value* na **0.049** ay mas mababa sa itinakdang antas ng kahalagahan (significance level) na 0.05. Nagpapatunay ito na may makabuluhang pagkakaiba

sa pagitan ng pretest at posttest ng mga mag-aaral. Ang pag-angat ng mga iskor sa post-test ay nagpapakita na naging epektibo ang ginamit na pamamaraan upang mas maunawaan ng mga mag-aaral ang paksa at mapataas ang kanilang performans sa akademiko. Ang pangangailangan at bisa ng mga ganitong uri ng interbensiyong pampagtuturo ay higit na sinusupportahan ng pag-aaral nina Aclinen at mga kasamahan (2023), na nagpapatunay na ang paggamit ng pre-test at post-test ay isang mabisang paraan upang matukoy ang tunay na bahagdan ng pag-unlad ng mga mag-aaral sa mga tekstong pampanitikan.

Talahayanan 3

Makabuluhang Pagkakaiba sa Iskor ng mga Mag-aaral sa Pretest at Posttest

Paghahambing	Mean Difference	f	df	p-value	Pagpapasya
Pre at Post-test	4.14	2.01	49	0.49	Moving towards mastery

Sa mga talahanayang nabanggit ay nabuo ang mga *rekomendasyon o implikasyong pampagtuturo* na maaaring mabuo upang higit pang mapahusay ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga katulad na akdang pampanitikan. (SOP 4)

4.4 Implikasyong pampagtuturo ang maaaring mabuo upang higit pang mapahusay ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga katulad na akdang pampanitikan

Mahalaga ang scaffolding at kontekstwalisasyon sapagkat ito ang tradisyonal na pamamaraan at ang kalaliman ng wikang ginamit sa mga teksto sa Panahon ng Propaganda at Himagsikan ay malaking hadlang sa pag-unawa ng mga mag-aaral. Ang pagpapatupad ng estratehikong gabay o scaffolding ay nagpapatunay na ang pagkatuto ay higit na mabisa kung may tulay na nag-uugnay sa kasalukuyang kakayahan ng mag-aaral patungo sa mas mataas na antas ng komprehensiyon. Kaugnay nito ang pagtugon sa Krisis sa Pagbasa (SDG 4). Ang paggamit ng mga nakaplanong kagamitang pampagtuturo ay isang direktang pagtugon sa pambansang krisis sa edukasyon ukol sa mababang marka sa pagbasa ayon sa ulat ng PISA. Ang pag-angat ng performans ng klase patungo sa katamtamang antas ng kahusayan ay nagpapakita na ang de-kalidad na edukasyon ay nakakamit sa pamamagitan ng mga makabagong interbensiyon.

5. Konklusyon

Sa naging resulta ng pag-aaral, nahinuha na ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga akdang pampanitikan sa Panahon ng Propaganda at Himagsikan bago ang interbensiyon ay hindi nakaabot sa inaasahang pamantayan ng batayang edukasyon dahil sa tradisyonal na pamamaraan at lalim ng wikang ginamit sa mga teksto. Gayunpaman, ang pagpapatupad ng tatlong linggong interbensiyong pampagtuturo ay naging epektibo upang mapataas ang performans ng klase tungo sa katamtamang antas ng kahusayan. Ang pagkakaroon ng makabuluhang pagkakaiba sa resulta ng pre-test at post-test kung saan ang tinatayang p-value na 0.049 ay mas mababa sa $\alpha = 0.05$ na naging rason upang tanggihan ang null hypothesis ay nagpapatunay na ang paglalapat ng estratehikong gabay ay isang mabisang tulay upang mas madaling maunawaan ng mga mag-aaral ang mga historikal na akda. Ang kinalabasan na ito ay umaayon din sa lokal na literatura nina Aclinen at mga kasamahan (2023) na nagpapatunay sa bisa ng pre-test at post-test sa pagtasa ng tunay na bahagdan ng pag-unlad ng komprehensiyon ng mga mag-aaral. Sa kabuuan, ang paggamit ng mga kontekstwalisadong kagamitan ay mahalagang salik upang matugunan ang krisis sa pagbasa at makamit ang de-kalidad na edukasyon.

Rekomendasyon

- Mga Kaguruan sa Filipino - iminumungkahi na magkaroon ng regular ang paggamit ng Scaffolded Reading Experience (SRE) at mga kontekstwalisadong materyal sa pagtalakay ng mga klasikong akda para patuloy na mapataas ang literasiya at kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral.
- Pinuno ng Paaralan - Magsagawa ng mga seminar, workshop, o Learning Action Cell (LAC) sessions na binibigyan-pansin ang pagbuo ng mga makabagong kagamitang pampagtuturo na umaayon sa

pamantayan ng DepEd at SDG 4 (Quality Education).

- Mga Mag-aaral - Makilahok sa mga interaktibong pagsasanay sa pagbasa upang mas mapalalim ang pagpapahalaga sa pambansang identidad at kasaysayan na nakapaloob sa mga historikal na teksto.
- Mga Susunod na Mananaliksik - Magsagawa ng katulad na pag-aaral sa ibang baitang at gumamit ng True Experimental Design (na may control group) upang mas mapatunayan ang pangkalahatang kabisaan ng binuong interbensiyon sa loob ng ilang buwan.

6. Sanggunian

- Aclinen, M. R., Del Rosario, P. S., & Santos, T. N. (2023). *Paggamit ng pre-test at post-test sa pagsusuri ng mga tekstong pampanitikan: Isang lokal na literatura sa pagbasa*. Kagawaran ng Edukasyon ng Leyte.
- Almario, V. S. (2021). *Kontekstwalisasyon sa pagbasa ng mga klasikong teksto sa Pilipinas*. Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining.
- Anderson, L. W., & Krathwohl, D. R. (Mga Ed.). (2001). *A taxonomy for learning, teaching, and assessing: A revision of Bloom's taxonomy of educational objectives*. Longman.
- Bloom, B. (1956). *Taxonomy of educational objectives: The classification of educational goals*. Longmans, Green.
- Delos Reyes, M. C., & Bautista, J. D. (2024). Kakulangan sa mga kontekstwalisadong kagamitan sa Filipino at ang panimulang kakayahan ng mga mag-aaral. *Journal ng Edukasyon at Praktika*, 15(2), 45–58.
- Department of Education. (2015). *DepEd Order No. 8, s. 2015: Policy guidelines on classroom assessment for the K to 12 Basic Education Program*. Kagawaran ng Edukasyon ng Pilipinas.
- Garcia, E. M. (2022). Pamamaraang “Scaffolded Reading Experience” (SRE) sa pag-unawa sa mga tula at sanaysay ng Propaganda. *Pluma: Talaarawan sa Edukasyon at Panitikan*, 10(1), 12–25.
- Mendoza, A. B., & Cruz, J. R. (2022). *Estratehiya sa pagtuturo ng kasaysayan at panitikan sa makabagong henerasyon*. National Teacher's Press.
- Piaget, J. (1952). *The origins of intelligence in children*. International Universities Press.
- Program for International Student Assessment. (2022). *PISA 2022 results: Factsheets - Philippines*. ECD Publishing.
- Ramirez, L. F. (2023). *Edukasyong Pilipino at ang hamon ng Sustainable Development Goals (SDG 4)*. Akademya Press.
- Santos, T. M. (2020). Paglihis sa tradisyonal na pamamaraan: Mga makabagong estratehiya sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. *Journal ng mga Lokal na Pag-aaral sa Edukasyon*, 8(3), 102–115.
- Villanueva, K. S., & Tolentino, M. D. (2023). Integrasyon ng mga estratehiya bago, habang, at pagkatapos magbasa sa pag-unawa ng malalalim na talinghaga. *Suri: Journal sa Wika at Panitikan*, 5(2), 78–92.
- Vygotsky, L. S. (1978). *Mind in society: The development of higher psychological processes*. Harvard University Press

Pagsusuri sa antas ng kaalaman ng mga mag-aaral sa baitang 7 sa mga karunungan-bayan

De Mesa, Alvin R. ✉

Leyte Normal University, Philippines (ar_demesa@ymail.com)

Mato, Criselda A.

Leyte Normal University, Philippines (lilaymato17@gmail.com)



ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

Received: 14 July 2026
Available Online: 27 July 2026

Revised: 20 July 2026
DOI: 10.5861/ijrse.2026.26342

Accepted: 26 July 2026

Abstract

This study is anchored on three (3) sustainable development goals. First, the quality education, this study aimed to assess the level of knowledge of students in folk literature (karunungan-bayan) to be able to know their understanding on the topic through a test that has been administered. Second is sustainable cities, it is relevant to the study as it sought to identify which type of folk literature reflects the highest and lowest levels of knowledge. Third, reduced inequality, as this study aimed to (1) analyze the students' level of knowledge in understanding folk literature; (2) identify the type of folk literature that demonstrated the highest and lowest levels of knowledge; and (3) draw implications that will serve as the basis for developing an instructional material or learning guide. This study used a descriptive research design, the data were analyzed using weighted mean and percentage frequency, distribution, and it employed a cluster random sampling in selecting the respondents. The result of the study implies that the students' level of knowledge in folk literature is at moving towards mastery level, the riddles (bugtong) obtained the highest level of knowledge, while idioms (sawikain) garnered the lowest level of knowledge. It indicates that students still need continuous guidance to further develop their capacity in understanding folk literature.

Keywords: Folk literature, level of knowledge, test, analysis, implications

Pagsusuri sa antas ng kaalaman ng mga mag-aaral sa baitang 7 sa mga karunungan-bayan

1. Abstrak

Ang pag-aaral na ito ay nakaangkla sa tatlong (3) Sustainable Development Goals. Una, ang quality education, kung saan nilayon ng pag-aaral na ito na suriin ang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral sa karunungan-bayan upang malaman kung ano ang kasalukuyang kaalaman ng mga mag-aaral sa karunungan-bayan. Ikalawa, ang Sustainable Cities and Communities kung saan ninais din ng pag-aaral na ito na tukuyin kung aling uri ng karunungan-bayan ang may pinakamataas at pinakamababang antas ng kaalaman. Pangatlo ay ang *reduced inequality*, sapagkat nilayon ng pag-aaral na ito na makabuo ng kagamitang pampagtuturo na makatutulong sa anomang pagkakataon para sa lahat ng mga mag-aaral. Nilayon ng pag-aaral na ito na (1)suriin ang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa karunungan-bayan; (2) tukuyin ang uri ng karunungan-bayan na nagpakita ng pinakamataas na antas ng kaalaman at pinakamababang antas ng kaalaman; at, (3)bumuo ng implikasyon na magsisilbing batayan sa pagbuo ng isang kagamitang pampagtuturo o gabay sa pagkatuto. Samantala, ginamit ang *descriptive research* na disenyo sa pananaliksik, sinuri ang datos sa pamamagitan ng *Weighted Mean at Percentage Frequency Distribution*, at ginamit ang *cluster random sampling* sa pagpili ng respondente. Natuklasan sa pag-aaral na ang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral sa karunungan-bayan ay nasa *moving towards mastery*, nagtamo ng pinakamataas na antas ng kaalaman ang bugtong, samantalang ang sawikain naman ang may pinakamababang antas ng kaalama. Inilahad ng pag-aaral na ito na kinakailangan pa ng patuloy na paggabay sa mga mag-aaral upang mahubog ang kanilang kakayahan sa pag-unawa sa karunungan bayan.

Mga susing salita: Karunungan-bayan, antas ng kaalaman, pagsusulit, pagsusuri, implikasyon

2. Introduksiyon

Ang karunungan-bayan ay mailalarawan bilang isang sangay ng panitikan na nagsisilbing daan para maibahagi ang napapabilang na kaisipan sa kultura ng mga tribo (Uriarte, 2019; sinipi ni Llaneta, 2020). Ayon kay Bendalan (2013, sinipi ni Matammu, 2022), ang karunungan-bayan ay naglalaman ng mga kaugalian, asal, gawi at katangian na tanging atin lamang. Gayunpaman, ito rin ay maituturing na kaban ng yaman ng lahing kayumanggi. Binubuo ito ng mga pahayag na naglalaman ng malalim na aral at nagsisilbing gabay ng mga ninuno sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay at pakikipagkapwa-tao. Ayon kay Llaneta (2020), kabilang sa karunungan-bayan ay ang salawikain, sawikain, at bugtong. Ang mga ito ay maituturing na hindi lamang tumutukoy sa mga simpleng salita sapagkat ito masasabing imbakan ng malalim na aral, pilosopiya, at karunungan ng ating mga ninuno. Layunin ng mga ito na hubugin ang moralidad at pagkatao ng bawat Pilipino.

Ayon sa pag-aaral ni Macaraig (2005), ang salawikain ay isang patalinghagang pahayag na naglalaman ng aral at nagiging batayan ng magandang pag-uugali. Ito ay nakaugaliang isambit at nagsisilbi ring tagapag-alala ng mga tuntuning kagandahang-asal ng ating mga ninuno. Samantala, ang sawikain ay ang mga salita o parirala na may malalim na kahulugan, nangangailangan ng matayog na pag-iisip, at nagpapahayag ng magandang mensahe. Ang nilalaman nito ay mga kaisipan na may kaugnayan sa pag-uugali at pang-araw-araw na pamumuhay (Landingin, 2026). Binanggit naman ni Llaneta (2020) na ito ay tinatawag na idyoma, sapagkat ito ay maikling kasabihan na mayroong ibang kahulugan sa literal nitong anyo. Inilahad sa pag-aaral ni Piedraverde (2025) na isang seryosong isyu na kinaharap sa larangan ng edukasyon, maging sa aspeto ng pag-unawa, ang mababang antas ng kahusayan sa paggamit ng mga sawikain at salawikain. Ayon naman kina Langga at Alico (2020), ang mga sawikain at salawikain ay madalas na maling naiintindihan o hindi naipahayag nang wasto. Samantala, ayon kay Macaraeg (2024), ang malalim na pagpapahayag ng mga karanasan at damdamin sa pamamagitan ng literatura ay mahalaga rin sa pag-unawa sa mga sawikain at salawikain hindi lang sa akademikong konteksto.

Samantala, ang bugtong naman ayon kay Arrogante (2004, sinipi ni Lusing, 2026) ay mailalarawan bilang isang palaisipan at pahulaan. Ito ay inilalahad nang malarawan, masigasig, madalumat, sa makatotohanang pamaraan, kung saan, dito ay ibinabatay ang magiging hula o sagot. Ito ay may layuning pasiglahin ang isip, pukawin ang guni-guni at pasiyahin ang loob ng mga tao habang nagtitipun-tipon. Ayon naman kay Catarongan (2025), nakatutulong ito sa pagpapaunlad ng lohikal na pag-iisip at kakayahang mag-analisa. Gayundin, ito ay gumagamit ng mga salitang hango sa pang-araw-araw na pakikipagtalastasan, pagkilos, at pangyayari na nagdudulot ng mabilis na pag-unawa ng tagahula sa sagot. Pinatunayan naman ni Estera et al. (2025) na ang bugtong ay isa sa mga paraan upang mas maunawaan ng mga mag-aaral ang karunungan-bayan lalo na sa pamamagitan ng paggamit ng kontekstuwalisadong halimbawa.

Ayon kay Elayba (2024), walang ganap na pag-unawa sa pagiging nasyon ang mga Pilipino, na ang ibig sabihin ay marami sa atin ay walang gaanong alam sa kasaysayan at pagmamahal sa bayan. Sa kasalukuyan ay nangingibabaw ang kulturang makabago at mga wikang banyaga sa mga kabataang Pilipino. Ayon kay Entena et al. (2024), ang karunungan-bayan ay maraming kinakaharap na suliranin na nagdudulot ng pangamba dahil sa patuloy na pag-unlad nito. Dahil sa modernisasyon, ang pagkawala at paglimot sa mga kaalamang tradisyunal ay isa sa mga pangunahing suliranin ng karunungan-bayan. Kabilang din sa mga suliranin ay ang kakulangan ng dokumentasyon at sistematikong pag-aaral kaugnay nito. Gayundin, ayon sa isang artikulo, naging tagapagpahina ng tradisyunal o sinaunang kinagisnang nating mga Pilipino ang pagbabagong dala ng makabagong kasangkapan at teknolohiya sapagkat ang napupunta sa paglalaro ng mga makabagong usong labas na gadget at matinding pagtangkilik ng mga mamamayan (Glenn, 2013).

Sa patuloy na pag-usbong ng makabagong teknolohiya kung saan marami rin ang mga umuusbong na wika at kultura na tinatangkilik, lalo na ng mga mag-aaral, mahalagang matuklasan kung gaano nga kalalim ang kaalaman nila kaugnay sa ating panitikan, partikular ang karunungan-bayan. Hindi lang dapat sila nakapokus sa kung ano ang umuusbong sa kasalukuyan, mahalaga rin na magbalik-tanaw sa ating panitikan. Sapagkat ayon kay Llaneta (2020), nakatutulong ang mga karunungan-bayan bilang gabay sa tamang landas ng buhay, kapupulutan ang mga ito ng aral sa buhay at mas nagpapatalas ng isipan o karunungan, at ito rin ay nakatutulong upang mapanatili ang kultura ng isang lugar. Ayon din kay Santiago (2007, sinipi ni Entena et al., 2024), mahalagang matuklasan nating mga Pilipino, partikular ang mga mag-aaral, ang ating pinagmulan, pinag-ugatan upang mas mapayabong, mapagtibay ang kaalamang pagkamamamayan bilang tugon sa panitikang maaaring kalaunan ay maglaho sa lipunan. Gayundin, upang maipagpatuloy at mapaunlad ang panitikan ay marapat na gumamit ng wasto at may katuturan lalo na ang mga panitikang nasa bibig at isipan lamang ng mga mamamayan (Rumusud, 2022; sinipi ni Estera et al., 2025). Kaugnay din nito, ay inilahad ni Chen (2019, sinipi ni Estera et al., 2025) na mabilis ang pag-usbong ng mga karunungan-bayan sa gitna ng modernisasyon at digitalisasyon ng lipunan. Ipinakita rin ang kaakibat na pag-unlad ng mga karunungan-bayan sa harap ng masusing impluwensiya ng teknolohiya.

Sa kurikulum ng Kagawaran ng Edukasyon ay kabilang sa mga dapat ituro ang paksang karunungan-bayan. Ito ay pormal na itinuturo sa unang termino ng Baitang 7. Isa ito sa mga hakbang na paraan upang mapanatili ang kamalayan ng mga mag-aaral kaugnay ng karunungan-bayan. Kaya naman, sa pag-aaral na ito ay nilalayong suriin ang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral sa Baitang 7 sa mga karunungan-bayan batay sa resulta ng kanilang paunang pagsusulit.

Layunin ng pag-aaral - Upang maisakatuparan ang pag-aaral na ito, isinagawa ito sa pamamagitan ng mga sumusunod na layunin: (1) Nasusuri ang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa karunungan-bayan. (2) Natutukoy kung aling uri ng karunungan-bayan ang nagpakita ng pinakamataas na antas ng kaalaman at pinakamababang antas ng kaalaman; at, (3) Nakabubuo ng implikasyon na magsisilbing batayan sa pagbuo ng isang kagamitang pampagtuturo o gabay sa pagkatuto.

3. Metodolohiya

Inilahad sa bahaging ito ang sistematikong paglalarawan sa mga pamamaraan, istrategiya, at hakbang na

isinagawa ng mananaliksik upang maisakatuparan ang pag-aaral. Ipinaliwanag sa bahaging ito ang disenyo ng pananaliksik, ang mga respondente, ang instrumentong ginamit sa pangangalap ng datos, at ang paraan ng pagsusuri sa mga impormasyong nakalap upang mabigyang-linaw at matugunan ang mga pangunahing suliranin ng pananaliksik na ito.

Disenyo ng Pananaliksik - Ang pag-aaral na ito ay isang kuwantitatibong pag-aaral at ginamit dito ang disenyo ng *Descriptive Research*. Ito ay nagbubuo ng mga pangunahing katangian ng isang data set o hanay ng datos nang hindi gumagawa ng mga konklusyong lampas sa mismong datos (Yellapu, 2018). Nakatulong ang disenyong ito sapagkat ginamit na batayan ng mananaliksik ang resulta ng pagsusulit na isinagawa.

Mga Respondente - Ang mga naging respondente ng pag-aaral na ito ay pinili gamit ang *Cluster Random Sampling*. Ayon kay Alex (2026), ito ay isinasagawa sa pamamagitan ng paghati sa mga nabubuong grupo o *clusters* sa mas maliit na grupo, kung saan *random* na pinipili mula sa grupo ang magiging respondente para sa pag-aaral. Iniugnay ang teknik na ito sa kasalukuyang pag-aaral sapagkat ang mga mag-aaral sa ika-pitong baitang na kumukuha ng asignaturang Filipino ay binubuo ng apat na seksiyon at partikular na pinili ang isang seksiyon at binubuo ng tatlung limang (35) mag-aaral na nakadalo sa araw ng pagsasagawa ng pagsusulit. Kaya naman nakatulong ang teknik na ito sapagkat hinati ang populasyon sa mas maliit na grupo at pagkatapos ay *random* na pinili mula sa mga *cluster*. Ang mga respondente ay mula sa isang pampublikong paaralan sa probinsiya ng Leyte. Matatagpuan ito sa bayan ng Babatngon, at may populasyon na mahigit walong daang mag-aaral na enrolled sa paaralan (800).

Hakbang Etikal - Ang pag-aaral na ito ay mahigpit na sumunod sa hakbang etikal. Ipinaalam sa mga respondente na ang mga nakalap na personal na impormasyon ng mananaliksik ay mananatiling pribado at kumpidensiyal kagaya na lamang ng pagkakakilanlan nila. Nang masang-ayunan ang paghingi ng permiso, kalaunan ay isinagawa ang pagsusulit. Samantala, ay sinigurado ng mananaliksik na ang datos na nakalahad sa pananaliksik ay ayon sa tunay na naging tugon ng mga respondente.

Mga Materyales- Ginamit ang *Weighted Mean at Percentage Frequency Distribution* upang tukuyin kung gaano kalawak ang kaalaman ng mga mag-aaral batay sa resulta ng pagsusulit. Ang *weighted mean* ay isang kalkulasyon na nagpaparami sa bawat puntos ng datos gamit ang isang itinakdang kadahilanan upang bigyang-diin ang kahalagahan nito sa kabuuang hanay ng datos (Ganti, 2026). Nakatulong ang kagamitang ito upang makuha ang kabuuang resulta ng mga naging sagot sa pagsusulit. Samantala, ang *percentage frequency distribution* ay isang pagpapakita ng datos na nagsasaad ng porsiyento ng mga obserbasyon na umiiral sa bawat data point o grupo ng mga *data point* (Shapiro, 2008). Ang kagamitang ito ay nakatulong upang malaman kung aling bahagi ng karunungan-bayan ang may pinakamataas at pinakamababang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan nito ay nakabuo ng implikasyon na nagsilbing batayan sa pagbuo ng hakbang upang mapaunlad ang kaalaman ng mga mag-aaral kaugnay sa karunungan-bayan. Ang *percentage distribution* ay inuri sa pitong eskala para malaman ang antas ng kanilang kaalaman alinsunod sa inirekomendang eskala ng DepEd NETRC (Gamiao, 2023).

Talahanayan 1

Interpretasyon ng Antas ng Kaalaman ng mga mag-aaral sa karunungan-bayan

Mean Percentage Score	Description
96%-100%	Mastered
86-95%	Close to mastery
66-85%	Moving towards mastery
35-65%	Average
16-34%	Low
5-15%	Very Low
0-4%	No Mastery
5-15%	Very Low
0-4%	No Mastery

Pamamaraan- Sa pangangalap ng datos, gumawa ang mananaliksik ng isang *teacher-made test* na

naglalaman ng limampung (50) katanungan kaugnay ng karunungan-bayan, partikular ang salawikain, sawikain, at bugtong upang isagawa ang pagsusulit. Ang pagsusulit na ito ay dumaan sa item analysis at balidasyon upang masuri at matiyak na ito ay makabuluhan at mapagkakatiwalaan. Ang mananaliksik ay humingi ng pahintulot sa kinauukulan sa pamamagitan ng isang liham bago isagawa ang pagsusulit at nang pinahintulutan, saka naman isinagawa ang pangangalap ng datos. Pagkatapos makuha ang resulta ng pagsusulit, sinuri ito ng mananaliksik kasama ang isang propesyonal upang masiguradong akma ang mga materyales na ginamit at makapaglahad ng interpretasyon kaugnay sa mga nakalap na datos.

4. Resulta at Pagtalakay

Ang bahaging ito ay naglalayong bigyang-linaw ang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral sa karunungan-bayan at kung aling uri ng karunungan-bayan ang nagpakita ng may pinakamataas at pinakamababang batay sa resulta ng naging pagsusuri at pag-aanalisa sa mga datos.

4.1 Nasusuri ang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral tungkol sa pag-unawa sa karunungan-bayan.

Talahanayan 1

Kabuuang Antas ng Kaalaman sa Pag-unawa sa Karunungan-bayan

Baryabol	n	M	MPS (%)	SD	Antas ng Pagganap
Iskor sa Pagsusulit sa Karunungan-bayan	35	36.26	72.51	7.83	Moving Towards Mastery

Ipinakikita sa Talahanayan 1 ang kabuuang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa karunungan-bayan batay sa resulta ng isinagawang 50-item na pagsusulit. Lumabas sa pagsusuri na ang mga respondente ay nagtamo ng karaniwang iskor (M) na 36.26 ($SD = 7.83$), na katumbas ng Mean Percentage Score (MPS) na 72.51%. Batay sa itinakdang antas ng pagganap, ang MPS na ito ay nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral ay nasa antas na *Moving Towards Mastery* sa kanilang pag-unawa sa karunungan-bayan. Inilalarawan nito na nalinang ang mga pangunahing kaalaman, kasanayan, at pag-unawa ng mga mag-aaral sa karunungan bayan, gayunpaman ay kailangan pa rin ang gabay ng guro para sa patuloy na pag-unlad ng kaalaman ng mga mag-aaral kaugnay sa paksa. Nangangahulugan lamang ito na sa kabila ng modernisasyon ay karapat-dapat lamang na patuloy na turuan ang mga mag-aaral ng mga kaalaman kaugnay sa karunungan bayan at patuloy itong ituro sa klase upang mahubog pa ang kanilang kasanayan kaugnay sa paksa. Sapagkat ayon kay Rumusud (2022, sinipi ni Estera et al., 2025), upang maipagpatuloy at mapaunlad ang panitikan ay marapat na gumamit ng wasto at may katuturan lalo na ang mga panitikang nasa bibig at isipan lamang ng mga mamamayan. Pinagtibay din ni Santiago (2007, sinipi ni Estera, 2025) na mahalagang matuklasan nating mga Pilipino, partikular ang mga mag-aaral, ang ating pinagmulan, pinag-ugatan upang mas mapayabong, mapagtibay ang kaalamang pagkamamamayan bilang tugon sa panitikang maaaring kalaunan ay maglaho sa lipunan.

4.2 Uri ng karunungan-bayan ang nagpakita ng pinakamataas na antas ng kaalaman at pinakamababang antas ng kaalaman

Talahanayan 2

Antas ng Kaalaman sa Bawat Bahagi ng Karunungan-bayan

Bahagi ng Karunungan-bayan	Bilang ng Aytem	M	MPS (%)	Antas ng Pagganap	Ranggo
Bugtong	17	13.46	79.16	Moving Towards Mastery	1
Salawikain	17	12.22	71.93	Moving Towards Mastery	2
Sawikain	16	10.60	66.25	Moving Towards Mastery	3

Ipinakikita sa Talahanayan 2 ang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral sa bawat bahagi ng karunungan-bayan batay sa mga resulta ng paunang pagsusulit. Makikita na ang *Bugtong* ang nagtala ng pinakamataas na Mean Percentage Score (MPS) na 79.16% ($M = 13.46$), na sinundan ng *Salawikain* na may MPS na 71.93% ($M = 12.22$). Samantala, ang *Sawikain* ang nagtala ng pinakamababang MPS na 66.25% ($M = 10.60$). Gayunpaman, ang tatlong bahagi ng karunungan-bayan ay pawang nasa antas na *Moving Towards Mastery*, na nagpapahiwatig na ang mga

mag-aaral ay nagpapakita ng katamtamang antas ng pagkatuto sa bawat bahagi ng pagsusulit. Ipinababatid nito na mataas ang antas ng kanilang kaalaman sa bugtong at nangangahulugan itong mas madali nilang naunawaan ang bugtong kaysa sa dalawa pang uri nito. Kung saan ayon kay Catarongan (2025), ang bugtong ay gumagamit ng mga salitang hango sa pang-araw-araw na pakikipagtalastasan, pagkilos, at pangyayari na nagdudulot upang mabilis na maunawaan ng tagahula ang sagot. Nakatutulong din ito sa pagpapaunlad ng lohikal na pag-iisip at kakayahang mag-analisa. Binigyang-diin naman ni Estera et al. (2025) na ang bugtong ay isa sa mga paraan upang mas mabilis na maunawaan ng mga mag-aaral ang karunungan-bayan lalo na sa pamamagitan ng paggamit ng kontekstuwalisadong halimbawa. Samantala, ipinababatid naman ng resulta na mas nahirapan ang mga mag-aaral sa sawikain. Maiuugnay ito sa pag-aaral ni Landingin (2026) na ang sawikain ay ang mga salita o parirala na may malalim na kahulugan o idyomatiko, nangangailangan ng matayog na pag-iisip, at nagpapahayag ng magandang mensahe, at ipinahayag din ni Langga at Alico (2020, sinipi ni Piedraverde, 2025) na ang mga sawikain at salawikain ay madalas na maling naiintindihan o hindi naipahahayag nang wasto. Pinatunayan naman ito sa pag-aaral ni Piedraverde (2025), ayon sa kaniya, isang seryosong isyu na kinaharap sa larangan ng edukasyon, maging sa aspeto ng pag-unawa, ang mababang antas ng kahusayan sa paggamit ng mga sawikain.

4.3 Implikasyon na magsisilbing batayan sa pagbuo ng isang kagamitang pampagtuturo o gabay sa pagkatuto.

Implikasyon ng estadistikal na resulta ng pag-aaral - Ang pag-alam sa antas ng kaalaman ng mga mag-aaral sa karunungan-bayan ay sinuri gamit ang iba't ibang pamamaraan. Kaya naman, batay sa naging resulta ng pag-aaral ay nabuo ang mga sumusunod na implikasyon:

- Ang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral sa karunungan-bayan ay nasa "*moving towards mastery*" pa lamang. Ibig sabihin, ang mga mag-aaral ay mayroon nang mga pangunahing kaalaman kaugnay sa paksa, ngunit hindi pa nila nakamit ang *mastery level*. Ito'y nangangahulugang kinakailangan pa ng mga mag-aaral ang patuloy na paggabay ng guro sa pagkatuto. Kagaya na lamang ng pagsasagawa ng iba't ibang kagamitang pampagtuturo na tutugon sa kakayahan ng mga mag-aaral at huhubog sa kanilang kakayahan sa pag-unawa sa karunungan-bayan upang makamit nila ang *mastery level*. Maiuugnay ang resultang ito sa pag-aaral ni Entena et al., (2024) na ang karunungan-bayan ay maraming kinakaharap na suliranin kabilang dito ang modernisasyon, sapagkat nagdudulot ito ng pagkawala at paglimot sa mga kaalamang tradisyunal ay isa sa mga pangunahing suliranin ng karunungan-bayan
- Ang may pinakamataas na antas ng kaalaman ng mga mag-aaral sa mga uri ng karunungan-bayan ay ang bugtong. Ipinahihiwatig nito na, bagama't nangangailangan pa rin sila ng gabay sa pagkilala at pag-unawa, mainam na maglunsad ng mga kagamitang pampagtuturo na makatutulong upang mapalawak pa ang kanilang kaalaman kaugnay sa paksa. Samantala, ang sawikain ang may pinakamababang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral at natuklasan din na ito ay nasa "*moving towards mastery*" pa rin. Ito ay maiuugnay sa pag-aaral ni Elayba (2024), Ayon sa kaniya, walang ganap na pag-unawa sa pagiging nasyon ng mga Pilipino, na ang ibig sabihin ay marami sa atin ay walang gaanong alam sa kasaysayan at pagmamahal sa bayan. Kung kaya't ipinahihiwatig nito na higit na kinakailangang maglunsad ng mga gawaing pampagkatuto kung saan mailalapat ang sawikain at maging ang lahat ng uri ng karunungan-bayan. Sapagkat mahalaga ang kaalaman at kamalayan sa paksang ito dahil ito ay sariling atin at kailangan pang pagyamanin, ayon pa nga kay Llaneta (2020), nakatutulong ang mga karunungan-bayan bilang gabay sa tamang landas ng buhay, kapupulutan ang mga ito ng aral sa buhay at mas nagpapatalas ng isipan o karunungan, at ito rin ay nakatutulong upang mapanatili ang kultura ng isang lugar.

5. Konklusyon

Batay sa naging resulta ng pag-aaral, nagpakita ito na nasa katamtaman ang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral sa karunungan-bayan o ito ay nasa *Moving Towards Mastery*. Nangangahulugan lamang ito na ang mga mag-aaral ay malapit na sa ganap na pagtukoy at pag-unawa sa pagkakaiba-iba ng salawikain, sawikain, at bugtong.

Ibig sabihin, nangangailangan pa sila ng patuloy na paggabay kaugnay sa paksang karunungan-bayan. Kailangan pa rin ng pagsasanay sa mga kakayahan ng mga mag-aaral, mainam ang pagsasagawa ng mga aralin na mailalapat ang kaalaman sa karunungan-bayan, at ipaliwanag ang kahalagahan ng pagkakaroon ng kamalayan sa sarili nating panitikan, partikular ang mga salawikain, sawikain, at bugtong bilang uri ng karunungan-bayan. Ipinararating din ng pag-aaral na kinakailangan pa rin ng maraming oras at pagpapalalim sa paksa upang makamit ang mga inaasahang pagkatuto ng mga mag-aaral.

Batay din sa pag-aaral na ito na ang bugtong ang nakakuha ng may pinakamataas na antas ng kaalaman ng mga mag-aaral at ang sawikain ang may pinakamababang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral. Nangangahulugan lamang ito na higit na nauunawaan ng mga mag-aaral ang mga bugtong sapagkat sinusubok nito ang kaalaman ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng paghuhula at higit sa lahat, nagiging madali itong maunawaan dahil ito ay nakaugnay sa pang-araw-araw na karanasan kung kaya't madaling naunawaan ang konteksto. Samantala, ang sawikain ang nagpakita ng may pinakamababang antas ng kaalaman kaysa sa iba pang uri ng karunungan-bayan. Ito ay nangangahulugan na mahirap na unawain ang konsepto ng sawikain para sa mga mag-aaral sapagkat ito ay nagpapahayag ng mga idyomatikong pahayag o mga may nakatagong kahulugan kung kaya't nangangailangan ng malalimang pag-iisip sa konteksto.

Mula sa naging resulta ng pananaliksik ay magsisilbing rekomendasyon ang sumusunod:

- Paggamit ng bugtong bilang laro bago ang pormal na gawain sa klase upang mapanatili ang kanilang kaalaman kaugnay sa paksa.
- Pag-ugnay sa mga modernong sitwasyon o kagamitang pampagtuturo partikular sa mga paksang sawikain at salawikain upang mas mapalalim pa ang pag-unawa.
- Maglunsad ng iba't ibang gawain na tutugon sa kakayahan at pangangailangan ng mga mag-aaral.
- Bumuo ng mga kagamitang kontekstuwalisado sa paksang karunungan-bayan kagaya ng mga modyul, at magsagawa ng paligsahan na susubok sa kanilang kagalingan partikular sa bugtong.
- Magsagawa ng mga gawaing pampaaralan na kagaya ng mga patimpalak na hindi lang nakapokus sa bugtong kundi pati na rin sa salawikain at sawikain, at gayundin ay magsagawa ng peer tutoring kung saan ang mga may mataas na antas ng kaalaman sa pangkalahatang paksa ay maaaring magbigay ng gabay sa kapwa nilang kamag-aral.

6. Sanggunian

- Alex, D. (2024). What is cluster sampling? Definition, method, and examples. Researcher Life.
- Bhandari, P. (2023). *Inferential statistics: An easy introduction and examples*. Scribbr.
- Catarongan, M. A. (2025, February 3). *Ang mundo ng bugtong*. Prezi.
- Elayba, T. C. (2024). *Pagsasabuhay ng mga karunungan bayan tungo sa pag-unlad ng kaugalian ng mga mag-aaral*. [Di-nakalathalang tesis/artikulo].
- Enteña, L. C., et al. (2024). *Mga kolektibong karunungan bayan ng Claver: Isang pangnilalamang pagsusuri*. [Di-nakalathalang manuskrito/artikulo].
- Estera, J. E. D. & Lagadia, D. L. (2025). Bugtong: Pagkilala sa kulturang Sorsoganon. *International journal of research studies in education*, 14(8), 237-258.
- Gamiao, D. D. (2023). *Loading scheme and worked example strategy in learners' basic calculus mastery* (Research Report). Department of education, Cordillera administrative region.
- Ganti, A. (2026). *Weighted average: Definition and how it is calculated and used*. Investopedia.
- Glenn. (2013, Hunyo 18). *Talinghaga at modernismo sa "101 Bugtong na hindi alam ng titser mo" ni German V. Gervacio*. glennthought.
- Landingin, J. (2026). *Karunungan bayan.pptx* [Slide share]. SlideShare.

- Llaneta, R. N. (2020). Karunungan-bayang irosanon: Isang pagtalunton. *International journal of research*, 9(8), 45–55.
- Lusing, L.M. (2026). *Bugtong*. Scribd.
- Macaraig, M. (2005). Sulyap sa panulaang filipino. Rex Book Store.
- Matammu, C. M. (2022). An analysis and translation into filipino of ibanag proverbs. *International journal of arts, sciences and education*, 3(1), 239–248.
- Piedraverde, A. G. (2025). Emosyonal na koneksiyon sa wika at kahusayan sa paggamit ng sawikain at salawikain sa Filipino. *Nexus international journal of science and education*, 458-450.
- Shapiro, J. K. (2008). *Frequency distribution*. Encyclopedia Britannica.
- Yellapu, V. (2018). Descriptive statistics. *International journal of academic medicine*, 4(1), 60.

Bisa ng interaktibong estratehiya sa pagpapataas ng kakayahang kognitibo ng mga mag-aaral sa asignaturang mabisang komunikasyon

De Mesa, Alvin R. 

Leyte Normal University, Philippines (ar_demesa@ymail.com)

Cacalda, Jersey B.

Leyte Normal University, Philippines (jersey.cacalda@gmail.com)



ISSN: 2243-7703

Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

Received: 7 July 2026

Available Online: 27 July 2026

Revised: 21 July 2026

DOI: 10.5861/ijrse.2026.26346

Accepted: 26 July 2026

Abstract

This study aimed to determine the effect of interactive strategies on the cognitive ability of students in Effective Communication. A one-group pretest-posttest design was utilized involving 139 Grade 11 students at Gardner College-Cainta. Pretest and posttest scores were analyzed using descriptive statistics and a Paired Samples t-Test. The overall mean increased from 30.00 to 32.82, while the standard deviation decreased from 7.78 to 5.79. A statistically significant difference in the scores was established, $t(138) = -6.52, p < .001$. The highest skill improvement was observed in the clear and organized expression of ideas (+17.15%); however, pragmatics (Item 17, $P = 0.34$) and tone identification (Item 2, $P = 0.43$) remained challenges. Overall, the interactive strategies employed such as role-playing, group activities, gamification, and think-pair-share proved effective in enhancing students' cognitive ability in Effective Communication. Nevertheless, targeted instructional guidance is still required for the technical and pragmatic aspects of language.

Keywords: effective communication, cognitive ability, interactive strategy

Bisa ng interaktibong estratehiya sa pagpapataas ng kakayahang kognitibo ng mga mag-aaral sa asignaturang mabisang komunikasyon

1. Abstrak

Layunin ng pananaliksik na ito na matukoy ang epekto ng mga interaktibong estratehiya sa kakayahang kognitibo ng mga mag-aaral sa Mabisang Komunikasyon. Ginamit ang *one-group pretest-posttest design* sa 139 na mag-aaral ng Baitang 11 sa Gardner College-Cainta. Sinuri ang mga marka ng pauna at pangwakas na pagtataya gamit ang deskriptibong estadistika at *Paired Samples t-Test*. Nakitang tumaas ang pangkalahatang *mean* mula 30.00 patungong 32.82, habang bumaba naman ang *Standard Deviation* mula 7.78 patungong 5.79. Napatunayang may makabuluhang pagkakaiba ang mga marka, $t(138) = -6.52$, $p < 0.001$. Pinakamataas ang pag-angat ng kasanayan sa malinaw at maayos na pagpapahayag ng ideya (+17.15%), subalit nanatiling hamon ang pragmatika (Aytem 17, $P=0.34$) at pagkilala sa tono (Aytem 2, $P=0.43$). Sa pangkalahatan, napatunayan na epektibo ang mga interaktibong estratehiya sa pagpapataas ng antas ng kognitibing kakayahan sa Mabisang Komunikasyon. Gayunpaman, nangangailangan pa rin ito ng tiyak na instruksiyunal na gabay para sa mga teknikal at pragmatikong aspekto ng wika.

Mga Susing Salita: Mabisang Komunikasyon, Kakayahang Kognitibo, Interaktibong Estratehiya

2. Introduksiyon

Ang kakayahang pangkomunikasyon ay mahalagang kasanayan sa ika-21 siglo para sa akademikong tagumpay at kahandaan sa pagtatrabaho ng mga mag-aaral. Nakaangkla ito sa UN Sustainable Development Goal (SDG) 8 o Decent Work and Economic Growth upang maihanda ang kabataan sa merkado. Sa pinakabagong Strengthened Senior High School (SSHS) Curriculum sa bansa, ang Mabisang Komunikasyon ay isang core subject na naglalayong linangin ang pragmatikong aplikasyon ng wika. Gayunpaman, nananatili pa ring hamon kung paanong epektibong maitatawid ang mga teoretikal na kaalamang natutuhan sa paaralan patungo sa isang kapaki-pakinabang na paggamit nito sa industriya. Upang matugunan ito, kailangan ang radikal na pagbabago sa pedagohiya alinsunod sa SDG 4 (Quality Education). Sa panahon kasi ngayon, hindi na sapat ang tradisyunal na *rote-learning* para sa metakognitibong kakayahan ng mga mag-aaral. Dito nagiging mahalaga ang papel ng mga interaktibong estratehiya gaya ng dula-dulaan, pangkatang gawain, *gamification*, at *think-pair-share* upang maging aktibong kalahok ang mga mag-aaral sa paglalapat ng mga kasanayang pangwika sa mga makatotohanang sitwasyon. Kaya naman, sinuri ng pananaliksik na ito ang bisa ng mga interaktibong estratehiya sa pagpapataas ng kakayahang kognitibo at kasanayang pangkomunikasyon ng mga mag-aaral sa Baitang 11 sa ilalim ng Academic Track ng Gardner College-Cainta. Layunin nitong magsilbing lokal na tugon sa pandaigdigang mithiin na mapag-isa ang de-kalidad na edukasyon at produktibong kinabukasan ng kabataan.

Ang Kahalagahan ng Interaksyon at mga Interaktibong Estratehiya sa Silid-Aralan - Binigyang-kahulugan nina Daniel at Marquis (1998), ang interaksyon bilang isang aktibong ugnayan ng mga mag-aaral sa iba. Mahalaga ito sa konteksto ng pag-aaral sapagkat binigyang-diin ni Ellis (1994) na dito nakasalalay ang tagumpay ng pagtuturo ng wika. Subalit, magiging epektibo lamang ito kung maayos ang pamamahala ng mga guro sa silid-aralan na isang proseso na nangangailangan ng pedagohikal na patunay (Krashen, 1976). Inilahad sa pag-aaral ni Carey (2005) na sa tulong ng interaktibong pagtuturo, naiuugnay ng mga mag-aaral ang kanilang pauna at kasalukuyang kaalaman. Kung kaya, marapat lamang na magkakaugnay ang mga estratehiya, paksa, at teorya upang masiguro ang pinakamainam na kapaligirang pampagkatuto (Huang, 2000). Dagdag pa ni Agno (2005), higit na nagiging matagumpay ang pagtuturo dahil pinupukaw nito, hindi lamang ang atensyon, kundi maging ang aktibong pakikisangkot ng klase.

Binibigyang-diin sa pamamaraang interaktibo ang pakikipagtalastasan gamit ang interaksyon, awtentikong

teksto, at personal na karanasan ng mga mag-aaral (Nunan, 1991). Sa sitwasyong ito, may magkahiwalay na tungkulin ang guro at mga mag-aaral. Ang guro ay dapat na magbigay ng makabuluhang gawain at pumukaw ng kasiglahan, habang ang mag-aaral naman ay parehong kinakailangan maging aktibo at magnilay-nilay. Dapat nating tandaan na kapag walang praktikal na paglalapat ang mga kasanayan, madalas na ang pag-unawa sa lalim ng paksa ang mga mag-aaral (Senthamarai, 2018). Kaya naman, upang makamit ang aktibong pagkatuto, iminungkahi ng ARMA International Center for Education (2018) ang paggamit ng mga tanong na naghihiikayat ng partisipasyon, bukas na talakayan, at mga kagamitang nakakakuha ng atensyon.

Paglinang sa mga Makrong Kasanayan at Kakayahang Pangkomunikasyon - Mahalagang maunang malinang ang pakikinig bilang unang hakbang sa pagkatuto ng wika dahil kakambal nito ang pagsasalita (Mangahis, 2011). Subalit, inilatad ni Brown (1983) na ang maikling listening span at kasalatan sa kagamitan ang pangunahing dahilan kung bakit isinasawalang-bahala ng mag-aaral ang pakikinig. Kaya naman, ipinapaalala na hindi sapat ang mahusay lamang sa pagbigkas kundi kailangan ng mahalagang nilalaman na dapat ipatuklas ng guro sa mag-aaral. Sa kasalukuyan, nananatiling mababa ang antas ng kakayahang pangkomunikasyon ng mga mag-aaral. Bagama't nakapagtala ng katamtamang kahusayan sa pasulat at pasalitang komunikasyon ang ilan batay sa kanilang linguistic at discourse competence (Salvador, et al., 2023), marami pa rin ang nahihirapan sa pagpapahayag ng kanilang mga ideya at saloobin. Ayon kina Chentez et al (2019), ang oral communication apprehension ang pangunahing suliranin dahil sa kawalan ng madalas na paggamit ng wika na nagdudulot ng kaba at takot. Ang mga interaktibong estratehiya ay instrumento sa pagbuo ng makabuluhang kaalaman. Ang tagumpay nito ay naksalalay sa gabay ng guro, awtentikong kagamitan, at aktibong pakikisangkot ng mga mag-aaral upang maiwasan ang mababaw na pag-unawa, mapatalas ang kaalaman, at mapabuti ang komunikasyon. Mahalagang matukoy ang totoong bisa nito upang matukoy kung paano tunay na napauunlad ang kritikal na pag-iisip at kakayahang pangkomunikasyon sa kasalukuyang panahon.

Layunin ng Pag-aaral - Ang pananaliksik na ito ay naglalayong masuri ang pagiging epektibo ng mga ginamit na interaktibong estratehiya sa pagkatuto gaya ng dula-dulaan, pangkatang gawain, *gamification*, at *think-pair-share* sa kakayahang kognitibo at mga kasanayan ng mga mag-aaral sa asignaturang Mabisang Komunikasyon sa Baitang 11 ng Gardner College-Cainta. Tiyak na sinasagot ng pag-aaral na ito ang mga sumusunod na katanungan:

- Ano ang antas ng kakayahang kognitibo ng mga mag-aaral sa Mabisang Komunikasyon bago at matapos ang paglalapat ng mga interaktibong estratehiya?
- Paano nakaapekto ang mga interaktibong estratehiya sa antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa mga sumusunod na tiyak na kasanayan:
 - Pagbibigay-kahulugan sa teksto (Pasalita, Pasulat, Multimodal);
 - Mabisang pakikilahok sa interaktibong komunikasyon;
 - Malinaw at maayos na pagpapahayag ng ideya; at
 - Pagninilay sa mga proseso ng komunikasyon?
- Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba ang marka ng mga mag-aaral sa Pre-test at Post-test matapos gamitin ang mga naturang interaktibong estratehiya?
- Alin sa mga tiyak na kasanayan o aytem ang nananatiling mahirap para sa mga mag-aaral na hindi lubos na napaunlad ng mga ginamit na estratehiya?

Saligang Teoretikal - Pangunahing saligan ng pananaliksik na ito ang Teoryang Konstruktibismo, na nagpapanukala na ang pagkatuto ay isang aktibong proseso kung saan ang mag-aaral ay nagbubuo ng kahulugan at kakaibang pagtingin sa realidad batay sa pag-uugnay ng bagong impormasyon sa kanyang paunang kaalaman (Carswell, 2001). Bagama't nilinaw nina Doolittle (1999) at Wilson (1997) na ang konstruktibismo ay isang

pilosopikal na batayan sa pagtatamo ng kaalaman sa halip na isang instruksiyonal na estratehiya lamang, binigyang-diin naman nina Dewey (1916), Vygotsky (1978), at Bruner (1996) na ang kaalamang ito ay higit na napagtitibay sa pamamagitan ng sosyal na interaksyon ng mga mag-aaral sa lipunan. Sinasalamang ito ang esensya ng kasalukuyang pag-aaral; ang pagbaklas mula sa pasibong rote-learning patungo sa mga interaktibong estratehiya gaya ng role-play, *gamification*, at pangkatang gawain ay nagbibigay ng angkop na sosyal na espasyo sa mga mag-aaral ng Gardner College-Cainta. Sa pamamagitan ng dulong na ito, hindi lamang teorya ang natatamo ng mga mag-aaral, kundi aktwal nilang nailalapat at naitatawid ang wika tungo sa isang praktikal at functional na kakayahang pangkomunikasyon na handa sa totoong buhay.

3. Metodolohiya

Ang kabanatang ito ay naglalaman ng akademikong pagtalakay sa disenyo ng pananaliksik, mga kalahok at pamamaraan ng pagpili sa kanila, instrumento, proseso sa pangangalap ng datos, at ang mga estadistikang gagamitin upang suriin at bigyang-kahulugan ang mga nakalap na impormasyon.

Disenyo ng Pag-aaral - Gumamit ang pananaliksik ng disenyong *pre-experimental*, partikular ang *one-group pretest-posttest design* na sinabayan ng *descriptive-evaluative* na pamamaraan. Layunin ng disenyong ito na matasa, mailarawan, at suriin ang kakayahang kognitibo at antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa apat na tiyak na kasanayan sa asignaturang Mabisang Komunikasyon. Sa pananaliksik na ito, sinuri at ikinumpare ang direktang kaibahan ng mga marka ng mga kalahok bago at pagkatapos ng termino nang walang hiwalay na *control group*. Ang disenyong ito ang naging batayan upang matukoy kung nagkaroon ba ng makabuluhang pagbabago at pag-unlad sa kaalaman ng buong klase matapos silang sumailalim sa mga interaktibong estratehiya at interbensyon sa pagtuturo.

Mga Kalahok ng Pag-aaral - Ang mga respondent sa pananaliksik na ito ay ang mga mag-aaral mula sa Baitang 11 na kabilang sa Academic Track sa Gardner College-Cainta na kasalukuyang pumapasok sa asignaturang Mabisang Komunikasyon ngayong Unang Terminong Taong Akademiko 2026-2027. Sa kabuuan, may 139 na mag-aaral ang naging respondent na pinili sa pamamagitan ng *purposive sampling technique*. Ang pagpiling ito ay ibinatay sa paunang itinakdang katangian ng mga kalahok na kasalukuyang nasa nasabing antas at track sa itinakdang lokal at termino na siyang direktang makasasagot sa mga suliranin at layunin ng pag-aaral.

Instrumento ng Pananaliksik - Isang guro-gawang pagsusulit (teacher-made test) na binubuo ng 40 aytem ang pangunahing instrumento sa pangangalap ng datos. Ang pagsusulit ay nahahati sa apat na pangunahing bahagi batay sa Three-term Budget of Work (BOW) para sa Unang Terminong Pagbibigay-kahulugan sa mga tekstong pasalita, pasulat, at multimodal na may 14 na aytem, Mabisang pakikilahok sa interaktibong komunikasyon gamit ang berbal at di-berbal na estratehiya na may 12 na aytem, Malinaw at maayos na pagpapahayag ng mga ideya para sa tiyak na layon, awdyens, at konteksto na may walang aytem. at Pagninilay sa mga proseso ng pagbibigay-kahulugan, pakikilahok, at pagpapahayag na may anim na aytem. Bago ipamahagi, ang instrumento ay nilapatan ng *Table of Specifications (TOS)* upang matiyak ang kalidad at pagkakahanay ng mga tanong ayon sa antas ng Taxonomiya ni Bloom.

Paraan ng Pangangalap ng Datos - Sa pamamaraan ng pangangalap, humingi muna ng opisyal na permiso ang mananaliksik sa pamunuan ng paaralan. Matapos maaprubahan, ipinamahagi ang pagsusulit bilang pre-test sa simula ng termino upang makuha ang baseline data o panimulang kaalaman ng mga mag-aaral. Kasunod nito ang regular na pagtuturo ng asignatura gamit ang mga interaktibong estratehiya. Sa pagtatapos ng termino, muling ibinigay ang kaparehong instrumento bilang post-test upang masukat ang naging pagbabago, pag-unlad, at mga natitira pang hamon sa kakayahang kognitibo ng mga mag-aaral.

Statistical Treatment - Ang mga nakalap na numerikal na datos ay maingat na itinala at ipinroseso gamit ang electronic spreadsheet para sa pormal na kalkulasyon. Nilapatan ang mga datos ng mga sumusunod na estadistika upang tiyak na masagot ang mga layunin ng pag-aaral:

Bisa ng interaktibong estratehiya sa pagpapataas ng kakayahang kognitibo ng mga mag-aaral sa komunikasyon

Una, gumamit ng *standard na 5-point scale* na nakabatay sa porsyento upang masukat ang antas ng pagganap mula sa pinakamataas na puntos na 40 hanggang sa pinakamababa o zero (0). Ang talahanayan sa ibaba ang nagsilbing pamantayan sa paglalarawan ng bawat antas.

Talahanayan 1

Antas nakuhang marka gamit ang 5-point scale na nakabatay sa porsyento

Saklaw ng Marka	Bahagdan	Kategorya at Paglalarawan
33-40 na puntos	82.5% – 100%	Napakahusay. Nagpapakita ng malawak at malalim na pag-unawa sa paksa.
17-24 na puntos	62.5% – 80%	Mahusay. May matatag at sapat na pag-unawa sa mga pangunahing konsepto at kasanayan.
25-32 na puntos	42.5% – 60%	Katamtaman. May pangunahing pag-unawa, ngunit kailangan pa ng pagpaunlarin sa ilang bahagi.
17-24 na puntos	22.5% – 40%	Nangangailangan ng pag-unlad. (Bahagya lamang ang pagkakaintindi; kailangan ng malawakang pagsasanay.)
0-8 na puntos	0% – 20%	Hindi Mahusay. Kulang o walang naipakitang pagkaunawa sa mga konseptong sinubok.

Ikalawa, gumamit ng *Mean at Standard Deviation (SD)* upang mailarawan ang pangkalahatang antas ng marka at ang pagkakalapit o agwat ng mga iskor ng mga respondent. Ginamit din ang *median, minimum, at maximum* na marka upang matukoy ang distribusyon at kalakhan ng iskor ng klase. Ikatlo, gumamit ng *Mean Percentage Score (MPS)* upang matukoy at maihambing ang antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa bawat partikular na kasanayan/paksa. Inilarawan ito gamit ang opisyal na interpretasyon ng MPS batay sa DepEd Memo No. 160, s. 2012.

Talahanayan 2

Opisyal na Interpretasyon ng MPS Batay sa DepEd Memo No. 160, s. 2012

Saklaw ng Marka	Kategorya	Paglalarawan
96% – 100%	Mastered	Ganap na nakamit ng mga mag-aaral ang lahat ng kasanayan at layunin sa aralin.
86% – 95%	Closely Approximating Mastery	Napakataas ng antas ng pagkatuto, may kaunting kasanayan na lang ang kailangang ayusin.
66% – 85%	Moving Towards Mastery	Patungo na sa tamang direksyon ang pagkatuto ngunit kailangan pa ng tuluy-tuloy na paggabay..
35% – 65%	Average	Katamtaman ang pagkaunawa ng klase.
15% – 34%	Absolutely No Mastery	Mababa ang antas ng pagkatuto. Maraming mag-aaral ang hindi nakasabay sa mga aralin..
5% – 14%	Low	Kritikal ang kalagayan ng pagkatuto. Halos walang naintindihan ang klase sa pangkalahatan.
0% – 4%	Very Low	Walang kahit anong kasanayan ang natutunan ng klase mula sa mga tinalakay na paksa.

Ikaapat, gumamit din ang *paired samples t-test* at nilapatan ang mga marka ng pagsusulit sa antas ng kabuluhan na 0.05 upang matukoy kung mayroon bang makabuluhang pagkakaiba o *significant difference* ang resulta ng pre-test at post-test, na siyang magpapatunay sa bisa ng ginawang interbensyon. Ikalima, gumamit din ng mananaliksik ang *Item Analysis at Upper and Lower 27% Method* upang makuha ang *Difficulty Index (P)* ng mga aytem upang matukoy ang mga tiyak na kasanayang nangangailangan pa ng pag-unlad at gabay.

Talahanayan 3*Interpretasyon ng Difficulty Index*

Saklaw ng Index	Antas
0.86 – 1.00	Very Easy (Napakadali)
0.76 – 0.85	Easy (Madali)
0.26 – 0.75	Average (Katamtaman)
0.10 – 0.25	Difficult (Mahirap)
0.00 – 0.09	Very Difficult (Napakahirap)

Batay sa Talahanayan 3, ang difficulty index ay binibigyang-kahulugan ayon sa sumusunod na saklaw: ang index na 0.86 hanggang 1.00 ay itinuturing na Very Easy (Napakadali); ang 0.76 hanggang 0.85 ay Easy (Madali); ang 0.26 hanggang 0.75 ay Average (Katamtaman); ang 0.10 hanggang 0.25 ay Difficult (Mahirap); at ang 0.00 hanggang 0.09 ay Very Difficult (Napakahirap). Gumamit din ng software na Jamovi ang mananaliksik sa bawat isinagawang tritment ng datos upang masiguro na katumpakan ang mga nakuhang datos at mga interpretasyon nito.

Mga Konsiderasyong Etikal- Isinagawa ang pag-aaral alinsunod sa mga pamantayang etikal sa pananaliksik at Data Privacy Act of 2012 (Republic Act No. 10173). Bago ang pangangalap ng datos, humingi ng pahintulot ang mananaliksik sa punong-guro ng paaralan at sa mga gurong may hawak ng mga kalahok. Binigyan din ng kaukulang impormasyon ang mga kalahok tungkol sa layunin ng pag-aaral, saklaw ng kanilang partisipasyon, at paggamit ng mga datos na kanilang ibabahagi. Ang paglahok sa pag-aaral ay boluntaryo at maaaring umatras ang mga kalahok anumang oras nang walang anumang kaparusahan. Upang mapanatili ang pagiging kompidensiyal ng kanilang pagkakakilanlan, gumamit ang mananaliksik ng mga code o pseudonym sa halip na tunay na pangalan sa pag-uulat ng mga resulta.

Kredibilidad at Pagiging Maasahan ng Datos- Upang matiyak ang katatagan at kalidad ng instrumento, nagsagawa ng pilot testing sa 30 mag-aaral sa parehong lokal. Ang resulta ng *item analysis* ay naging batayan sa pagtukoy ng *index* ng kahirapan at diskriminasyon ng mga tanong. Batay rito, nirebisa ang ilang bahagi ng pagsusulit at muling pinasagutan sa mga mag-aaral. Ang pinal na pagsusulit ay nagtamo ng Cronbach's Alpha na $\alpha=0.9041$. Ang mataas na halagang ito ay nagpapatunay na ang instrumento ay may napakahusay na *internal consistency* o katapatan at pagiging maasahan o *reliability* para sa pangangalap ng datos sa pag-aaral na ito. Pagkatapos, saka pa lamang ipinamahagi ang pagsusulit para sa opisyal na pangangalap ng datos.

4. Resulta ng Pag-aaral

Ang kabanatang ito ay nagtatanghal ng mga nakalap na datos, pagsusuring istatistikal, at kwalitatibong interpretasyon upang masagot ang mga tiyak na suliranin ng pag-aaral. Nakatuon ang talakayan sa pagtatasa ng kakayahang kognitibo ng mga mag-aaral sa asignaturang Mabisang Komunikasyon bago at matapos ang aplikasyon ng mga interaktibong estratehiya sa pagkatuto.

4.1 Antas ng Kakayahang Kognitibo ng mga Mag-aaral sa Mabisang Komunikasyon

Upang matukoy ang paunang kaalaman (baseline data) at ang pinal na antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral, pinagkumpara ng mga mananaliksik ang distribusyon ng mga marka ng 139 na respondent mula sa Baitang 11 na kabilang sa Academic Track ng Gardner College-Cainta. Ang mga iskor mula sa 40 na aytem na pagsusulit ay hinati sa limang kwalitatibong antas ng kahusayan upang makita ang malinaw na paggalaw ng mga marka ng klase.

Ipinapakita sa Talahanayan 4 na bago pa man magsimula ang termino, ang mga mag-aaral ay nagtataglay na ng magandang panimulang kaalaman sa Mabisang Komunikasyon, kung saan 63 na mag-aaral (45.32%) ang nasa antas na Napakahusay at 45 (32.37%) naman ang nasa antas na Mahusay. Gayunpaman, mayroon pa ring naitalang

maliit na bahagi ng klase ang nahirapan sa panimulang pagtataya, partikular ang 8 mag-aaral (5.76%) sa antas ng Nangangailangan ng Pag-unlad at 2 mag-aaral (1.44%) sa antas na Hindi Pa Mahusay. Ang ganitong resulta ng *pre-test* ay krusyal sapagkat nagbibigay ito ng mahalagang impormasyon sa mga guro upang matukoy ang mga kalakasan ng mayorya at ang mga kahinaan ng iilang mag-aaral na nangangailangan pa ng karagdagang paggabay at maagang interbensyon.

Talahanayan 4

Distribusyon at Bahagdan ng mga Marka sa Pauna at Pangwakas na Pagtataya

Saklaw ng Iskor	Pre-test		Post-test		Kaukulang Paglalarawan
	(f)	%	(f)	%	
32-40	63	45.32%	92	66.19%	Napakahusay
25-32	45	32.37%	36	25.90%	Mahusay
17-24	21	15.11%	8	5.76%	Katamtaman
9-16	8	5.76%	3	2.16%	Nangangailangan ng Pag-unlad
0-8	2	1.44%	0	-	Hindi Pa Mahusay
Kabuuan	139	100%	139	100%	

Matapos ang unang termino kung saan nilapatan ang klase ng mga interaktibong estratehiya tulad ng dula-dulaan, pangkatang gawain, *gamification* at *think-pair-share*, ang *post-test* ay nagpakita ng makabuluhang pag-unlad. Umakyat sa 92 na mag-aaral (66.19%) ang nakakuha ng kaukulang paglalarawan na Napakahusay, na maituturing na isang malaking pag-angat na mahigit 20% mula sa resulta ng paunang pagsusulit. Bunsod nito, bumaba ang bilang ng mga mag-aaral sa mga categoryang Mahusay (25.90%) at Katamtaman (5.76%), at tuluyan nang nawala ang mga mag-aaral sa antas na Hindi Pa Mahusay. Ang pangkalahatang paglipat na ito ng bilang ng mga mag-aaral patungo sa pinakamataas na antas ay nagpapatunay na naging epektibo ang mga makabagong plano sa pagkatuto. Ang paghahambing ng pauna at pangwakas na pagtatasa ay ang pinakamabisang sukatan upang maipabatid ang tunay na pag-unlad ng mga mag-aaral at mapatunayan ang kalidad ng mga estratehiyang pedagogikal na ginamit ng guro sa loob ng silid-aralan.

Samantala, upang makuha ang pangkalahatang larawan ng pagbabago sa pagganap ng klase, sinuri ng mga mananaliksik ang pangkalahatang *Mean, Standard Deviation, Median, Minimum, at Maximum* na marka ng 139 na respondent. Ang mga deskriptibong estadistikang ito ang nagbibigay-daan upang matukoy kung ang interbensyon ba ay nagbunga ng pantay at balanseng pagkatuto sa buong populasyon.

Talahanayan 5

Pangkalahatang Paghahambing ng Resulta ng Pre-test at Post-test

Variable	N	Mean	SD	Median	Min	Max
Pre-Test	139	30.00	7.8	31	8	40
Post-Test	139	32.82	5.79	35	19	40

Batay sa Talahanayan 5, kapwa 139 na mag-aaral ang kumuha ng pre-test at post-test. Sa pre-test, nakapagtala ang mga mag-aaral ng mean na 30.00, standard deviation na 7.80, at median na 31. Ang pinakamababang marka ay 8, samantalang ang pinakamataas na marka ay 40. Sa post-test naman, tumaas ang mean sa 32.82 at ang median sa 35, habang bumaba ang standard deviation sa 5.79. Ang pinakamababang marka sa post-test ay 19 at ang pinakamataas ay 40. Ipinakikita ng mga resulta na mas mataas ang pangkalahatang marka ng mga mag-aaral sa post-test kumpara sa pre-test. Ang mas mababang standard deviation sa post-test ay nagpapahiwatig din na naging mas magkakalapit o mas pare-pareho ang kanilang mga marka.

4.2 Pagsusuri sa Antas ng Pagkatuto Batay sa mga Kasanayang Pangkomunikasyon

Upang mas mapalalim ang pagsusuri, hinati ng mga mananaliksik ang resulta ng pagsusulit batay sa apat na pangunahing kasanayan na itinakda sa Budget of Work (BOW) ng Mabisang Komunikasyon sa Unang Termino. Ang hakbang na ito ay naglalayong matukoy kung aling mga partikular na dimensyon ng komunikasyon ang madaling nalinang ng mga interaktibong estratehiya at kung alin ang nananatiling hamon sa mga mag-aaral gamit ang Average Score at Mean Percentage Score (MPS).

Talahanayan 6.

Paghahambing ng Antas ng Pagkatuto ng mga Mag-aaral sa bawat Kasanayan batay sa Pauna at Pangwakas na Pagtataya

Kasanayan/Paksa	No. of Items	Pre-Test		Post-Test		Mastery Level
		Ave Score	MPS %	Ave Score	MPS %	
A. Pagbibigay-kahulugan sa teksto (Pasalita, Pasulat, Multimodal)	14	10.41	74.36%	11.00	78.57%	Moving Towards Mastery
B. Mabisang pakikilahok sa interaktibong komunikasyon	12	9.13	76.08%	10.15	84.59%	Moving Towards Mastery
C. Malinaw at maayos na pagpapahayag ng ideya	8	6.02	75.27%	6.20	77.52%	Moving Towards Mastery
D. Pagninilay sa mga proseso ng komunikasyon	6	4.44	73.98%	5.47	91.13%	Closely Approximating Mastery

Batay sa Talahanayan 6, ang lahat ng apat na kasanayang pangkomunikasyon ay nakapagtala ng positibong pag-unlad, na isang matibay na indikasyon na angkop ang mga ginamit na pamamaraang pedagogikal. Kapansin-pansin na ang Kasanayan D (Pagninilay sa mga proseso ng komunikasyon) ang nagtala ng pinakamataas at pinakamakabuluhang pag-angat na may diperensiyang +17.15%. Mula sa pagiging pinakamababa noong pre-test na may 73.98% MPS lamang, bigla itong pumalo sa 91.13% MPS sa post-test. Ang pambihirang pag-unlad na ito ay nagpapatunay na ang pagbaklas mula sa tradisyonal na pasibong paggugunita patungo sa mga interaktibong gawain ay nagbigay sa mga mag-aaral ng espasyo upang magmuni-muni at mag-analisa. Sinundan ito ng Kasanayan B (Mabisang pakikilahok sa interaktibong komunikasyon) na may 84.59% MPS na panapos na pagtataya. Ang resultang ito ay direktang nagpapatunay sa Teoryang Konstruktibismo nina Dewey (1916), Vygotsky (1978), at Bruner (1996), na nagpapanukalang ang malalim na kakayahang metakognitibo at pagbuo ng sariling realidad ay umuusbong kapag ang mga mag-aaral ay binibigyan ng pagkakataong maging aktibong kalahok sa kanilang pagkatuto sa halip na taga-tanggap lamang ng impormasyon.

Sa kabilang banda, ang Kasanayan C (Malinaw at maayos na pagpapahayag ng ideya) ang nakakuha ng pinakamaliit na pag-angat na +2.25% at nagtapos lamang sa 77.52% MPS. Sinundan ito ng Kasanayan A (Pagbibigay-kahulugan sa teksto) na may 78.57% MPS. Ipinapakita ng resultang ito na ang mga teknikal na kasanayan tulad ng aktwal na pagbuo at estruktura ng sariling ideya sa anyong pasulat o multimodal, pati na rin ang malalim na kritikal na pagsusuri sa teksto ay nananatiling mas mahirap para sa malaking bahagi ng klase. Ayon sa pananaw nina Carswell (2001) at Doolittle (1999), ang pagbuo ng kaalaman ay isang indibidwal na proseso kung saan nilalapatan ng mag-aaral ng bagong impormasyon ang kanilang paunang kaalaman. Dahil ang Kasanayan A at C ay nangangailangan ng mas mataas na antas ng indibidwal na manipulasyon ng wika at teknikal na aplikasyon, ipinahihiwatig nito na ang mga interaktibong estratehiya sa pangkatang konteksto ay dapat pang-sabayan ng mas tiyak na instruksiyonal na gabay o *scaffolding* upang mas mapabilis ang pag-unlad ng mga teknikal na kasanayang ito.

4.3 Makabuluhang Pagkakaiba ng Pauna at Pangwakas na Pagtataya

Upang mapatunayan kung ang nakitang pag-unlad sa mga marka ay lehitimo at hindi bunga lamang ng

Bisa ng interaktibong estratehiya sa pagpapataas ng kakayahang kognitibo ng mga mag-aaral sa komunikasyon pagkakataon, ang mga numerikal na datos ay isinailalim sa inferensiyal na pagsusuri. Ginamit ang *paired Two-Sample t-Test* sa ilalim ng itinakdang alpha level na $\alpha = 0.05$ upang pormal na tanggihan o tanggapin ang null hypothesis (Ho).

Talahanayan 7

Resulta ng Paired Samples t-test sa Pagitan ng mga Marka sa Pre-test at Post-test

Variable	Mean	SD	t-value	df	p-value	Interpretasyon
Pre-Test	30.00	7.78	-6.52	138	< 0.001	Significant
Post-Test	32.82	5.79				

Batay sa Talahanayan 7, ang mean na marka ng mga mag-aaral sa pre-test ay 30.00 na may standard deviation na 7.78, samantalang ang mean na marka sa post-test ay 32.82 na may standard deviation na 5.79. Ipinakita ng paired samples t-test na may makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng mga marka sa pre-test at post-test, $t(138) = -6.52, p < .001$. Dahil mas mataas ang mean ng post-test kaysa sa pre-test, ipinahihiwatig ng resulta na nagkaroon ng makabuluhang pagtaas sa pagganap ng mga mag-aaral pagkatapos ng isinagawang interbensiyon o pagtuturo.

4.4 Pagsusuri sa mga Tiyak na Puwang sa Pagkatuto at Kasanayang Dapat pang Paunlarin

Bagama't nagpakita ng pangkalahatang istatistikal na tagumpay ang pananaliksik, isinailalim ng mga mananaliksik ang post-test sa isang masusing *item analysis* gamit ang Upper and Lower 27% Method. Ang hakbang na ito ay naglalayong matukoy ang mga natitirang puwang sa pagkatuto (*learning gaps*) ng mga mag-aaral na kailangan pang paunlarin. Tahasang pinili ng mananaliksik ang mga nakakuha ng *Difficulty Index (P)* na 0.26 pataas.

Talahanayan 8.

Mga Tiyak na Kasanayang Dapat pang Paunlarin

Tiyak na Kasanayan	Item No.	(f)	%	(P)	Interpretasyon
Nakagagamit ng magagalang na pananalita at mga estratehiya sa pagpapadaloy ng usapan.	17	92	66.19%	0.34	Mahirap
Natutukoy kung paano ginagamit nang may layunin ang wika at tono sa pagtalakay ng iba't ibang personal at interpersonal na paksa.	2	79	56.83%	0.43	Katamtaman
Nakagagamit ng angkop at mabisang wika at estruktura sa iba't ibang layunin	30	67	48.20%	0.52	Katamtaman
	31	57	41.01%	0.59	Katamtaman

Inilalahad sa Talahanayan 5 ang mga tiyak na bahagi ng asignatura na nangangailangan ng higit na pansin at interbensiyon. Lumalabas na ang Aytem 17 o paggamit ng magalang na pananalita sa pagpapadaloy ng usapan ang nagtala ng pinakamababang antas ng pagkatuto kung saan 92 na mag-aaral o 66.19% ang nagkamali, na nagbigay ng *Difficulty Index* na 0.34 o mahirap. Ipinahihiwatig nito na nakararanas ng matinding hamon ang mga mag-aaral sa pragmatikong aplikasyon ng wika o ang aktwal na paggamit ng wika batay sa kontekstong panlipunan upang mapanatili ang kaayusan at paggalang sa isang interaktibong diskurso. Sunod dito, ang Aytem 2 o ang pagkilala sa tono at intensyon ng tagapagsalita ay nagtala ng 79 na pagkakamali (56.83%, $P=0.43$), na nagpapakita na higit sa kalahati ng mga kalahok ang nangangailangan pa ng gabay sa analitikal at kritikal na pagsusuri ng paksa. Ang kasanayan naman sa pagbuo ng mabisang estruktura ng wika ng Aytem 30 at 31 ay nagtala rin ng halos 41% hanggang 48% na pagkakamali ng klase.

Ang mga natuklasang ito sa puwang sa pagkatuto ay nagpapatunay sa pananaw ni Wilson (1997) na ang konstruktibismo ay isang patuloy na pilosopikal na paglalakbay at hindi isang mabilisang lunas. Bagama't ang mga

interaktibong estratehiya tulad ng dula-dulaan, pangkatang gawain, *gamification*, at *think-pair-share* ay naging epektibo sa pagpapasigla ng klase at pagpapataas ng pangkalahatang marka gaya ng nakita sa Talahanayan 1 at 2, ang mga natitirang kahinaang ito sa pragmatika, analitikal na pagsusuri, at teknikal na estruktura ng wika ay nagbibigay ng kongkretong direksyon sa mga guro. Binibigyang-diin nito na sa pagbuo ng mga susunod na mungkahing estratehiya sa pagtuturo sa makabagong panahon tulad ng mga interaktibong gawain ay hindi dapat maging panlabas o mababaw lamang. Bagkus, kinakailangan itong sadyang idisenyo upang matumbok ang malalim na kontekstwalisasyon, pragmatika, at analitikal na pagsusuri upang ang wika ay ganap na magamit ng mga mag-aaral sa totoong buhay.

5. Kongklusyon

Kongklusyon - Batay sa masusing pagsusuri at interpretasyon ng mga datos na nakalap sa pag-aaral na ito, patunay ang istatistikal na pag-angat ng pangkalahatang Mean mula 30.00 patungong 32.82 at ang pagtanggig sa null hypothesis ($p < 0.001$) na ang paggamit ng mga interaktibong mga estratehiya tulad ng dula-dulaan, pangkatang gawain, *gamification*, at *think-pair-share* ay lehitimo at epektibong nakapagpapataas sa kognitibong kapasidad ng mga mag-aaral sa asignaturang Mabisang Komunikasyon. Bukod dito, ang makabuluhang pagbaba ng *Standard Deviation* mula 7.78 patungong 5.7) ay nagpapatunay na ang panlipunang konstruktibismo, partikular ang interaksyon sa pagitan ng mga mag-aaral ay nagbunga ng mas pantay na pagkatuto. Nabawasan ang agwat sa pagitan ng mga mag-aaral na may mataas at mababang marka dahil ang mga pangkatang gawain ay nagsilbing instrumento ng *peer scaffolding*. Ang mga interaktibong estratehiya ay may pinakamataas na epekto sa Kasanayan D (Malinaw at maayos na pagpapahayag ng ideya) na nagtala ng +17.15% na pag-angat, at Kasanayan B (Mabisang pakikilahok sa interaktibong komunikasyon). Ipinapakita nito na mabilis na umangkop ang mga mag-aaral kapag binigyan sila ng espasyo upang magmuni-muni at makipag-ugnayan gamit ang berbal at di-berbal na paraan. Subalit, bagamat may pangkalahatang pag-unlad, nananatiling hamon sa mga mag-aaral ang mga kasanayang nangangailangan ng indibidwal na manipulasyon at malalim na pagsusuri ng wika. Pinatutunayan ito ng mababang pag-angat sa Kasanayan C (Malinaw at maayos na pagpapahayag ng ideya) at ng mataas na bahagdan ng pagkakamali sa Aytem 17 na may kinalaman sa pragmatikong aplikasyon at magagalang na pananalita) at Aytem 2 na tungkol sa pagkilala sa tono at intensyon. Ang mga interaktibong gawain ay nangangailangan pa ng mas tiyak na instruksiyonal na gabay o *scaffolding* upang matugunan ang mga teknikal na puwang na ito.

Rekomedasyon - Ipinapanukala ang mga sumusunod na mungkahi batay sa mga natuklasan at naging kongklusyon ng pag-aaral, na nakatutok sa mga tiyak na tao, grupo, at institusyon:

- *Para sa mga guro sa Asignaturang Filipino at Komunikasyon*- iminumungkahi na ipagpatuloy ang paggamit ng mga pamamaraang interaktibo gaya ng *role-play* at *gamification*, subalit lapatan ito ng mas matibay na *instruksiyonal na scaffolding* o gabay sa pamamagitan ng mga *step-by-step guide* at indibidwal na konsultasyon sa pagbuo ng mga tekstong pasulat at multimodal. Nararapat ding magdisenyo ng mga tiyak na simulated na gawain na nakatutok sa pragmatika, kultura ng paggalang sa pagpapadaloy ng usapan, at analitikal na pagsusuri upang direktang matugunan ang mga natukoy na kahinaan ng mga mag-aaral sa pagkilala ng tono at intensyon sa komunikasyon.
- *Para sa Pamunuan at Administrasyon ng mga Paaralan* - Inirerekomenda ang paglulunsad ng mga propesyonal na seminar at *workshops* para sa mga guro na nakatuon sa makabagong pedagohiya at pagbuo ng mga interaktibong kagamitang pampagtuturo na umaayon sa SDG 4 (Quality Education). Bukod dito, iminumungkahi ang paglalaan ng pondo at suporta para sa mga makabagong multimodal na kagamitan at mga *learning hub* na makatutulong sa mga guro upang mas maging biswal, praktikal, at epektibo ang paglalapat ng kurikulum ng Mabisang Komunikasyon.
- *Para sa mga mag-aaral* - Hinihikayat ang mga mag-aaral na panatilihin ang aktibong pakikilahok sa mga pangkatang gawain upang mapanatili ang kultura ng *peer scaffolding*, kung saan ang mga mag-aaral na may mataas na kakayahan ay nagiging katuwang sa paggabay sa mga kaklaseng nahihirapan.

Dapat din nilang gamitin ang kanilang nalinang na mataas na kakayahang metakognitibo upang magmuni-muni sa sariling mga kahinaan sa pagsulat at pagsusuri, at maging kusa sa paghingi ng tulong sa guro upang mas maihanda ang sarili sa kolehiyo at sa industriya.

- *Para sa mga Tagadisenyo ng Kurikulum* - Iminumungkahi ang masusing pagrebyu sa *Budget of Work* (BOW) ng asignaturang Mabisang Komunikasyon upang bigyan ng mas malaking espasyo at sapat na oras ang mga kasanayang may kaugnayan sa pragmatika, teknikal na pagsulat, at aktwal na produksyon ng wika. Ang hakbang na ito ay mahalaga upang matiyak na balanseng natutugunan ang teoretikal na kaalaman at ang praktikal na aplikasyon ng wika na siyang tunay na kailangan ng mga mag-aaral sa totoong buhay.
- *Para sa mga Susunod na Mananaliksik* - Inirerekomenda ang paggamit ng *true experimental design* na may hiwalay na *control group* sa mga susunod na pag-aaral upang mas mapatunayan nang may mas mataas na katumpakan ang direktang sanhi at bunga ng mga interaktibong estratehiya kumpara sa tradisyonal na pamamaraan. Mungkahi rin ang pagsasagawa ng isang *longitudinal study* upang masuri kung ang mataas na antas ng pagkatuto at markang nakuha ng mga mag-aaral sa dulo ng termino ay nananatili at nagagamit pa rin nila sa kanilang pagpasok sa kolehiyo at sa pagpasok sa trabaho.

Pagpapahayag sa Paggamit ng AI- Ang mga may-akda ay gumamit ng Gemini AI (Gemini 3.1 Pro, 2026) bilang katuwang sa pagwawasto ng gramatika at paglinang ng ibang ideya. Ang lahat ng output na nabuo sa pamamagitan ng paggamit ng AI ay masusing sinuri, binirepika, at sumunod sa pamantayang pang-akademiko. Isinagawa rin ang fact-checking ng mga sanggunian at beripikasyon ng mga impormasyong ginamit sa pag-aaral. Walang kumpidensyal, sensitibo, o personal na datos ng mga kalahok ang ipinasok sa anumang AI tool. Ang may-akda ay may ganap na pananagutan sa nilalaman, interpretasyon, pagsusuri, at mga konklusyong nakapaloob sa pananaliksik na ito.

Author Contributions - **Alvin De Mesa:** Methodology (supporting) Validation; Writing-Review and Editing (Lead); Formal Analysis (supporting); and Supervision. **Jersey Cacialda:** Conceptualization (lead), Methodology (Lead), Data Curation, Visualization, Formal Analysis (Lead), Writing- Original Draft. Writing-Review and Editing (Support). All authors have read and approved the final version of the manuscript.

6. Sanggunian

- Agno, A. (2005). *Mga estratehiya sa pagtuturo ng Araling Panlipunan*. Rex Bookstore.
- ARMA International Center for Education. (2018). *Interactive learning methodologies and assessment tools for higher education*. ARMA Resource Press.
- Brown, G., & Yule, G. (1983). *Teaching the spoken language*. Cambridge University Press.
- Bruner, J. (1996). *The culture of education*. Harvard University Press.
- Carey, R. (2005). *Interactive pedagogy in a changing global landscape*. Educational Leadership Publications.
- Chentez, K. R., Felicilda, J. V., Jr., Felisilda, A. R., & Tabañag, R. E. (2019). Common problems in oral communication skills among high school students. *SMCC Higher Education Research Journal*, 1(1).
- Daniel, J. S., & Marquis, C. (1979). Interaction and independence: Getting the mixture right. *Teaching at a Distance*, 14, 29-44.
- Dewey, J. (1916). *Democracy and education: An introduction to the philosophy of education*. Macmillan.
- Doolittle, P. E. (1999). *Constructivism and online education: A constructivist framework for effective online education*. Virginia Polytechnic Institute and State University.
- Ellis, R. (1994). *The study of second language acquisition*. Oxford University Press.
- Huang, J. (2000). Creating an optimal interactive learning environment in virtual classrooms. *Journal of Educational Computing Research*, 23(4), 321-336.
- Krashen, S. D. (1976). Formal and informal linguistic environments in language acquisition and language learning. *TESOL Quarterly*, 10(2), 157-168. <https://doi.org/10.2307/3585637>
- The jamovi project. (2025). *jamovi* (Version 2.7) [Computer Software]. Retrieved from <https://www.jamovi.org>
- Mangahis, J. C. (2011). *Komunikasyon sa akademikong Filipino*. C & E Publishing, Inc.
- Nunan, D. (1991). *Language teaching methodology: A textbook for teachers*. Prentice Hall.

- R Core Team. (2025). *R: A language and environment for statistical computing* (Version 4.5) [Computer software]. Retrieved from <https://cran.r-project.org>
- Salvador, R., Lobaton, V., & Oliveres, S. (2023). Communicative competence of senior high school students: Basis for remedial program in English. *Psychology and Education: A Multidisciplinary Journal*, 6(8), 746-750. <https://doi.org/10.5281/zenodo.7503939>
- Senthamarai, S. (2018). Interactive teaching strategies. *Journal of Applied and Advanced Research*, 3(Suppl. 1), S36–S38. <https://doi.org/10.21839/jaar.2018.v3S1>
- Vygotsky, L. S. (1978). *Mind in society: The development of higher psychological processes*. Harvard University Press.
- Wilson, B. G. (1997). Reflections on constructivism and instructional design. In C. R. Dills & A. Romiszowski (Eds.), *Instructional development paradigms* (pp. 63-80). Educational Technology Publications.

Hamon ng mga guro sa pagpapatupad ng Strengthened Senior High School Curriculum

De Mesa, Alvin R. ✉

Leyte Normal University, Philippines (ar_demesa@ymail.com)

Urgil, Nelson C.

Holy Infant College of Tacloban City, Philippines (nelsonurgilc@gmail.com)



ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

Received: 15 July 2026
Available Online: 27 July 2026

Revised: 25 July 2026
DOI: 10.5861/ijrse.2026.26354

Accepted: 26 July 2026

Abstract

This study aimed to examine teachers' perspectives, identify the challenges they encounter, and describe the strategies they employ in implementing the Strengthened Senior High School Curriculum. The study utilized a qualitative research approach employing an Exploratory Case Study design. The participants consisted of selected Senior High School teachers from Holy Infant College of Tacloban City who were chosen through purposive sampling. Data were collected using semi-structured interviews and analyzed through inductive thematic analysis following Braun and Clarke's framework. The findings revealed that teachers hold positive perceptions of the objectives of the new curriculum. However, they experience challenges related to curriculum implementation, the inadequacy of teaching and learning resources, and the complex processes of assessment and evaluation. Despite these challenges, the teachers demonstrated professionalism and resilience by engaging in continuous learning, collaborating with colleagues, utilizing technology, and developing their own instructional materials. The study further revealed that sustained institutional support, including professional training, mentoring, Learning Action Cells (LAC), and Professional Learning Communities (PLC), is essential for the successful implementation of the Strengthened Senior High School Curriculum. Overall, the findings indicate that the successful implementation of the new curriculum depends on teachers' preparedness, the availability of adequate learning resources, and continuous support from both the school and the Department of Education.

Keywords: Strengthened Senior High School Curriculum, teachers, implementation challenges, institutional support, professional adaptation

Hamon ng mga guro sa pagpapatupad ng Strengthened Senior High School Curriculum

1. Abstrak

Layunin ng pag-aaral na ito na masuri ang pananaw ng mga guro, matukoy ang mga hamong kanilang nararanasan, at mailarawan ang mga paraang kanilang ginagamit sa pagpapatupad ng Strengthened Senior High School Curriculum. Ginamit sa pananaliksik ang kwalitatibong pamamaraan sa pamamagitan ng Exploratory Case Study. Ang mga kalahok ay mga piling guro sa Senior High School ng Holy Infant College of Tacloban City na pinili sa pamamagitan ng purposive sampling. Ang datos ay nalikom sa pamamagitan ng semi-structured interview at sinuri gamit ang inductive thematic analysis nina Braun at Clarke. Lumabas sa pag-aaral na positibo ang pananaw ng mga guro sa layunin ng bagong kurikulum, ngunit nakararanas sila ng mga hamon kaugnay ng implementasyon ng kurikulum, kakulangan ng kagamitang panturo at pampagkatuto, at masalimuot na proseso ng pagtataya at ebalwasyon. Sa kabila nito, ipinakita ng mga guro ang kanilang propesyonismo sa pamamagitan ng patuloy na pag-aaral, pakikipagtulungan sa kapwa guro, paggamit ng teknolohiya, at paggawa ng sariling kagamitang panturo. Lumitaw din na mahalaga ang tuloy-tuloy na institusyonal na suporta, kabilang ang mga pagsasanay, mentoring, Learning Action Cell (LAC), at Professional Learning Community (PLC), upang maging matagumpay ang pagpapatupad ng Strengthened Senior High School Curriculum. Ipinakikita ng pag-aaral na ang tagumpay ng implementasyon ng bagong kurikulum ay nakasalalay sa kahandaan ng mga guro, sapat na learning resources, at patuloy na suporta ng paaralan at ng Kagawaran ng Edukasyon.

Susing Salita: Strengthened Senior High School Curriculum; Mga guro; Hamon sa Implementasyon; Institusyonal na suporta, propesyonal na pag-aangkop.

2. Introduksiyon

Ang edukasyon ay patuloy na sumasailalim sa mga reporma upang matugunan ang nagbabagong pangangailangan ng mga mag-aaral, industriya, at lipunan. Sa Pilipinas, ipinatutupad ng Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) ang Strengthened Senior High School (SHS) bilang tugon sa mga natukoy na suliranin sa dating kurikulum, kabilang ang labis na dami ng asignatura, hindi sapat na paghahanda ng mga mag-aaral para sa trabaho at kolehiyo, at ang pangangailangang higit na maiangkop ang kurikulum sa kasalukuyang pangangailangan ng bansa at ng pandaigdigang pamayanan (Department of Education [DepEd], 2025).

Kasabay ng pagpapatupad ng Strengthened Senior High School ay ang mahalagang papel na ginagampanan ng mga guro bilang pangunahing tagapagpatupad ng kurikulum. Gayunpaman, ang mga pagbabago sa nilalaman ng kurikulum, estratehiya sa pagtuturo, pagtataya ng pagkatuto, at paghahanda ng mga kagamitang pampagtuturo ay maaaring magdulot ng iba't ibang hamon sa kanila. Ayon sa pag-aaral nina Aya-ay et al. (2026), kabilang sa mga pangunahing suliraning nararanasan ng mga guro sa pilot implementation ng Strengthened SHS ang kakulangan sa pagsasanay, limitadong kagamitang panturo, kakulangan sa oras ng paghahanda, at hindi sapat na suporta ng institusyon. Ipinakita rin ng kanilang pag-aaral na ang kahandaan ng guro at ng paaralan ay may malaking impluwensiya sa matagumpay na implementasyon ng bagong kurikulum. Ayon kay Estrallado, (2023) ang ilang pagbabago sa kurikulum ay mabilis at biglaan, maaaring saklaw ng pambansang antas o maaaring tawaging makro. Ang mga guro, na tumutugon sa pananaliksik sa pagtuturo at nagbabagong mga pangangailangan ng mag-aaral, ay maaaring magdulot ng mga pagbabagong sa paraan ng pagtuturo at mga materyales.

Lumabas din sa pag-aaral nina Banua, et al. (2022), mahalagang matukoy ang kahandaan ng mga guro sapagkat ito ang batayan sa mentoring program na kasalukuyang ipapatupad ng Kagawaran ng Edukasyon. Ang kahandaan ng guro ay hindi lamang tumutukoy sa kakayahan niyang magturo kundi pati sa kanyang pedagogical competence, content knowledge, digital literacy, instructional planning, classroom management, professional disposition, at kakayahang umangkop sa pagbabago. Dagdag pa rito, mahalaga ring suriin ang iba pang salik tulad

ng workload, pasilidad, suporta ng administrasyon, at mga pagsasanay na nakukuha nila—mga aspetong malinaw na nakaaapekto sa kanilang kahandaan.

Sa konteksto ng Pilipinas, kinikilala rin ng mga kamakailang pag-aaral na bagama't may malaking potensiyal ang Strengthened SHS na mapabuti ang kalidad ng edukasyon at maging mas angkop sa pangangailangan ng mga mag-aaral, nananatili ang mga hamon sa kahandaan ng mga guro, pagkakaroon ng sapat na kagamitan, teknolohikal na imprastruktura, at pantay na implementasyon sa iba't ibang rehiyon ng bansa (Hermogenes & Escarlos, 2026). Dahil dito, mahalagang masuri ang aktuwal na karanasan ng mga guro upang makabuo ng mga programang higit na makatutugon sa kanilang mga pangangailangan at sa matagumpay na pagpapatupad ng bagong kurikulum.

Bagama't may mga umiiral nang pag-aaral tungkol sa implementasyon ng K–12 Curriculum at sa mga karanasan ng mga guro sa iba't ibang reporma sa edukasyon, karamihan sa mga ito ay nakatuon sa paunang implementasyon ng Senior High School, kahandaan ng mga guro, at mga hamon sa pagpapatupad ng dating kurikulum (Darling-Hammond et al., 2017; OECD, 2020). Sa kasalukuyan, nananatiling limitado ang mga pag-aaral na partikular na sumusuri sa mga karanasan ng mga guro ng pagpapatupad ng Strengthened Senior High School, lalo na sa konteksto ng Pilipinas kung saan ang repormang ito ay nasa yugto pa lamang ng implementasyon. Higit pa rito, ang maraming umiiral na pag-aaral ay gumagamit ng kuwantitatibong pamamaraan na nakatuon sa pagsukat ng antas ng kahandaan, persepsyon, o kasiyahan ng mga guro, kaya't hindi nito lubos na nailalarawan ang lalim ng kanilang mga aktuwal na karanasan, mga hamong kinakaharap, at mga estratehiyang kanilang ginagamit sa pag-angkop sa bagong kurikulum.

Paglalahad ng Suliranin - Layunin ng pag-aaral na ito na matukoy ang antas ng mga hamong nararanasan ng mga guro at mag-aaral sa pagpapatupad ng Strengthened Senior High School. Kaugnay rito, hinahangad nitong sagutin ang sumusunod na katanungan:

- Ano ang pananaw ng mga guro sa pagpapatupad ng Strengthened Senior High School Curriculum?
- Ano ang hamon sa mga guro sa pagpapatupad ng Strengthened Senior High School Curriculum batay sa mga sumusunod na aspekto: Implementasyon ng kurikulum; Kagamitang panturo at pampagkatuto; at Pagtataya at ebalwasyon
- Paano kinahaharap ng mga guro ang mga hamon kanilang nararanasan sa pagpapatupad ng Strengthened Senior High School Curriculum?

3. Metodolohiya

Ipinaliwanag sa bahaging ito ang detalye kung paano isasagawa ang pag-aaral tulad ng paglalarawan sa disenyo at paraang ginamit sa pananaliksik, mga kalahok, lugar na pinagdausan ng pananaliksik, instrumentong ginamit at kung paano ito ginamitan ng estadistikal na paglalapat.

Disenyo ng Pananaliksik - Ginamit sa pag-aaral na ito ang kwalitatibong pamamaraan gamit ang Exploratory Case Study bilang disenyo ng pananaliksik. Ang exploratory case study ay angkop sa pag-aaral sapagkat layunin nitong siyasatin ang isang bagong paksa o sitwasyon kung saan kakaunti pa ang nakaraang pag-aaral, partikular na ang maunawaan nang malalim ang mga karanasan ng mga guro sa pagpapatupad ng Strengthened Senior High School sa loob ng kanilang tunay na konteksto.

Lokal ng Pag-aaral - Isinagawa ang pag-aaral sa Holy Infant College of Tacloban City, isang pampribadong paaralang sekundarya na matatagpuan sa Tacloban City, Leyte, Philippines. Napili ang paaralang ito bilang lokal ng pag-aaral sapagkat isa ito sa mga pribadong paaralan sa Tacloban City na nagpatupad ng Strengthened Senior High School Curriculum. Nakatuon ang pag-aaral sa mga guro lamang na direktang nakararanas ng implementasyon ng naturang kurikulum, kaya ang kanilang mga karanasan, pananaw, at tugon ang nagsilbing pangunahing batayan ng pangangalap ng datos.

Kalahok ng Pag-aaral - Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay binubuo ng mga piling mga guro na nagtuturo ng Senior High School sa Holy Infant College of Tacloban City, na nakaranas ng implementasyon ng bagong Strengthened Curriculum. Sila ang napili sapagkat may direktang karanasan at sapat na kaalaman tungkol sa nasabing pagbabago sa kurikulum. Ang kabuuang bilang ng mga guro na nagtuturo ng Senior High School ay 15 at mula sa labinglima ay kukuha lamang ng 5-10 hangga't makamit ang data saturation. Ayon sa pag-aaral ni Creswell (2013), ang kwalitatibong pananaliksik ay hindi kinakailangang malaki ang bilang ng kalahok, Ipinaliwanag niya na kahit maliit na bilang ng kalahok, tulad ng lima, ay maaaring maging sapat kung ang mga ito ay maingat na pinili at may direktang karanasan sa paksang pinag-aaralan. Ginamit ang purposive sampling upang matiyak na ang mga napiling kalahok ay angkop sa layunin ng pag-aaral at makapagbigay ng mahalagang impormasyon para sa pananaliksik.

Instrumento ng Pananaliksik - Ginamit ng mga mananaliksik ang semi-structured na panayam (interview) bilang instrumento sa pangangalap ng datos. Ang panayam ay isang pag-uusap para sa pagkuha ng impormasyon na kinapapalooban ng tagapanayam na nagtatanong at ng kinakapanayam na tumutugon sa mga tanong na iyon.

Paglikom ng Datos - Ang pananaliksik ay may *semi-structured interview* bilang pangunahing paraan ng pangangalap ng datos. Bago ang lahat, ang mga mananaliksik ay hihingi ng pahintulot sa administrasyon ng paaralan upang masigurado na ang mga susunod na gagawing hakbang ay lehitimo at maayos. Sunod naman ay ang pagpili ng kalahok, mga kalahok na kinakailangan sa pag-aaral ay pipiliin sa pamamagitan ng *purposive sampling*. Bago ang aktwal na panayam, ang pahintulot (*informed consent*) ng mga kalahok ay kukunin bago isagawa ang pangangalap ng datos at sila ay aabisuhan nang maaga at ipapakita ang mga tanong sa panayam upang mabigyan sila ng sapat na panahon sa pagbuo ng kanilang mga ideya, na makatutulong sa kaugnayan ng mga sagot at pagkakanay nito sa mga layunin ng pananaliksik. Sa pagdating ng mismong panayam, Ipapaliwanag sa mga kalahok ang layunin ng pag-aaral, ang kanilang karapatang umatras anumang oras nang walang anumang kahihinatnan, at ang katiyakang ang lahat ng makakalap na datos ay gagamitin lamang para sa akademikong layunin. Lahat ng kasagutan ay itatala sa pamamagitan ng *audio recording* at ang pahintulot (*informed consent*) ng mga kalahok ay kukunin bago isagawa ang pangangalap ng datos. Ang mga kaugnay na datos na makakalap ay maingat na itranskribayb nang *verbatim* at aayusin gamit ang *thematic analysis*.

Pag-aanalisa ng Datos - Sa pagbibigay-kahulugan sa mga nakalap na datos, gumamit ang mga mananaliksik ng *thematic analysis*, partikular ang *inductive thematic analysis*. Ito ay isang uri ng *thematic analysis* kung saan ang mga tema at *codes* na binigyang-kahulugan ng mga mananaliksik ay direktang nagmumula sa mga nakalap na datos, nang hindi gumagamit ng anumang umiiral na teorya.

Sinunod ng mga mananaliksik ang anim (6) na yugto nina Braun at Clarke: Una, ang pamilyarisasyon ng datos, kung saan kinakailangang maging lubos na pamilyar ang mga mananaliksik sa datos sa pamamagitan ng paulit-ulit na pagbasa nito upang mas maunawaan at mabigyang-kahulugan ang mga tema at padron. Ikalawa, ang pagbuo ng mga *codes*, isang proseso ng sistematikong paglalabel sa mga makabuluhang pahayag na matatagpuan sa datos. Ikatlo, ang pagsasama-sama ng mga kodigo upang makabuo ng mga tema, isang paraan ng pag-uugnay ng magkakaugnay na mga *codes* na may magkatulad na ideya upang makabuo ng makahulugang mga tema. Ikaapat, ang pagsusuri ng mga tema, isang proseso ng pagtiyak kung wasto ang mga tema at kung ang mga ito ay naglalaman ng malinaw at tiyak na mga padron. Ikalima, ang pagtukoy sa kahalagahan ng mga tema, kung saan sinusuri ang kaugnayan ng bawat tema sa pamamagitan ng pag-uugnay nito sa mga tanong ng pananaliksik. At panghuli, ang pag-uulat ng mga natuklasan, kung saan ipinapakita ang mga resulta ng datos sa isang maayos, sistematiko, at mapagkakatiwalaang paraan.

4. Resulta at Pagtalakay

Ang bahaging ito ay tumatalakay sa nakalap na datos tungkol sa hamon ng mga guro sa pagpapatupad ng Strengthened Senior High School Curriculum. Lumitaw ang pangunahing tema na nagpapakita ng kanilang pananaw, karanasan at mga hamon na kanilang kinahaharap sa pagpapatupad ng nasabing kurikulum.

4.1 Pananaw ng mga guro sa pagpapatupad ng Strengthened Senior High School Curriculum

Talahanayan 1

Natukoy na mga Pananaw ng mga Guro

Tema	Tugon ng Guro
Positibong Pananaw	Makabagong kurikulum Mas angkop sa pangangailangan ng mag-aaral Nakatuon sa kasanayan Naghahanda sa kolehiyo at trabaho Mas organisadong competencies Pagpapahusay ng kalidad ng edukasyon
Pag-asa na may Kasamang Pag-aalinlangan	Malaking pagbabago Maraming adjustment Hindi pa ganap na handa Kakulangan sa impormasyon Pangangailangan ng malinaw na gabay

Karamihan sa mga kalahok ay naniniwalang ang layunin ng Strengthened SHS Curriculum ay *positibo* sapagkat higit itong nakatuon sa paglinang ng mahahalagang kasanayan ng mga mag-aaral. Bagama't kinikilala nila ang kahalagahan nito, binigyang-diin din nila na ang tagumpay ng implementasyon ay nakasalalay sa sapat na paghahanda ng mga guro at paaralan. Lumabas din sa panayam na bagama't positibo ang pananaw ng mga guro sa direksiyon ng kurikulum, mayroon pa rin silang pag-aalinlangan dahil sa mabilis na implementasyon at limitadong preparasyon bago ito isinakatuparan. Sinang-ayunan ito ng pag-aaral nina Gouédard et al. (2020). Natalakay nila na ang matagumpay na reporma sa kurikulum ay hindi lamang nakasalalay sa pagbabago ng nilalaman ng aralin kundi higit sa lahat sa paraan ng implementasyon nito. Binibigyang-diin ng papel ang tatlong mahahalagang aspeto para sa epektibong pagpapatupad: maayos na disenyo ng kurikulum na malinaw ang layunin at magkakaugnay ang nilalaman at pagtuturo

4.2 Hamon sa mga guro sa pagpapatupad ng Strengthened Senior High School Curriculum batay sa mga sumusunod na aspekto

Talahanayan 2

Implementasyon ng Kurikulum

Tema	Tugon ng Guro
Hamon sa Pagpapatupad ng Bagong Kurikulum	Mabilis na pagbabago Hindi sapat ang oras Maraming competencies Hindi pa pamilyar Pagbabago ng dokumento
Pagbabago sa Pedagogiya at Propesyonat na Praktis	Pagbabago ng teaching strategy Integrasyon ng teknolohiya Mas learner-centered Pagbuo ng bagong lesson plans Continuous learning

Isa sa pinakamalaking hamon ang aktuwal na implementasyon ng bagong kurikulum. Binanggit ng mga kalahok ang pangangailangang baguhin ang kanilang mga instructional plan habang isinasagawa na ang pagtuturo. Bukod sa mga planong pagtuturo, binigyang-pansin din nila na dapat isaalang-alang ang pagkatuto ng mga mag-aaral, kaya kapag nagbago ang kurikulum ay magbabago ang daloy ng pagtuturo sa mga mag-aaral. Sa pananaw naman ng mga mag-aaral, Lumabas sa resulta na ang mga ipinapatupad na reporma ay nakatulong sa pagtaas ng interes at pakikilahok ng mga estudyante at sa pag-promote ng student-centered learning. Subalit, may mga hamon tulad ng kulang na training ng guro, limitadong kagamitan, at paghihirap sa pagbabago na nakaapekto sa maayos na implementasyon (Danial, et al., 2024).

Lumabas sa pag-aaral na ang mga hamon ng mga guro sa pagpapatupad ng kurikulum ay ang kakulangan ng kagamitang panturo at pagkatuto. Inilahad ng mga kalahok na sa pagpapatupad ng kurikulum nang walang sapat na kagamitan ay maituturing na hadlang sapagkat ang mga kagamitang ito ang makatutulong para makamit ang

mga kasanayang nakasaad sa nasabing kurikulum. Ang natuklasang ito ay sinusuportahan ng pag-aaral nina Palestina et al. (2020), na nagsasabing ang mga guro ay humaharap sa kakulangan ng learning materials, kalituhan sa implementasyon ng kurikulum, at magkakaibang interpretasyon ng mga gabay na nagdudulot ng hindi pagkakapare-pareho sa pagtuturo tuwing mayroong pagbabago sa kurikulum. Lumabas din sa datos na naging pangunahing tugon ng mga guro ang pagiging malikhain at maparaan. Gumawa sila ng sariling instructional materials at nakipagtulungan sa kapwa guro upang mapunan ang kakulangan ng mga kagamitan.

Talahanayan 3

Kagamitang panturo at pampagkatuto

Tema	Tugon ng Guro
Kakulangan sa Kagamitang Panturo at Pampagkatuto	Walang sapat na modules Kulang ang textbooks Kakulangan ng ICT resources Mabagal ang internet Limitadong learning materials

Talahanayan 4

Pagtataya at ebalwasyon

Tema	Tugon ng Guro
Komplikadong Proseso ng Pagtataya	Maraming performance tasks Mahirap gumawa ng rubric Kulang ang oras Mahirap sukatin ang competencies

Ipinakita ng mga kalahok na ang pagtataya ang isa sa pinakamabigat na bahagi ng implementasyon. Nahihirapan silang bumuo ng mga assessment na tunay na sumusukat sa inaasahang learning outcomes. Ayon sa mga kalahok, kinakailangan ng mabilisang pag-angkop sa pagbabago ng kurikulum, lalo na sa proseso ng pagtataya, na hindi na lamang tradisyunal na pamamaraan ang dapat ilatag sa proseso ng pagtuturo, na kalimitang hindi wastong natataya dahil sa makabagong kalidad ng mga mag-aaral. Ang resultang ito ay sinang-ayunan ng pag-aaral nina Ligan at Tacadena (2022), na nagpapatunay na ang mga makabagong estilo sa pagtuturo ay may makabuluhang ugnayan sa paglinang ng 21st-century learning at innovation skills ng mga mag-aaral, kung saan ang guro ay kinakailangang lumipat mula sa tradisyonal na tagapaghatid ng impormasyon tungo sa pagiging facilitator ng pagkatuto. Ipinapakita nito na ang implementasyon ng mga estratehiyang nakapokus sa mag-aaral tulad ng inquiry-based, collaborative, at problem-centered approaches ay may direktang kaugnayan sa pag-unlad ng kritikal na kasanayan ng mga mag-aaral. Sa kabilang banda naman, ang aking mga natuklasan ay sinusuportahan din ang pag-aaral ni Ortiz at Aliazas (2021) na nagsasaad na ang paggamit ng multimodal representation strategies sa pagtuturo ay nakapagpapataas ng scientific inquiry skills at nagpapabuti sa pag-unawa ng mga mag-aaral, kung saan ang mga aralin ay nagiging mas interaktibo, biswal, at nakabatay sa aktuwal na karanasan ng pagkatuto.

4.3 Mga kinahaharap ng mga guro na hamon na kanilang nararanasan sa pagpapatupad ng Strengthened

Senior High School Curriculum

Talahanayan 5

Mga Hamon sa mga Guro sa Senior High School

Tema	Tugon ng Guro
Ang pag-aaral na ito ay nakaugnay sa dalawang Sustainable Development Goal. Una, SDG 4, ang *Quality Education* sapagkat nilalayon nitong mapahusay ang kalidad ng pagkatuto sa pamamagitan ng pagtukoy sa antas ng pag-unawa ng bawat mag-aaral at pagbuo ng angkop na interbensyong pampagtuturo. Kaugnay rin ito sa Sustainable Development Goal 10, ang *Reduced Inequalities* dahil binibigyang-pansin nito ang mga kahinaan sa pagkatuto upang mabawasan ang agwat sa pagganap at mabigyan ng pantay na pagkakataon ang bawat mag-aaral na makamit ang inaasahang kasanayan. Sinuri sa pananaliksik na ito ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga detalye at tekstong biswal sa *El Filibusterismo* batay sa resulta ng isang paunang pagsusulit. Tinukoy sa pag-aaral ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral, ang mga bahaging madali at mahirap nilang maunawaan, ang mga angkop na gawaing pampagtuturo, at ang maaaring mabuong interbensyon batay sa resulta ng paunang pagsusulit. Gumamit ng disenyo ng pag-aaral na mixed method, purposive sampling sa 151 mag-aaral sa Baitang 10, at pagsusuring estadistikal gamit ang frequency, percentage, at mean upang mailarawan ang kanilang pagganap. Sa resulta ng pag-aaral na ito, ipinakita na hindi pa naabot ng mga mag-aaral ang inaasahang antas ng pagkatuto. Mas mataas ang kanilang pagganap sa mga tanong na may kaugnayan sa pagpapahalaga at higit silang nahirapan sa pagbibigay ng kahulugan sa simbolismo at mga tekstong biswal at pag-alala sa isang tiyak na detalye. Ipinahihiwatig ng pag-aaral na kinakailangan ang paggamit ng mas interaktibo at angkop na estratehiya at interbensyon sa pagtuturo upang mapalalim ang kritikal na pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga detalye at tekstong biswal ng *El Filibusterismo*.

Mga susing-salita: *El Filibusterismo*, paunang pagsusulit, tekstong biswal, pag-unawa, interbensyong pampagtuturo

2. Introduksiyon

Ang panitikan, espesipiko sa ating bansa, ay sumasalim sa kasaysayan, kultura, at karanasan ng lipunan. Makikita dito ang buhay, pamumuhay, lipunan, pamahalaan, relihiyon at mga karanasang nakukulayan ng iba't ibang uri ng damdamin (Aganon, n.d.). Sa pag-aaral ng iba't ibang mga akdang pampanitikan tulad ng *El Filibusterismo* ni José Rizal ay hindi lamang mahalaga ang pag-alam sa pangyayari at tauhan, kundi pati na rin ang kakayahang magsuri gaya ng mga detalye, simbolismo, at tekstong biswal na nakapaloob dito. Ang pagsusuri sa mga elementong ito ay nakatutulong upang higit na maunawaan ng mga mag-aaral ang mensahe, kaisipan, at panlipunang panananaw na ipinapakita ng akda. Sa kabilang banda, nananatiling hamon sa ilang mga mag-aaral ang malalim na pag-unawa at pagsusuri sa mga tekstong pampanitikan lalo na sa mga detalyeng nangangailangan ng interpretasyon. Ilang taon na rin na pinag-aaral ang kilalang nobela ni Rizal. Ayon nga sa Republic Act No. 1425 na mas kilala bilang Rizal Law, nakapaloob sa batas na ito na sa bansang Pilipinas, inaatasan sa kurikulum ng lahat ng pampublikong at pribadong paaralan, kolehiyo at unibersidad ang pag-aaral sa buhay, mga akda, at mga isinulat ni Rizal lalong-lalo na ang *Noli Me Tangere* at *El Filibusterismo*.

Sa pag-aaral na ito, mahalaga ang kakayahan sa pagbasa at pagsuri ng teksto, na isang mahalagang kasanayan sa pagkatuto ng isang mag-aaral. Ayon sa pananaw ng pagbasa bilang isang prosesong interaktibo, ang pag-unawa ay nabubuo sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan ng mambabasa sa teksto, dating kaalaman, at maging sa konteksto ng binabasa. Sa pamamagitan ng paggamit ng paunang pagsusulit, maaaring matukoy ang antas ng kaalaman at pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga detalye at tekstong biswal sa *El Filibusterismo*. Sa pamamagitan din nito ay malalaman ang mga bahaging nangangailangan ng karagdagang gabay, pagsasanay, at angkop na interbensyon upang mapabuti ang kanilang kakayahang magsuri. Sa pag-aaral ni Dabalos (2024), napag-alaman na sa pamamagitan ng pagsuri sa nobelang *El Filibusterismo* ay nakapagpapalawak ng kaalaman ng mga mag-

aaral sa iba't ibang aspeto ng buhay at kasaysayan.

Sa pag-aaral ni Agod (2025), nakita na ang mga mag-aaral ay hindi gaanong may kahusayan sa pagsusuri ng nobela partikular na sa talasalitaan, tauhan, tagpuan, at maging sa mga pangyayari na nakapaloob sa akda. Isang pangunahing hamon din na kinakaharap ng mga mag-aaral ay ang kawalan ng gana sa asignaturang Filipino. Sinasabi na upang matiyak ang kalidad at pagiging epektibo ng pagkatuto at pag-unawa ng mga mag-aaral ay mahalagang matukoy ang wastong antas ng kahirapan ng mga babasahin. Mula dito, naaangkop ang mga materyal na gagamitin sa kakayahan ng mga mag-aaral at higit sa lahat, napauunlad ang kanilang pag-unawa sa binabasa (Imperial at Ong, 2021). Sa pagtukoy sa kung saan nahirapan at naging madali maunawaan ng mga mag-aaral ang teksto, ang pagkakaroon ng mga mag-aaral ng sapat na kakayahan upang bigyang-kahulugan ang mga salitang ginagamit sa isang teksto ay nakatutulong upang higit na mapataas ang antas ng pag-unawa (Sunio at Guzman, 2024). Sa pag-aaral naman ni Dequito (2025), ang paggamit ng *artistic visualization* ay nakapagtataas ng pag-unawa ng bawat mag-aaral sa mga akdang pampanitikan. Ayon kina Endico at Ciruela (2026), nakatutulong ang paggamit ng Thoughts, Questions, Epiphanies (TQE) sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Ayon sa mga mananaliksik, mapagkakatiwalaan at isang mabisang estratehiya sa pagdodoble ng kognitibong pag-unawa at paglikha ng konsistent na pagkatuto. Sa pag-aaral nina Salengga at Baltazar (2022), ang kagamitang panturo na ginamit nila sa kanilang pananaliksik, hindi lamang nagpahusay ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa aralin kundi nagpataas ng kanilang interaksyon sa loob ng silid. Ginamit niya ang Interactive Story Mapping Device.

Naglalayon ang pag-aaral na ito na matukoy ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng mga detalye at tekstong biswal na makikita sa akda. Layunin din nitong malaman ang antas ng kanilang pag-unawa, matukoy ang mga bahaging madali at mahirap unawain, at makabuo ng mga angkop na interbensyon upang mapataas ang kanilang kakayahan sa pagsusuri ng panitikan.

Sa pag-aaral ni Valdez (2019), nabanggit na binigyang-kahulugan sa aklat na *Becoming a Nation of Readers* ang pagbasa. Ayon sa aklat, ito ay isang proseso ng pagbuo ng kahulugan mula sa mga nakasulat na teksto. Isa ring kompleks na kasanayan na nangangailangan ng koordinasyon ng iba't ibang magkakaugnay na pinagmumulan ng impormasyon. Sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasa, binibigyang-diin ng K to 12 Curriculum ang importansya ng pagsusuri, pagbibigay-kahulugan at pag-uugnay ng mga elemento ng panitikan sa sariling karanasan at lipunan. Ang pag-aaral sa El Filibusterismo ay hindi lamang nakatuon sa pag-alala ng mga pangyayari kundi sa kakayahan ng mga mag-aaral na maunawaan ang mga simbolismo, pahiwatig, at mensaheng nais ipatibid ng may-akda. Sa pamamagitan ng sistematikong pagsusuri sa resulta ng isinagawang paunang pagsusulit ay maaaring makabuo ng mga gawaing tutugon sa kakulangan at magpapalakas sa kasanayan ng mga mag-aaral o para mas matuto pa.

Ang pag-aaral na ito ay tuwirang nauugnay sa Sustainable Development Goal 4, ang *quality education*, na naglalayong matiyak na inklusibo, patas, at higit sa lahat, de-kalidad na edukasyon para sa lahat. Sa pamamagitan ng paunang pagsusulit, natutukoy ang kasalukuyang antas ng pag-unawa ng bawat mag-aaral. Ang resulta ay magsisilbing batayan sa pagbuo ng angkop na estratehiya sa pagtuturo tungo sa pag-unlad ng kanilang pag-unawa. Maiuugnay din ang pag-aaral na ito sa SDG 10 na *'Reduced Inequalities'* dahil binibigyang-diin nito ang pagtukoy sa mga kasanayang hindi pa ganap na nauunawaan ng mga mag-aaral. Sa ganitong paraan, nababawasan ang agwat sa pagkatuto at nabibigyan ang bawat mag-aaral ng pantay na pagkakataong makamit ang inaasahang kasanayan.

Paglalahad ng Suliranin - Ang pag-aaral na ito ay naglalayong matukoy ang kakayahang magsuri ng mga mag-aaral sa mga detalye at tekstong biswal na makikita sa akdang El Filibusterismo. Gagamitin ang resulta ng paunang pagtataya upang malaman ang lawak ng pag-unawa ng mga mag-aaral at matukoy ang mga bahaging nangangailangan ng karagdagang gabay at pagsasanay. Layunin ng pag-aaral na sagutin ang sumusunod na katanungan: 1. Ano ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga detalye at tekstong biswal na makikita sa El Filibusterismo batay sa resulta ng paunang pagsusulit? 2. Ano-anong bahagi ng mga detalye at tekstong biswal sa El Filibusterismo ang mahirap at madaling unawain ng mga mag-aaral batay sa paunang pagsusulit? 3. Anong mga gawain o paraan ng pagtuturo ang maaaring gamitin upang mapabuti ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa

mga detalye at tekstong biswal sa El Filibusterismo? At, 4. Anong interbensyon ang maaaring mabuo batay sa resulta ng paunang pagsusulit upang mapanatili ang mataas na kaalaman at mapataas ang pag-unawa ng ibang mag-aaral sa pagsusuri ng mga detalye at tekstong biswal sa El Filibusterismo?

3. Metodolohiya

Disenyo ng Pananaliksik - Sa pag-aaral na ito, gumamit ng disenyo ng pag-aaral na mixed method. Ang kwantitatibong disenyo ay makikita sa una at ikalawang layunin na ang pinagbatayan ay ang naging kabuuang nakakuha ng tamang sagot sa bawat aytem (Frequency Count). Ang kwalitatibong disenyo naman ay sa ikatlo at ikaapat na layunin gamit ang Thematic Approach. Ang pamaraang ito ay ginamit upang tukuyin, suriin at bigyan ng kahulugan ang temang lumitaw sa bawat datos. Ang mga impormasyon ay batay sa FGD mula sa mga guro na nagtuturo ng El Filibusterismo. Ang pamaraang ginamit ay nagbibigay daan sa mananaliksik na gumamit ng iba't ibang paraan ng pangangalap at pagsusuri ng mga datos (Harvard Catalyst, 2022).

Mga Kalahok ng Pag-aaral - Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay ang mga mag-aaral na kumukuha ng Asignaturang Filipino na may talakayan tungkol sa nobela ni José Rizal na El Filibusterismo, na nasa ika-10 baitang sa sekundarya at mga guro na nagtuturo ng El Filibusterismo. Ang paksang ito ay tinatalakay sa unang markahan. Gumamit ng purposive sampling sa pag-aaral na ito na kung saan sinuri batay sa kanilang antas ng pag-unawa sa mga detalye, simbolismo, at tekstong biswal na makikita sa akda. Sa sampling na ito, ang mga kalahok ay pinipili dahil taglay nila ang mga katangiang kinakailangan para sa pananaliksik (Nikolopoulou, 2022).

Mga Materyales - Sa pananaliksik na ito, gagamit ng paunang pagsusulit o ang tinatawag na *diagnostic test* sa wikang Ingles. Ayon kay Berry (2008), ito ay isang pagtataya na hindi binibigyan ng marka na isinasagawa upang masukat ang dating kaalaman o umiiral na antas ng pag-unawa ng isang mag-aaral. Ito ang pangunahing instrumentong gagamitin sa pag-aaral. Ang pagsusulit ay nakatuon sa pagkilala at pagsusuri ng mahahalagang detalye sa akda, pagbibigay-kahulugan sa simbolismo at pagsusuri ng mga tekstong biswal tulad ng larawan. Ang nilalaman ng pagsusulit ay nakabatay sa K to 12 Filipino (Matatag Curriculum). Ang materyal na gagamitin ay sasailalim sa balidasyon ng mga guro o eksperto upang matiyak ang kaangkupan at pagiging wasto nito.

Pamamaraan sa Pangangalap ng Datos - Sa pagsasagawa ng pag-aaral, una ay hihingi ang mananaliksik ng pahintulot mula sa kinauukulan bago isagawa ang pangangalap ng datos. Kapag pinahintulutan na ang mananaliksik na mangalap ng datos, sunod ay ipamamahagi na ang paunang pagsusulit sa mga kalahok. Kinakailangan na sa pangangalap ng datos ay hindi makakasagabal sa ibang iskedyul ng klase. Matapos makuha ang mga sagot, susuriin at bibigyan ng interpretasyon ang resulta. Batay sa resulta, bubuo na ang mananaliksik ng mga angkop na interbensyon sa pagtuturo na makatutulong upang mapabuti ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng panitikan. Ang mungkahing interbensyon na isasagawa sa klase ay ibabatay sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral na makikita sa pagsusuri ng datos. Sa pagsusuri naman ng datos, gagamitin ng frequency, percentage, at mean upang masagot ang mga suliranin ng pag-aaral. Gamit ang Descriptive Statistics ni John W. Tukey (1977), mapagtutuunan ng pansin ang mga paglalarawan, pag-oorganisa, at pagbibigay-kahulugan sa mga datos na nakalap. Ayon kay Bhandari (2020), ito ay isang pamamaraang estadistikal na ginagamit upang ibuod, isaayos, at ilarawan ang mga mahahalagang katangian ng bawat datos na nakalap.

Konsiderasyong Etikal - Sa pag-aaral na ito, sinunod ang mga hakbangin kaugnay sa mga konsiderasyong etikal na isinaalang-alang sa pananaliksik. Ito ang pinakamahalagang parte sa pagsasagawa ng pananaliksik. Mahalaga ang informed consent at pagiging kumpidensyal, tulad ng pagkakakilanlan ng mga kalahok. Boluntaryong pakikilahok kung saan binigyan ng kalayaan ang mga kalahok na tumanggi o umatras sa pag-aaral. Higit sa lahat, katapatan sa pag-uulat. Idahil dito, inilahad ang datos batay sa tunay na sagot ng mga kalahok.

4. Resulta at Pagtalakay

Sa bahaging ito, inilahad ang mga resulta ng isinagawang pagsusuri sa datos na nakalap mula sa paunang pagsusulit na ibinigay sa 151 na kalahok ng pag-aaral. Bago isinagawa ang pagsusuri, inayos muna ang mga datos

upang matiyak ang pagiging kumpleto, wasto, at angkop ng mga sagot na gagamitin sa pananaliksik. Sa pagsusuri ng datos, gumamit ng frequency, percentage, at mean upang masagot ang mga suliranin ng pag-aaral.

4.1 *Antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga detalye at tekstong biswal na makikita sa El Filibusterismo batay sa resulta ng Paunang Pagsusulit*

Talahanayan 1

Bilang ng mga mag-aaral na nakakuha ng tumpak na sagot sa bawat seksyon

Aytem	S1	S2	S3	S4	S5	S6	Kabuuan	Mean	Percentage	MPS	Interpretasyon
1	17	15	15	19	22	15	103	0.68	68.21	68.21	Moving toward mastery
2	11	16	12	14	11	12	76	0.50	50.33	50.33	Moving toward mastery
3	11	16	13	9	9	6	64	0.42	42.38	42.38	Average
4	16	17	20	16	15	16	100	0.66	66.23	66.23	Moving toward mastery
5	5	10	11	5	11	8	50	0.33	33.11	33.11	Low
6	15	16	16	14	16	18	95	0.63	62.91	62.91	Average
7	16	15	12	16	14	12	85	0.56	56.29	56.29	Average
8	21	16	19	11	12	20	99	0.66	65.56	65.56	Average
9	10	14	15	13	11	10	73	0.48	48.34	48.34	Average
10	14	17	9	18	15	18	91	0.60	60.26	60.26	Average
11	20	23	19	19	22	16	119	0.79	78.81	78.81	Moving toward mastery
12	18	19	14	16	11	17	95	0.63	62.91	62.91	Average
13	17	20	9	15	14	10	85	0.56	56.29	56.29	Average
14	19	23	16	16	20	16	110	0.73	72.85	72.85	Moving toward mastery
15	8	8	10	10	11	9	56	0.37	37.09	37.09	Average
16	17	19	13	12	17	14	92	0.61	60.93	60.93	Average
17	13	14	12	11	13	10	73	0.48	48.34	48.34	Average
18	13	15	13	16	16	13	86	0.57	56.95	56.95	Average
19	21	19	16	15	15	15	101	0.67	66.89	66.89	Moving toward mastery
20	8	12	12	5	8	11	56	0.37	37.09	37.09	Average
21	13	12	9	12	8	12	66	0.44	43.71	43.71	Average
22	15	18	19	13	21	16	102	0.68	67.55	67.55	Moving toward mastery
23	19	22	19	13	18	13	104	0.69	68.87	68.87	Moving toward mastery
24	20	22	18	17	18	14	109	0.72	72.19	72.19	Moving toward mastery
25	17	17	18	13	11	10	86	0.57	56.95	56.95	Average
26	18	13	12	13	19	15	90	0.60	59.60	59.60	Average
27	12	16	13	17	14	12	84	0.56	55.63	55.63	Average
28	13	11	11	7	11	8	61	0.40	40.40	40.40	Average
29	17	15	14	14	14	12	86	0.57	56.95	56.95	Average
30	21	20	15	15	18	13	102	0.68	67.55	67.55	Moving toward mastery
31	13	13	11	15	14	11	77	0.51	50.99	50.99	Average
32	10	12	4	12	12	10	60	0.40	39.74	39.74	Average
33	11	9	8	11	6	9	54	0.36	35.76	35.76	Average
34	15	14	8	12	11	10	70	0.46	46.36	46.36	Average
35	13	18	13	13	12	13	82	0.54	54.30	54.30	Average
36	13	14	8	12	13	8	68	0.45	45.03	45.03	Average
37	18	16	12	13	15	8	82	0.54	54.30	54.30	Average
38	14	16	14	10	13	12	79	0.52	52.32	52.32	Average
39	8	6	7	6	7	8	42	0.28	27.81	27.81	Low
40	15	13	16	10	15	9	78	0.52	51.66	51.66	Average
41	11	14	9	11	11	10	66	0.44	43.71	43.71	Average
42	4	9	8	7	7	5	40	0.26	26.49	26.49	Low
43	11	12	11	9	10	12	65	0.43	43.05	43.05	Average
44	19	17	13	14	18	11	92	0.61	60.93	60.93	Average
45	20	18	15	16	21	13	103	0.68	68.21	68.21	Moving toward mastery
46	21	19	16	15	21	18	110	0.73	72.85	72.85	Moving toward mastery
47	20	16	16	16	20	13	101	0.67	66.89	66.89	Moving toward mastery
48	17	18	16	13	17	13	94	0.62	62.25	62.25	Average
49	9	13	8	9	10	10	59	0.39	39.07	39.07	Average
50	18	18	13	16	18	16	99	0.66	65.56	65.56	Average

Leyenda:

Seksyon (S1, S2, S3, S4, S5, S6)

Kabuuan (Kabuuang ng S1 hanggang S6)

Interpretasyon (Binatay sa DepEd Mastery Level Scale)

Aytem 1-30 (Paksa: Mga detalye ng tekstong pampanitikan para sa kritikal na pag-unawa – El Filibusterismo)

Aytem 31-50 (Paksa: Mga tekstong biswal na makikita sa El Filibusterismo)

Batay sa talahanayan, makikita na wala kahit isang aytem mula sa ibinigay na paunang pagsusulit sa mga mag-aaral ang nakamit ang antas na *mastery*. Gayunpaman, mayroong 13 na tanong mula sa pagsusulit na umabot sa antas na *moving toward mastery*. Samantala, 34 na aytem ang may antas na *average* at tatlo naman na aytem ang naitala sa antas na *low*. Ipinakita sa resulta na hindi lahat ng mga aytem ay umabot sa antas ng kahusayan,

kaya kinakailangan pa ng angkop na estratehiya at interbensiyon para mas mapaunlad ang pag-unawa ng mga mag-aaral.

4.2 Bahagi ng mga detalye at tekstong biswal sa *El Filibusterismo* na mahirap at madaling unawain ng mga mag-aaral batay sa Paunang Pagsusulit

Talahanayan 2

Mga Aytem na Mahirap tugunan ng mga Mag-aaral

Bilang ng Aytem	Tanong at Opsiyon	Natukoy na dahilan
Bilang 5	5. Sino ang may-ari ng bahay kung saan naganap ang handaan para sa kasal nina Juanito at Paulita? A. Kapitan Tiago B. Don Custodio C. Padre Sibyla D. Padre Camorra	Interpretasyon: <i>low</i> Ang tanong ay nangangailan ng pag-alala sa isang tiyak na detalye mula sa nobelang <i>El Filibusterismo</i> .
Bilang 39	39. Ang madilim na kulay sa isang larawan tungkol sa <i>El Filibusterismo</i> ay maaaring sumimbolo sa _____. A. Tagumpay sa lipunan B. Kabiguan sa lipunan C. Suliranin ng lipunan D. Kapayapaan ng lipunan	Interpretasyon: <i>low</i> Ang tanong ay kinakailangan ng interpretasyon sa symbolismong ng kulay, hindi simpleng pag-alala.
Bilang 42	42. Ang apoy sa larawan ay maaaring sumimbolo sa _____. (<i>May ipinakitang larawan sa pagsusulit</i>) A. Kalungkutan B. Katapatan C. Kasakiman D. Katakutan	Interpretasyon: <i>low</i> Ang mga mag-aaral ay maaaring nakatuon sa literal na kahulugan ng apoy kaysa ana kung paano binigyan ng pagpapakahulugan sa nobela.

Ang paunang pagsusulit ay nahahati sa dalawa; tungkol sa mga detalye ng tekstong pampanitikan para sa kritikal na pag-unawa sa *El Filibusterismo* at mga tekstong biswal na makikita sa *El Filibusterismo*. Batay sa isinagawang paunang pagsusulit, lumabas na ang aytem 5, 39, at 42 ang may pinakamababang bilang ng mga mag-aaral na nakasagot nang tama. Mula sa kabuuang 151 na kalahok, 50 lamang ang nakakuha ng tamang sagot sa aytem 5, 42 sa aytem 39 at 40 naman ang nakatukoy ng tamang sagot sa aytem 42. Ipinapakita nito na malaking bahagi ng mga mag-aaral ang nahirapang bigyang-kahulugan ang symbolismong ipinahihiwatig ng tekstong biswal at pag-alala sa isang tiyak na detalye.

Patungkol sa mga symbolismong ginamit, taliwas ito sa ipinahayag ni Dequito (2025) na ang paggamit ng *artistic visualization* ay nakapagtataas ng pag-unawa ng bawat mag-aaral sa mga akdang pampanitikan. Bagama't binibigyang-diin nito ang positibong ambag ng biswal sa pagkatuto, ipinakita ng kasalukuyang pag-aaral na nananatiling mababa ang pagganap ng mga mag-aaral sa isang tanong na nangangailangan ng interpretasyon sa simbolo sa tekstong biswal. Naging mahirap din ang pag-alala sa tiyak na mga detalye lalong lalo na wala pang alam ang mga mag-aaral patungkol sa nobelang *El Filibusterismo*.

Talahanayan 3

Mga Aytem na Madaling tugunan ng mga Mag-aaral

Bilang ng Aytem	Tanong at Opsiyon	Natukoy na dahilan
Bilang 1	1. Sino ang pangunahing tauhan na nagbalik sa Pilipinas bilang isang mayamang mag-aalahas? A. Basilio B. Simoun C. Isagani D. Juanito Pelaez	Interpretasyon: <i>moving toward mastery</i> Si Simoun ang pangunahing tauhan sa <i>El Filibusterismo</i> at halos lahat ng kabanata nababanggit ang kaniyang pangalan.
Bilang 2	2. Ano ang tunay na pangalan ni Simoun? A. Elias B. Crisostomo Ibarra C. Padre Florentino D. Kapitan Tiago	Interpretasyon: <i>moving toward mastery</i> Tumatak sa kanila ang karakter ni Simoun sa <i>Noli Me Tangere</i> na kung saan siya rin ang pangunahing tauhan.

Pag-aaral sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga detalye at tekstong biswal sa El Filibusterismo

Bilang 4	4. Ano ang pangalan ng sasakyang sinakyan ng mga tauhan sa unang bahagi ng nobela? A. Bapor Tabo B. Bapor San Juan C. Bapor Espanya D. Bapor Maynila	Interpretasyon: <i>moving toward mastery</i> Madalas na gamitin ng guro bilang halimbawa sa pagbibigay ng mga simbolismo sa akda.
Bilang 11	11. Kung ikaw si Basilio, ano ang pinakamainam na gawin sa harap ng pang-aapi? A. Gumanti agad B. Manahimik lamang C. Umalis nang walang plano D. Maghanap ng makatarungang paraan upang lumaban	Interpretasyon: <i>moving toward mastery</i> Maiugnay ng mga mag-aaral sa kanilang karanasan. Ang tanong ay may kaugnayan sa pagpapahalaga at wastong pagpapasya.
Bilang 14	14. Kung ikaw ang manunulat ng liham ni Basilio, anong damdamin ang ipapakita? A. Pagmamataas B. Pagkatuwa lamang C. Pagdurusa at pag-asa D. Pagkawalang pakialam	Interpretasyon: <i>moving toward mastery</i> Nauunawaan ng bawat mag-aaral ang nararamdaman ni Basilio ayon sa mga pangyayaring kanyang pinagdaanan.
Bilang 19	19. Ano ang pagkakaiba nina Basilio at Simoun? A. Ang isa ay gusto maghiganti, ang isa ay walang plano B. Ang isa ay gustong maging pari, ang isa ay gusto mag-ibang anyo C. Ang isa ay naghahangad ng kalayaan, ang isa ay hindi pumapanig D. Ang isa ay naghahangad ng pagbabago, ang isa ay naghahangad ng paghihiganti	Interpretasyon: <i>moving toward mastery</i> Malinaw sa nobela na ang dalawang tauhan ay may magkaibang pananaw.
Bilang 22	22. Alin ang mas mabisang paraan ng pagbabago ayon sa mensahe ng nobela? A. Karahasan B. Edukasyon at pagkakaisa C. Paghihiganti D. Panlilinlang	Interpretasyon: <i>moving toward mastery</i> Ang tanong ay nakaangkla sa pangunahing tema ng El Filibusterismo at pagpapahalagang itinaturo sa paaralan.
Bilang 23	23. Masasalamain ba sa nobela ang tunay na kalagayan ng lipunan? A. Oo, dahil lahat ay pareho B. Oo, dahil ipinakita ang mga suliranin C. Hindi, dahil kathang-isip lamang D. Hindi, dahil walang aral na makukuha	Interpretasyon: <i>moving toward mastery</i> Batid ng mga mag-aaral na ang akdang ito na naisulat ni Rizal ay sumasalamain sa mga suliraning panlipunan.
Bilang 24	24. Bakit mahalaga ang mga simbolismo sa nobela? A. Palamuti lamang B. Walang kaugnayan sa akda C. Pampahaba lamang ng kuwento D. Nagbibigay ito ng mas malalim na kahulugan	Interpretasyon: <i>moving toward mastery</i> Nauunawaan ng bawat mag-aaral na sa pamamagitan ng mga simbolismo ay napapalalim ang kahulugan ng isang akda.
Bilang 30	30. Kung ikaw ay gagawa ng pagsusuri sa nobela, ano ang dapat gawin? A. Magbigay ng sariling pananaw na may batayan B. Mangopya ng mga naging pag-aaral sa onlayn C. Iwasan ang detalye na hindi maiintindihan agad D. Huwag magbigay ng paliwanag, pwedeng maikli	Interpretasyon: <i>moving toward mastery</i> Nakabatay sa kasanayan sa pagsusuri na isinasagawa sa loob ng klase.
Bilang 45	45. Ang larawan ng ilog o paglalakbay ay maaaring iugnay sa _____. A. Sa isang laro sa tubig B. Pagkawala ng kuwento C. Pagkain na makukuha sa ilog D. Paglalakbay ng mga tauhan at pagbabago	Interpretasyon: <i>moving toward mastery</i> Ang simbolismo ng paglalakbay ay madalas gamitin sa panitikan na madali ding iugnay sa “pag-unlad”.
Bilang 46	46. Sa pagsusuri ng larawan, mahalagang tingnan ang _____. A. Simbolo, kulay, at mensahe B. Ganda lamang C. Sukat lamang D. Disenyo lamang	Interpretasyon: <i>moving toward mastery</i> Batid ng mga mag-aaral na ang pangunahing elemento sa pagsusuri ay ang mga tekstong biswal gaya ng mga simbolo at kulay.
Bilang 47	47. Ang larawan ng tao laban sa malaking gusali ay maaaring mangahulugan ng _____. A. Laban ng mamamayan sa Sistema B. Tagumpay ng iisa C. Walang problema D. Kasiyahan	Interpretasyon: <i>moving toward mastery</i> Maiugnay ito ng mga mag-aaral ang larawan sa pakikibaka ng mamamayan laban sa mapaniil na sistema.

Sa 50 na mga tanong mula sa ibinigay na paunang pagsusulit, 13 na aytem ang nakamit ang antas na *Moving Toward Mastery*. Ipinakikita nito na karamihan sa mga mag-aaral ay may sapat na pag-unawa sa tanong. Nagpapakita rin ito na ang mga mag-aaral ay may sapat na antas ng pag-unawa sa mga pangunahing tauhan, tema, at pagpapahalagang nakapaloob sa nobela. Ipinahihiwatig nito na nagtataglay ang mga mag-aaral ng pundasyong kaalaman sa nobela at nagagawa nilang maiugnay ang mga pangyayari sa isyung panlipunang nakikita rin nila sa kanilang sariling karanasan.



Ang resulta ay nagpapakita rin na mas mahusay ang pagganap ng mga mag-aaral sa mga tanong na nangangailangan ng paglalapat ng pagpapahalaga kaysa sa mga tanong na humihingi ng mas malalim na interpretasyon ng mga simbolo o tekstong biswal. Ang natuklasang ito ay umaayon sa pahayag nina Imperial at Ong (2021) na mahalagang matukoy ang wastong antas ng kahirapan ng mga babasahin at mga kagamitang pampagkatuto sa kakayahan ng mga mag-aaral dahil mas higit na napapaunlad ang kanilang pag-unawa sa binabasa.

Sa kabuuang resulta ng paunang pagsusulit, kahit na walang ni isang aytem ang umabot sa antas na *mastery*, mayroong 13 na aytem na nakapagtala ng *moving toward mastery*, na ang ibig sabihin nito ay ang mga mag-aaral ay nakasagot nang tama sa mga tanong. Ipinapakita rin nito na may kaalaman na sila, lalong-lalo na sa mahahalagang konsepto, mga tauhan at tema. Gayunpaman, hindi pa rin naging sapat ang kanilang pagganap na hindi umabot sa pamantayan ng *mastery*. 34 naman na aytem ang nakamit na may antas na *average*, na kung saan nagpapakita na may katamtamang antas ng pag-unawa ang mga mag-aaral. Bagama't mayroon silang bahagyang kaalaman ngunit hindi pa ito ganap na matatag at ito ay nangangailangan ng karagdagang pagsasanay at paggabay. Bukod dito, mayroong tatlong aytem na nagtamo ng antas ng kaalaman na *low*. Ipinapakita nito na nahirapan ang mga mag-aaral sa pag-unawa sa partikular na kasanayan o konsepto.

4.3 Mga gawain ng pagtuturo na maaaring gamitin upang mapabuti ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga detalye at tekstong biswal sa *El Filibusterismo*


Talahanayan 4

Mga Mga Gawain para sa Pagpapaunlad ng Pag-unawa sa mga Detalye at Tekstong Biswal

Mga Detalye	Mga Tekstong Biswal	Mga Gawain
Ang guro ay gagamit ng komik strip sa pagbigay ng pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa bawat kabanata. Ito ay para mas matandaan ng mga mag-aaral ang mga naganap dahil sa mga litratong ipinakita.	Halimbawa ng komik strip. 	Pagtalakay gamit ang komik strip
Ang gawain ay maaaring pangdalawahan lamang o pangkatan. Bibigyan ang bawat pangkat ng <i>story map</i> o <i>graphic organizer</i> na kung saan ang nakapaloob ay pamagat ng kabanata, pangunahing tauhan, tagpuan, mahahalagang pangyayari, suliranin, solusyon, aral, at simbolo. Habang binabasa nila ang sipi ng <i>El Filibusterismo</i> ay pupunan nila ang <i>story map</i> . Pagkatapos ay ibabahagi nila sa klase.	Halimbawa ng <i>story map</i> . 	Interactive Story Mapping
	Source: https://www.studocu.com/ph/document/kalinga-state-university/criminal-law-1/el-filibusterismo-komiks/111256941	
	Source: https://homeschoolgiveaways.com/story-map-graphic-organizer-templates/	

Ang mga mag-aaral ay maghahanap ng kapareha. Mamasdan nila ang litrato kung ano ang mga elementong mayroon sa larawan. Pagkatapos, ibabahagi nila sa kanilang kapareha ang kanilang nasuri.

Pagpapakita ng mga larawan. Halimbawa, litrato ni Simoun na nakasombbrero)



Think-Pair-Share

(Ang larawan ay mula sa paunang pagsusulit)

Batay sa naging resulta mula sa pananaw ng mga guro na nagtuturo ng akda ni Rizal na El Filibusterismo, inirerekomenda ang paggamit ng iba't ibang gawaing pampagtuturo na magpapalalim sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng mga detalye at tekstong biswal. Dahil lumabas na nahihirapan ang mga mag-aaral sa pagbibigay ng kahulugan sa simbolismo at mensaheng ipinahihiwatig ng mga larawan. Kaya nararapat lamang na gumamit ang guro ng mga estratehiyang higit na nagpapalinalang sa kanilang kritikal na pag-iisip.

Sinusuportahan ito sa pag-aaral nina Salengga at Baltazar (2022) na ayon sa kanila ang paggamit ng Interactive Story Mapping Device ay hindi lamang nagpahusay sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa aralin. Nagpataas din ng kanilang interaksyon sa loob ng silid-aralan. Ibig sabihin nito, ang paggamit ng mga interaktibong kagamitang panturo gaya ng *think-pair-share*, *interactive story mapping*, at paggamit ng komik strip ay maaaring maging epektibong paraan upang malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral.

4.4 Interbensyon sa Pagpapanatili ng Mataas na Kaalaman at pag-unawa ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng mga detalye at tekstong biswal sa El Filibusterismo

Sa talahanayang ito, makikita ang mga iminungkahing interbensiyon. Sa bahaging nahirapan ang mga mag-aaral, nararapat na may interbensyong tutugon sa mga kahinaan ng mga mag-aaral habang pinananatili naman ang kanilang mga kasanayang mahusay na nilang naipakita. Mula dito, maaaring bumuo ng programa sa magpapalalim ng pag-unawa sa detalye at tekstong biswal ng El Filibusterismo, katulad ng iminungkahi nina Endico at Ciruela (2026) mula sa paggamit ng Thoughts, Questions, Epiphanies (TQE) sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Ayon sa mananaliksik, mapagkakatiwalaan at mabisang estratehiya ang paggamit sa TQE sa pagdodoble ng kognitibong pag-unawa at paglikha ng konsistent na pagkatuto.

Talahanayan 5

Interbensiyon sa Pagpapaunlad sa Pagsusuri ng mga Detalye at Tekstong Biswal sa El Filibusterismo

Mga Detalye	Mga Tekstong Biswal	Interbensiyon
Ang unti-unting paggabay sa mga mag-aaral sa pagsusuri ng mga tekstong biswal mula sa simpleng pagtukoy hanggang sa mataas na antas ng interpretasyon.	Halimbawa ng tekstong biswal ay ang larawan ng Bapor Tabo	Scaffolded Visual Reading Intervention
Pagbibigay ng oportunidad sa mga mag-aaral na maayos at mapalawak ang kanilang kaalaman. Maaaring gawin sa gitnang bahagi ng talakayan bago simulan ang sumusunod na paksa o maaari ring pagkatapos ng talakayan gawin.	Pagpapakita ng larawan ng Bapor Tabo. Pagkatapos, sasagutan ang TQE na talahanayan. Isusulat kung ano ang kanilang kaisipan, mga tanong, at mga nahinuha. Maaaring ibahagi sa klase.	Thoughts, Questions, Epiphanies (TQE)
Sa buong taong panuruan, may iskedyul para sa interbensiyong ito. Tutulungan ang mga mag-aaral sa aspetong nahihirapan sila.	Ang mga maaaring ibigay sa mga mag-aaral ay mga pagsusunod-sunod ng mga larawan ng isang kabanata, mga <i>graphic organizers</i> tulad ng <i>story map</i> .	Aral Program

5. Kongklusyon

Sa kabuuang resulta ng pag-aaral, napag-alaman na ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga detalye at tekstong biswal ng El Filibusterismo, batay sa paunang pagsusulit, ay hindi pa umaabot sa inaasahang antas ng *mastery*. Karamihan sa mga tanong mula sa paunang pagsusulit ay umabot sa antas ng kaalaman na *average*, na

ang ibig sabihin ay katamtamang kaalaman na sila. Mayroong 13 mula sa 50 na tanong naman ang umabot sa Moving Toward Mastery at tatlo naman na tanong ang kaunti lamang ang nakakuha ng tamang sagot. Dahil dito, sa pananaw ng mga guro na nagtuturo ng El Filibusterismo, napatunayang mahalaga ang paggamit ng mga angkop at interaktibong estratehiya sa pagtuturo upang higit na malinang ang kanilang kritikal na pag-unawa. Samakatuwid, ang pagbuo at pagpapatupad ng isang interbensyon na nakatuon sa pagsusuri ng mga detalye at tekstong biswal ay inaasahang makatutulong sa pagpapataas ng antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral at sa mas epektibong pag-unawa sa El Filibusterismo.

6. Sanggunian

- Aganon, D. J. (n.d.). Panitikan. Retrieved July 9, 2026, from <https://www.scribd.com/doc/48715832/PANITIKAN>
- Agod, R. L.-W. (2025, November 3). Proficiency in analyzing the novel of Dr. Jose P. Rizal: Basis for enhancing literary reading skills. <https://pantaointernationaljournal.com/2025/11/03/publication-555-proficiency-in-analyzing-the-novel-of-dr-jose-p-rizal-basis-for-enhancing-literary-reading-skills-kahusayan-sa-pagsusuri-ng-nobela-ni-dr-jose-p-rizal-batayan-sa-pag-angat-ng-pagbasa-ng/>
- Arellano Law Foundation. (1956, June 12). Republic Act No. 1425. Lawphil.Net. https://lawphil.net/statutes/repacts/ra1956/ra_1425_1956.html
- Berry, T. (2008, June). Pre-test Assessment. <https://via.library.depaul.edu/buspubs/63/>
- Bhandari, P. (2020, July 9). Descriptive statistics | definitions, types, examples. Scribbr. <https://www.scribbr.com/statistics/descriptive-statistics/>
- Dabalos, J. (2024). Pagsusuring Pangnilalaman ng Nobelang El Filibusterismo: Mungkahing Gabay ng Pagtuturo. *UB Advancing Filipino Research Journal*, 2(1), 40–53. <https://doi.org/10.15631/ubafjr.v2i1.207>
- DepEd MATATAG Curriculum Guide - All Subjects 2025. (2024, November 25). MATATAG Curriculum. <https://matatagcurriculum.com/matatag-curriculum-guide/>
- DepEd. (n.d.). How to compute mastery level Deped. Retrieved July 17, 2026, from <https://depedph.com/mastery-level-deped/>
- Dequito, A. D. (2025, June). Enhancing Literary Comprehension Skills of Grade 7 Students through Artistic Visualization Strategy. <https://ijrss.org/index.php/ijrss/article/view/605>
- Endico, R., & Ciruela, D. M. (2026, May). Makabuluhang Pag-aaral ng El Filibusterismo Gamit ang Thoughts, Questions, Epiphanies (TQE) sa Baitang 10 [Review of Makabuluhang Pag-aaral ng El Filibusterismo Gamit ang Thoughts, Questions, Epiphanies (TQE) sa Baitang 10]. Research Gate; Research Gate.
- Harvard Catalyst. (2022). Mixed Methods Research. In Harvard Catalyst. <https://catalyst.harvard.edu/community-engagement/mmr/>
- Imperial, J. M., & Ong, E. (2021). Diverse Linguistic Features for Assessing Reading Difficulty of Educational Filipino Texts. arXiv.Org. <https://arxiv.org/abs/2108.00241>
- Nikolopoulou, K. (2022, August 11). What Is Purposive Sampling? | Definition & Examples. Scribbr. <https://www.scribbr.com/methodology/purposive-sampling/>
- Salengga, H. G., & Baltazar, L. M. (2022). Instructional Material to Enhance the Reading Comprehension of Grade 10 Students through Viewing. <https://ejournals.ph/article.php?id=18906>
- Sunio, C., & Guzman, R. (2024, April 14). Lawak ng Bokabularyo at Antas ng Pag-unawa ng Pilipinong Pampublikong Mag-aaral sa Filipino [Review of Lawak ng Bokabularyo at Antas ng Pag-unawa ng Pilipinong Pampublikong Mag-aaral sa Filipino]. EPRA Journals; EPRA Journals. <https://eprajournals.com/IJMR/article/12749>
- Valdez, E. (2019). Pangwistikang Pagsusuri sa Burador ng Sanaysay Gamit ang Pagbabasa, Pagsusuri, at Pagwawasto (PPP). https://e-saliksik.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2022/03/I_2019_Valdez_Panglinggwistikang-Pagsusuri-sa-Burador-ng-Sanaysay-Gami-ang-Pagbabasa-Pagsusuri-at-Pagwawasto-PPP-1.pdf

Exploring challenges in numeracy skills of kindergarten learners in Ifugao

Tayaban, Alma D.

Ifugao State University- Main Campus, Philippines

Cadiente, Ma. Theresa C.

Ifugao State University- Main Campus, Philippines

Bolintao, Jeng Jeng M. ✉

Ifugao State University- Main Campus, Philippines

Vadil, Carlo F.

Nueva Vizcaya State University, Philippines



ISSN: 2243-7703

Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

Received: 18 May 2026

Available Online: 30 July 2026

Revised: 28 June 2026

DOI: 10.5861/ijrse.2026.26142

Accepted: 29 July 2026

Abstract

This study examined the challenges encountered by kindergarten teachers in teaching numeracy skills in Ifugao, a rural province in the Philippines. Anchored on the significance of early numeracy development in shaping learners' cognitive abilities, problem-solving skills, and future academic achievement, the study aimed to explore instructional barriers and generate insights for strengthening mathematics education in early childhood settings. A qualitative research design was employed, utilizing interviews with kindergarten teachers and school administrators, classroom observations, and document analysis of relevant instructional materials and school records. Data were analyzed through thematic analysis to identify emerging patterns and recurring themes. The findings revealed four major challenges affecting kindergarten numeracy instruction. The first involved pedagogical challenges, particularly teachers' limited exposure to innovative, developmentally appropriate, and learner-centered strategies for teaching mathematical concepts. The second concerned curriculum implementation challenges arising from continuous curriculum reforms and policy changes that required teachers to frequently adjust their instructional practices. The third highlighted resource and institutional support challenges, including inadequate instructional materials, limited technological resources, and insufficient opportunities for professional development. The fourth involved parental support challenges characterized by limited family involvement and weak home-school collaboration in reinforcing children's numeracy learning. The study recommends strengthening teachers' pedagogical competencies through sustained professional development, ensuring curriculum stability, improving instructional resources, and enhancing parental engagement initiatives. Collaborative efforts among schools, families, policymakers, higher education institutions, and community stakeholders are essential in creating a supportive

learning environment that promotes effective numeracy instruction and develops foundational mathematical competencies among kindergarten learners.

Keywords: kindergarten education, numeracy skills, early mathematics education, qualitative research, instructional challenges, parental involvement, Ifugao, Philippines

Exploring challenges in numeracy skills of kindergarten learners in Ifugao

1. Introduction

Early childhood education serves as the cornerstone of lifelong learning, with numeracy skills forming one of the most essential competencies that influence children's future academic achievement and everyday problem-solving abilities. Numeracy acquired during the kindergarten years provides learners with the foundational understanding of numbers, patterns, measurement, and logical reasoning necessary for success in mathematics and other disciplines. Research has consistently shown that children who develop strong numeracy skills in their early years are more likely to perform better academically and demonstrate greater confidence in mathematical thinking throughout their educational journey. Consequently, the quality of numeracy instruction in kindergarten has become a significant concern among educators, policymakers, and researchers, particularly in rural and geographically isolated communities where educational resources and support systems are often limited.

Despite the Philippine government's continuous efforts to strengthen early childhood education through the K to 12 curriculum and other educational reforms, numerous challenges continue to affect the effective teaching of numeracy skills in kindergarten classrooms. In provinces such as Ifugao, teachers encounter unique contextual difficulties arising from limited instructional resources, changing curriculum requirements, inadequate professional development opportunities, and varying levels of parental involvement. These challenges may hinder the implementation of effective numeracy instruction and consequently affect learners' readiness for elementary mathematics and future academic assessments. Understanding these challenges is essential for developing evidence-based interventions that address both instructional and systemic issues in early childhood education.

Against this backdrop, this qualitative study explores the challenges encountered by kindergarten teachers in teaching numeracy skills in Ifugao. Through interviews, classroom observations, and document analysis involving school administrators and kindergarten teachers, the study identifies key issues related to pedagogy, curriculum implementation, educational resources and institutional support, and parental collaboration. The findings are expected to provide valuable insights for educators, school leaders, policymakers, and higher education institutions in designing responsive professional development initiatives, strengthening curriculum implementation, improving resource allocation, and fostering meaningful school-home partnerships. Ultimately, the study contributes to the enhancement of early mathematics education and supports the development of equitable and high-quality learning experiences for kindergarten learners in rural communities.

This study aimed to explore the challenges encountered by kindergarten teachers in teaching numeracy skills in the Province of Ifugao, Cordillera Administrative Region, Philippines, an area whose contextual experiences in early mathematics instruction have received limited scholarly attention. Specifically, the study sought to examine teachers' perceptions of learners' numeracy competencies, the instructional strategies they employ, the challenges they encounter in teaching numeracy, and the implications of these findings for the development of a contextualized framework for teaching mathematics in kindergarten classrooms in Ifugao.

Specifically, this study sought to answer the following research questions:

- How do the respondents perceive the numeracy skills of kindergarten learners?
- What instructional strategies do kindergarten teachers employ in teaching numeracy skills?
- What challenges do kindergarten teachers encounter in teaching numeracy skills?
- How can the findings of this study inform the development of a contextualized framework for teaching numeracy in kindergarten classrooms in Ifugao?

2. Related Literature

Foundational skills are essential for preparing learners for life. Once developed, these skills enable individuals to embark on a successful academic journey and prepare them for the workforce (World Bank Group, 2024). The United Nations Sustainable Development Goals (SDG), particularly SDG 4 (Quality Education) under Target 4.2 (equal access to quality preprimary education), recognizes the importance of foundational skills through foundational learning (Küfeoğlu, 2022; UNESCO, 2017).

When discussing foundational skills, which are molded in early childhood education, numeracy is vital alongside literacy (Vasoya & Vansdadiya, 2023). According to Cao Thi et al. (2023), numeracy skills involve a child's ability to understand and work with numbers. These skills include basic arithmetic, understanding shapes and patterns, and developing problemsolving abilities. When children grasp these skills early, they are better prepared for the more complex mathematical concepts they will encounter in later stages of their education, as synthesized from several studies by Wright (2013). On the other hand, when children have a fair proficiency in acquiring this skill at a young age, they are at risk of encountering difficulties in learning mathematics (Lopez-Pedersen et al., 2023).

Further exploring numeracy in early childhood education, several studies have delved into this area. For example, Whyte et al. (2018) conducted qualitative research to explore Kindergarten educators' perspectives on their roles. Pincheira and Alsina (2022) utilized content analysis to examine pre-service teachers' mathematical knowledge in developing algebraic tasks. Furthermore, Henningsen (2013) argued for the benefits of authentic inquiry in preschool. They illustrated how young children's engagement in mathematical and literacy activities nurtures an understanding of these subjects and their broader environment.

Research into strategies for teaching numeracy in early math education has also been extensive. Ali and Mukhtar (2017) demonstrated that implementing the Fun-Learning Kid's tool through play-based methods enhances preschoolers' multiplication skills and cognitive development, irrespective of school type. Chigeza and Sorin (2016) conducted a study in Australia, revealing that integrating child-guided and adult-guided learning alongside arts-based strategies like drawing and postcard exchanges enhances Kindergarten children's grasp of numeracy concepts. They advocate for intentional teaching quality and adopt a numeracy progress monitoring scheme. Spencer (2013) discussed the positive impact of emerging mobile technologies such as iPads on children's motivation and self-efficacy in learning numeracy. Baroodi (2017) emphasized the effectiveness of hands-on experiences using familiar objects, stories, or pictures tailored to children's interests and readiness for learning mathematics. However, researchers face challenges in determining the precise efficacy of these methods, demanding consideration of children's internal thoughts and emotions during learning processes.

In addition to studies on teaching interventions, Björklund et al. (2020) conducted a meta-synthesis of contemporary research presented at mathematics conferences and in special journal issues. They presented that these studies have focused on the effectiveness of these interventions, factors influencing children's mathematical development, and critical mathematical concepts observed in young learners. Another meta-synthesis by Mononen et al. (2014) reviewed 19 peer-reviewed studies on early numeracy interventions for at-risk children aged four to seven, findings revealed that various instructional methods, including explicit teaching, computer-assisted instruction, games, and the use of different levels of math representations, effectively improved children's math skills.

While the interventions discussed in the studies above aim to improve numeracy skills, recent research emphasizes persistent challenges in early childhood numeracy education. This ongoing difficulty suggests that current foundational approaches may not enhance numeracy competence. Wästerlid (2019), examining kindergarten to third-grade learners struggling with math, reviewed 18 articles from ERIC, PsychINFO, and Web of Science. These studies identified low achievers primarily through test scores and teacher assessments of addition, subtraction, and counting skills. Despite using quantitative methods, which focus on numerical outcomes, the

studies imply that understanding how children learn math differently may require qualitative insights. Furthermore, additional research has explored ongoing difficulties in areas such as clock recognition (Earnest et al., 2018; Hus, 2022; MacDonald & Murphy, 2020; Mutlu & Korkmaz, 2020), number sequencing (Gould, 2016; Pasnak et al., 2016), and basic arithmetic operations (Jabeen et al., 2021).

Policymakers and educators could gain insights from studies on numeracy in early childhood education. These works serve as evidence of effective interventions for teaching numeracy skills to young children, inform curriculum development, support professional development, enhance early intervention programs, and promote evidence-based practices in educational policies and programs. However, these existing literatures suggest several areas for further exploration and improvement. Firstly, studies should explicitly connect their findings to specific SDG targets to make parallel to educational interventions with global development priorities. Secondly, they could consider contexts with limited technology and infrastructure to ensure that educational strategies are adaptable and inclusive across diverse settings. Thirdly, while qualitative and quantitative methodologies have been valuable, researchers could benefit from mixed methods approaches, as advocates argue that combining both could offer a more inclusive understanding of the issues investigated, overcoming the limitations of relying solely on qualitative or quantitative methodologies. Lastly, more studies focusing on specific contexts, such as local communities, are needed to ensure that educational practices are equitable, accessible, and inclusive. This micro-level consideration goes with the argument of Castillo (2023) and Castillo and Tunitit (2024), who suggest that integrating local community realities can inform inclusive and practical macro-policies.

In the Philippines, the curriculum emphasizes the development of numeracy skills during early childhood education, specifically in kindergarten. These skills are categorized under the cognitive domain. According to the curriculum, learners are expected to cultivate thinking skills and comprehend mathematical patterns, number concepts, and measurements such as length, capacity, mass, and time through hands-on experiences with concrete objects and materials (Department of Education, 2023).

Magkagayunpaman, ang mga mandatong ito ay isa lamang sa ilan pang mga pagnanais upang buhayin at pagyamanin ang kultura at panitikang Pilipino. Kung kaya, nilayon ng pag-aaral na ito na kolektahin at suriin ang ilan sa mga akdang naisulat na mga *Siday* ng mga mag-aaral ng Tanauan National High School sa Leyte. Sa pamamagitan nito ay magiging karagdagang materyal ang mga ito sa pagdukal ng kaalaman sa at pagpapaunlad ng panitikang Waray.

Layunin ng Pag-aaral - Nilalayon ng pag-aaral na ito na mapaunlad at makilala ang panitikang Waray ng mga nakararami lalong-lalo na ng mga mambabasa. Ang mga sumusunod ay mga katanungan kaugnay sa pagsusuri sa mga akdang naisulat ng mga mag-aaral ng Tanauan National High School:

1. Ano-anong siday ang naisulat ng mga mag-aaral ng Tanauan National High School?
2. Ano-anong paksa ang nangibabaw sa mga siday na naisulat ng mga mag-aaral ng Tanauan National High School?

Balangkas Teoretikal - Nakaangkla ang pag-aaral na ito sa Teoryang Mimetiko ni Plato bilang pangunahing batayan sa pagsusuri ng mga siday. Ayon sa teoryang ito, ang panitikan ay isang representasyon o paggaya sa buhay. Ipinakikita nito ang mga karanasan, pananaw, damdamin, at mga pangyayaring nagaganap sa lipunan sa pamamagitan ng malikhaing pagpapahayag. Sa pananaw ni Plato, ang panitikan ay nagsisilbing salamin ng realidad na maaaring magsiwalat ng katotohanan tungkol sa tao at sa mundong ginagalawan (Alvarado, 2019). Dagdag pa rito, malaki ang gagampanan ng teorya sa pagsusuri kung saan ang mga siday na naisulat ng mga mag-aaral ay maaaring magsilbing repleksiyon ng kanilang mga karanasan, obserbasyon, paniniwala, at pagpapahalaga. Sa pamamagitan nito, masusuri ang mga akda bilang salamin ng kanilang kontemporaneong pamumuhay at magiging batayan sa pagtukoy sa mga paksang kadalasang nangingibabaw sa kanilang mga isinulat.

Gayunpaman, ang Teoryang Realismo ay konektado sa Teoryang Mimetiko, sapagkat masusuri sa mga akda ng mga mag-aaral ang maaaring katotohanan na nakapaloob sa tema ng kani-kanilang mga akda. Ang mga akda ng mga mag-aaral ay naglalaman ng mga katotohanan na posible at tunay na nangyayari sa lipunang ginagalawan. Sa teoryang realismo, dito tinatalakay ang katotohanang bumabalot sa isang akda kung ito ba ay tunay na nangyayari sa lipunang ginagalawan at saklaw rin sa teoryang ito ang mga istoryang maaaring nangyayari sa buhay ng tao hindi lang sa mga kwentong nababasa. Ipinaliliwanag din dito ang katotohanan kaysa kagandahan, sinumang tao, ano mang bagay o lipunan, ayon sa mga realista ay dapat maging makatotohanan ang paglalarawan o paglalahad. Sa panahong ito, nakilala ang lumaganap na kaisipan nina Karl Marx at Frederick Engels (Villafuerte, 2000).

Bukod dito, nakabatay rin ang pag-aaral sa Teoryang Sosyolohikal, na nagbibigay-diin sa ugnayan ng panitikan at lipunan. Ayon kina Robante (2023), na binanggit si Castillo (2019), gagamitin ang Teoryang Sosyolohikal upang higit na maipaliwanag ang mga paksang lumitaw sa mga siday. Sa pamamagitan nito, masusuri kung ang mga temang nangingibabaw sa mga akda ay nagpapakita ng mga karanasan, pagpapahalaga, at kalagayang panlipunan ng mga mag-aaral. Makatutulong din ang teoryang ito upang maunawaan ang kaugnayan ng mga paksang isinulat sa konteksto ng kanilang pamayanan at sa kontemporaneong lipunang kanilang ginagalawan.

Sa kabuuan, magkaugnay ang Teoryang Mimetiko, Teoryang Realismo, at Teoryang Sikolohikal sa pagsusuri ng siday. Sapagkat, binibigyang-diin ng Teoryang Mimetiko ang panitikan bilang salamin ng buhay ng may akda at ng mga karanasang maaaring maging batayan ng paglikha ng siday. Pinagtibay naman ng Teoryang Realismo ang pagsusuri sa pamamagitan ng pagbibigay-halaga sa makatotohanang paglalarawan ng mga tao, pangyayari, at sitwasyong makikita sa mga siday. Samantala, ipinaliliwanag ng Teoryang Sosyolohikal ang ugnayan ng mga paksang lumitaw sa mga akda at ng kalagayang panlipunang pinagmulan ng mga ito. Sa pagsasanib ng tatlong teoryang ito, nagiging higit na komprehensibo ang pagsusuri sa mga siday, partikular sa pagtukoy sa mga naisulat na akda at sa pagsusuri sa mga paksang nangingibabaw na sumasalamain sa karanasan at realidad ng mga mag-aaral.

3. Metodolohiya

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa alinsunod sa pamaraang kalitatibo, tiyak ang disenyonang deskriptibo. Ayon kay Shinija (2024), ang deskriptibong disenyo ng pananaliksik ay ang isang paraan ng pagmamasisid, paglalarawan, at pagdudukumento sa aspekto ng isang sitwasyon o pangyayaring naganap nang natural. Kaugnay nito, ipinaliwanag naman ni Sandelowski (2000), ang deskriptibong kuwalitatibo na pananaliksik ay isang batayang lapit sa pananaliksik na naglalayong magbigay ng malinaw at tuwirang paglalarawan ng isang penomenon batay sa mga nakalap na datos. Dagdag pa rito, sa pagpapakahulugan naman nina Creswell at Poth (2018), na ang ganitong disenyo ay gumagamit ng mas kaunting pagpapakahulugan at hindi gaanong nakabatay sa pagbuo ng mga teorya, bagkus ay nakatuon sa masusing paglalarawan at pagsusuri ng mga datos upang maipakita ang tunay na kahulugan ng pinag-aaralang penomenon. Batay sa mga pagpapaliwanag na ito, ang disenyo ay angkop sa pag-aaral sapagkat nilalayan nitong suriin ang mga siday na naisulat ng mga mag-aaral ng Tanauan National High School. Sa pamamagitan ng masusing pagsusuri sa nilalaman ng bawat siday, natukoy ang mga paksang kadalasang nangingibabaw at naipaliwanag kung paano sumasalamain ang mga ito sa mga karanasan, pananaw, pagpapahalaga, at realidad ng mga mag-aaral sa kontemporaneong lipunan.

Sa pag-aaral na ito, ang pagpili ng lokal ay isinaalang-alang lalo pa't ito ay kilala bilang isa sa mga bayang may mayamang tradisyon sa panitikang Waray at tahanan ng isa sa mga kinikilalang iskolar at manunulat na si Jaime C. de Veyra, na may mahalagang ambag sa panitikang Waray at Wikang Filipino. Bukod dito, ang Tanauan National High School ay aktibong nakikilahok sa iba't ibang patimpalak sa larangan ng pagsulat at pamamahayag, upang maging angkop itong pagkunan ng mga akdang pampanitikan na susuriin sa pag-aaral.

Bago isinagawa ang pangangalap ng datos, humingi muna ng pahintulot ang mananaliksik sa Punong-guro ng Tanauan National High School upang maisagawa ang pag-aaral. Matapos maaprubahan ang kahilingan, nakipag-ugnayan ang mananaliksik sa tagapangulo ng Departamento ng Filipino at sa mga gurong may hawak ng asignatura upang makahingi ng tulong sa pagkalap ng mga siday na naisulat ng mga mag-aaral. Bukod dito, matapos makuha ang mga kinakailangang pahintulot, tinipon ang mga siday na nagsilbing pangunahing datos ng pag-aaral. Ang bawat akda ay inayos at inihanda upang maging batayan sa masusing pagsusuri ng nilalaman. Tiniyak din ng mananaliksik na ang mga nakalap na siday ay gagamitin lamang sa layunin ng pananaliksik at pananatiliing kumpidensiyal ang pagkakakilanlan ng mga may-akda kung kinakailangan.

4. Paglalahad, Pagsusuri, at Interpretasyon ng mga Datos

Talahanayan 1

Mga Siday na Naisulat ng mga Mag-aaral ng Tanauan National High School

Pamagat
Ayaw Tapud Baki
Ni: Ebeth Quilaquil Panubio
Kay Ano Sugad?
Ni: Danica Elona
Karma
Ni: Realuz Capangpangan
Pag-eskwela han Usa nga Bata
Ni: Jan Loid Tolibas
Hinigugma Ta Ikaw
Ni: Rea Mae Cajandoc

Matutunghayan sa Talahanayan 1 ang limang siday na naisulat ng mga mag-aaral ng Tanauan National High School, ang mga ito ay pumapaksa sa pagmamahal at buhay ng mga awtor. Ang unang siday ay ang “Ayaw Tapud Baki” [Huwag kang umasa Palaka] ni Ebeth Quilaquil Panubio na pumapaksa hinggil sa pagmamahal sa kapuwa. Ang pangalawa naman ang ang siday na “Kay ano Sugad?” [Bakit Ganon?] ni Danica Elona na pumapaksa sa iba’t ibang pag-uugali ng tao. Ang pangatlo ay ang “Karma” [Karma] ni Realuz Capangpangan na pumapaksa sa kasawian ng puso. Ang pang-apat ay ang “Pag-eskwela han Usa nga Bata” [Pag-aaral ng Isang Bata] ni Jan Loid Tolibas na pumapaksa naman ng kalagayan ng isang bata sa kanyang pag-aaral. At ang Panglima ay ang “Hinigugma ta Ikaw” [Minahal Kita] ni Rea Mae Cajandoc na pumapaksa naman sa isang pagmamahal na wagas at walang hinihinging kapalit.

Sa kabuuan, may limang (5) mga siday ang nakolekta ng mananaliksik mula sa mga kalahok, at ang mga ito ay nakasulat sa wikang Waray. Ang mga ito ay patunay lamang na sa kasalukuyang panahon ay may ilan pa ring mga kabataan ang sumusulat ng mga siday ayon sa kanilang interes, karanasan at damdamin. Ayon pa kay Amat (2019), ang mga panitikan ay maaari paring magpatuloy habang may mga matatandang mahilig magkuwento nito.

Talahanayan 2

Paksang Nangingibabaw sa mga Naisulat na Siday ng mga Mag-aaral ng Tanauan National High School

Pamagat	Paksa
Ayaw Tapud Baki	Pagmamahal
Ni: Ebeth Quilaquil Panubio	
Kay Ano Sugad?	Paninira sa Kapuwa Tao
Ni: Danica Elona	
Karma	Kasawian ng Puso
Ni: Realuz Capangpangan	
Pag-Iskwela han Usa nga Bata	Kalagayan ng Bata Tungkol Kaniyang Pag-aaral
Ni: Jan Loid Tolibas	
Hinigugma Ta Ikaw	Pagmamahal nang wagas
Ni: Rea Mae Cajandoc	

Makikita sa talahanayan 2 ang iba’t ibang uri ng siday na isinulat ng mga mag-aaral ng Tanauan National High School, ang mga ito’y kinakitaan ng mga paksa at aral batay sa pagsusuri ng mananaliksik.

Una sa mga siday ay ang “Ayaw Tapud Baki” na isinulat ni Ebeth Quilaquil Panubio. Ang akdang ito ay may temang “Pagmamahal” ito ay isang uri ng klasikong pag-ibig na tumutukoy sa pagmamahalang may pagitan. Ayon sa konteksto ng siday, binigyang paglalarawan dito ang parang langit–lupang pagitan ng pagmamahalan. Batay sa mga linya ng siday:

“Mag-aano manla ako kay minus man ako hin mga pagtan-aw,
 Kay kumo ako lugdang tubig nga magtin-aw,
 Pero waray sasabuta ha urhi nga mga adlaw,
 Ini nga lugdang magpapatibabaw...”
 “Apan iday puydi ba ako makaduol sa inyong pantalan,
 Aron akog makagdiskarga sa akong gugmang kinamada.”

Sa unang saknong ng siday, inilalarawan dito ang mababang katayuan ng isang tao na maaaring puno ng panghuhusga at pangmamaliit ng kanyang kapwa. Dahil dito, masasabing ito ay kumakatawan sa isang indibiduwal na nagmamahal sa kanyang kapwa na may mas mataas na antas ng pamumuhay. Bukod nito, ang ikalawang saknong ng siday ay naglalarawan ng pagpupursige at tapang sa pag-ibig. Ang uri ng temang ito ay maaaring mailapit sa teoryang klasikal lalo pa't ito ay tumutukoy sa uri ng imahen ng pag-ibig na ipinakilala ni Shakespeare sa kanyang akdang Romeo at Juliet. Ani pa, Vicuña (2023) sa kanyang artikulong "Hindi ito Pag-ibig",

"Ang mga babaeng namamatay nang dahil sa pag-ibig ay may kariktang kahabag-habag, nakapag-uudyok ng mapanglaw na pag-aasam. Ikinukubli ng kalunos-lunos na imahen ng naudlot na pag-ibig ang mga bagay na sa totoo'y pangit, mapait, at mahirap maarok"

Sa mas simpleng paglalarawan, isinasaad nito na ang pagkamatay dahil sa pag-ibig ay nakakaawa at malungkot. Ngunit sa likod ng romantikong larawan nito ay naroon ang sakit, pait, at hiras na dulot ng bigong pag-ibig. Samantala sa konteksto ng pag-aaral, ang nasabing siday ay nagpapaliwanag na ang pag-ibig ay mapanakit. Sapagkat hinahamak nito ang hiras alang-alang sa pagmamahal na nais makamit.

Sa kabilang banda, mapapansing nakasulat ang akda sa dalawang magkaibang wika—ang Waray at Cebuano. Dahil dito, mas naging malalaim ang pagsusuri sa tunay na kahulugan ng siday. Ayon sa kalahok, ang wikang kanyang kinagisnan ay may epekto sa kanyang istilo ng pagsulat. Aniya pa,

"Kay ha balay po may nagbibisaya ngan nagwawaray"

Ngunit sa kabila ng pagkakaroon ng dalawang wika ng may-akda, hindi naman ito naging dahilan sa pagpapaabot ng kahulugan at mensahe ng kanyang siday. Bagkus, ito ay naging isang istilo sa pagsulat ng tulang Waray sa kontemporeang anyo ng panitikan.

Ang ikalawang siday na may pamagat na "Kay Ano Sugad?" ay isinulat ni Danica Elona. Ito ay patungkol sa mga pag-uugali ng mga tao sa lipunang ginagalawan, ang siday ay kinapapalooban ng pagiging mapanira sa kapuwa.

Batay sa nabanggit sa akda na nagsasabing:

*"Bisan hi ikaw it buotan,
Hi ikaw la gihap an gin raraugdaugan,
Kay bisan ka kuma-in,
Damo la an lain-lain Nga mga yakan nga maglain,
Damo an mga pulong nga waray kamatuoran
waray ka ginbubuhat nga karautan
Hi ikaw pa lugud an gin ruruba han mga katawhan."*

Ang siday na ito ay maiuugnay sa mga teoryang pampanitikan na realismo na pinasikat noon nina Karl Marx at Frederick Engels at ang teoryang mimetiko. Kung papansinin ang makatotohanang pangyayaring nagaganap sa lipunan kahit nga sa mga lansangan at kahit saang banda ay makikita ang ganitong karanasan ng tao, panghuhusga, paninira, at hindi maayos na pakikitungo sa kapwa. Ayon kay Plato, ang akdang pampanitikan ay kumakatawan sa mga karanasan, kilos, at realidad na nasasaksihan ng tao sa lipunan (Alvarado, 2019). Sa pamamagitan ng siday, naipakita ang mga pagpapahalaga at pag-uugaling umiiral sa pamayanan na nagsisilbing repleksyon ng tunay na buhay. Bukod sa teoryang realismo, maiuugnay rin ang teoryang mimetiko sapagkat nagpapakita ito sa tunay na nararanasan ng mga indibiduwal bilang repleksyon ng kanilang pakikisalamuha sa loob ng isang lipunan. Ipinakikita nito ang mga pagpapahalaga at pag-uugali ng umiiral sa lipunang kinabibilangan ng tao. Kung pagbabasehan ang akda ito'y tunay na may kinalaman sa nasabing teorya.

Mula sa linyang:

*“Damo la gihap it natatamay ngan ginpapakaaluhan
Kay sugad iton damo it maglain it batasan,”
“May-ada usa nga tawo bisan Diri mo labtan masiring maki-awayon
Kay ano sugad it mga tawo damo nga suson
Danay makuri liwat intindihon.”*

Sa saknong na ito, ipinakikita ng siday na ang ugali ay isang transformatibong pwersa, ito ay nakapagpapabago sa kilos at isip ng tao. Sa pamamagitan ng siday na ito, inilalantad ng awtor ang totoong pangyayari sa ugali ng tao at sa kanyang lipunan bilang pagkabigo. Sa konteksto ng sikolohiyang Pilipino, ang ugaling ito ay may kinalaman sa “tampo” ayon pa kina Arcilla at Canayong (2019) ang tampo ay may kaugnayan sa sumpong o panandaliang pagkainis na kadalasan tinatago lamang sa sarili at may ugaling pagtanggap. Dagdag pa, ito ay munting galit na madaling mawala.

Ang ikatlong akda ay may pamagat na “Karma” ni: Realuz Capangpangan. Napapatungkol ang siday na ito sa sawing pag-ibig. Marahil dahil sa tema ng akdang ito ay masasabi ng mananaliksik na ang may akda ay maaaring nakaranas na nang ganito kabisigat na suliranin sa pagmamahal o buhay pag-ibig. Ang ganitong uri ng usapin sa buhay ay tampok lalo na sa kabataan ayon sa panahong kinabibilangan. Sa akdang ito, ang karma ay inilalarawan bilang isang *emotional expression* bilang *coping strategy*. Samantala, ayon pa sa pag-aaral nina Murillo et al. (2025) ang *dark humor*, isang paraan ng pagpapahayag ng damdamin na gumagamit ng ironiko o sarkastikong pananalita upang talakayin ang mga sensitibong paksa bilang paraan ng pagharap o pag-angkop sa mga suliranin.

Sa siday, binanggit ang mga saknong na nagsasabi na:

*“Ikaw sige it tawa Ako nagtitinangis pa,
Malipayon kana ha iya Samtang ako nagkukuri pa.”
“Intoy huna-hunaa
Mayda sinisiring nga karma
Maabot it takna Ikaw liwat it mabibiktima.”*

Mapapansin sa mga saknong na nabanggit ang pagiging emosyonal ng may akda, dito inilalahad kung ano ang nilalamang pampag-iisip ng may akda hinggil sa kanyang opinyon o di kaya’y karanasan sa buhay. Namayani rin sa siday ang katangian ng pagiging bigo at panghihinayang sa pag-ibig ng isang tao. Sa kabilang banda, kung susuriin sa pananaw ng *Cultural Relativism*, makikita na ang paniniwala ng persona sa *karma* ay maaaring maunawaan batay sa mga paniniwala at pagpapahalagang umiiral sa kaniyang kultura at lipunang kinabibilangan. Sa halip na husgahan ang ganitong pananaw, ipinakikita ng *Cultural Relativism* na ang mga paniniwala at pagpapahalagang ito ay dapat unawain sa konteksto ng kulturang pinagmulan ng may-akda. Dahil dito, higit na naipaliliwanag ang mensahe ng siday at ang ugnayan nito sa mga paniniwala at karanasang umiiral sa lipunan. Bukod dito, maliban sa teoryang sikolohikal, maiuugnay rin ang akda sa teoryang realismo sapagkat inilalarawan nito ang mga makatotohanang karanasang nararanasan ng tao sa buhay, lalo na sa usapin ng pag-ibig. Nabanggit na ang ganitong suliranin ay karaniwang nararanasan ng maraming kabataan sa kasalukuyan.

Patunay rito ang taludtod na:

*“Malipayon ka na ha iya,
samtang ako nagkukuri pa,”*

na nagpapakita ng sakit at panghihinayang na dulot ng pagkabigo sa pag-ibig. Ang ganitong sitwasyon ay hindi lamang kathang-isip kundi bahagi ng realidad na nararanasan ng maraming tao. Maiuugnay rin ang akda sa Teoryang Mimetiko sapagkat malinaw na ginagaya o isinasalamin nito ang mga karanasan at damdaming umiiral sa tunay na buhay.

Pinatutunayan ito mula sa linya ng siday na:

*“Kakulop akon ka pa,
pero yana iya ka na,
ginbayaan nga mag-usa,
samad inin dughan ura-ura,”*

ay sumasalamin sa karaniwang karanasan ng mga taong nakaranas ng kabiguan sa pag-ibig. Sa pananaw ng Teoryang Mimetiko, ang panitikan ay nagsisilbing salamin ng buhay, kaya't ang mga pangyayaring inilalarawan sa siday ay maituturing na repleksiyon ng mga sitwasyong nagaganap sa lipunan. Ngunit sa kabila ng lahat ng ito ay may makukuha paring moral o aral sa akda kasidayd ng Wag magmahal kung hindi kayang panindigan at wag mang iwan na parang wala lang dahil baka bukas puso mo naman ang masawi at maiwan. Kaya ang ganitong uri ng gintong aral ay masasabing magiiwan ng isang magandang kaalaman para sa mga mambabasa.

Ang ikaapat na siday na may pamagat na “Pag-Iskwela Han Usa Nga Bata” na isinulat ni Jan Loid Tolibas na tumatalakay o may paksaing patungkol sa kahalagahan ng pag-aaral. Mamumutawi sa akda ang kung ano ang importansya ng pag-aaral o edukasyon sa buhay ng tao bilang isang salik na bumubuo at humuhubog sa pagkatao ng bawat indibidwal. Masasabi mang likhang-isip ang ganitong uri ng akda ngunit naglalaman naman ito ang mahalagang moral o aral na tiyak na aantig at tatatak sa isip ng tao kasidayd ng huwag maging tamad sa pag-aaral bagkus magpursige ang bawat isa upang buhay at kinabukasan ay mabago sa magandang paraan. Ang ganitong moral ay may malaking epekto marahil sa taong babasa lalo na sa taong may mithiin at may gustong patunguhan sa buhay. Sa pagsusuri ng mananaliksik, ang akda ay pangunahing maiuugnay sa Teoryang Mimetiko sapagkat inilalarawan nito ang isang sitwasyong hindi nalalayo sa tunay na kalagayan ng lipunan. Ang kuwento ng isang batang ayaw mag-aral ngunit kalaunan ay napagtanto ang kahalagahan ng edukasyon ay sumasalamin sa mga karanasang nararanasan ng maraming kabataan. Bilang salamin ng buhay, ipinakikita ng siday na ang edukasyon ay may mahalagang papel sa paghubog ng kinabukasan at pagkatao ng isang indibidwal.

Makikita ito sa mga taludtod na nagsasabing:

*“May aada uusa nga bata nga nagdudumiri pag-eskuwela,
gusto la niya pagminulay ug paginukoy manla ha ira balay...”
“Kun amo man ini it bunga hit diri niya pag-eskuwela...”
Gabay kita umiskuwela para mahibaro lugod kita hit ngatanan.”*

Sa pamamagitan ng mga linyang ito, naipakikita ng akda ang mga makatotohanang pangyayaring maaaring maranasan ng isang mag-aaral at ang mga bunga ng kaniyang mga pagpapasya. Bukod dito, maaari ring suriin ang akda sa pananaw ng *Sociocultural Theory*. Sa lente ng teoryang ito, makikita na ang pagkatuto at paghubog ng pag-uugali ng bata ay hindi lamang bunga ng kaniyang sariling desisyon kundi ng impluwensiya ng pamilya, paaralan, at lipunang kaniyang kinabibilangan.

Ang mga taludtod na:

*“Sanglit kita na mga bata tuhaya gud pag-eskuwela
para mahibaro kita pagrespeto hit aton kag-anak ug iba pa,”*

Ito ay nagpapakita na ang edukasyon ay nagsisilbi ring daan upang malinang ang paggalang, disiplina, at iba pang pagpapahalagang panlipunan. Sa ganitong pananaw, naipaliliwanag na ang pag-aaral ay hindi lamang isang personal na tungkulin kundi isang prosesong hinuhubog ng ugnayan ng tao sa kaniyang kapaligirang panlipunan at pangkultura. Ayon pa sa Atlantic International University (2025), napakahalaga ng papel na ginagampanan ng edukasyon sa buhay ng tao. Layunin nitong magbigay-daan sa isang matagumpay na kinabukasan at bigyang-kapangyarihan ang bawat indibidwal upang maging mas kompetitib sa kani-kanilang larangan.

Ang panghuling akdang siday ay pinamagatang “Hinigugma Ta Ikaw” ni Rea Mae Cajandoc. Namumukod tangi rito ang paksang diwa na tungkol sa pagmamahal na wagas. Kung pagbabasehan ang akdang ito maaaring

masabi ng nakararami na naging malikhain ang manunulat sa kanyang obrang nilikha lalo na pagdating sa mga simbolismo na nakita ng mananaliksik at larawang diwa na namutawi sa nasabing akda.

Ayon sa linya ng siday:

*“Bisan gud ano tak buhaton ikaw gud la tak gusto lanaton,
bisan pa nat ine burubaliktaron ikaw gud la it para ha akon”*

Sinyales lamang ang siping ito ng akda na handa ang isang tao na magbigay, magpakatanga, at magpakamartir alang-alang sa pag-ibig. Mahihinuha sa daloy ng akda na kung pagbabasehan ang mga salik at emosyon nito ay masasabing may karanasan na ang batang sumulat ng obrang ito na tungkol sa pag-ibig o di-naman kaya’y batay lamang sa kanyang imahinasyon o opinyon pagdating sa salitang pagmamahal. Hindi maiiwasan sa buhay ng tao ang magkaroon ng ganitong paniniwala pagdating sa pag-ibig. Kaya naman upang magkaroon ng kaalaman ang mga mambabasa tungkol sa siday, batay sa pagsusuring ginawa ng mga mananaliksik kinakikitaan ito ng dalawang moralidad na maaring makaapekto sa babasa. Una, magmahal ng naaayon, kung ika’y nagmamahal ay wag sanang sumubra dahil baka sa huli ikaw lamang ay masawi. Pangalawa, magmahal ng may paniniwala sa isa’t isa, kailangan lamang ng pagkakaunawaan ng bawat isa upang walang mangyaring pagpapakatanga, pagpapakamartir at pagbibigay ng lahat ng lahat ng bagay sa taong minamahal.

Batay sa pagsusuri, maiuugnay ang akdang ito sa teoryang sikolohikal sapagkat Layunin ng siday na maghatid tanong sa mga mambabasa na tiyak hahamon sa isip ng bawat isa kasidayd ng siping ito “ano kaya ang mangyayari sa tao kung ibibigay niya ang lahat ng bagay sa kanyang taong minamahal?” maliban lamang sa mapapa-isip ang babasa sa ganitong uri ng akda ay malalaman din dito ang nilalaman at katayuan ng pag-iisip ng tao kasidayd sa siday. Bukod sa teoryang sikolohikal ay nariyan rin ang teoryang mimetiko na namukod tangi sa akda. Kaya’t ang damdamin at sitwasyonng inilalarawan sa siday ay maaaring repleksiyon ng mga karanasan ng maraming tao sa lipunanan.

Mula sa sipi ng linya ng siday na:

*“Mahalon mo la ak amo la tak kalipayon,
ikaw gudla tak mamahalon,
lumakat man ako hini nga nasud,
mabalik ak para ha aton.”*

Bukod dito, maari ring suriin ang akda sa pananaw ng teoryang semiotika. Sa lente ng teoryang ito, ang mga pahayag, simbolo, at larawang-diwang ginamit sa siday ay nagtataglay ng mas malalim na kahulugan kaysa sa literal nitong ipinahahayag. Ayon kay Macatangay (2024), ang semiotikang pagsusuri ay nakatutulong sa paglalantad ng mga nakatagong kahulugan ng mga simbolo at iba pang elementong pampanitikan sa pamamagitan ng pagsusuri sa ugnayan ng *signifier* at *signified*. Sa ganitong paraan, higit na napalalalim ang pag-unawa sa ideolohiya at mensaheng nakapaloob sa isang akdang pampanitikan. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga simbolong ito, higit na nauunawaan ang mensahe at damdaming nais ipabatid ng may-akda sa mga mambabasa.

Mula sa sipi ng linya ng siday na:

“Lumakat man ako hini nga nasud mabalik ak para ha aton”

Nangangahulugan lamang mula sa linyang ito, hindi lamang natutukoy sa pisikal na pag-alis kundi nagsisilbi ring simbolo ng sakripisyo, katapatan, at paninindigan sa pag-ibig. Ipinahihiwatig nito na sa kabila ng distansya, panahon, at mga pagsubok na maaaring maranasan, nananatiling matatag ang hangarin ng persona na balikan at ipaglaban ang taong kaniyang minamahal.

Samantala, sa pahayag na

“Ikaw gud la it para ha akon,”

Ito ay nagsisilbing simbolo ng lubos na katapatan, pagtitiwala, at wagas na katapatan sa pagmamahal sa tao. a pamamagitan ng mga simbolong ito, naipakikita ng siday na ang tunay na pag-ibig ay hindi lamang nasusukat sa mga salitang binibigkas kundi naaayon sa kahandaang magsakripisyo, maghintay, at manatiling tapat sa taong minamahal. Dahil dito, higit na napalalalim ng teoryang semiotika ang pag-unawa sa mga kahulugang nakapaloob sa mga simbolo at larawang-diwang ginamit ng may-akda sa pagbuo ng kabuuang mensahe ng siday. Ipinahihiwatig ng akda na ang tunay na pagmamahal ay hindi lamang nakabatay sa matinding damdamin kundi sa tamang pagpapahalaga, paggalang, at pananagutan sa isa't isa. Ang siday ay nagsisilbing paalala na ang pag-ibig ay dapat samahan ng tiwala, pag-unawa, at katapatan upang maging matatag sa kabila ng anumang pagsubok. Higit sa lahat, itinuturo ng akda na ang pagmamahal ay nararapat ibigay nang may hangganan at paggalang sa sariling dignidad, sapagkat ang tunay na pag-ibig ay hindi lamang marunong magsakripisyo kundi marunong ding pahalagahan ang sarili at ang kapakanan ng kapwa.

Batay sa isinagawang pagsusuri ng mananaliksik napag-alaman na malimit mabanggit ang mga akdang siday na mayroong paksaing napapatungkol sa pag-ibig. Kasali rito ang mga akdang may may pamagat na “Ayaw Tapud Baki”, “Karma”, at “Hinigugma ta Ikaw”. Habang ang dalawa namang akda na “Kay Ano Sugad?” at “Pagskwela Han Usa Nga Bata” ay may mag iba namang paksain na ang isa ay napapatungkol sa kamalayan sa pag-uugali ng taong nakapaligid sa kanya at isa naman ay napapatungkol sa buhay pag-aaral ng isang bata. Ngunit sa kabuuan, ang mga siday na ito ay salamin ng buhay at replektibong kultura ng mga Waray.

5. Lagom, Kongklusyon, at Rekomendasyon

5.1 Lagom

Sa kabuuan, ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa pagkolekta at paglalarawan sa mga naisulat na siday sa Tanauan National High School. Ang mga siday na ito ay larawan ng kontemporaneong panulaang Waray. Ang unang siday ay ang “Ayaw Tapud Baki” [Huwag kang umasa Palaka] ni Ebeth Quilaquil Panubio na pumapaksa hinggil sa pagmamahal. Ang pangalawa naman ang ang siday na “Kay ano Sugad?” [Bakit Ganon?] ni Danica Elona na pumapaksa sa iba’t ibang pag-uugali ng tao. Ang pangatlo ay ang “Karma” [Karma] ni Realuz Capangpangan na pumapaksa sa kasawian ng puso. Ang pang-apat ay ang “Pag-eskwela han Usa nga Bata” [Pag-aaral ng Isang Bata] ni Jan Loid Tolibas na pumapaksa naman ng kalagayan ng isang bata sa kanyang pag-aaral. At ang Panglima ay ang “Hinigugma ta Ikaw” [Minahal Kita] ni Rea Mae Cajandoc. Ang pananaliksik na ito ginamitan din ng tatlong teorya bilang mga pundasyon sa pag-unawa at analisis sa mga datos ay materyal ang mga ito ay ang Memetic, Sikolohikal, saykolohikal, at Realismong dulong sa pagsusuri ng mga akdang pampanitikan. Batay sa pagsusuri, karamihan sa mga siday ay tumatalakay sa pag-ibig, gaya ng “Ayaw Tapud Baki,” “Karma,” at “Hinigugma Ta Ikaw.” Samantala, ang “Kay Ano Sugad?” ay tungkol sa pag-uugali ng tao, habang ang “Pag-Iskwela han Usa nga Bata” ay nakatuon sa buhay-estudyante ng isang bata. Sa kabuuan, ang mga siday ay sumasalamin sa buhay at kulturang Waray.

6. Kongklusyon

Sa kabuuan, ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa pagkolekta at paglalarawan sa mga naisulat na siday sa Tanauan National High School. Ang mga siday na ito ay larawan ng kontemporaneong panulaang Waray. Ang unang siday ay ang “Ayaw Tapud Baki” [Huwag kang umasa Palaka] ni Ebeth Quilaquil Panubio na pumapaksa hinggil sa pagmamahal. Ang pangalawa naman ang ang siday na “Kay ano Sugad?” [Bakit Ganon?] ni Danica Elona na pumapaksa sa iba’t ibang pag-uugali ng tao. Ang pangatlo ay ang “Karma” [Karma] ni Realuz Capangpangan na pumapaksa sa kasawian ng puso. Ang pang-apat ay ang “Pag-eskwela han Usa nga Bata” [Pag-aaral ng Isang Bata] ni Jan Loid Tolibas na pumapaksa naman ng kalagayan ng isang bata sa kanyang pag-aaral. At ang Panglima ay ang “Hinigugma ta Ikaw” [Minahal Kita] ni Rea Mae Cajandoc. Batay sa pagsusuri, karamihan sa mga siday ay tumatalakay sa pag-ibig, gaya ng “Ayaw Tapud Baki,” “Karma,” at “Hinigugma Ta Ikaw.” Samantala, ang “Kay Ano Sugad?” ay tungkol sa pag-uugali ng tao, habang ang “Pag-Iskwela han Usa nga Bata”

ay nakatuon sa buhay-estudyante ng isang bata. Sa kabuuan, ang mga siday ay sumasalamin sa buhay at kulturang Waray.

Rekomendasyon - Batay sa isinagawang pag-aaral, inirerekomenda ng mananaliksik ang mga sumusunod na mungkahi o mga dapat gawin upang matugunan ng karampatang aksyon at hakbangin ng sinuman na may kamalayan sa pagprepreserba at pagpapalago ng panitikang Waray lalo na para sa mga sumusunod:

- Para sa mga guro, ganyakin pa ang mga mag-aaral na sumulat ng iba't ibang mga akdang pampanitikang Waray nang sa gayo'y mas lalong mapaulad pa ang nasabing panitikan nito.
- Sa paaralan, mas pagtuunan at bigyang halaga ang hilig ng mga mag-aaral sa larangan ng pagsusulat ng siday at iba't ibang akdang pampanitikan lalo na ang panitikang Waray upang magamit sa konetktuwalisadong pagkatuto ng mga mag-aaral sa klase.
- Pagyamanin ang pagsulat ng mga akdang may temang pagkamakabayan at iba pang temang panlipunan na hindi binigyang tuon bilang paksain o tema sa kahit anong anyo ng panitikang naisulat ng mga mag-aaral.
- Surriin ng iba pang mga mananaliksikang iba pang akdang pampanitikang Waray hindi lamang ang mga akdang nagtamo ng mga mataas na parangal katulad ng Palanca bilang instrumento ng isang pananaliksik.
- Sa mga mag-aaral, sanayin pa ang mga sariling kakayahan sa pagsusulat ng mga akdang pampanitikan nang sa gayo'y mahubog pa lalo ang talento ng bawat isa sa pagsulat ng siday.

AI Use Disclosure. Gumamit ang mananaliksik ng chatgpt para sa pagsasaayos ng salin ng mga sipi at talasanggunian tungo sa APA 7th Style Edition. Suri at inedit ng mga may-akda ang lahat ng output, kabilang ang fact-checking at beripikasyon. Walang kumpidensyal o personal na datos ang inilagay sa AI tools. Ganap na pananagutan ng mga may-akda ang nilalaman.

7. Sanggunian

- Atlantic International University. (2025). *The importance of education: Shaping the future of individuals and societies*. <https://aiu.edu/blog/the-importance-of-education-shaping-the-future-of-individuals-and-societies/>
- Alvarado, E. (2019). Luha ng buwaya: Wika at isyung sosyo-politikal ng mga magsasaka. *International Journal of Research Studies in Education*, 8(4). <https://doi.org/10.5861/ijrse.2019.4901>
- Amat, A. (2019). *Pagdalumang sa pamahin ng mga Taclobanon sa Hilagang Leyte* [Unpublished thesis]. Bicol State University.
- Arcilla, A. R. L., & Ruta-Canayong, N. J. (2019). Beeyotch's better than fiction: Intertekstual na signipikasyon sa pagpapahalagang Pilipino. *American Journal of Humanities and Social Sciences Research*, 3(6), 209–222.
- Castillo, P. J., Garcia Z. A., Lalong-isip, P. J. & Maravilla, A. (2019). Mga Teorya at Dulog sa Pagsusuring Pampanitikan. [PowerPoint slides]. Good Tree International School. <https://www.slideshare.net/PjCastillo2/mga-teorya-at-dulog-sa-pagsusuring-pampanitikan>
- Cole, N. L. (2019). Definition of cultural relativism in sociology. *ThoughtCo*. <https://www.thoughtco.com/cultural-relativism-definition-3026122>
- Coroza, M. M. (2006). Ang dapat mabatid ng sinumang tutula (o magtuturo ng pagsulat ng tula). *Archium Ateneo*. https://archium.ateneo.edu/cgi/viewcontent.cgi?params=/context/filipino-faculty-pubs/article/1036/&path_info=Ang_Dapat_Mabatid_ng_Sinumang_Tutula_O_M.pdf
- Creswell, J. W., & Poth, C. N. (2018). *Qualitative inquiry and research design: Choosing among five approaches*. SAGE Publications.
- De Loyola, D. D. (2022, August 20). *Bago pa man dumating ang mga Kastila*. studylib.net.

- <https://studylib.net/doc/25900338/bago-pa-man-dumating-ang- mga-kastila>
- Department of Education [DepEd]. (2016, October 24). *Mother Tongue-based learning makes lessons more interactive and easier for students*. deped.gov.ph. <https://www.deped.gov.ph/2016/10/24/mother-tongue-based-learning-makes-lessons-more-interactive-and-easier-for-students/>
- Department of Education. (2024, July 23). *Policy guidelines on the implementation of the MATATAG curriculum (DepEd Order No. 010, s. 2024)*. https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/DO_s2024_010.pdf
- Galit, G. (2024). Siday, hulagway ng lipunang Waray: Tugon sa kontekstuwalisasyon sa pagtuturo ng Filipino (Siday, Waray's social reflection: A response to contextualization in teaching Filipino). *The Normal Lights*, 18(2). <https://doi.org/10.56278/tnl.v18i2.2780>
- Lim. (2014, December 9). Kulturang Pilipino—Ang daanan ng pag-unlad. *Dustin's Blog*. <https://dlimm16.wordpress.com/2014/12/08/kulturang-pilipino-ang-daanan-ng-pag-unlad/>
- Macatangay, J. C. (2024). When Barthes meets Ben: Barthesian semiologies in selected short stories of Bienvenido N. Santos (BNS). *3L: Language, Linguistics, Literature—The Southeast Asian Journal of English Language Studies*, 30(4), 102–115. <https://doi.org/10.17576/3L-2024-3004-08>
- Murillo, J. S., Capin, C. A., Mesa, M. R., Torres, R. N. A., & Villanueva, C. M. (2025). Laughter in adversity: Exploring the meaning, motivations, and social uses of dark humor among Filipino college students. *Sinaya*, 3(3), 189–232. <https://doi.org/10.59588/3027-9283.1243>
- National Commission for Culture and the Arts. (2025). *Philippine Cultural Education Program 2025* [Brochure]. <https://philippineculturaleducation.com.ph/pcep/wp-content/uploads/2025/07/brochure-pcep-2025.pdf>
- Nibalvos, I. M. P. (2019). Lipunan at panitikan: Pag-uugat ng Kapilipinohan sa pagbubuo ng literaturang pambansa. *Malay Journal*, 32(1), Article 9. <https://doi.org/10.59588/2243-7851.1103>
- Robante, N., Reyes, D. A., & Libo-on, J. (2023). Maikling kwentong Hiligaynon: Isang pagsasalin at pagsusuring moralistiko at sosyolohikal. *Romblon State University Research Journal*, 5(1). <https://doi.org/10.58780/rsurj.v5i1.97>
- Sandelowski, M. (2000). Whatever happened to qualitative description? *Research in Nursing & Health*, 23(4), 334–340. <https://journalhosting.ucalgary.ca/index.php/ijnss/article/view/71786>
- Shinija, N. A. (2024, April). *Descriptive research design*. <https://doi.org/10.13140/RG.2.2.19205.36325>
- Tenasas, M. R. E. (2020). The oral aurality of the radio Waray siday. *Kritika Kultura*, 35(1), 8. <https://archium.ateneo.edu/cgi/viewcontent.cgi?article=1846&context=kk>
- Vicuña, V. G. (2023). Hindi ito kuwentong pag-ibig. *Katipunan*, 11(1), Article 5. <https://archium.ateneo.edu/katipunan/vol11/iss1/5>
- Villafuerte, Patrocinio V. (2000). *Panunuring Pampanitikan (Teorya at Pagsasanay)*. Valenzuela City: Mutya Publishing House, Inc.
- Vygotsky, L. (1978). *Socioculturalism theory*. <https://www.gowriensw.com.au/thought-leadership/vygotsky-theory>

Remedial reading programs for improving reading comprehension and fluency: A critical narrative literature review

Obejas, Regine ✉

Don Mariano Marcos Memorial State University- North La Union Campus, Philippines
(regine.obejas@deped.gov.ph)

Received: 5 July 2026
Available Online: 30 July 2026

Revised: 28 July 2026
DOI: 10.5861/ijrse.2026.26308

Accepted: 29 July 2026



ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

Abstract

The implementation of remedial reading programs is vital in addressing the persistent reading difficulties of learners. This study, a critical narrative literature, looks into the effectiveness of these programs in solving the problems in reading. More or less forty peer-reviewed studies which were published from 2019 to 2025 were analyzed and reviewed. The studies were analyzed and summarize through thematic analysis. This critical narrative review of the literature highlights important aspects of remedial reading. These include learner's background, strategies in remedial reading instruction, sustainability of the programs and the role of leaders in the implementation of the programs. Findings suggest that the improvement of reading skills through remedial reading is consistent and depends not only on how it is implemented but also on teacher readiness, proper implementation and strong instructional leadership. While numerous studies have been conducted on remedial reading programs, there are still gaps in the literature, particularly in leadership-focused analysis, long-term research, and studies specific to the Philippine context. This study contributes to the existing literature by treating remedial reading programs not only as an intervention for struggling readers, but also as a product of strong leadership support. And it stresses the importance of strategies that respond to the needs of different learning environments and communities.

Keywords: remedial reading, reading comprehension, reading fluency, instructional leadership, educational administration

Remedial reading programs for improving reading comprehension and fluency: A critical narrative literature review

1. Introduction

Reading is one of the macro skills that a learner must have in order to be successful in school. However, persistent reading challenges persist throughout the years. Many students are promoted to the next grade level without having reached the expected level of reading proficiency. This situation raises concern not only about the effectiveness of instructional practices but also about how schools find, support, and sustain responses to reading difficulties over time. Thus, intervention strategies are put in place to assist learners to develop their reading skills. One of the common interventions is the use of remedial reading programs. This focuses on developing core reading skills including vocabulary development, comprehension, fluency and decoding. However, it is impossible to determine the success and effectiveness of these programs solely by their instructional design as it depends on many factors such as teacher's capacity to teach reading, availability of resources, consistency of implementation and leadership support. Often these other elements are not considered, and even well designed programs may be undermined in their ability to achieve intended outcomes.

It is a problem to research remedial reading programs only in terms of the classroom. Much of the literature is concerned with the implementation of the remedial reading programs and its outcomes after a certain period of time, often less attention is paid to the other factors affecting its success. This narrow focus might limit the ability of educational institutions to develop long-term and sustainable approaches to improving literacy outcomes. Remedial reading programs are, indeed, not isolated classroom activities. These are implemented in complex school settings where the effectiveness and sustainability are greatly affected by policy mandates and administrative decisions. The problems on literacy of learners in the Philippines continue.

Assessments taken at the beginning of the school year (Philippine Informal Reading Inventory [Phil-IRI] for Key Stages 2-3 and Comprehensive Rapid Literacy Assessment [CRLA] for Key Stage 1) revealed that a small percentage of learners are on grade level in reading, which means that many learners are still below the expected reading levels. The findings provide basis in the implementation of remedial reading program. However, there are some reading difficulties at the end of school year. This indicates that, although identifying reading gaps is an important step, challenges remain in translating assessment results into effective and sustained remediation practices.

To address these challenges, the Department of Education has put up several initiatives to improve literacy outcomes. These include the Academic Recovery and Accessible Learning (ARAL) Program, 3B's (Bawat Bata Bumabasa), and other school-based remedial reading programs. These efforts are directed at giving struggling learners a variety of reading activities such as guided reading and differentiated instruction. Studies by Casingal (2022) and Pocaan et al., (2022) reveal that these programs can enhance reading performance among learners if the instruction meets the learners' needs and are contextualized and continuous. However, the gains achieved through these interventions are not always the same and can be difficult to sustain without the presence of strong institutional support, continuous monitoring and a clear commitment to long-term implementation. Moreover, studies on remedial reading programs in the Philippines, especially in the public schools, reveal persistent problems such as teacher preparedness, availability of materials and resources, big class sizes, and lack of time. Teachers who are assigned to serve as reading tutors may have a range of responsibilities that may affect the effectiveness of the program. Some schools implement remedial reading programs but these are only applied in their own respective institutions and not adopted by a wider range of schools.

That is why there is a need to study remedial reading programs in the context of instructional leadership and educational administration. These programs are also affected by support, monitoring and sustainability among

schools. Thus, improving reading outcomes require more than effective practices in the classroom; it needs clear leadership practices, policy alignment and greater coordination at the school level. Classroom strategies remain important, but the effectiveness of these programs also depends on the systems, structures and support around their implementation. In this regard, the review is structured with the following research questions that define the scope and direction of the study: (1) Which of the remedial reading interventions are the most effective to enhance the reading comprehension and fluency of learners? (2) What contextual and instructional factors affect the effectiveness of remedial reading programs? (3) What is the contribution of administrative support and school leadership to the implementation and sustainability of remedial reading programs?

In this review, merely presenting or summarizing the findings of existing literatures is not enough. Instead, the study critically reviews previous studies to better understand how remedial reading programs work in broader educational contexts. Thus, the review seeks to reposition remedial reading as part of the broader discourse of instructional leadership, emphasizing the need for approaches that are research-informed and responsive to local contexts and institutional support. This study adopts a critical narrative literature review as opposed to a strict systematic review methodology, allowing for interpretative synthesis and meaningful engagement with a range of sources.

2. Theoretical/Conceptual Framework

This study is based on an integrated theoretical and conceptual framework that collectively explains the relationship between reading development, intervention design, and educational leadership. These include the Simple View of Reading, Scarborough's Reading Rope, Response to Intervention (RTI), Multi-Tiered System of Supports (MTSS), and Instructional Leadership Theory. Together, these frameworks offer a holistic view to understanding how remedial reading programs improve reading comprehension and fluency in school systems.

The Simple View of Reading (Hoover & Gough, 1990) is at the core of reading development. This theory posits that reading comprehension is the product of two necessary components: decoding and linguistic comprehension. In this model, it is assumed that the learners will not be able to understand fully unless the two components are properly developed. This framework is particularly useful for remedial reading programs because it considers the need for focused interventions in word recognition and meaning-making processes for struggling readers. This is the context for understanding why reading interventions include both fluency and comprehension.

Scarborough's Reading Rope goes one step further and offers a more detailed way of thinking about how reading proficiency develops over time. (McCandlish, 2024), explained that it is about word recognition and language understanding. These are developed slowly together to improve reading skills. This framework illustrates that successful remedial programs must include a variety of instructional strategies that address both phonemic awareness and comprehension, a holistic remedial process rather than just fragmented teaching of skills.

Response to Intervention (RTI) is another theory to support the framework. RTI is an instructional method that identifies struggling learners early and provides tiered support. RTI is "the increasing levels of intervention intensity that give educators the power to meet the varied needs of learners through targeted instruction and ongoing progress monitoring" (Bejona, 2025). This framework has direct application to remedial reading programs given that it provides a framework for the organization of the way interventions are presented, assessed, and modified based on the performance of the learner.

MTSS is built on RTI and expands the intervention model to a school-wide framework. The Multi-Tiered System of Supports (MTSS) MTSS is a group of processes and structures schools use to support all learners to be successful including academic, behavioral, and instructional supports (Brown-Chidsey et al., 2025). In the context of remedial reading, MTSS emphasizes the need for system-wide coordination of implementation, pointing out that interventions are not independent projects but are integrated into a holistic approach to address the needs of varied learners.

Instructional leadership is another significant foundation for this study. Hallinger (2003) defines Instructional Leadership as teacher development through modelling, provision of resources and development of conditions that directly influence student achievement. This is useful for the sustainability and establishment of remedial reading programs in schools.

In support of this study, an integrated conceptual model is developed, incorporating theories of reading development (Simple View and Reading Rope), intervention frameworks (RTI and MTSS), and Instructional Leadership Theory. Theories of reading development help explain the nature of reading difficulties, and intervention frameworks help guide the design and delivery of remedial programs. In addition, Instructional Leadership Theory offers the context needed for program effectiveness and sustainability. This synthesis supports that remedial reading programs are influenced by both pedagogical and organizational factors, and not simply a pedagogical measure.

2.1 Theme 1: Historical Foundations and Early Studies on Remedial Reading Programs

Previous studies on remedial reading established the theoretical basis for present-day intervention practices. It is through the recognition of the sequential process of comprehension and fluency acquisition and the requirement for specific teaching in school settings. Hall et al. (2020) found that teaching direct instruction on making inferences improved comprehension among struggling readers. This is consistent with earlier cognitive views of reading as an active process of meaning construction rather than decoding of text. Furthermore, Miller and Massey (2022) pointed out that reading fluency interventions are vital to improve comprehension, particularly for students with persistent reading difficulties. The results also provide additional support for the long-standing view that fluency and comprehension are closely related aspects of reading development. In general, these studies contribute to the theoretical and practical base of remedial reading, but there are some limitations and gaps that need further investigation.

Maydew's (2025) historical account usefully situates remedial reading in the context of institutional development. However, its emphasis on structural evolution might overlook the significance of variation at the classroom level and the agency of teachers. The study emphasizes that leaders respond to literacy deficiencies through remediation programs, which may outshine the real contribution of quality instruction, expertise of teachers, and other factors or contexts that lead to the success of a program. In this sense the study only gives an overview of the implementation of these institutional frameworks, but does not analyze its details.

Mahalaga ring banggitin na ang teorya ng motibasyon ni Gardner ay kinikilala bilang isa sa mga pinakamaimpluwensiyang teorya sa larangan ng pagkatuto ng ikalawang wika. Inilarawan ni Gardner ang motibasyon bilang isang malawak na penomenong binubuo ng iba't ibang katangian na sama-samang nakaaapekto sa pagkatuto ng wika. Ayon kay Gardner (2010), may tatlong pangunahing sangkap ang motibasyon sa pagkatuto ng ikalawang wika. Una, ang motibasyonal na intensidad (*motivational intensity*), na tumutukoy sa antas ng oras, pagsisikap, at dedikasyong inilalaan ng mga mag-aaral sa pagkatuto. Ikalawa, ang matibay na hangarin o pagpapasiya (*desire to learn*) na matutuhan ang isang partikular na wika. Ikatlo, ang positibong saloobin (*attitude*) ng mag-aaral sa pagkatuto ng wika.

Layunin ng Pag-aaral - Layunin ng kasalukuyang pag-aaral na matukoy ang antas ng motibasyonal na intensidad at hangaring matutuhan ang wikang Ingles ng mga respondente batay sa teorya ng motibasyon ni Gardner.

3. Metodolohiya ng Pag-aaral

Gumamit ang pag-aaral na ito ng kwantitatibong disenyo ng pananaliksik, partikular ang mga deskriptibong estadistikal na pamamaraan tulad ng *mean*, *median*, at *standard deviation* upang ilarawan at suriin ang mga nakalap na datos. Isinagawa ang pagsusuri ng datos sa pamamagitan ng Statistical Package for the Social Sciences (SPSS). Pangunahing layunin ng pag-aaral na matukoy ang antas ng motibasyonal na intensidad (*motivational intensity*) ng mga respondente at ang kanilang hangaring matutuhan ang wikang Ingles.

Ang mga respondente ay binubuo ng mga mag-aaral sa ikatlong taon ng sekondarya na sapalarang pinili mula sa mga pampublikong paaralan sa isang dibisyon sa Rehiyon VIII, Pilipinas. Upang masukat ang antas ng pagsisikap ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng wikang Ingles, ginamit sa pag-aaral ang *Motivational Intensity Scale* na iniangkop mula kay Gardner. Binubuo ang instrumento ng anim na tanong, at bawat tanong ay may apat na pagpipilian na sumasalamain sa antas ng pagsisikap na inilalaan ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng wikang Ingles. Ang mas mataas na iskor sa iskala ay nagpapahiwatig ng mas mataas na antas ng motibasyonal na intensidad.

Isang halimbawa ng aytem sa instrumento ang inilahad sa ibaba.

Kung hindi itinuturo ang Ingles sa paaralan.

- a. Hindi na ako mag-aaksaya pa ng panahong mag-aral dito.
- b. Magsisikap akong mag-aaral nito sa ibang lugar.
- k. Matuto rin ako nito sa pang-araw-araw na gawain (halimbawa, pagbasa ng mga aklat at pahayagan Ingles; pagsasalita nito hangga't may pagkakataon).
- d. Wala sa alinman dito (ipaliwanag)

Ginamit din sa pag-aaral ang *Desire to Learn English Scale*, na iniangkop din mula kay Gardner. Binubuo ang instrumentong ito ng walong aytem na naglalayong sukatin ang antas ng hangarin ng mga respondente na matutuhan ang wikang Ingles. Ang mas mataas na iskor sa iskalang ito ay nagpapahiwatig ng mas mataas na antas ng hangaring matutuhan ang wikang Ingles. Isang halimbawa ng aytem sa instrumento ang inilahad sa ibaba.

Kung may takdang aralin ako sa Inglis:

- a. Ginagawa ko ito kaagad.
- b. Nayayamot ako nang husto.
- k. Ipinagpapaliban ko muna hanggang matapos ko ang iba pang aralin.
- d. Wala sa alinman dito (ipaliwanag)

Isinailalim ang mga instrumentong ito sa balidasyong pangnilalaman (*content validation*) ng mga eksperto sa pagtuturo ng wika, gayundin ng mga guro sa Ingles at Filipino. Batay sa kanilang mga mungkahi, nirebisa ang ilang aytem upang higit na maiangkop ang mga ito sa antas ng pagbasa ng mga respondente. Bukod dito, isinagawa rin ang *pilot testing* at karagdagang pagpipino sa mga instrumento bago ang aktuwal na pangangalap ng datos.

Bago isagawa ang pangangalap ng datos, nakakuha ang mananaliksik ng pormal na pahintulot mula sa mga kinaukulang opisyal ng Department of Education (DepEd), gayundin ng malayang kakahintulatang may sapat na kaalaman (*informed consent*) mula sa mga respondente. Upang mapangalagaan ang kanilang pagkakakilanlan, binigyan ng natatanging numerikal na kodigo ang bawat respondente. Ang lahat ng nakalap na datos ay pinangasiwaan nang may lubos na pagiging kompidensiyal at alinsunod sa mga pamantayang etikal sa pananaliksik.

4. Resulta ng Pag-aaral

Ang unang layunin ng pag-aaral ay matukoy ang antas ng motibasyonal na intensidad ng mga respondente. Ipinakikita sa Talahanayan 1 na ang kanilang antas ng motibasyonal na intensidad ay may *mean* na 12.50 at *standard deviation* na 2.38 ($M = 12.50$, $SD = 2.38$). Ipinahihiwatig ng resultang ito na ang mga respondente ay nagtataglay ng napakakasiya-siya o mataas na antas ng motibasyonal na intensidad.

Talahanayan 1

Antas ng motibasyonal na intensidad ng mga mag-aaral

	Pinakamataas na posibleng iskor	Mean Score	S.D.
Motibasyonal na intensidad	18	12.5	2.38

Maaaring maipaliwanag ang resultang ito sa kontekstong historikal ng Pilipinas, na nasakop ng mga Amerikano sa loob ng ilang dekada. Bunga nito, maraming Pilipino ang nagkaroon ng positibong saloobin sa wikang Ingles (Flores, 2024). Bukod dito, dahil kinikilala ang Ingles bilang mahalagang kasangkapan sa pagkakaroon ng mas mahusay na oportunidad sa trabaho, mas mataas na antas ng edukasyon, at mas mabisang

komunikasyon, mas pinipili ng maraming Pilipino ang paggamit ng Ingles bilang wikang panturo kaysa sa pambansa o katutubong wika (Dimaculangan & Gustilo, 2018).

Kaayon ng mga natuklasang ito, iniulat nina Sicam at Lucas (2016) na ang mga mag-aaral sa mataas na paaralan sa Pilipinas, na binubuo ng 473 kalahok mula sa dalawang pampublikong paaralan at isang pribadong paaralan, ay nagpakita ng napakataas na positibong saloobin sa wikang Ingles at mataas na motibasyon na matutuhan ito. Natuklasan din nila na ang katayuang sosyo-ekonomiko (*socio-economic status*) ng mga mag-aaral, lalo na ng mga nag-aaral sa pribadong paaralan, ay may makabuluhang ugnayan sa kanilang positibong saloobin sa wikang Ingles.

Kung isasaalang-alang ang kontekstong sosyo-ekonomiko ng Pilipinas, malaking bahagdan ng mga mag-aaral na nabubuhay sa ilalim ng antas ng kahirapan ay nag-aaral sa mga pampublikong paaralan, samantalang ang mga mag-aaral mula sa mga pamilyang may mataas na antas ng kabuhayan ay karaniwang pumapasok sa mga pribadong paaralan o piling pampublikong institusyong pang-edukasyon, gaya ng Philippine Science High School, at sa mga prestihiyosong unibersidad, tulad ng University of the Philippines. Sa mga mag-aaral na nagmumula sa mga pamilyang may mababang kita, ang pagkatuto ng wikang Ingles ay nagsisilbing mahalagang paraan upang mapalawak ang oportunidad sa empleyo at mapabuti ang kanilang kalagayang pang-ekonomiko (British Council, 2015). Sa kabilang banda, ang mga mag-aaral mula sa mga pamilyang may mataas na antas ng kabuhayan ay may higit na akses sa mga mapagkukunang pang-edukasyon, mga pagkakataong magamit ang Ingles, at mga kapaligirang sumusuporta sa pagkatuto ng wika. Dahil dito, ang kanilang motibasyon sa pagkatuto ng Ingles ay higit na nakatuon sa pagpapatibay ng kanilang katayuang panlipunan at pagpapalawak ng pandaigdigang ugnayan kaysa sa paggamit nito bilang instrumento ng pag-angat sa kabuhayan.

Gayunpaman, ipinakikita ng mga pag-aaral na ang mga mag-aaral mula sa mga pamilyang may mababang kita ay nahaharap sa iba't ibang balakid, kabilang ang limitadong akses sa mga kagamitang panturo at kakulangan ng suportadong kapaligiran sa pagkatuto. Ang mga kondisyong ito ay maaaring magpababa sa kanilang antas ng motibasyonal na intensidad sa pagkatuto ng wikang Ingles kumpara sa mga mag-aaral na nagmumula sa mga pamilyang may mas mataas na antas ng kabuhayan (Bernardo, 2004; Budiongan et al., 2024).

Layunin din ng pag-aaral na matukoy ang antas ng hangarin ng mga respondente na matutuhan ang wikang Ingles. Ipinakikita sa Talahanayan 2 na ang mga respondente ay nakapagtala ng mean na 23.80 at S.D. na 3.80. Ipinahihiwatig ng resultang ito na ang mga respondente ay may mataas na antas ng hangarin na matutuhan ang wikang Ingles.

Talahanayan 2

Antas na matutuhan ang wikang Ingles ng mga mag-aaral

	Pinakamataas na posibleng iskor	Mean Score	S.D.
Hangaring matutuhan ang wikang Ingles	30	23.8	3.80

Ang natuklasang ito ay umaayon sa lumalawak na kalipunan ng mga pag-aaral na nagpapakita ng mataas na antas ng hangarin ng mga mag-aaral na matutuhan ang wikang Ingles at ng malaking pagsisikap ng maraming mag-aaral na Pilipino upang malinang ang kanilang kasanayan sa wikang ito. Sa konteksto ng Pilipinas, malawak na kinikilala ang wikang Ingles bilang isang mahalagang daan tungo sa tagumpay sa akademiko, pandaigdigang komunikasyon, at mas malawak na oportunidad sa trabaho. Dahil dito, maraming mag-aaral ang nagpapakita ng kahandaang makilahok sa pagkatuto ng wikang Ingles sa kabila ng mga umiiral na hamon, tulad ng limitadong pagkakataon para sa paggamit ng wika, hindi magkakapantay na kalidad ng pagtuturo, at mga pagkakaibang sosyo-ekonomiko.

Ipinakikita rin ng mga naunang pag-aaral na ang motibasyon at patuloy na pagsisikap ng mga mag-aaral ay

mahahalagang salik sa matagumpay na pagkatuto ng ikalawang wika, maging ito man ay Ingles o Filipino. Gayunpaman, higit na nagiging mabisa ang mga salik na ito kung sinusupportahan ng isang kapaligirang nakapagpapasigla sa pagkatuto, de-kalidad na pagtuturo, at sapat na pagkakataon para sa makabuluhang paggamit ng wika; mga kondisyong nananatiling hamon sa maraming silid-aralan sa Pilipinas (Bernardo, 2004; Dörnyei & Ushioda, 2021).

Mahalagang tandaan na ang pagpapaunlad ng motibasyon ng mga mag-aaral na matutuhan ang wikang Ingles habang sila ay nasa antas ng sekondarya ay maaaring makatulong sa kanilang mas maayos na paglipat sa mataas na edukasyon (edukasyong tersiyarya). Higit pa rito, maaari silang maging mas handa sa pagharap sa mga lingguwistikong kahingian ng pagkatuto sa antas ng unibersidad (Dörnyei & Ushioda, 2021; Gardner, 1985).

5. Kongklusyon at mga Rekomendasyon

Sinuri sa pag-aaral na ito ang antas ng motibasyonal na intensidad at hangaring matutuhan ang wikang Ingles ng mga respondente batay sa teorya ng motibasyon ni Gardner sa pagkatuto ng ikalawang wika. Ipinakita ng mga natuklasan na ang mga respondente ay nagtataglay ng mataas na antas ng motibasyonal na intensidad at matinding hangaring matutuhan ang wikang Ingles. Ipinahihiwatig ng mga resultang ito na mataas ang kanilang motibasyon na makibahagi sa pagkatuto ng wikang Ingles at kinikilala nila ang akademiko, panlipunan, at propesyonal na kahalagahan ng wikang ito. Higit pa rito, ipinakikita ng kanilang mataas na antas ng motibasyon ang kahandaan nilang maglaan ng tuloy-tuloy na pagsisikap upang higit pang mapaunlad ang kanilang kasanayan sa wikang Ingles.

Subalit ang motibasyon at positibong saloobin sa pagkatuto ng wikang Ingles ay hindi sapat upang maisalin sa mataas na antas ng kasanayan sa Ingles. Ito ay isang hamon na kinahaharap ng maraming mag-aaral, lalo na sa mga pampublikong sekondaryang paaralan sa Pilipinas, kung saan nananatiling mababa ang antas ng kanilang kahusayan sa wikang Ingles sa kabila ng kanilang positibong disposisyon sa pagkatuto nito. Isang implikasyon nito ay mahalagang taglayin ng mga guro sa Ingles ang malalim na kaalaman at kasanayan sa paggamit ng iba't ibang estratehiya at metodolohiya sa pagtuturo ng wikang Ingles. Ang mga pamamaraang ito ay nararapat na nakabatay sa pananaliksik at napatunayang mabisa sa pamamagitan ng empirikal na ebidensya upang magsilbing matibay na batayan sa pagbuo ng mga desisyong pedagogikal.

Gayundin, kinakailangang lumikha ang mga guro ng sapat at makabuluhang pagkakataon upang magamit ng mga mag-aaral ang wikang Ingles sa lahat ng modalidad ng komunikasyon, lalo na sa mga kontekstuwalisado at tunay na sitwasyong kaugnay ng kanilang pang-araw-araw na karanasan. Mahalaga ang ganitong mga oportunidad sapagkat para sa maraming mag-aaral, lalo na sa mga pampublikong paaralan, ang silid-aralan lamang ang pangunahing lugar kung saan nila nagagamit ang wikang Ingles. Halimbawa rito ay ang paggamit ng mga interaktibo at kolaboratibong gawaing pampagkatuto, gaya ng mga proyektong nakabatay sa gawain (project-based tasks), pagsasagawa ng role play, at makabuluhang talakayan, ay nakatutulong sa pagpapalawak ng bokabularyo, pagpapaunlad ng kasanayan sa gramatika, at pagpapataas ng kumpiyansa ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang Ingles sa pasalita at pasulat (Eslit & Valderama, 2021). Ang sistematikong integrasyon ng mga autentiko, interaktibo, at kolaboratibong gawaing pampagkatuto ay maaaring magsilbing mahalagang interbensiyong pedagogikal upang mapaunlad ang kasanayan sa wikang Ingles at matugunan ang mababang antas ng kahusayan sa Ingles na nananatiling hamon sa maraming mag-aaral.

Batay din sa mga natuklasan ng pag-aaral, inirerekomenda na ang mga susunod na pananaliksik ay siyasatin ang ugnayan ng motibasyonal na intensidad, hangaring matutuhan ang wikang Ingles, at kahusayan sa paggamit ng wikang Ingles ng mga mag-aaral sa konteksto ng Pilipinas sa pamamagitan ng mas matatag na disenyong korelasyonal o prediktibong disenyo ng pananaliksik. Ang mga pag-aaral na ito ay inaasahang makapagbibigay ng empirikal na ebidensiya hinggil sa lawak ng ambag ng mga salik na motibasyon sa mga kinalabasan ng pagkatuto ng wika. Higit sa lahat, maaari itong magsilbing batayan sa pagbuo ng higit na epektibong mga estratehiyang pampagtuturo at mga interbensiyong naglalayong mapalakas ang motibasyon ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng wikang Ingles.

Higit pa rito, inirerekomenda ang pagsasagawa ng mga komparatibong pag-aaral upang matukoy kung may pagkakaiba ang antas ng motibasyonal na intensidad at hangaring matutuhan ang wikang Ingles ng mga mag-aaral batay sa kanilang katayuang sosyo-ekonomiko. Ang pagsusuri sa impluwensiya ng katayuang sosyo-ekonomiko sa motibasyon ng mga mag-aaral ay maaaring magbigay ng mahahalagang kabatiran hinggil sa mga hindi pagkakapantay-pantay sa edukasyon. Maaari rin itong magsilbing batayan sa pagbalangkas ng higit na inklusibo at makatarungang mga patakaran sa edukasyong pangwika, gayundin sa pagbuo ng mga angkop na programang pansuporta na tumutugon sa magkakaibang pangangailangan ng mga mag-aaral.

AI Use Disclosure - Idinedeklara ng may-akda na ang mga kasangkapang generative artificial intelligence (AI), partikular ang ChatGPT, ay ginamit lamang para sa pag-edit ng wika at pagpapahusay ng gramatika ng manuskrito. Ang paggamit ng AI ay walang naging impluwensiya sa nilalamang siyentipiko, disenyo ng pag-aaral, pagsusuri at interpretasyon ng datos, mga resulta, o mga konklusyon ng pananaliksik. Ang buong pananagutan sa nilalaman ng manuskrito ay nananatiling nasa may-akda.

6. Sanggunian

- Al-Hoorie, A. H., & MacIntyre, P. D. (Eds.). (2020). *Contemporary language motivation theory: 60 years since Gardner and Lambert (1959)*. Bristol, UK: Multilingual Matters.
- Alizadeh, M. (2016). The impact of motivation on English language learning. *International Journal of Research in English Education*, 1(1), 11–15.
- Azarnoosh, M. (2014). School students' motivational disposition: A cross-sectional study. *Procedia – Social and Behavioral Sciences*, 98, 324–333. <https://doi.org/10.1016/j.sbspro.2014.03.423>
- Bećirović, S. (2017). The relationship between gender, motivation, and achievement in Learning English as a foreign language. *European Journal of Contemporary Education*, 6(2), 210–220. <https://doi.org/10.13187/ejced.2017.2.210>
- Bernardo, A. B. I. (2004). McKinley's questionable bequest: Over 100 years of English in Philippine education. *World Englishes*, 23(1), 17–31. <https://doi.org/10.1111/j.1467-971X.2004.00332.x>
- British Council. (2015). *State of English in the Philippines: Should we be concerned?* Retrieved June 23, 2025, from <https://www.britishcouncil.ph/programmes/english/state-english-philippines>
- Budiongan, K., Reyes, G. I., Liporada, K., & Galo, M. (2024). Socioeconomic status, parental expectations, and student motivation as predictors of academic performance of grade 12 senior high school students. *European Journal of Theoretical and Applied Sciences*, 2(4), 385–396. [https://doi.org/10.59324/ejtas.2024.2\(4\).32](https://doi.org/10.59324/ejtas.2024.2(4).32)
- Courtney, L. (2017). Transition in modern foreign languages: A longitudinal study of motivation for language learning and second language proficiency. *Oxford Review of Education*, 43(4), 462–481. <https://doi.org/10.1080/03054985.2017.1329721>
- Deci, E. L., & Ryan, R. M. (2000). Self-determination theory and the facilitation of intrinsic motivation, social development, and well-being. *American Psychologist*, 55(1), 68–78. <https://doi.org/10.1037/0003-066X.55.1.68>
- Deci, E. L., & Ryan, R. M. (2008). Facilitating optimal motivation and psychological well-being across life's domains. *Canadian Psychology*, 49(1), 14–23. <https://doi.org/10.1037/0708-5591.49.1.14>
- Dörnyei, Z., & Ushioda, E. (2021). *Teaching and researching motivation* (3rd ed.). New York: Routledge.
- Eccles, J. S. (2009). Who am I and what am I going to do with my life? Personal and collective identities as motivators of action. *Educational Psychologist*, 44, 78–89. <https://doi.org/10.1080/00461520902832368>
- Eslit, E. R., & Valderama, A. (2021). English language proficiency skills among high school students: Basis for an intervention program. *Englie: English Learning Innovation*, 4(1), 46–57. <https://doi.org/10.22219/englie.v4i1.24759>
- Fandiño, F. G., Muñoz, L., & Velandia, A. J. (2019). Motivation and e-learning English as a foreign language: A qualitative study. *Heliyon*, 5. <https://doi.org/10.1016/j.heliyon.2019.e02850>
- Gardner, R. C., & Lambert, W. E. (1972). *Attitudes and motivation in second-language learning*. New York: Newbury House Publishers.
- Gardner, R. C. (2010). *Motivation and second language acquisition: The socio-educational model*.

- New York: Peter Lang Group.
- Goodman, T., Jaffer, T., Keresztesi, M., Mamdani, F., Mokgatle, D., Musariri, M., et al. (2011). An investigation of the relationship between students' motivation and academic performance as mediated by effort. *South African Journal of Psychology*, 41(3), 373–385. <https://doi.org/10.1177/008124631104100311>
- Goodridge, P. (2017). Second-language acquisition and motivation: A literature review. *Pursuit: The Journal of Undergraduate Research at the University of Tennessee*, 8(1), 79–82. <https://trace.tennessee.edu/pursuit/vol8/iss1/8>
- Guthrie, J. T., Klauda, S. L., & Ho, A. N. (2013). Modeling the relationship among reading instruction, motivation, engagement, and achievement for adolescents. *Reading Research Quarterly*, 48(1), 9–26. <https://doi.org/10.1002/rrq.035>
- Jang, B. G., Conradi, K., McKenna, M. C., & Jones, J. S. (2015). Motivation: Approaching an elusive concept through the factors that shape it. *The Reading Teacher*, 69(2), 239–247. <https://doi.org/10.1002/trtr.1365>
- Lai, E.R. (2011). *Motivation: A Literature Review*. Retrieved May 25, 2026, from http://www.johnnietfeld.com/uploads/2/2/6/0/22606800/motivation_review_final.pdf
- Lamb, M., Csizér, K., Henry, A., & Ryan, S. (Eds.). (2020). *The Palgrave handbook of motivation for language learning*. Palgrave Macmillan.
- Lazarides, R., & Lauermann, F. (2019). Gendered paths into STEM-related and language-related careers: Girls' and boys' motivational beliefs and career plans in math and language arts. *Frontiers in Psychology*, 10, <https://doi.org/10.3389/fpsyg.2019.01243>
- Lauermann, F., Tsai, Y., & Eccles, J. S. (2017). Math-related career aspirations and choices within Eccles et al.'s expectancy-value theory of achievement-related behaviors. *Developmental Psychology*, 53, 1540–1559. <https://doi.org/10.1037/dev0000367>
- Legault, L. (2016). Intrinsic and extrinsic motivation. In V. Zeigler-Hill & T. K. Shackelford (Eds.), *Encyclopedia of personality and individual differences*. New York: Springer.
- Maslow, A. H. (1954). *Motivation and personality*. London: Harper.
- Menéndez, M. J., Grande, E. U., Sánchez, P. L., & Miñano, M. (2018). Motivation and learning strategies in accounting: Are there differences in English as a medium of instruction (EMI) versus non-EMI students? *Spanish Accounting Review*, 21(2), 128–139.
- Myers, D. G. (2001). *Psychology: Myers in modules* (6th ed.). Worth Publishers.
- Nurhidayah, R. (2020). The role of motivation in second language acquisition. *Jurnal Ilmiah Spectral*, 6(2), 96–104. <https://doi.org/10.47255/spectral.v6i2.59>
- Papi, M., & Teimouri, Y. (2012). Dynamics of selves and motivation: A cross-sectional study in the EFL context of Iran. *International Journal of Applied Linguistics*, 22(3), 287–309. <http://doi.org/10.1111/j.1473-4192.2012.00312.x>
- Ryan, R. M., & Deci, E. L. (2020). Intrinsic and extrinsic motivation from a self-determination theory perspective: Definitions, theory, practices, and future directions. *Contemporary Educational Psychology*, 61, 101860. <https://doi.org/10.1016/j.cedpsych.2020.101860>
- Sicam, F. P., & Lucas, R. I. (2016). Language attitudes of adolescent Filipino bilingual learners towards English and Filipino. *Asian Englishes*, 18(2), 109–128. <https://doi.org/10.1080/13488678.2016.1179474>
- Sucuoglu, E. (2017). Analysis of motivational strategies used by English language teachers teaching at secondary schools. *Procedia Computer Science*, 120, 189–195. <https://doi.org/10.1016/j.procs.2017.11.228>
- Widlund, A., Tuominen, H., Tapola, A., & Korhonen, J. (2020). Gendered pathways from academic performance, motivational beliefs, and school burnout to adolescents' educational and occupational aspirations. *Learning and Instruction*, 66, 1–12. <https://doi.org/10.1016/j.learninstruc.2019.101299>
- Wong, L., & Nunan, D. (2011). The learning styles and strategies of effective language learners. *System*, 39(2), 144–163. <https://doi.org/10.1016/j.system.2011.05.004>
- Yarahmadi, Y. (2012). The explanation and prediction of the student's school performance on the basis of internal motivational factors with a structured functional model at rural high schools in Sanandaj City. *Procedia - Social and Behavioral Sciences*, 47, 643–650. <https://doi.org/10.1016/j.sbspro.2012.06.711>

Sta. Cruzan sa probinsiya ng Leyte: Pagsiyasat sa kahalagahan nito bilang kaugalian ng mga Pilipino

De Mesa, Alvin Rom ✉

Leyte Normal University, Philippines (ar_demesa@ymail.com)

Received: 14 July 2026
Available Online: 31 July 2026

Revised: 29 July 2026
DOI: 10.5861/ijrse.2026.26360

Accepted: 30 July 2026

ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS



Abstract

The province of Leyte, one of the three major islands in Region VIII, is widely recognized for its rich cultural heritage and deeply rooted traditions. Among these, the Sta. Cruzan remains a significant religious and cultural practice, particularly among Catholic communities. Despite its religious origins, the celebration has also drawn participants from other faiths, owing to its capacity to foster communal joy and intergenerational engagement. In the aftermath of the COVID-19 pandemic, concerns arose regarding the continuity of traditional practices. Thus, this study sought to examine the continued relevance and significance of Sta. Cruzan in various barangays across the province of Leyte. Specifically, the study aimed to: 1) determine the perceptions of Leyteños toward the celebration of Sta. Cruzan; 2) identify the preparations undertaken in observance of the tradition; and 3) explore the values manifested by the people of Leyte during the month-long celebration in May. Using a qualitative-descriptive research design with purposive sampling, data were gathered through interviews and observations from selected participants across different barangays in Leyte. The findings revealed three key themes. First, the month-long observance of Sta. Cruzan strengthens family solidarity and community cohesion. Second, participation is considered a familial obligation, with family members expected to join the daily processions and, when possible, serve as “torno,” or host families responsible for providing food and hospitality to participants. Third, preparations begin well before May, as youth organizations conduct meetings, create lanterns, and coordinate with families assigned as “torno” to ensure the orderly implementation of activities. The results indicate that Sta. Cruzan continues to be an integral part of Leyteño culture, serving not only as a religious devotion but also as a mechanism for preserving tradition, strengthening social bonds, and promoting cultural identity in the post-pandemic context.

Keywords: Sta. Cruzan, Leyte culture, Filipino traditions, religious practices, cultural heritage, family solidarity, post-pandemic traditions, Region VIII

Sta. Cruzan sa probinsiya ng Leyte: Pagsiyasat sa kahalagahan nito bilang kaugalian ng mga Pilipino

1. Abstrak

Ang probinsiya ng Leyte ay isa sa 3 isla ng Rehiyon VIII na itinuturing na isa sa may pinakamayamang kaugalian at paniniwala sa Pilipinas. Patunay na ang Sta. Cruzan ay kinagisnan na ng mga mamamayang Pilipino lalo na sa mga katoliko at kahit iba ang relihiyon ay sumasali dahil sa kakaiba nitong naibibigay na kasiyahan sa mga kabataan at maging sa mga matatanda. Upang mabatid na ang Sta. Cruzan ay bahagi pa rin ng paniniwala at kaugalian ng mga taga-Leyte pagkatapos ng pandemya, minabuting siniyasat ang kahalagahan nito sa iba't ibang barangay ng probinsiya ng Leyte kung saan naging layunin ang sumusunod: 1. Ano ang pananaw ng mga taga-Leyte sa pagdiriwang ng Sta. Cruzan?; 2. Anong paghahanda ang ginagawa ng mga Leyteño sa pagdiriwang ng Sta. Cruzan?; at, 3. Anong pagpapahalaga ang ipinapakita ng mga tao sa Leyte sa tuwing sasapit ang buwan ng Mayo para sa pagdiriwang ng Sta. Cruzan? Gamit ang kwalitatibong pananaliksik sa paraang palarawan at teknik na purposive sampling, napag-alaman na: Una, tumitibay ang pagsasama ng bawat pamilya kung ipinagdiriwang ng buong buwan ng Mayo ang Sta. Cruzan. Ikalawa, bawat miyembro ng pamilya, kung hindi man lahat, kailangang mayroong sasama sa prusisyon mula unang araw hanggang sa huling araw ng Sta. Cruzan at hangga't maaari ay maging isa sa mga "torno" o ang magpapakain sa mga sumama o sumali sa prusisyon. At ikatlo, bago sumapit ang buwan ng Mayo, ang organisasyon ng mga kabataan ay abala na sa pagpupulong, paggawa ng mga parol, at pagtukoy sa mga pamilyang magiging "torno" sa bawat araw ng buwan ng Mayo bilang paghahanda na maisakatuparan nang maayos ang Sta. Cruzan.

Mga Susing Salita: Sta. Cruzan, kulturang Leyteño, tradisyong Pilipino, panrelihiyong gawain, pamana ng kultura, pagkakaisa ng pamilya, mga tradisyon sa panahon ng post-pandemya, Rehiyon VIII

2. Introduksiyon

Ang Sta. Cruzan ay isang napakahabang prusisyon na karaniwang makikita ang mga nagagandahang dilag bilang mga reyna. Subalit, bago maganap ang Grand Sta. Cruzan, isinasagawa muna ito mula Mayo 1 hanggang Mayo 30 sa pamamagitan ng prusisyon sa araw-araw na nilalahukan ng mga kabataan na inorganisa ng mga lider nito sa bawat barangay sa ilalim ng pamamahala ng Simbahang Katoliko. Dahil malalim ang impluwensya ng mga tradisyong Espanyol, naging tradisyon na rin ng mga Pilipino ang Sta. Cruzan bilang pagpupugay sa Mahal na Birheng Maria (Argie, 2023). Binanggit din ng Missosology (2015), na ang Sta. Cruzan ay isa sa mga tradisyon ng mga mamamayang Katolikong Pilipino kung saan isinasagawa ito sa isang buwang pagdiriwang na nakatuon sa Mahal na Birheng Maria. Dagdag pa nila, pinaka-inaabangan ng mga Pilipino ang huling araw ng pagdiriwang na tinatawag na Grand Sta. Cruzan, na ang tunay na kahulugan nito ay ang muling pagsasadula sa paghahanap ni Sta. Helena o Reyna Elena sa isang Banal na Krus.

Paliwanag pa ni Soliven (2016), sa modernong panahon, ang mahalagang tradisyong ito ay unti-unting nalilimutan at napapalitan ng maraming impluwensiyang banyaga sa isipan ng mga Pilipino lalo na sa mga kabataan. Habang maraming mga Pilipino ang patuloy na nagsasagawa o dumadalo ng Sta. Cruzan, hindi maikakaila na mababaw na ang kanilang pag-unawa sa tunay na kahulugan ng mga ito at kung bakit ipinagdiriwang ang mga ito tuwing buwan ng Mayo. Dagdag pa niya, nakatutuwa mang isipin na kahit hanggang ngayon ay isinasagawa pa rin ang selebrasyon sa buong Pilipinas, ngunit nakalulungkot ding isipin na napakalayo na ng pagpapahalaga ng mga Pilipino sa totoo nitong dahilan ng selebrasyon.

Patuloy pa ni Soliven (2016), noong kabataan pa niya, ramdam niya ang tunay na selebrasyon ng Sta. Cruzan, subalit habang tumatanda na siya at napabilang na sa Sagala na kadalasan ay kabilang sa Ave Marias o banderada, nagkaroon siya ng alinlangan sa naturang selebrasyon. Dito, napansin niyang tanging ang imahe ng Mahal na

Birhen ang nakikita niya mula pa nang siya ay bata pa, ngunit ang pagrorosaryo ay hindi na niya masyadong nakikitang ginagawa sa Sta. Cruzan, kung saan, ito naman ang puno't dulo kung bakit nagkakaroon ng selebrasyon sa buong buwan ng Mayo.

Ayon nga sa Seasite (2017), masasabing makatotohanan ang pagpapatotoo ni Soliven at kapansin-pansin nga naman talaga ang kakulangan ng karunungan ng mga Pilipino tuwing isinasagawa ang Sta. Cruzan. Dagdag pa, itong Sta. Cruzan na ginagawa tuwing sasapit ang buwan ng Mayo ay masasabi ngang tunay nga na inaabangan ng mga Pilipino dahil inaasahan dito ang pinakamasayang selebrasyon sa pamamagitan ng Sta. Cruzan. Subalit, ang simple at ordinaryong Sta. Cruzan ay napalitan na ito ng magarbo at napakaprestihiyosong mga kasuotan ang makikita kung saan hindi na kakikitaan ng simplisidad ang selebrasyon. Hindi maikakaila na ang Sta. Ang paghahanap ni Reyna Helena sa totoong Banal na Krus kung saan ipinako ang Panginoon upang tubusin ang sangkatauhan mula sa kasalanan at buksan ang daan para sa panloob na pagbabago ng bawat tao. Dahil ang Krus ay nagpapaalala sa mga tao ng pangunahing papel ng pagpapako sa Krus sa pananampalatayang Kristiyanong, at ang mahalagang papel na ginampanan nito sa pagbabalik-loob ng dating paganong Roma na nagpako sa Tagapagligtas at nang maglaon ay umusig sa mga unang Kristiyanong. Sinasabing si Constantine, ang prinseng anak ng makapangyarihang Reyna Helena ay madalas na pinapaalalahanan ng kanyang ina noong bata pa siya na mas gugustuhin pa ng kanyang ina na makita itong patay kaysa gumawa siya ng isang mortal na kasalanan (Gonzalvo, 2018).

Samantala, binanggit din ni Gonzalvo (2019), na sa kasaysayan, ang Tanda ng Krus ay nagpakita kay Constantine at sa kanyang mga sundalo sa kalangitan sa panahon ng isa sa kanyang mga laban para sa pag-angkin sa trono upang magkaisa ang maraming pyudal na lupain ng Italya. Isang tinig ang nagsabi sa kanya, "Sa pamamagitan ng Krus na ito ay mananaig ka!" Kaya siya ang naging unang Kristiyanong hari ng bagong *Holy Roman Empire*. Ang Kristiyanismo ay naging opisyal na relihiyon ng estado. Ang paghahanap para sa Banal na Krus sa Banal na Lupa ay naging panghabambuhay na paghahanap ng Inang Reyna. Nagdulot ito ng dalawang siglo ng tinatawag na *Holy Crusades* sa mga prinsipe ng Europa sa Gitnang Silangan. Ipinapalagay na si St. Francis ay may malaking bahagi sa pagbabalik-loob ng isang *Moorish* na sultan na nakumbinsi ang kanyang tiyuhin na humiwalay sa tunay na Banal na Krus ng Tagapagligtas upang ito ay maibalik sa mga Kristiyanong.

Patuloy pa, ang mga persona at simbolo ng Sta. Cruzan ay magkahalong representasyon ng Lumang Tipan, Bagong Tipan, at Litanya ng Mahal na Ina. Ang pinakamakapangyarihang panalangin sa Panginoon sa mundo ay sa pamamagitan ng Mahal na Ina na ang maraming mga titulo ay kinabibilangan ng *Co-Redemptrix*. Kaya, ang buong prusisyon ay sumasagisag sa rosaryo bilang panalangin ng Mahal na Ina upang tumulong sa paglutas ng problema ng kapayapaan at pagkakaisa (Vivas, 2022). Gayunpaman, sa loob ng maraming taon, maraming mga kaganapan sa Sta. Cruzan ang hindi isinasapubliko at itinataguyod bilang mga relihiyosong prusisyon na dapat nilang gawin. Inaanunsyo na sila ngayon bilang paligsahan sa pampaganda. Para maiwasan na pakialaman ng mga pari ang ganoong uri ng isang Sta. Cruzan, marami sa mga kaganapang ito ang ginagawa ngayon sa labas ng simbahan, hindi man lumalakad ngunit nakasakay sa mga walang bubong na de-motor na sasakyan para ipakita ang kanilang mga magaganda at magagarang kasuotan, na maaaring inupahan, hiniram, o ginawang modelo ng mga *couturier* (Vivas, 2022).

Ayon sa Philippine Embassy (2018), kung pag-uusapan ang tradisyon, ang prusisyon ay nagsisimula sa harap ng simbahan, at maglalakad sa paligid ng mga kalye ng komunidad, dahil karaniwang isinasagawa ang prusisyon sa gabi, ang mga nanonood at sumasali sa prusisyon ay may hawak na mga kandilang nakasindi, at babalik ang prusisyon sa harap ng simbahan. Pagkatapos ng araw-araw na paghahasik ng mga bulaklak ng mga batang babae sa imahe ng Birheng Maria sa loob ng simbahan ng parokya, ang kasiyahan ay gumagalaw sa labas na may isang engrandeng kaganapan, ito ay ang Sta Cruzan. Bagaman ginaganap sa harap ng pintuan ng simbahan at sa mga lansangan, ito ay sinadya upang maging isang tahimik at organisadong prusisyon, hindi isang magaspang na parada, o isang kumikinang na kumpetisyon ng magagarang kasuotan, na karaniwan nang nakikita sa modernong panahon. Ang pagpapako sa Krus ay nasa kaibuturan ng pananampalatayang Katoliko, na masasabing angkop at hindi na kinakailangan na ang Simbahan ay nakasubaybay, ang mahalaga ay naaalala ng mga Pilipino ang pagpapapako ni

Sa kasalukuyan, ang Sta. Ang ginaganap ngayon ay isa nang paligsahang pampagandahan upang maakit ang mga lokal at dayuhang turista. Isa itong indikasyon kung paano nawawala ang paggalang sa Simbahang Katoliko sa kamalayan ng mga mananampalatayang Pilipino. Kaya, ang mga simbahan ng parokya ay dapat na bumalik sa pag-aayos ng kaganapan sa kanilang sarili upang ang mga relihiyoso at espirituwal na pagpapahalaga ay maitatag muli. Sa kabila ng lahat, marami pa rin naman ang mga parokya ng simbahan na talaga namang pinananatili ang nakaugaliang tradisyon sa relihiyosong pagdiriwang na maaaring magligtas sa unti-unti nitong paglayo sa tunay na imahe ng pagdiriwang ng mga mamamayang Pilipino ng Sta. Cruzan (Vivas, 2022). Kadalasan, ayon kay Goleman (1998), nilililang lamang ang sarili para lamang makasabay sa karamihan upang hindi mahalata na labag sa iyong kalooban ang pagsali sa mga gawain. Gaya na lamang ng pagsali sa Sta. Cruzan, madalas na sumasali lamang ang mga dilag para lamang sumikat at makilala sa kanilang lugar o maging sa buong bayan kung saan isinasagawa ang pagdaraos ng Sta. Cruzan. Marahil, masasabing pagpapakita ito ng kababaan ng pagpapahalaga sa makasaysayang selebrasyon tulad ng Sta. Cruzan. Batid naman ng lahat na ang pagsasagawa ng naturang tradisyon ay ang malalim na paniniwala at pananampalataya sa Mahal na Birheng Maria subalit, dahil sa impluwensiya ng mga banyaga at pagsulong ng turismo ay unti-unti nang nalilimutan ang tunay na pagpapahalaga sa Sta. Cruzan.

Napatunayan ng Diocese of Raleigh (2019) na maraming Pilipino ang inaabangan ang pagdiriwang ng Sta. Cruzan ngunit marami sa kanila ang nakakalimutan ang gabi-gabi o araw-araw na Sta. Cruzan na siyang mahabang simula bago pa man tahakin ang tinatawag na Grand Sta. Cruzan. Kung tutuusin, tunay ngang nakabibighani ang makukulay at naggagandahang mga tanawin tuwing nagsisimula na ang prusisyon ng Grand Sta. Cruzan sa buong komunidad kung saan, dahil sa sobrang haba ng prusisyon, mayroon nang nakahandang de-motor na sasakyan na tila naglalakad pa rin ang bawat dilag sa prusisyon. Kung susuriin nga naman, nawawala ang tunay na diwa ng Sta. Cruzan, wala na ang pagtitiis na kumakatawan sa pagpapakumbaba ng mga kasali sa prusisyon. Nagpasaring naman si Bayan (2003), sa ikapananatili ng kahalagahan ng Sta. Cruzan, kailangan ang mga dilag o kabataang sasali sa prusisyon ay nakadadalo nito upang unti-unti nilang mauunawaan ang tunay na kahalagahan ng Sta. Cruzan. Dagdag pa niya, kung ang bawat kabataan na sumasali sa prusisyon ng ng Sta. Cruzan, habang tumatagal, ay naikikintal sa kanilang isipan ang dahilan kung bakit ang buong buwan ng Mayo tuwing gabi ay palagi silang naglalakad at nagdarasal. Pahabol pa niya, mangilan-ngilan lamang ang nagdarasal o nagrorosaryo tuwing ginagawa ang prusisyon. Sa ganitong paraan, talagang malilimutan na ng mga Pilipino ang kahalagahan ng Sta. Cruzan (Primer, 2016).

Kaya naman, nagbigay ng paliwanag ang Camella (2022) kaugnay sa kung paano at bakit isinasagawa ang Sta. Cruzan. Sabi nila, kinakailangang sundin ng nag-oorganisa ang proseso o daloy ng pagsasagawa nito at ipaalam ito sa mga matatanda o bata na nais sumali o lumahok sa gawaing ito upang magkaroon ng sapat na kaalaman at maisapuso nila ang pagsali sa Sta. Cruzan. Dagdag pa ng Sea Junction (2017), kung mahina at kulang ng kaalaman ang mga lalahok gayundin ang mga manonood ay maaaring humantong sa walang kabuluhan ang tradisyon na matagal nang isinasagawa at tinatangkilik ng mga Pilipino.

Napansin naman ni Pascual (2023), kaya maraming nagbabakasyon sa Pilipinas tuwing Mayo ay dahil sa tradisyon ng mga Pilipino na kinagigiliwan ng mga tao na makikita sa iba't ibang bayan o barangay kahit hindi maunlad o hindi gaanong maunlad ay sinisikap pa rin na isagawa ang Sta. Cruzan. Naniniwala siya na ito ay nagpapakita ng katapatan at paggalang sa Mahal na Birheng Maria. Subalit sa kanyang paglalakbay sa iba-ibang lugar sa Pilipinas, natuklasan niya na ang mga simpleng nagsasagawa ng Sta. Cruzan ay yaong totoo sa puso ang kaugalian at dama niya ang kahalagahan na ipinapakita ng komunidad na kahit simple lamang ang kanilang pamumuhay ay kakikitaan ng pag-asam na manatili silang ligtas, malusog, at may kapayapaan sa kani-kanilang munting barangay o bayan kung nagdiriwang sila ng Sta. Cruzan. Sang-ayon naman si Contrivida (2020) sa sinabi ni Pascual, dahil naniniwala siya na ang nakaugaliang tradisyon ay hindi ang pagsasagawa nito sa magarbong paraan kundi sa simpleng paraan kung saan naipakikita ng bawat Pilipino ang pagpapahalaga sa pamamagitan ng taimtim na pagdarasal, dahil ito naman talaga ang tunay na diwa ng Sta. Cruzan.

Samantala, pakiwari ni Bagtas (2012), ang mga Pilipino ay wala nang values o pagpapahalaga sa kanyang sarili, sa pagiging Pilipino, sa kapwa tao, at maging sa mga magulang at mga kapatid nito. Dagdag pa niya, karamihan sa mga Pilipino ay mas pinapahalagahan pa ang mga materyal na bagay, hindi alintana sa kanila na nakakalimutan na nilang pahalagahan ang kanilang sarili, kung ganito ang pag-uugali ng maraming Pilipino, hindi malayong mangyari na mawala na rin ang mga magandang kaugalian at tradisyon na pinakaiingatan ng mga ninunong Pilipino na sa isang iglap lamang ay mawawala na ito. Ngunit sa paniniwala nina Cruz at Mariano (2018), isa sa mga malalaking impluwensiya kung bakit unti-unting nagbabago ang mga Pilipino ay ang mga napapanood nila sa pelikula at telebisyon. Dahil dito, mahalaga ring ipaalam sa mga namamahala na kailangang manatiling maipalabas ang mga magagandang pag-uugali o asal upang matuto pa rin ang mga Pilipino ng pagpapahalaga sa sariling kultura. Kinatigan naman ni Jara (2018) ang mga sinabi nina Bagtas, Cruz, at Mariano kung saan ang asal ng mga Pilipino ay nagpapakita rin kung paano ang pag-uugali ng sosyedad at maging ng mga namamala sa komunidad at sa pamahalaan.

Layunin ng Pag-aaral - Sa pangkalahatang layunin ng pag-aaral na ito ay masiyasat ang kahalagahan ng Sta. Ang pagtawid sa probinsiya ng Leyte ay isa sa mga kaugalian ng mga Pilipino. Samantala, ang mga tiyak na layunin sa isinagawang pag-aaral ay ang sumusunod: 1. Ano ang pananaw ng mga taga-Leyte sa pagdiriwang ng Sta. Cruzan?; 2. Anong paghahanda ang ginagawa ng mga Leyteño sa pagdiriwang ng Sta. Cruzan?; at, 3. Anong pagpapahalaga ang ipinapakita ng mga tao sa Leyte sa tuwing sasapit ang buwan ng Mayo para sa pagdiriwang ng Sta. Cruzan?

3. Metodolohiya

Inilahad sa bahaging ito ang disenyo at pamaraan ng kwalitatib na pananaliksik, triangulations, at konsiderasyon etikal na isinaalang-alang sa pagbuo ng pananaliksik na ito.

Qualitative Research Design - Ginamit ang disenyong penomenolohiya dahil inilarawan at inunawa ang kakanyahan ng bawat kalahok bilang bahagi ng kanilang mga karanasan na may kaugnayan sa pagdiriwang ng Sta. Cruzan kung saan siniyasat ang damdamin at emosyonal ng bawat kalahok habang sinasagot nila ang mga katanungan ng mananaliksik lalo na sa bahagi na ipinapaliwanag nila ang kung paano nila pinapahalagahan ang Sta. Cruzan (Wa-Mbaleka, 2018).

Qualitative Research Method - Sa pamamagitan ng *Focus Group Discussion (FGD)* kung saan 3-5 na kalahok ang kasali, nakuha ang mga impormasyong kailangan ng mananaliksik. Dahil dito, nagkaroon ng malawakang pagkalap ng mga datos o impormasyon mula sa mga kwalipikadong kalahok. Samantala, ang dokumentasyon ay isinagawa sa pamamagitan ng paghingi ng pahintulot na makuhanan ang mga kalahok habang naghahanda sa pagsisimula ng Sta. Cruzan. At, dahil ang pananaliksik ay isinagawa noong taong 2022 hanggang Abril 2023, nakahingi ang mananaliksik ng mga larawan bago ang pandemya, habang may pandemya, at hanggang sa nagbalik-normal na ang lahat (Wa-Mbaleka, 2019). Sa pagkakataong inalam ng mananaliksik ang kahalagahan na ipinapakita ng mga tao sa Leyte sa tuwing sasapit ang buwan ng Mayo para sa pagdiriwang ng Sta. Cruzan, nagsagawa siya ng obserbasyon gamit ang nabuong *checklist* upang makita ang pagpapahalaga ng mga taga-Leyte sa pagdiriwang ng Sta. Cruzan (Van Manen, 2014).

Triangulation - Upang makatiyak at maging malinaw ang mga naging tugon ng mga kalahok pagkatapos isagawa ang FGD ay sunod na isinagawa ang isahang pakikipanayam gamit ang *semi-structured* na uri nito dahil mahalaga sa mga kalahok na mabigyan sila ng pagkakataon na sagutan ang mga nakahandang tanong at makapagbigay pa sila ng karagdagang sagot at gayundin ay nabigyan ng pagkakataon ang mananaliksik na magbigay ng mga *follow-up* na tanong, paraan ito upang ma-*triangulate* ang naging kasagutan ng mga kalahok sa ginawang FGD (Yin, 2015).

Mga Konsiderasyong Etikal - Upang matiyak at mapanatiling pribado ang impormasyon sa mga kalahok, isinaalang-alang ang konsiderasyong etikal kung saan binigyan ng kopya ang bawat natukoy na kalahok upang malaman ang pakay at layunin ng mananaliksik gayundin ang tungkulin nila bilang natukoy na mga kalahok na

nagpapatunay sa kanilang paglagda (Wa-Mbaleka, 2019).

Lokal ng Pananaliksik - Isinagawa ang pananaliksik sa mga lugar na sakop ng Leyte tulad ng Babatngon, Leyte, Carigara, Leyte, Mayorga, Leyte, Palo, Leyte, at Tacloban City, Leyte. Ito ang mga lugar na pinaniniwalaan ng mananaliksik na nagsasagawa ng *Sta. Cruzan* (Jacobs, 2011).

Respondente - Ginamit ang *Purposeful Sampling Technique* upang makahanap ng mga kalahok na nakapagbigay nang malalim at detalyadong impormasyon tungkol sa *phenomenon* na sinisiyasat kaugnay sa pagpapahalaga ng mga taga-Leyte na nagsasagawa ng *Sta. Cruzan* ay isa sa mga pangunahing tradisyon ng mga Pilipino. Ito ay lubos na subhetibo dahil bawat kalahok ay maituturing na kwalipikado na isinaalang-alang para sa isinagawang pag-aaral (Corbin and Strauss, 2015).

Mga Kalahok ng Pag-aaral

Edad	Lugar Babatngon	Carigara	Mayorga	Palo	Tacloban	KABUUAN
10-15 taong gulang	3	3	4	4	5	19
16-20 taong gulang	4	2	3	2	3	14
21-25 taong gulang	4	4	2	3	2	15
26-30 taong gulang	2	3	4	2	2	13
KABUUAN	13	12	13	11	12	61

Ipinapakita sa *Table 1* ang mga lugar at mga kalahok sa isinagawang pag-aaral, na nagmula sa 5 bayan ng Leyte: Babatngon, Leyte; Carigara, Leyte; Mayorga, Leyte; Palo, Leyte; at Tacloban City, Leyte, na nasa edad 10–30 taon.

4. Resulta at Pagtalakay

Ilalahad sa bahaging ito ang kinalabasan at pagtalakay batay sa suliranin na binigyang-pokus sa pag-aaral na ito. Makikita sa *Table 2.1-2.4* ang mga natukoy na pananaw ng mga kalahok kaugnay sa pagdiriwang ng *Sta. Cruzan* kasama na ang nabuong tema. Dagdag pa, sa *Table 2.5* naman makikita ang pangkalahatang pananaw at tema na mga nakalap na datos mula sa mga kalahok na nasa edad na 10-30 taong gulang.

4.1 Ang pananaw ng mga taga-Leyte sa pagdiriwang ng *Sta. Cruzan*

Table 1

Pananaw ng mga taga-Leyte sa pagdiriwang ng Sta. Cruzan na nasa edad na 10-15 taong gulang

Edad	Pananaw	Tema
10-15 taong gulang	Babatngon, Leyte	Babatngon Leyte
	Nagkakaroon ng kasiyahan at pagkakaisa ng barangay/bayan.	Masaya/Nagkakaisa
	Nagkakaroon ng bagong mga kakilala o kaibigan na nagmula pa sa ibang lugar.	Bagong Kaibigan/kakilala
	Carigara, Leyte	Carigara Leyte
	Nakakalimutan/nakakaiwas sa mga problema/gawain sa bahay.	Paglimot/Pag-iwas sa problema/Gawain
	Nagagawa ang responsibilidad ng mga lider ng organisasyon ng mga kabataan.	Pagganap ng tungkulin
	Mayorga, Leyte	Mayorga Leyte
	Nakakakain ng iba-ibang masarap na pagkain na bigay ng mga “torno.”	Masasarap na pagkain
	Nakakapaglaro sa mga kapwa bata.	Nakakapaglaro
	Palo, Leyte	Palo, Leyte
	Natutuwa sa pagsali ng Flores de Mayo at Sta. Cruzan.	Masaya
	Nagkikita-kita ang mga magkakaibigan.	Nakikita mga kaibigan
	Tacloban City, Leyte	Tacloban City, Leyte
	Nakakakita ng malalaki at maliliwanag na parol.	Magagandang parol
	Nakakakain ng masasarap na <i>pabangaw</i> lalo na kung mayaman ang <i>torno</i> .	Masarap na pagkain

Ipinapakita sa *Table 1.1* ang mga karaniwang pananaw ng mga taga-Leyte na nasa edad 10-15 tungkol sa Sta. Cruzan kung saan mula sa 5 bayan ng Leyte ang pinagkunan ng mga datos. Napag-alaman sa isinagawang pakikipanayam na ang mga kalahok na kabilang sa nabanggit na mga edad ay nasisiyahan sa tuwing ginagawa nila ang Sta. Cruzan dahil sa sumusunod: Sa mga taga-Babatngon, Leyte, napag-alaman na ang pananaw nila sa Sta. Cruzan ay nakikita nila ang kanilang mga kaibigan kung saan nagtutulungan sila upang matagumpay nilang maisagawa ang nakagawiang tradisyon, at nagkakaroon din ng mga bagong kaibigan dahil mayroong nagbabakasyon o nagmula pa sa ibang lugar na dumayo sa lugar nila. Sa mga taga-Carigara, Leyte, ay sinasabi nilang nasasabik sila tuwing Sta. Cruzan sa kadahilanang nakapagpapapawi ito ng kanilang problema at naiwasan nila ang mga gawain sa bahay at nagagampanan ang tungkulin ng kanilang mga lider sa barangay. Sa mga taga-Mayorga naman, sinabi nila na nakakakain sila ng masasarap na pagkain lalo na kung may-kaya sa buhay ang “torno” at nagkakaroon sila ng pagkakataon na makapaglaro sa kanilang kapwa bata. Sa mga taga-Palo, Leyte, napag-alaman na magkatulad ang pananaw nila sa mga taga-Babatngon, Leyte habang ang mga taga-Tacloban City, Leyte ay nasasabik sila sa Sta. Cruzan dahil nakakakita sila ng magaganda at naglalakihang parol at gaya ng mga taga-Mayorga, Leyte, sila ay muli na namang makakakain ng mga masasarap na “pabangaw.”

Samantala, natukoy ang mga sumusunod na tema tungkol sa pananaw ng mga taga-Leyte kaugnay sa Sta. Cruzan na binanggit ni Argie (2023), sa mga taga-Babatngon at Palo, Leyte, masaya at nagkakaisa ang mga kabataan tuwing isinasagawa nila ang Sta. Cruzan gayundin ang pagkakaroon ng bagong kaibigan o kakilala na nagmula pa sa ibang lugar at mga bakasyunista. Sa Carigara, Leyte nabuo ang tema mula sa kanilang mga pananaw kaugnay sa Sta. Cruzan ang paglimot o pag-iwas sa mga problema o gawain sa bahay dahil palaging sila ang inuutusan ng kanilang mga magulang at kapatid sa mga gawaing bahay at nagagampanan ang tungkulin ng mga lider ng kabataan dahil nagiging responsable sila na isagawa ang Sta. Cruzan sa kanilang lugar. Dagdag pa, ang Mayorga at Tacloban City, Leyte ay parehong nabuo ang temang mayroong masarap na pagkain dahil sa “pabangaw” na ibinibigay ng mga “torno” sa mga sumasali sa Sta. Cruzan.

Makikita naman sa *Table 2.2* tungkol sa pananaw ng mga taga-Leyte sa pagdiriwang ng Sta. Cruzan na nasa edad na 16–20 taong gulang.

Table 2

Pananaw ng mga taga-Leyte sa pagdiriwang ng Sta. Cruzan na nasa edad na 16-20 taong gulang

Edad	Pananaw	Tema
16-20 taong gulang	Babatngon, Leyte	Babatngon Leyte
	Ang komunidad ay sama-samang nagtutulungan sa pagsasagawa ng Sta. Cruzan.	Napagbubuklod ang komunidad
	Lalong tumitibay ang samahan ng komunidad at ng pamilya.	Nagpapatatag ng relasyon
	Carigara, Leyte	
	Nagbibigay ng paalala na palaging nariyan ang Mahal na Birhen upang gumabay sa pang-araw-araw nilang pamumuhay.	Carigara Leyte
	Ginagabayan ng Mahal na Ina kung sumasali sa pamamahala at prusisyon sa Sta. Cruzan.	Matibay na paniniwala
	Mayorga, Leyte	
	Gumaganda ang pagsasama ng bawat pamilya dahil sa paggabay ng Mahal na Birheng Maria.	Mayorga Leyte
	Kapag nakumpleto ang mga araw sa pagsama sa prusisyon, bibiyayaan ng Mahal na Ina.	Matibay na paniniwala
	Palo, Leyte	
	Nabubuhayan ng loob tuwing nagkakaroon ng Sta. Cruzan.	Matibay na pananampalataya
	Nagkakasalo-salo sa inihandang kainan ng “torno,” kakilalaman o hindi.	Palo, Leyte
	Tacloban City, Leyte	Pag-asa
	Maraming dumarayo na taga-ibang lugar upang sumali at saksihan ang prusisyon.	Napagbubuklod ang komunidad
	Nakakakita ng mga nagkikislapang mga parol na pinalamutian at mga naggagandahang dilag bilang mga reyna.	Tacloban City, Leyte
		Pagdating ng mga dayuhan
		Magarang tanawin

Ipinapakita sa *Table 1.2* ang pananaw ng mga taga-Leyte sa Sta. Cruzan na nasa edad na 16-20. Natuklasan sa nakalap na mga datos mula sa mga kalahok na para sa kanila, ito ay nagpapakita ng pagkakaisa at pagtutulungan

para matagumpay na isagawa ang Sta. Cruzan. Napatotohanan ang binanggit ng Missosology (2015) na naipapakita ang mga magagandang kasuotan at nagliliwanag na mga parol. Dagdag pa ni Vivas (2022), lalong dumarami ang dumarayo na mga dayuhan sa Pilipinas dahil sa kakaibang tradisyon na hindi makikita sa ibang bansa. Lahat ng nabanggit ng Missosology at ni Vivas ay napatotohanan sa mga nakalap na datos.

Table 3

Pananaw ng mga taga-Leyte sa pagdiriwang ng Sta. Cruzan na nasa edad na 21-25 taong gulang

Edad	Pananaw	Tema
21-25 taong gulang	Babatngon, Leyte	Babatngon Leyte
	Ang pagdiriwang ng Sta. Cruzan ay isa sa mga tradisyunal na pagdiriwang ng mga Pilipino na ginaganap tuwing buwan ng Mayo bilang pagpupugay sa Mahal na Birheng Maria.	Tradisyon
	Sa pagdiriwang ng Sta. Cruzan, nagsasagawa ng parada ang mga kabataan at mga dalaga, kasama ang mga bulaklak at iba pang mga kasuotan na mayroong kahalagahang simbolismo.	Prusisyon
	Carigara, Leyte	Carigara Leyte
	Ito ay kinatatampukan ng mga ritwal at pagpapakita ng debosyon sa Birheng Maria.	Debosyon
	Sa kabila ng mga pagbabago sa kultura at pananampalataya, marami pa rin ang nagpapahalaga at nagpapatuloy sa tradisyong ito bilang pagpapakita ng kanilang debosyon at pagiging bahagi ng kulturang Pilipino.	Debosyon
	Mayorga, Leyte	Mayorga Leyte
	Ang Sta. Cruzan ay isa ito sa mga nakaugalian natin bilang mga Pilipino na noon pa man ay naging bahagi na ito ng ating pagkabata.	Kaugalian
	Palo, Leyte	Palo, Leyte
	Marami ang nagaganap sa tuwing sasapit ang Mayo, nariyan ang Sta. Cruzan kaya maraming bata ang natutuwa rito na siguradong maalala nila hanggang sa sila ay lumaki na.	Pambata
	Masaya, dahil maririnig at makikita na natin muli ang mga bata na sumasali sa prusisyon na dala-dala ang Cruz at mga parol.	Masaya
	Tacloban City, Leyte	Tacloban City, Leyte
	Masaya ang pagkakaroon ng Sta. Cruzaan sa isang lugar dahil makikilala natin kung bakit at para kanino ang Sta. Cruzan.	Masaya
	Bilang isang taga-Leyte, ang Sta. Cruzan ay isang parada ng mga naggagandahang binibini at ginoo.	Magagandang dilag

Sa *Table 1.3* ay pananaw ng mga taga-Leyte sa pagdiriwang ng Sta. Cruzan na nasa edad na 21-25. Natuklasan na ang Sta. Cruzan ayon sa mga taga-Leyte, ito ay pagpapakita ng tradisyon o debosyon ng mga Pilipino kay Mahal na Birheng Maria. Napatunayan din na tuwing dumarating ang buwan ng Mayo, ang mga kabataan ay nagagalak dahil sila ay makakasali na naman sa prusiyon kung saan nagbibigay-saya sa kanila at nakikita nila ang mga dilag na nakasuot ng magagarang kasuotan. Tumugma naman sa paliwanag ng Diocese of Raleigh (2019) na nakapagbibigay saya sa mga kabataan ang Sta. Cruzan. Taliwas naman sa sinabi ng Primer, (2016) na nakakalimutan na ng mga Pilipino ang tototoong dahilan kung bakit ginaganap ang Sta. Cruzan. Sa natuklasan, ang mga taga-Leyte ay patuloy ang malalim na pananampalataya sa Inang Birheng Maria kung kaya batid nila ang dahilan kung bakit mayroong Sta. Cruzan. Marahil, yung sinasabi ng Primer ay yaong mga Pilipinong hindi naniniwala o tumatangkilik sa tradisyon ng Sta. Cruzan. Batid naman ng lahat na mayroon iilang mga Pilipino ang hindi nagsasagawa o sumasali sa Sta. Cruzan dahil sa ibang kadahilanan, tulad ng pananampalataya, kalagayan sa buhay, sinadyang hindi lumahok.

Table 4

Pananaw ng mga taga-Leyte sa pagdiriwang ng Sta. Cruzan na nasa edad na 26-30 taong gulang

Edad	Pananaw	Tema
26-30 taong gulang	Babatngon, Leyte	Babatngon Leyte
	Nakikilala ang bawat patron at nabibigyang buhay ang kultura nating mga Pilipino.	Patron at Kultura
	Iay ito ay isang tradisyunal na gawain na ginaganap tuwing sasapit ang buwan ng Mayo.	Tradisyon
	Carigara, Leyte	Carigara Leyte

Ang Sta. Cruzan ay isang sagradong tradisyon at hindi isang kompetisyon sa pagpapagandahan ng kasuotan o kaya ng arko.	Sagrado
Ang Sta. Cruzan ay pagbibigay parangal sa paghahanap ng tunay na Krus ni Santa Elena ng Konstantinople at Constantinong Dakila.	Parangal
Mayorga, Leyte	Mayorga Leyte
Maganda ang pagkakaroon ng Sta. Cruzan sa isang lugar dahil dito natututo ang mga bata kung paano umasal nang tama kapag nag-uumpisa na ang pagdarasal at dito mas nagiging mas maayos ang pagsasama-sama ng mga bata dahil sa prusisyon.	Magandang-asal
Ang pagdiriwang ng Sta. Cruzan ay nakasanayan na natin kung kaya't hindi na ito bago.	Nakasanayan
Palo, Leyte	Palo, Leyte
Ang pagdiriwang ng Sta. Cruzan ay nagpapakita ng pagkakaisa at nagbibigay din kaalam kung sino ang mga tao na napapabilang dito, at kung bakit ito natin ipinagdiriwang.	Pagkakaisa
Ang Sta. Cruzan ay pagpupunta sa simbahan tuwing Mayo at ito ang pinakaaabangan ng lahat dahil ito ay makukulay, maganda at masaya na prusisyon sa huling araw ng Mayo.	Masaya
Tacloban City, Leyte	Tacloban City, Leyte
Ito ay isang pagdiriwang na nagaganap sa buong kapuluan tuwing buwan ng Mayo para sa karangalan ng Mahal na Birheng Maria.	Pagdiriwang
Ang Santacruzán ay isinasagawa bilang pag-alala sa pagkakatatagpo ni Reyna Elena, ang ina ng Emperador Constantine ng Roma.	Pag-alala

Ang *Table 1.4* ay mga pananaw ng mga taga-Leyte na nasa edad 26-30. Sila ang mga kalahok na tumutulong sa mga kabataan na nagsasagawa ng Sta. Cruzan kung saan ginagabayan nila ang mga kabataan batay na rin sa kanilang karanasan noong kabataan pa nila. Binanggit nila na ang Sta. Cruzan ay pagpapahalaga rin ng Patron ng isang lugar kung saan nakikilala ng mga tao o kalapit na lugar sa Pilipinas ang Santo na pinanampalatayaan ng mga tao sa kani-kanilang lugar. Dagdag pa, ang mga kalahok na nasa edad na ito ay mga sumasali na sa Sta. Cruzan mula pa noong sila ay nasa elementarya pa at ngayon sila ay tumutulong sa mga kabataan na nangunguna sa pagsasagawa ng Sta. Cruzan kung saan sumasali rin ang kanilang barangay sa paligsahan na pinangungunahan ng kanilang bayan. Bagaman nabanggit ni Vivas (2022) na ang Sta. Cruzan ay paligsahan pampagandahan, napatunayan ito ng mga kalahok dahil sa tuwing nagaganap ang Sta. Cruzan, isa sa mga paligsahan ay ang pinakamaganda at pinakamagaling na Rey Elena. Mayroon ding paligsahan na pinakaorganisadong komunidad na lumahok sa prusisyon, maayos na pamamahala sa prusisyon, disiplinadong komunidad na sumali sa prusisyon, at pinakamagandang parol na sumali sa pagligsahan ng bayan.

Table 5*Nabuong tema batay sa pananaw ng mga Leyteño sa edad na 10-30*

Lugar	Edad at Tema
Babatngon, Leyte	10-15
	Masaya/Nagkakaisa, Bagong Kaibigan/kakilala
	16-20
	Napagbubuklod ang komunidad at nagpapatatag ng relasyon
	21-25
Carigara, Leyte	Tradisyon at prusisyon
	26-30
	Mahal na Patron, kultura, at tradisyon
	10-15
	Paglimot sa problema, at pag-iwas sa gawain, at pagganap ng tungkulin
	16-20
	Matibay na paniniwala at matibay na pananampalataya
	21-25
	Debosyon
	26-30
	Sagrado at Parangal

Mayorga, Leyte	10-15 Masasarap na pagkain at nakakapaglaro 16-20 Matibay na paniniwala at matibay na pananampalataya 21-25 Kaugalian 26-30 Magandang-asal at nakasanayan
Palo, Leyte	10-15 Masaya at nakikita mga kaibigan 16-20 Pag-asa at pagbubuklod 21-25 Pambata at masaya 26-30 Pagkakaisa at masaya
Tacloban City, Leyte	10-15 Magagandang parol at masarap na pagkain 16-20 Pagdating ng mga dayuhan at magandang tanawin 21-25 Masaya at magagandang dilag 26-30 Pagdiriwang at pag-alala

Ipinapakita sa *Table 1.5* ang nabuong tema mula sa mga kalahok na nasa edad na 10-30 kaugnay sa pananaw sa pagdiriwang ng Sta. Cruzan ng mga Leyteño. Ayon sa mga kalahok, *masaya* ang Sta. Cruzan dahil mayroon silang *nakikilalang mga bagong kaibigan* at *nagkikita-kita silang mga magkakaibigan*. Dagdag pa nila, *napagbubuklod* at *nakapagpapatatag ng relasyon ng bawat pamilya at komunidad* dahil ito ay *tradisyon* at *kultura* ng mga Leyteño na iniaalay sa kani-kanilang *Patron* lalo na sa mahal na Birheng Maria. Sa kabila ng natukoy na temang *paglimot sa problema* at *pag-iwas ng mga gawain sa bahay*, naniniwala pa rin ang mga tao na ginagampanan nila ang kanilang *tungkulin* bilang katoliko at ito ang nag-uudyok sa kanila na tuparin ang tungkulin na lumahok sa prusiyon ng Sta. Cruzan dahil sa *matibay* nilang *paniniwala* at *pananampalataya* kay Mahal na Birheng Maria na dahilan upang palagi nilang ipinagdiriwang ang Sta. Cruzan. Maliban sa kanilang pananampalataya, nabtukoy ang tema kaugnay sa pagdating ng mga dayuhan sa kani-kanilang lugar na nagpapasaya sa okasyon. Nariyan din ang mga nakikitang naggagandahang mga ilaw, parol, mga dilag bilang mga reyna ng Sta. Cruzan.

4.2 Paghahanda ang ginagawa ng mga Leyteño sa pagdiriwang ng Sta. Cruzan

Table 6

Paghahanda na ginagawa ng mga Leyteño na nasa edad na 10-15 sa pagdiriwang ng Sta. Cruzan

Edad	Paghahanda sa Sta. Cruzan
10-15 taong gulang	Babatngon, Leyte ● Nililinis ang kapilya o simbahan ng barangay. ● Inoorganisa ang pagsasagawa ng Sta. Cruzan ng mga kabataan at matatanda sa bawat barangay. ● Pinagaganda ang kalsada para sa pagdaan ng prusisyon. ● Gumagawa ng mga parol na may mga palamuti. ● Nagrorosaryo bago magsimula ang prusisyon. ● Nagkakaroon ng prusisyon tuwing sasapit ang gabi. Carigara, Leyte ● Nag-oorganisa ng Sta. Cruzan sa aming lugar. ● Pumipili ng mga magiging Reyna na ipaparada sa prusisyon. ● Pinapalamutian ang mga parol at nilalagyan ng mga makukulay na papel de hapon o di kaya ay may kulay na pastik. ● Karaniwang ginagawa ang mga dekorasyon ng mga kalsada at mga simbahan na may mga bulaklak, guhit, at mga ilaw.

Mayorga, Leyte
● Naghahanda ng Parol.
● Naghahanap mga “patorno” kung saan sila ang sponsor sa gagawing prusisyon ng mga kabataan na dadalo sa Sta. Cruzan.
● Naghahanap din kami ng mga taong mamumuno sa pagdarasal bago mag-umpisa hanggang sa matapos ang prusisyon ng Sta. Cruzan
Palo
● Naghahanda ng mga parol na gagamitin ng mga taong sasali sa parada ng Sta. Cruzan.
● Nagkakaroon muna ng Rosaryo sa kapilya bago magprusisyon.
● Sa huling araw ng Mayo ay nagkakaroon ng parada para sa mga Reyna at mayroon din mga angel.
Tacloban City, Leyte
● Naglalaan ang Kapitan ng dalawang buwan upang ihanda ang mga gagamiting parol at meron din Disco sa tuwing lingo para sa pagsasaya.
● Nagtutulong-tulong ang mga kabataan sa pagpapaganda o paggawa ng Cruz at mga parol.
● Bago gawin ang Sta. Cruzan sa huling araw ng mayo pinahahandaan na ito at maraming aktibidad ang ginagawa kagaya na lamang ng prusisyon at pagdarasal

Sa Table 2.1 makikita ang paghahanda ng mga taga-Leyte sa pagdiriwang ng Sta. Cruzan kung saan nakuha ang mga datos mula sa mga kabataan na nasa edad na 10-15. Isa sa mga ginagawang paghahanda sa bawat barangay ay ang paghahanap ng mga magtuturno mula Mayo 1 hanggang Mayo 31 na tinatawag nilang Flores de Mayo upang sila ang magbigay ng “pabangaw” o pagkain sa mga sasama sa prusisyon. Dagdag pa nila, naghahanap sila ng mga kabataang mangangasiwa ng hanggang sa Sta. Cruzan ng mga taong mamumuno sa pagdarasal bago mag-umpisa hanggang sa matapos ang prusisyon. Naglalaan din ang Barangay Kapitan ng mahabang panahon upang ihanda ang mga gagamiting parol sa buong buwan ng Mayo gayundin ang mga naggagandahang parol at arko na kanilang ilalaban sa paligsahan pagdating ng Grand Sta. Cruzan. Kinatigan naman ang sinabi ni Bayan (2003), na kailangan mabigyan ng oryentasyon ang mga kabataan na lalahok sa Sta. Cruzan dahil makikita sa mga naging tema sa pananaw ng mga taga-Leyte sa pagdiriwang ng Sta. Cruzan ay mayroon silang malalim na paniniwala at pananampalataya sa Mahal na Birheng Maria.

Table 7

Paghahanda na ginagawa ng mga Leyteño na nasa edad na 16-20 sa pagdiriwang ng Sta. Cruzan

Edad	Paghahanda sa Sta. Cruzan
16-20 taong gulang	Babatngon, Leyte ● Inihahanda ang mga parol na gagamitin sa prusisyon. ● Pinapaalalahanan ang mga taong magtuturno para sa nakatakdang magbigay ng meryenda sa ganap na petsa para sa mga Youth at sa mga taong dumalo sa prusisyon. Carigara, Leyte ● Hinahanda ang lahat ng tao na dadalo sa gagawing prusisyon na may kasamang pagdarasal. ● Abala ang marami sa pagpapaganda ng simbahan upang ito ay maging kaaya-aya sa mata ng lahat. ● Ang bawat kalahok na lalaki ay abala sa paggawa ng arkong gagamitin sa sagala at ang babae naman ay abala sa paghahanap ng <i>gown</i> na susuotin. Mayorga, Leyte ● Nagkakaisa ang mga youth sa bawat barangay upang pag-usapan at pagplanuhan ang paggawa ng parol at ang pag-aayos sa <i>Chapel</i> ● Nagkakaisa ang lahat sa pagbabantay sa mga bata sa loob man o sa labas ng <i>Chapel</i>. Palo ● Ang mga kabataan sa barangay lalo na ang mga tauhan sa Chapel ay nagtipon-tipon at paunti-unti nilang ginawa ang mga kinakailangan na kagamitan. ● Hinikayat ang kabataan na tumulong at dumalo sa prusisyon. Tacloban City, Leyte ● Gumagawa ng mga makukulay na arko na gagamitin sa prusisyon at paghahanda ng programa na gaganapin sa Grand Sta. Cruzan. ● Nagtutulong-tulong sa paggawa ng mga parol at mga arko na gagamitin sa prusisyon. ● Naghahanap ng mga “torno” magbibigay ng mga kandila, pailaw, at “pabangaw” para sa mga lumahok sa prusisyon.

Tunay ngang kahanga-hanga pa rin ang mga naniniwala at tumatangkilik sa selebrasyon ng Sta. Cruzan, napatunayan ito sa mga taga-Leyte na nasa edad na 16-20 na makikita sa Table 2.2. Napag-alaman mula sa mga

kalahok sa iba't ibang lugar ng Leyte na pinaghahandaan nila ang Sta. Cruzan upang matagumpay nila itong maisagawa pagdating ng buwan ng Mayo. Mula sa unang araw ng buwan ng Mayo hanggang sa huling araw ay pinagplanuhang Mabuti upang maging maayos ang daloy ng Sta. Cruzan at maging sa Grand Sta. Cruzan kung saan ang iba sa kanila ay sumasali sa paligsahan na pinangangasiwaan ng kanilang bayan o munisipyo. Mapapansing una nilang nililinis ang simbahan ng barangay o *Chapel* dahil bago magsimula ang prusisyon ng Sta. Cruzan tuwing gabi ay nagrorosaryo muna sila at dito rin nila isinasagawa ang mga pagpupulong at paggawa ng parol at gayundin dito rin nila itinatago ang mga parol na kanilang nabuo. Nagtugma ang nakalap na datos sa sinabi ni Contrivida (2020) na kahit sa simpleng paraan ay nairaraos ng barangay ang Sta. Cruzan, hindi mahalaga kung magarbo man ito basta naramdaman ang kasiyahan ng mga dumalo sa panalangin hanggang sa prusisyon.

Table 8

Paghahanda na ginagawa ng mga Leyteño na nasa edad na 21-25 sa pagdiriwang ng Sta. Cruzan

Edad	Paghahanda sa Sta. Cruzan
21-25 taong gulang	Babatngon, Leyte ● Paglikha ng mga arko na gagamitin sa prusisyon. ● Pag-ayos sa simbahan ● Pagsasaayos ng mga daan na gagamitin sa pagsagawa ng prusisyon. Carigara, Leyte ● Naglalagay ng dekorasyon sa simbahan o kapilya. ● Naghahanda sa prusisyon. ● Nagbibigay oryentasyon sa mga kasali o lalahok ng Sta. Cruzan. ● Nag-oorganisa ng iba't ibang seremonya. Mayorga, Leyte ● Inaayos at pinapaganda ang Simbahan o Kapilya. ● Nagtutulungan ang mga tao upang maghanda para sa pagdating ng Mahal na Krus. Palo ● Nagtitipon ang mga tao sa harap ng simbahan upang magsimula ang prosesyon. ● Gumagawa ng mga dekorasyon, at naghahanda ng mga kasuotan para sa mga magiging Reyna Elena. Tacloban City, Leyte ● Habang naglalakad, nagdarasal at nag-aalay ng bulaklak sa krus. Pagkatapos ng prosesyon, may mga laro at sayawan na ginaganap. ● Naglilinis at naglalagay ng mga dekorasyon sa loob at labas ng simbahan. ● Naglalagay ng banderitas na isinasabit sa harap ng simbahan at sa kalsada.

Ang nga nasa edad na 21-25 ay mga kabataan ding kasali o sumasali sa Sta. Cruzan ngunit tungkulin nila na pangalagaan ang kaayusan ng buong Sta. Cruzan. Pansinin sa *Table 2.3* ang paghahanda ng mga kabataan bago ang Sta. Cruzan, kaniraniwang nilang binabanggit sa paghahanda ay paglilinis at paglalagay ng dekorasyon ng kanilang simbahan o kapilya ng kanilang barangay kung saan kakikitaan ang malalim na paniniwala at pananampalataya nila sa Mahal na Birheng Maria. Sinundan naman ito ng pagbibigay ng oryentasyon sa mga sasali sa Sta. Cruzan na masasabing isa itong magandang paraan upang ang bawat lalahok ay maunawaan ang kanilang pagsali sa naturang tradisyon. Ikatlo, hinahanda nila ang mga parol at arko na gagamitin sa prusisyon. Sa ganitong paraan, masasabing pinaghahandaang mabuti ang nakaugaliang Sta. Cruzan, kaya naman, kahit sa mga susunod na henerasyon at mananatili ang tradisyong ito.

Table 9

Paghahanda na ginagawa ng mga Leyteño na nasa edad na 26-30 sa pagdiriwang ng Sta. Cruzan

Edad	Paghahanda sa Sta. Cruzan
26-30 taong gulang	Babatngon, Leyte ● Pinupulong ang mga lider ng kabataan sa barangay kung magkakaroon ng Sta. Cruzan sa kanilang lugar. ● Nagbibigay ng oryentasyon sa mga kabataang sasali sa prusisyon. ● Madalas na <i>follow-up</i> sa mga kabataang lider na naatasang mag-organisa ng Sta. Cruzan. Carigara, Leyte ● Nakikipagpulong sa mga opisyal ng barangay kaugnay sa suporta at tulong pinansiyal. ● Tinatawag ang mga kabataan upang ipaalam sa kanila kung bakit isasagawa ang Sta. Cruzan at kung ano ang kanilang mga tungkulin. Mayorga, Leyte ● Inaayayahan ang mga opisyaes ng barangay at mga kabataan kaugnay sa mga gawain ng buwan ng Mayo.

Sta. Cruzan sa probinsiya ng Leyte: Pagsiyasat sa kahalagahan nito bilang kaugalian ng mga Pilipino

●	Pinupulong ang mga kabataan at mga matatanda na sasali sa pagrorosaryo at await sa prusisyon.
●	Madalas na pagpupulong lalo na kung nalalapit na ang buwan ng Mayo.
●	Isinasapinal ang mga kailangan sa pagdiriwang ng Sta. Cruzan.
Tacloban City, Leyte	
●	Nagbabahay-bahay upang anyayahan sila na maging “torno” para sa “pabangaw” na ibibigay sa mga sumali sa prusisyon mula Mayo 1-31.
●	Hihingi ng pahintulot sa barangay na gamitin ang kapilya upang doon isagawa ang panalangin, pagpupulong, at pagtatago ng parol.

Ang mga nasa edad na 26-30 ay mga miyembro ng kumunidad o barangay na dati silang mga lumalahok sa Sta. Cruzan. Sa puntong ito, inilalahad sa *Table 2.4* ang paghahanda nila bago pa man dumating ang buwan ng Mayo. Natuklasan sa mga nakalap na impormasyon mula sa mga kalahok ang pagpapanatili ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng paggabay sa mga kabataan. Ayon pa nga sa mga kalahok, sila man din ay inalalayan ng mga nakatatanda sa kanila noong kabataan pa nila upang gabayan sila sa maayos na pagpapalakad ng Sta. Cruzan. Sila rin ang itinuturing na sandigan ng mga kabataan lalo na kung nagkakaroon ng mabigat ng suliranin gaya ng mga pasaway na mga kabataan lalo na sa mga tagalabas ng kanilang barangay. Kung mapapansin, ang mga kalahok na ito ay gumagabay sa mga nag-oorganisa ng Sta. Cruzan mula sa pagpupulong, oryentasyon, at pinal na plano. Tama si Jara (2018) sa puntong ito kung saan napatunayan mula sa mga kalahok na nakatutulong nang malaki ang positibong pag-uugali ng komunidad at ng namamahala rito upang mapanatili ang tradisyon gaya ng pagdiriwang ng Sta. Cruzan sa kani-kanilang lugar.

Table 10

Karaniwang Paghahanda na ginagawa ng mga Leyteño sa pagdiriwang ng Sta. Cruzan

Mga Karaniwang Paghahanda sa Sta. Cruzan	
●	Nagsasagawa ng pagpupulong ang mga kabataan at mga matatanda na nasa edad na 10-30 para sa nalalapit na buwan ng Mayo.
●	Nakikipag-ugnayan sa mga Opisyal ng Barangay mula sa Sangguniang Kabataan hanggang sa Kapitan kaugnay sa isasagawang Sta. Cruzan.
●	Bumubuo ng iba’t ibang komite na mangangasiwa at/o magsasagawa sa bawat detalye na gawain sa buong buwan ng Mayo.
●	Inoorganisa ng mga Kabataan na nasa edad na 10-20 ang tradisyunal na Sta. Cruzan sa kani-kanilang barangay.
●	GINagabayan ng mga nasa edad na 21-30 ang mga kabataan na nag-oorganisa ng Sta. Cruzan upang maging maayos ang buong selebrasyon ng Sta. Cruzan.

Patunay lamang mula sa *Table 2.5* na ang nakaugaliang pagdiriwang ng Sta. Cruzan sa buong buwan ng Mayo ay nananatili at ipinagpapatuloy pa ng mga kabataan na nasa bagong henerasyon kung saan taliwas sa mga pahayag nina Soliven (2016) at Vivas (2022) mababaw ang paniniwala at pananampalataya na ng mga Pilipino sa panahong kasalukuyan. Dagdag pa ng Sea Junction (2017), kung talagang nakalimutan na ng mga Pilipino ang naturang tradisyon ay hindi na makikita ang Sta. Cruzan tuwing buwan ng Mayo, subalit hanggang sa ngayon nariyan at namamayagpag pa rin sa buong buwan ng Mayo. Pinatotohanan din nina Pascual (2023) at Contrivida (2020) ang resulta kaugnay sa paghahanda ng Sta Cruzan ng mga taga-Leyte kung saan, dahil sa patuloy na tinatangkilik at isinasagawa ng mga taga-Leyte ang naturang tradisyon, ito ay binabalik-balikan ng mga turista mula pa sa ibang bansa at kinagigiliwan ng mga Pilipino. Bagaman moderno ang pagdaraos ng Sta. Ang karamihang lugar (depende sa estado ng lugar) ay napag-alaman sa mga kalahok na palatandaan ito ng may malalim na paniniwala at pananampalataya sa Mahal na Birheng Maria.

4.3 Pagpapahalaga ang ipinapakita ng mga tao sa Leyte sa tuwing sasapit ang buwan ng Mayo para sa pagdiriwang ng Sta. Cruzan

Ipinapahiwatig sa *Table 3.1* na ang mga pagpapahalaga na ipinapakita o ginagawa ng mga kabataan na nasa edad na 10-15 ay ang kanilang debosyon at pananampalataya. Napag-alaman pa mula sa kanila na ginagawa nila ang panghihikayat sa mga kapwa bata na sumali at lumahok upang kung sila ay tumanda rin, maipapasa nila ito sa mga batang kanilang nahikayat na sumali. Sa kabuuan, natuklasan ang pagpapahalaga ng mga kabataan sa Sta. Cruzan sa pamamagitan ng pag-organisa taon-taon, pagsali o paglahok sa mga gawain, at higit sa lahat ang malalim na pananampalataya kung saan nangingibabaw pa rin sa kanila ang pananampalataya sa Diyos at sa Mahal na

Table 11*Pagpapahalagang ipinapakita ng mga taga-Leyte sa pagdiriwang ng Sta. Cruzan na nasa edad na 10-15*

Edad	Paghahanda sa Sta. Cruzan
10-15 taong gulang	Babatngon, Leyte ● Sa pamamagitan ng selebrasyon na ito, ipinapakita nila ang kanilang debosyon sa kanilang pananampalataya at pagpapahalaga sa tradisyon at kultura. ● Pagpapanatili sa pamamagitan ng pagdalo at pagsali sa Sta. Cruzan. ● Pagpasa sa susunod na henerasyon sa pamamagitan ng pag-anyaya ng mga kabataan na lumahok sa Sta. Cruzan. ● Paglahok dahil ito ay bahagi ng kulturang Pilipino lalo na ng mga taga-Babatngon, Leyte, na pamana pa ng kasaysayan, identidad. at kabutihan bilang isang bayan. Carigara, Leyte ● Sa buwan ng Mayo, partikular sa pagdiriwang ng Sta. Cruzan, pinapahalagahan ang pagpupuri sa Diyos at pagmamahal sa Mahal na Birheng Maria. ● Nag-aalay ng mga bulaklak para sa Mahal na Birheng Maria. ● Ginagawa ito ng mga taga-Carigara, Leyte tuwing buwan ng Mayo dahil nakaugalian na ito at syempre masaya ang Mayo dahil dito binibigyan ng pagpupugay sa krus ang Panginoong Hesukristo. Mayorga, Leyte ● Isa sa mga pagpapahalaga na ipinapakita ng mga taga-Mayorga, Leyte sa pagdiriwang ng Sta. Cruzan ay ang paghihikayat sa mga bata na dumalo rito, dahil ang mga kabataan ngayon ay mas pinipili na na maglaro ng cellphone at unti-unti na rin itong nalilimutan dahil sa <i>matured</i> na mag-isip ang mga bata at sinasabing ito raw ay nakakahiya kung sila ay dadalo. ● Sa pamamagitan ng pagdalo ay naipapakita ang pagpapahalaga sa Sta. Cruzan. Ngunit ngayon ay hinihikat na lamang ang mga pamangkin at kapatid na dumalo sa Sta. Cruzan. Palo ● Nanonood ng Sta. Cruzan sa iba't ibang lugar dahil masayang tingnan kung paano ipinagdiriwang ng iba't ibang lugar ang Sta. Cruzan sa pamamagitan ng prusisyon. ● Lumalahok sa paggawa ng mga kagamitan para sa Sta. Cruzan. ● Nagsisimba pagkatapos ng Sta. Cruzan at nagbabahagi minsan ng mga pagkain sa mga kalahok dito. Tacloban City, Leyte ● Sumasali bilang isa sa kasapi ng mga Reyna sa prusisyon tuwing huling araw ng Mayo. ● Nangungunang tagapag-organisa ng Sta. Cruzan upang maisagawa ito nang maayos. ● Dumadalo at sumasali sa panalangin bago magsimula ang Prusisyon

Table 12*Pagpapahalagang ipinapakita ng mga taga-Leyte sa pagdiriwang ng Sta. Cruzan na nasa edad na 16-20*

Edad	Paghahanda sa Sta. Cruzan
16-20 taong gulang	Babatngon, Leyte ● Tumutulong sa mga kabataan sa pagbabantay ng mga bata at naghihikayat sa mga ito na dumalo ng Sta. Cruzan. ● Sumasama sa prusisyon at hinihikayat ang mga pamangkin, pinsan, at mga kamag-anak na dumalo at sumali sa Sta. Cruzan. Carigara, Leyte ● Pagpupunta sa simbahan tuwing sasapit ang buwan ng Mayo at ang pagtulong sa paghahanda ng Sta. Cruzan. ● Sumusunod at nakikiisa sa pagdiriwang ng Sta. Cruzan sa pamamagitan ng pagpunta sa simbahan at sumasali sa mga reyna sa prusisyon. Mayorga, Leyte ● Pumupunta sa simbahan at tumutulong sa mga kabataan na nag-organisa ng Sta. Cruzan sa barangay. Palo ● Nananalangin at nag-aalay ng bulaklak sa Mahal na Krus at Mahal na Ina bilang pagpapakita ng debosyon at pananampalataya. ● Pagtitiyak na naiintindihan ang kahalagahan ng Sta. Cruzan at pagbibigay ng respeto sa mga taong nais na ito ay ipagpatuloy. Tacloban City, Leyte ● Tumutulong sa paglilinis ng kapilya, sumasama sa prusisyon, at dumadalo ng misa. ● Nakikilahok sa prusisyon at tumutulong sa mga gawain para sa Sta. Cruzan.

Pinapahalagahan ng mga kabataan na nasa edad na 16-20 ang Sta. Cruzan na makikita sa *Table 3.2* at

mapapansing halos magkakatulad ang pagpapahalaga ng mga lugar sa Leyte kung saan karaniwan nilang sinasabi na tumutulong at sumasama sila sa Sta. Cruzan, nag-aalay ng panalangin at mga bulaklak sa Panginoon at kay Mahal na Birheng Maria. Dagdag pa, bilang pagpapakita ng pagpapahalaga sa Sta. Cruzan, sumasali sila sa pag-organisa at pamamahala gayundin ang pagpunta nila sa simbahan o kapilya ng barangay upang doon manalangin. Ayon nga kay Argie (2023), kaya nabanggit ng mga kalahok ang kanilang pagpapahalaga sa Sta. Cruzan dahil patunay lamang ito na mayroong silang malalim na paninbiwala at pananampalataya kung kaya naging malalim ang kanilang tradisyon kaugnay sa selebrasyon ng Sta. Cruzan. Datapwa't marami ang nagsasabing nakalimutan na ng mga Pilipino ang tradisyunal na pagdiriwang ng Sta. Cruzan, hindi pa rin mapasusubalian ang sinabi ng mga kalahok na pinahalagahan nila nang buong puso ang Sta. Cruzan dahil naniniwala sila na ito ang pamana ng kanilang mga ninuno na sa matagal na panahon nang isinasagawa ang Sta. Cruzan. Dagdag pa nila, kahit hindi sila nakakapagprusisyon dahil sa sama ng panahon, isinasagawa nila ang pagrorosaryo at ang "torno" kung nais nilang ituloy na ibigay ang kanilang "pabangaw" sa mga bata, kinabukasan kung maganda na ang panahon nagiging dalawang pagkain o "pabangaw" ang ibinigay sa mga lumahok o sumali sa prusisyon, dahil dito, marami pa ring mga kabataan ang sumasali sa prusisyon hindi lamang sa natutuwa ang mga bata habang nagpoprusisyon kundi, marami silang nakikitang kapwa bata na tuwang-tuwa sa mga "pabangaw" na ibinibigay kahit na ito ay napakasimple lamang.

Table 13

Pagpapahalagang ipinapakita ng mga taga-Leyte sa pagdiriwang ng Sta. Cruzan na nasa edad na 21-25

Edad	Paghahanda sa Sta. Cruzan
21-25 taong gulang	Babatngon, Leyte ● Tumutulong at nakikiisa sa paghahanda sa pagdiriwang ng Sta. Cruzan. ● Nagsasaayos at gumagagawa ng Krus at Parol at nakikilahok sa mahabang pagdiriwang ng Sta. Cruzan. Carigara, Leyte ● Tumutulong sa paghahanda sa pagdiriwang ng Sta. Cruzan at sumasama rin sa bawat prusisyon. ● Nagpapakita ng debosyon sa Birheng Maria dahil ang Sta. Mayorga, Leyte ● Nakikipagtulungan at nakikiisa sa paghahanda para sa paparating na pagdiriwang ng Sta. Cruzan. ● Sumasali sa nagrorosaryo bago simulan ang prusisyon at sumasama rin sa prusisyon. Palo ● Nakikipagtulungan at sumasali sa mga gawain na isinasagawa tulad ng pagrorosaryo, at pakikilahok sa paglilinis sa loob at labas ng kapilya o simbahan ng barangay. ● Nagbibigay ng oras at talento na makatulong sa paggunita ng selebrasyon, at ang paglahok sa misa sa araw ng selebrasyon. Tacloban City, Leyte ● Lumalahok at tumutulong sa pag-oorganisa at iba pang gawain upang maisagawa ang Sta. Cruzan bilang tradisyunal na gawain tuwing sasapit ang buwan ng Mayo. ● Nag-aalay ng panalangin at mga bulaklak sa Mahal na Birheng Maria sa pamamagitan ng pagdalo ng misa at gabi-gabing prusisyon.

Ang *table 3.3* ay patunay sa mga naging tugon ng mga kalahok na nasa edad na 21-25 kung saan kabilang sila sa mga kabataan na patuloy na isinasagawa ang tradisyunal na paniniwala ng mga taga-Leyte sa tuwing buwan ng Mayo. Dito, nailahad ang mga pagpapahalaga ng mga kabataan sa Sta. Cruzan, gaya ng mga iba pang kabataan sa mga naunang nabanggit na talahanayan ay nagkakaisa sila sa ideya ng pagpapakita ng pagpapahalaga sa Sta. Cruzan kung saan karaniwan nilang tugon ay tumutulong sa pag-organisa ng Sta. Cruzan gaya ng pagdalo sa mga pagpupulong kung saan pinag-uusapan nila ang magiging daloy ng Sta. Cruzan sa buong buwan ng Mayo. Kaugnay pa rito, dahil sa kanilang debosyon mula pa sa kanilang mga magulang, sila ay lumalahok din sa panalangin at prusisyon bilang bahagi ng kanilang malalim na pananampalataya kay Mahal na Birheng Maria. Napatotohanan ito ng Camella (2022) kung saan binanggit nila na mahilagang sundin ng nag-organisa ang tamang daloy ng Sta. Cruzan na pinanindigan naman ng mga kabataang Leyteño.

Sa *Table 3.4*, makikita ang pagpapahalagang ipinapakita ng mga nasa edad na 26-30 sa pagdiriwang ng Sta. Cruzan. Bilang nakatatanda sa mga kabataang nangunguna sa pagdiriwang ng Sta. Cruzan, hindi mapasusubalian na nananalaytay na sa kanilang ugat ang pagsilbi bilang tagasuporta sa lahat ng mga gawain, tagagabay sa mga

kabataang nag-oorganisa ng Sta. Cruzan at sumasali sa prusisyon kung saan isinasagawa nila ang oryentasyon sa mga kabataan upang maikintalk sa isipan nila kung bakit isinasagawa ang Sta. Cruzan at kung bakit kailangang sumali sa prusisyon. Sila rin ang umaawit habang nagpoprusisyon kasama ang ilang mga kabataan upang sila naman ang gumawa ng tungkulin ng mga nasa edad na 26-30.

Table 14

Pagpapahalagang ipinapakita ng mga taga-Leyte sa pagdiriwang ng Sta. Cruzan na nasa edad na 26-30

Edad	Paghahanda sa Sta. Cruzan
26-30 taong gulang	Babatngon, Leyte ● Ipinagpapatuloy ang nakaugaliang pagdiriwang ng Sta. Cruzan kung saan hinahayaan nilang lumahok din ang kanilang mga anak. Carigara, Leyte ● Sinusuportahan ang mga kabataan na nag-organis ng Sta. Cruzan sa pamamagitan ng paggabay sa mga ito. Mayorga, Leyte ● Nagsisilbing tagapanguna sa mga gawain kaugnay sa Sta. Cruzan at mang-aawit habang nagsasagawa ng prusisyon. Palo ● Nagbibigay ng oryentasyon sa mga kabataan na lalahok sa Sta. Cruzan. Tacloban City, Leyte ● Tagaagapay sa mga kabataan sa mahabang panahon bilang debosyon.

Table 15

Pagpapahalaga ng mga Leyteño sa pagdiriwang ng Sta. Cruzan

Pagpapahalaga ng mga Leyteño sa Sta. Cruzan
● Malalim na debosyon at pananampalataya sa Mahal na Birheng Maria. ● Nakaugalian nang gawin ng mga taga-Leyte ang pagdiriwang ng Sta. Cruzan. ● Hinihikayat ang mga kabataan na kabilang sa kani-kanilang barangay na lumahok sa Sta. Cruzan mula sa pag-organisa hanggang sa buong buwan ng Mayo. ● Tumutulong sa pag-organisa ng Sta. Cruzan. ● Nag-aalay ng dasal sa Birheng Maria bago magsimula ang prusisyon. ● Ipinagpapatuloy ang kaugalian na nakamulatan na noong pagkabata hanggang sa pagtanda. ● Dalawang buwan bago ang buwan ng Mayo ay nakikipag-ugnayan na sa mga Opisyal ng Barangay.

Napag-alaman ng mananaliksik mula sa mga naging tugon ng mga kalahok na makikita sa *Table 3.5* ang mga karaniwang tugon ng mga Leyteño sa pagdiriwang ng Sta. Cruzan. Natukoy ang pagpapahalaga nila sa Sta. Cruzan ay malalim na debosyon at pananampalataya, ayon sa kanila, bilang katoliko ay naipakikita nila ang kanilang pagpapahalaga sa Sta. Cruzan kung saan iniaalay nila ito sa Mahal na Birheng Maria. Upang maging matagumpay ang kanilang pagdiriwang ng Sta. Cruzan, sinisikap nilang mapaghandaan nila ito nang mahabong panahon hanggat maaari ay dalawang buwan bago ang buwan ng Mayo. mahabang panahon ng paghahanda bago pa man dumating ang buwan ng Mayo. Napatunayan din sa mga naging tugon ng mga kalahok, lalong tumitibay ang kanilang pagpapahalaga sa Sta. Cruzan kung matagumpay nila itong naisasagawa sa buong buwan ng Mayo, at kung sakali man na sumama ang panahon sy sinisikap nilang manatiling maayos ang daloy ng kanilang Sta. Cruzan sa buong buwan ng Mayo.

Samakatuwid, bilang pangkalahatang pagsisiyasat sa kahalagahan ng Sta. Cruzan bilang kaugalian ng mga Pilipino partikular sa probinsiya ng Leyte mula sa pananaw, paghahanda, at pagpapahalaga ng mga Leyteño sa pagdiriwang ng Sta. Cruzan ay tumitibay ang pagsasama ng bawat pamilya kung ipinagdiriwang ng buong buwan ng Mayo ang Sta. Cruzan; ang bawat miyembro ng pamilya, kung hindi man lahat, kailangang mayroong sasama sa prusisyon mula unang araw hanggang sa huling araw ng Sta. Cruzan at hangga't maaari ay maging isa sa mga "torno" o ang magpapakain sa mga sumama o sumali sa prusisyon; at, bago sumapit ang buwan ng Mayo, ang organisasyon ng mga kabataan ay abala na sa pagpupulong, paggawa ng mga parol, at pagtukoy sa mga pamilyang magiging "torno" sa bawat araw ng buwan ng Mayo bilang paghahanda na maisakatuparan nang maayos ang Sta. Cruzan.

5. Kongklusyon at Rekomendasyon

Ang Sta. Ang Cruzan ay bahagi na ng kultura at kaugalian ng mamamayang Pilipino lalo na sa mga Katoliko

na mayroong malalim at matibay na paniniwala at pananampalataya kay Hesukristo at kay Birheng Maria. Mula sa 5 lugar ng Leyte gaya ng Babatngon, Carigara, Mayorga, Palo, at Tacloban City ay napag-alaman na karamihan sa mga nakalap na literatura na sinasabing mababa na ang pagpapahalaga ng mga Pilipino sa pagdiriwang ng Sta. Ang pagtawid sa isa sa pinakamatagal na tradisyunal na kaugalian ng mga Pilipino ay taliwas sa mga nakalap na impormasyon batay sa isinagawang pananaliksik. Pinabulaanan sa pananaliksik na ito ang mga sinasabi ng maraming eksperto kaugnay sa mababang pagpapahalaga na ipinapakita ng mga Pilipino sa kasalukuyang panahon.

Sa kabila ng hamon ng pandemya sa mga Pilipino ay nananalaytay pa rin ang pagpapahalaga nila sa pagdiriwang ng Sta. Cruzan. Napatunayan ito ng mga Leyteño kung saan nananatili ang malalim na pagpapahalaga nila sa pagdiriwang ng Sta. Cruzan. Bagama't moderno na ang panahon, hindi maipagkakaila na marami na ang pagbabago sa daloy o proseso na isinasagawa sa pagdiriwang ng Sta. Cruzan. Subalit, hindi ito dahilan para sabihing mababa na ang pagpapahalaga ng mga Pilipino sa Sta. Cruzan, dahil naniniwala pa rin ang mga Leyteño na kumakatawan sa buong mamamayang Pilipino na sa kanilang malalim at matatag na paniniwala at pananampalataya sa Diyos at sa Mahal na Birheng Maria ay patuloy pa rin nilang tinatangkilik sa pamamagitan ng patuloy na pagsasagawa tuwing Buwan ng Mayo ang Sta. Cruzan. Pahabol pa, nasaksihan mismo ng mananaliksik na hindi nagsisimula ang prusisyon ng Sta. Cruzan kung hindi muna isinasagawa ang rosaryo na sabay-sabay na binibgkas ng mga kabataan mula 10-25 taong gulang na ginagabayan ng mga nasa edad na 26-30 taong gulang. Napag-alaman din sa pananaliksik na mayroong mga sumasali sa pagrosaryo at prusisyon na nasa edad na 1-5 taong gulang subalit mas marami sa kanila ang nasa edad na 6-15 taong gulang. Dagdag pa, sinisikap ng mga kabataang Leyteño na maisagawa ang Sta. Cruzan kahit na kulang o walang suportang ibinibigay ng kanilang barangay at ng ilang miyembro ng kanilang komunidad na kabilang sa ibang relihiyon kahit na ang ibang mga anak o kapamilya nito ay sumasali sa lamang sa prusisyon. Dito, makikita ang napakalalim na pagpapahalaga ng mga Leyteño sa kabila ng hirap at pagsubok na kanilang nararanasan na palaging ang kinahahantungan ay ang matagumpay na pagdiriwang ng Sta. Cruzan.

Samantala, ang pinakahihintay at inaabangan ng lahat ng mga Leyteño ay ang Grand Sta. Cruzan na ginagawa sa huling araw ng buwan ng Mayo. Sa pagkakataong ito, nagkakaroon ng paligsahan ang isang bayan o munisipyo kung saan inaanyayahan ang lahat ng mga sakop nitong barangay. Sa bahaging ito, makikita ang kalagayan ng isang barangay batay sa mga parol at mga kasuotan ng mga napiling reyna, subalit hindi ito hadlang sa malalim na pagpapahalaga sa pagdiriwang ng Sta. Cruzan, kundi ang lalim ng paniniwala at pananampalataya ng mga Leyteño kung saan patuloy nilang tinatangkilik sa pamamagitan ng taunang pagdiriwang ng Sta. Cruzan sa kani-kanilang lugar tuwing buwan ng Mayo.

Samakatuwid, tunay ngang malalim pa rin ang pagpapahalaga ng mga Pilipino sa pagdiriwang ng Sta. Cruzan tuwing buwan ng Mayo. Ito ay pinaghahandaan nang mahabang panahon ng mga Katolikong Pilipino na kailanman ay hindi na ito mawawala bilang tradisyunal na kaugalian kahit na patuloy na nagiging moderno ang panahon.

6. References

- Argie (2023). Flores de mayo: a tradition of varying colors. <https://aboutcagayandeoro.com/flores-de-mayo-tradition-varying-colors/>
- Bagtas, M. (2012). Values: Mayroon pa ba nito? http://udyong.gov.ph/index.php?option=com_content&view=article&id=768:values-mayroon-pa-ba-tayo-nito&catid=90&Itemid=1267
- Bayan, R. (2003). Flores de mayo. <http://www.2camels.com/destination31.php3>
- Camella. (2022). Getting to know flores de mayo: how and why it is celebrated in the Philippines. <https://www.camella.com.ph/getting-to-know-flores-de-mayo-how-and-why-it-is-celebrated-in-the-philippines/>
- Contrivida, E. J. (2020). Remembering the santacruzán of sea plane uno. <https://palawandailynews.com/feature/remembering-the-santacruzán-of-sea-plane-uno/>
- Corbin, J., & Strauss, A. (2015). Basic of qualitative research: Techniques and procedures for developing

- grounded theory (4th ed.). Los Angeles, CA: SAGE.
- Cruz, J., at Mariano, P.J. (2018). INDIE FILMS: Kasarinlan sa kumbensyunal. http://matanglawin02.tripod.com/isyu05/kilatista_indie.htm
- Diocese of Raleigh. (2019). Filipino community celebrates flores de mayo and santacruzán <https://dioceseofraleigh.org/news/filipino-community-celebrates-flores-de-mayo-and-santacruzán>
- Goleman, D. (1998). Vital lies, simple truths: The psychology of self-deception. Great Britain: Cambridge University Press.
- Gonzalvo, B. J. (2018). Understanding santacruzán and the importance of rituals. <https://medium.com/we-are-kubo/understanding-the-santacruzán-and-the-importance-of-rituals-d82191e3f928>
- Gonzalvo, B. J. (2019). Transcendental may Filipino traditions. <http://www.positivelyfilipino.com/magazine/transcendental-may-filipino-traditions>
- Jacobs, R. L. (2011). Developing a research problem and purpose statement. In T.s. Rocco & T. Hatcher (Eds.) *The handbook of scholarly writing and publishing*. San Francisco, CA: Jossey Bass.
- Jara, R. G. (2018). Sosyo political na aspeto sa pelikulang Pilipino. [https://www.academia.edu/30472404/Sosyo-Politikal na Aspeto ng Pelikulang Pilipino](https://www.academia.edu/30472404/Sosyo-Politikal_na_Aseto_ng_Pelikulang_Pilipino)
- Missosology. (2015). The santacruzán tradition. <https://missosology.org/regional/philippines/20106-santacruzán-tradition/>
- Pascual, J. (2023). The santacruzán festival. <https://artesdelasfilipinas.com/archives/23/the-santacruzán-festival>
- Philippine Embassy. (2018). Filipinos in germany celebrate the santacruzán. <http://philippine-embassy.de/2018/05/31/filipinos-in-germany-celebrate-the-santacruzán/>
- Primer. (2016). Understanding the santacruzán. <https://primer.com.ph/tips-guides/2016/03/30/understanding-the-santacruzán/>
- Sea Junction. (2017). A celebration of faith and tradition in the Philippines. <http://seajunction.org/gallery/glimpses-of-southeast-asia/santacruzán-procession/>
- Seasite. (2017). Flores de mayo at santacruzán. http://www.seasite.niu.edu/tagalog/cynthia/festivals/flores_de_mayo_at_santacruzán.htm
- Social Marketing. (2022). Stacruzán in the time of pandemic. <https://ncr.dswd.gov.ph/2022/06/sc-santacruzán-in-the-time-of-pandemic/>
- Soliven, P. S. (2016). Preserving the santacruzán tradition as a prayer for peace and unity. <https://www.philstar.com/other-sections/education-and-home/2016/05/04/1579847/preserving-santacruzán-tradition-prayer-peace-and-unity>
- Van Manen, M. (2014). Phenomenology of practice: Meaning-giving methods in phenomenological research and writing. Walnut Creek, CA: Left Coast Press.
- Vivas, D. (2022). Where have all the ‘Santacruzán’ and ‘Flores de Mayo’ gone? The Santacruzán now being held as a pageant is an indication of how the Catholic Church has been losing its grip on the faithful. <https://www.licas.news/2022/05/31/where-have-all-the-santacruzán-and-flores-de-mayo-gone/>
- Wa-Mbaleka, S. (2018). Writing your thesis and dissertation qualitatively: Fear no more. Silang Philippines: Oikos Biblos Publishing House.
- Wa-Mbaleka, S. (2019). Student advising in qualitative research: Fear no more. Silang Philippines: Oikos Biblos Publishing House.
- Yin, R. K. (2015). Qualitative research from start to finish (2nd ed.). New York: Guilford Publications.

International Journal of Research Studies in Education

Consortia Academia: A partner of Network of Professional Researchers and Educators (NPRE)
Barangay Concepcion, Malabon City, Metro Manila, Philippines

Editor

ijr.edu@gmail.com / ijr.edu@consortiacademia.org

Open Access

<http://consortiacademia.org/ijrse/>

ISSN: 2243-7703



Consortia Academia